V2

Ika- 3 Aklat sa Serye ng Mga Hakbang
Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay

40 Araw
Pag-aaral na Dibisyon
At Panimulang Pangkat
Mga Liham kay
Andres

MGA KAMANGGAGAWA NI JESUS NA

Puspos ng Espiritu

Jesu-Cristo:
"Sinomang nananatili sa Akin at Ako'y sa Kanya ay magbubunga ng marami"

HELMUT HAUBEIL

Tagapalathala:
Original: „Geisterfüllte Mitarbeiter Jesu“
TOP Life Wegweiser-Verlag GmbH, Wien
Austrian Publishing House
Verlagsarchivnummer 050 320
1. Edition April 2020

Desenyo at Produksyon:
Konrad Print & Medien, www.konrad-medien.de

Image credits: Simon Eitzenberger, www.desim.de

Salin: Allan Faina

Kontak at pag-order sa banyagang mga wika:
© Helmut Haubeil
Rosenheimer Str.49, D-83043 Bad Aibling, Germany
Phone: +49 (0) 8061 4900 712
E-Mail: helmut@haubeil.net
Languages: German and English

Mga Wika:
Bahasa-Indonesia,English.Filipino-Tagalog,French, German (Orihinal), Kirundi/Burundi-East Africa, Portuguese/Portugal, Portuguese/Brazil, Spanish, Swahili/Tanzania-Kenia, Urdu-Pakistan. Mga salin sa ibang wika ay hinahangad. Paki-usap na makipag-ugnayan kay Helmut Haubeil, upang magabayan ka.

Internet:
www.steps-to-personal-revival.info **German:www.schritte-zur-persönlichen-erweckung.info**
Mayroon mga libreng serye ng Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay: **Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay** – Pagiging Puspos ng Banal na Espiritu – Paano mo ito mararanasan?
Sa mahigit na 40 wika, may bahaging dibisyon sa pag-aaral, Video lectures, audio book at e-book **Manahan kay Jesus** – Paano mo ito gagawin? Sa 20 wika, may bahaging dibisyon sa pag-aaral, video lectures mga Kamanggagawa ni Jesus na Puspos ng Espiritu sa German at English.

17 Mga Liham kay Andres
Ten Days of Prayer: Seeking Revival
Lahat ng naisalin sa ibang wika ay libreng basahin, ilimbag, ipadala sa isang kaibigan, Narito ang menu-points:
Mga Patotoo (150), (Ang mga mambabasa ay nagpahayag ng kanilang mga karanasa sa pamumuhay kasama ang Banal na Espiritu) Pagkakabuo (Sa alin mang kaparaanan ang Panginoon ang nagbuo ng aklat)
Paano lilikha ng interes? (Sa isang buhay nakasama si Kristo, puspos ng Banal na Espiritu) Mga sipi (Pinili, mga mahalagang sipi tungkol sa Banal na Espiritu) Lider (Pahiwatig at mga karanasan para sa mga lider)
Ibahagi ito (Ano ang mga pagpipilian?) Ugnayan

Bible:
The Holy Bible, New King James Version, Copyright 1982 by Thomas Nelson, Inc. All rights reserved New International Version, Copyright 1973, 1978, 1984 International Bible Society. All rights reserved throughout the world.

Ika-3 Aklat

MGA KAMANGGAGAWA NI JESUS NA PUSPOS NG ESPIRITU

Unang Mahalagang Impormasyon

Kami ay walang takot na basagin ang bagong lupa kasama ang KAMANGGAGAWA NI JESUS NA PUSPOS NG ESPIRITU. ISANG PANIMULANG PANGKAT na kasama ang subok at napatunayang kagamitan - na tinawag na Mga Liham kay Andres - ay isinama. Ito ay may 12 kapakinabangan (p.130), na kung saan ay magiging mas madali para sa mga tumutulong at nakikisangkot kapag nais nilang tulungan ang sinoman sa isang personal na ugnayan kay Jesus. Ang aklat ay nagpapaliwanag ng detalye kung paanong gamitin ang mga liham na ito. (tinatawag ding mga librito, pulyeto, maiksing babasahin) Kapag iyong sinubukan ito, ikaw ay mapupuno ng kaligayahan. Ang dalawang mahalagang mga hakbang na magka-ugnay ay: Samahan siya na tanggapin si Jesus (Mga Liham kay Andres 13 - maikli: LA 13) at Paanong mabuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu LA 14). Pagkatapos niyan ay isang pagganyak at kalakasan upang sundan si Jesus ang mabubuo.

Nais nating magtiwala sa Banal na Kasulatan sa talatang: “ngunit salamat sa Dios, na Siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo (1 Corinto 15:57).

IMPORMASYON SA PAG-ORDER

USA
Remnant Publications
649 E. Chicago Rd
Coldwater MI, 49036
Tel.: 800-423-1319 or 517-279-13043
Web address for orders:
www.remnantpublications.com
Available at your Adventist Book Centers

Canada
Lucas Jurek
118 G First Avenue North
Williams Lake, BCV2G1Y8
E-Mail:lucasjurek@gmail.com
Mobil: 250 983 - 2650

Australia
Colin Hone
Booklets in English
E-Mail: emailcolinfhone@gmail.com

Great Britain
ADVENT PRESS LIMITED
141 Cressex Road High Wycombe
Buckinghamshire, HP12 4PZ
Tel.: +44 7545 23 0083
E-Mail: info@adventpress.eu

Philippines
Allan D. Faina
E-Mail: berevived7.14@gmail.com
SDA Church, Fidela Herrera Subd
Bgy. Bunga, Tanza, Cavite-4108
Tel.: +63 997 6003397

Russia
Source of Life Publishing House
Vostochanya St. 9, Zaoksky 301000
Tula Region, Russia Tel.+78 73 42 01 01
www.lifesource.ru

Europe - Russian-language literature
Christa Medien GmbH Pulverweg 6
D-21337 Lüneburg (Germany)
Tel.: +49 (0)4131 9835-580
www.christa-medien.eu
und www.christa-shop.eu
E-Mail: info@christa-medien.eu

Germany and abroad
Wertvoll leben
Ziegeleistr. 23, D-73635 Rudersberg
www.wertvollleben.com
E-Mail: info@wertvollleben.com
Tel.: +49 (0)7183 3071332

Austria
TOP LIFE Wegweiser-Verlag
Prager Str. 287, A-1210 Wien/Vienna
www.toplife-center.com
E-Mail: info@wegweiser-verlag.at
Tel.: +43 (0)1 229 4000

Austria and Germany
***Adventist Book** Center*
Bogenhofen, A-4963 St.Peter/Hart
www.adventistbookcenter.at
E-Mail: info@adventistbookcenter.at
Tel.: +43 (0)2294000

Switzerland
Advent-Verlag
Leissigenstr. 17, CH-3704 Krattigen
www.av-buchshop.ch
E-Mail: info@adventverlag.ch
Tel.: +41 33 654 1065

Spain
Safeliz Publishing House
Pradillo 6, Poligono Industrial 'La Mina'
28770 Colmenar Viejo - Madrid
Phone: +34 (91)845-9877
E-Mail: adm@safeliz.com

TAGAPAGSALITA PARA SA MGA PAGSASANAY

USA and many countries: www.spiritbaptism.org – start page scroll down
Germany, Austria, Switzerland, European countries:
www.steps-to-personal-revival.info – click German version – contact page – scroll down
Philippines: Allan D. Faina, Email: berevived7.14@gmail.com, SDA Church: Fidela Herrera Subd, Bgy. Bunga, Tanza, Cavite-4108, Phones: (63) 997 600 3397

40 Araw

Pag-aaral na Dibisyon at Panimulang-Pangkat Mga Liham kay Andres

MGA KAMANGGAGAWA NI JESUS NA *Puspos ng Espiritu*

Paano ka magiging isa doon?

HELMUT HAUBEIL

TALAAN NG NILALAMAN

Ang aklat na ito ay naglalaman ng isang pahina ng pag-aaral sa bawat dulo ng kapitulo: Kaisipang Personal at gabay sa pagtatalakay + Oras ng pananalangin. Nakapaloob rin dito ang isang 40 araw na plano para sa mga grupo na nais na gamitin ito para sa 40 araw na pag-aaral. Ang Panimulang Pangkat ay nakaugnay kasama ang subok at napatunayang mga kagamitan - na tinawag na Mga Liham kay Andres - upang akayin ang mga tao kay Jesu-Cristo.

PAUNANG SALITA

1 Araw

MABUHAY NG MASIGASIG AT MATAGUMPAY SA PAMAMAGITAN NI JESUS!

Paano ako magiging matagumpay bilang isang Kristiyano? Anong mga pangako ang ibibigay sa atin ng Dios para sa isang matagumpay na buhay? ---------- **8**

PAGPAPAKILALA

2 Araw

MGA KAMANGGAGAWA NI JESUS NA PUSPOS NG ESPIRITU

Paano ka magiging kabilang? ---------- **14**

Kab. 1- Ika-3 Araw p.23, Ika-4 Araw p.28, Ika-5 Araw p.32, Ika-6 Araw p.36

3-6 Araw

MAHAL KA NG DIOS!

Paano ko mararanasan ang kapunuan ng pag-ibig ng Dios? Anong bahagi ang nagagampanan ng aking pagtitiwala sa Dios---------- **23**

Kab.2- Ika-7 Araw p.43, Ika-8 Araw p.48, Ika-9 Araw p.52, Ika-10 Araw p.56

7-10 Araw

MAPANLIKHANG PARAAN NG DIOS

Naglilingkod, tumutulong, pagbibigay, pagpapala! Bakit at para saan? Pagkukusa - isang takdang isipan na ayon sa puso ng Dios---------- **43**

Kab. 3- Ika-11 Araw p.64, Ika-12 Araw p.68, Ika-13 Araw p.72, Ika-14 Araw p.76

11-14 Araw

SINO ANG GUMAGAWA: ANG DIOS SA PAMAMAGITAN KO O AKO PARA SA DIOS?

Ito ay umiikot sa isang napakahalagang katanungan: Ako ba ay gumagawa para sa Dios sa aking mga kakayahan? O maaari bang gumawa ang Dios sa pamamagitan ko kasama ang Kaniyang banal na mga kakayahan? ---------- **64**

TALAAN NG NILALAMAN

15-16 Araw

Kab. 4- Ika-15 Araw p.83, Ika-16 Araw p.89

MAHAHALAGANG TAON NG PAGSASANAY

Anong kabuluhan mayroon sa tamang pakikitungo upang maghatid ng mga tao papalapit kay Jesu-Cristo? ---------- **83**

17-20 Araw

Kab. 5 - Ika-17 Araw p.96, Ika-18 Araw p.102, Ika-19 Araw p.107, Ika-20 Araw p.111

"GAGAWIN KO KAYONG MAMAMALAKAYA NG TAO"

Bakit kaakit-akit si Jesus sa kakaibang paraan kahit sa sinoman?Bakit nais Niya na mag-akay tayo ng ibang tao papalapit sa Kaniya? Bakit at papaano tayo ginagawang mamamalakaya ng tao ni Jesus? Paano ako magiging mabisang saksi para kay Jesus?---------- **96**

21-23 Araw

Kab.6 Ika-21 Araw p.116, Ika-22 Araw p.119, Ika-23 Araw p.123

BAKIT KAILANGAN MUNA NATING ILAPIT ANG MGA TAO KAY JESUS?

Mahusay na dahilan sa tamang pagkasunod-sunod: 10 mga dahilan bakit kailangan muna nating ilapit ang mga tao kay Jesus? Pagkasunod-sunod: Si Jesus ang una, sunod ay pagiging alagad at Banal na Espiritu, doktrina mula sa Biblia, bautismo, pagsasanay.---------- **116**

24-28 Araw

Kab. 7-Ika-24&26 Araw p.130, Ika-25&27 Araw p.135, Ika-28 Araw p.140

PAANO NATIN MAAAKAY ANG MGA TAO KAY JESUS?

Sa pamamagitan ng liksiyon mula sa Biblia kasama ang paggamit ng Liham kay Andres Bilang 13.

Sakupin ang Buhay sa pamamagitan ng personal na ugnayan sa Dios. ---------- **130**

29-31 Araw

Kab.8- Ika-29 Araw p.149, Ika-30 Araw p.157, Ika-31 Araw p.161

PAANO NATIN MAAKAY ANG MGA TAO NA MAMUHAY SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG DIOS?

Sa pamamagitan ng pagbabasa kasama ang isang liksyon sa Biblia gamit ang Mga Liham para kay Andres bilang 14 – Buhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Dios- Paano? ---------- **149**

32-33 Araw

Kab. 9- Ika-32 Araw p.164, Ika-33 Araw p.174

PRAKTIKAL NA TULONG UPANG MAIHATID ANG MGA TAO PAPALAPIT KAY JESUS

Ang Mga Liham kay Andres upang maakay ang mga tao palapit kay Jesus. Serye ng mga video upang magturo ng pananampalataya. Paano ko masusumpungan ang tunay na iglesya? ---------- **164**

34-36 Araw

Kab. 10-Ika-34 Araw p. 178, Ika-35 Araw p. 182, Ika-36 Araw p.188

BAGONG ISPIRITWAL - ANG MISYONERO AY NAGSIMULA SA TATLONG MGA HAKBANG

Paano ito mararanasan ng mga tao, grupo, Iglesya at mga komperensiya?--"Tutuparin ito ng Aking Espiritu!" ---------- **178**

37 Araw

PAGIGING PUSPOS ARAW-ARA NG BANAL NA ESPITITU! PAGPAPANIBAGONG BUHAY! ---------- **195**

PAGPAPALA ---------- **198**

REKOMENDASYON

Paki-bahagi ang mga bago mong karanasan, Makipag-ugnayan ---------- **199**

TALAMBUHAY ---------- **201**

APENDISE ---------- **202**

38 Araw

A.Mga pangako para sa Panalangin ng pamamagitan ika-38 araw p. 202

B.Mga mungkahi kung paanong abutin ang mga tao

C.Ang Daan tungo sa Walang Hanggang Buhay

39 Araw

D.Buod ng Mga Liham kay Andres Ika-39 Araw p. 206

E.Listahan ng Panalangin araw-araw

40 Araw

F.Serye ng Video para sa pagtuturo ng Pananampalataya -------*p.212*

Isang karanasang nakapagpapataba ng puso sa huli ----------**215**

PANIMULANG-PANGKAT MGA LIHAM KAY ANDRES--- **217**

INIAALOK NA MGA AKLAT

Website:www.steps-to-personal-revival.info ---------- **291**

Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay,- **292**

Manahan kay Jesus, ---------- **293**

40 Days Book No, 1: Upang maghanda sa Ikalawang Pagparito ---------- **294**

40 Days book No,2: Upang muling buhayin ang Karanasan mo kasama ang Dios ---------- **295**

ISANG MABUNGANG BUHAY

Jesus:
"... ang nananatili sa Akin, at Ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng **marami**…" (Juan 15:5)

Paano ako maaaring manatili kay Jesus?
Nag-aanyaya si Jesus sa atin: Magsiparito sa Akin! (Mateo 11:28) Sinomang lumapit kay Jesus ay inaanyayahan ring manatili. (Juan 15:4) At paano ito mangyayari?

"Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo."
"Ang pananatili kay kristo" ay nangangahulugang:

- **Ang palagiang pagtanggap ng Kaniyang Espiritu**
- **Isang buhay ng tapat na pagsuko**
- **Sa paglilingkod sa Kaniya."** (*Bukal ng Buhay*, p.676.2)

Ang pagpapaliwanag na ito ay tunay na nagbukas ng aking mga mata at nagbigay sa akin ng kalinawan sa aking paglakad kasama ang Dios. Para sa akin, ito ang sekreto para sa isang masayang buhay Kristyano. (Juan 15:11) Ito ang aking dalangin at tanging nais na ito rin ay ipakita sa marami, ang daan tungo sa isang maligaya at ganap na buhay. Ang mga salitang ito ang mga pundasyon para sa tatlong mga aklat sa serye ng *Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay.*

Ano ang ugnayan sa pagitan ng tatlong aklat sa *serye ng Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay?*

#1. *Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*
Pagiging Puspos ng Banal na Espiritu
Paano mo ito mararanasan?
Ito ay tungkol sa palagiang paghingi at **pagtanggap ng Kaniyang Espiritu.**

#2*. Manatili kay Jesus*
Paano ito magaganap?
Ito ay tungkol sa **isang buhay ng tapat na pagsuko kay Jesu-Cristo.**

#3. *Kamanggagawa ni Jesus na Puspos ng Espiritu*
Paano ka magiging isang kamanggagawang Puspos ng Espiritu?
Ito ay tungkol sa **tapat na pagsuko sa paglilingkod sa Kaniya kasama ang lahat ng makinang na kahihinatnan.**

Pagbibigay lakas at pag-asa
Ipinakita ng karanasan na ang pag-aaral ng mga mahahalagang mga katotohanang ito ay lubusang pinagpala, nang ang dalawang tao ay sinundan ang plano sa pag-aaral at ginamit ito para sa panahon ng kanilang pang-araw-araw na debosyonal na magkasama. Mayroong dobleng pagpapala para sa dalawa! (sa iba ito ay maaari ring gawin sa pamamagitan ng telepono, Skype, at iba pa.) Gayon din, ang araw-araw o lingguhang panahon ng pagtatalakay at pananalangin sa isang grupo ay lubos na nakapagpapasigla.

MABUHAY NG MASIGASIG AT MATAGUMPAY SA PAMAMAGITAN NI JESUS!

Paano ako magiging matagumpay bilang isang Kristyano? Anong mga pangako ang ibibigay sa atin ng Dios para sa isang matagumpay na buhay?

Ano ang tagumpay sa buhay?

Bawat isa ay magkakaiba ang paliwanag sa tagumpay. Karamihan ng tao ay iniisip ang pera, impluwensiya, kapangyarihan at katanyagan. Natural, ito ay maaaring tumukoy sa isang uri ng tagumpay ngunit hindi isang ganap na tagumpay sa buhay sa isang mas malalim na kahulugan.

Noong 1923 ang siyam na pinakamayamang tao sa sanlibutan sa panahong yaon ay nagkita sa Chicago para sa isang pagpupulong. Walang ni isa man sa kanila ang tiyak na nakakaalam kung ano ang kanilang tinalakay. Ngunit makalipas ang 25 taon, may nag-imbestiga upang makita kung ano ang nangyari sa kanila. Halos lahat sila, kahit sino sa kanila ay nalugi, nasa panganib, sa bilangguan dahil sa pandaraya, o namatay sa isang atake sa puso o pagpapakamatay. Sila ay naging hindi-kapani-paniwalang mayaman at nakamit ang malaking imluwensiya at kapangyarihan. Ngunit sila ay walang tunay na tagumpay sa buhay - wala kahit tagumpay sa ekonomiya. Sabi ni Jesus: *". . . sapagkat ang buhay ng isang tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya*. (Lukas 12: 15) (Kinuha mula kay: *"Helmut Haubeil & Gerhard Padderatz, Gott, Geld & Glaube - Christliches Handeln in Wirtchaftsfragen" (Dios, Pera & Pananampalataya - Pag-uugaling Kristyano sa mga bagay sa ekonomiya*.), Eckental 2009, p.15, 16).

Hindi nila napansin ang isang bagay na mahalaga sa kanilang mga buhay: isang personal, matalik na relasyon sa Dios; tinatawag ito ng Biblia na *"pagiging kay Kristo"* (170 ulit) o *"ipinanganak muli*" (Juan 3:1-17) o *"ipinanganak ng Dios*" (1 Juan 5:18). Si Cristo ay naninirahan sa atin, kapag tayo ay puno ng Banal na Espiritu. Ipinangako ng Dios sa atin na "kay Cristo" ang tagumpay - katulad ng **tagumpay sa buhay**. Kaniyang sinasamahan tayo sa ating paglalakbay sa buhay. Kaniyang tinatanggap ang responsibilidad,

kapag tayo ay nanatiling malapit at laging naka-ugnay sa Kaniya. Sa karagdagan, binibigyan Niya tayo ng kahanga-hangang mga pagpapalang ispiritwal at walang-hanggang buhay. Sabi ni E.G. White: “isang kaalaman ng hiwagang ito [si Cristo’y nasa atin] ay nagbibigay ng isang susi sa bawat isa. Binubuksan nito sa kaluluwa ang kayamanan ng sansinukob, ang posibilidad ng walang hanggang kaunlaran.” (*Education*, p. 172.1)

Ayon sa sanlibutan, ang tagumpay ay nakabase sa sariling-pagpupunyagi: Ang aking sarili ang nagpapasya ng halos lahat ng bagay. Kapag ating tinahak ang ganitong landas, kung gayon tayo ay personal na responsable sa mga kahihinatnan. Kinakailangan nating harapin kasama ang lahat ng suliranin at mga limitasyon ng tao. Oo, ang isang tao ay maaaring pansamantalang makaranas ng tagumpay. Gayunman, ang landas na ito sa huli ay magtatapos sa kamatayan (Apokalipsis 14:17-20).

Ang mga pangako ng Dios upang magtagumpay: tayo ay may isang kahanga-hanga at mapanlikhang Dios. Ang mga pangako ay nakahandang mga tagumpay para sa atin. Sinabi ni Jesus na Siya’y pumarito upang ibigay sa atin ang masaganang buhay. Ang Biblia ay nangangako sa atin ng tunay na tagumpay, bagaman ang pahayag na ito ay hindi literal na ginagamit. Pakiusap na pag-aralan ang mga sumusunod na mga sipi:

- Awit 1 ay nagpapakitang: sinumang tumatahak sa landas ng Dios, ay “magiging parang isang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig.”
- Hosue 1: 7-9: “…ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon.” (higit pa tungkol dito mamaya)
- Kawikaan 3:5-6: “kilalanin mo Siya sa lahat ng iyong mga lakad, at Kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”
- Juan 15:1-17: ang Bagong Tipan ay nagsasabi tungkol sa “bunga”. sa talatang 5: “Ang nananatili sa Akin, at Ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami.”

Ang Dios at ang mga tao ay patuloy na gumagawang malapit na magkasama sa kaparaanang ito.

Isang praktikal na halimbawa ng tagumpay

Nang ako ay 19 na taong gulang, ako ay lubos na napahanga ng mga kilos ni Daniel. Ang unang kapitulo ng aklat ni Daniel ay naapektuhan ang buo kong buhay bilang isang napakalaking pagpapala. Ito rin ay aplikado sa aking landas ng buhay, kapwa sa ekonomiya gayundin sa pagiging pastor/gawaing misyonero. Si Daniel, isang bilanggo ng digmaan, ay naging isang dakilang tao sa pamahalaan at nakatatandang hukom ng estado sa dalawang emperyo ng mundo at propeta ng Dios. Ngayon, siya ay lubos paring iginagalang ng mga Kristyano, mga Muslim at mga Hudyo.

Ang Pasimula ng Karera ni Daniel

Anong uri ng mga tao si Daniel at ang kaniyang mga kasamang bihag? Ang Kapitulo 1 ay naghayag:

Talatang 4: Sila ay bata pa, malusog, magandang itsura, matalino at pantas at sila ay nagmula sa tapat na mga tahanan. Sa karagdagan, sila ay mga prinsipe sa maharlikang pamilya. Sila ay nagmula sa Judea. Sila ay mga prenda at bilanggo ng digmaan.

Talatang 5: Ang dakilang haring Nebuchadnezzar ay nagnanais na maakit ang mga kabataang ito. Nais niyang alagaan sila ng mabuti. Kaniyang ipinag-utos na sila ay tustusan ng kaniyang pagkain at alak. Dahil dito, si Daniel at ang kaniyang mga kaibigan ay nagkaroon ng isang suliranin: Ang masarap at masaganang pagkain mula sa hapag ng hari ay sumalungat sa ordinansa ng Biblia. Ano ang gagawin ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan? Bilang mga prenda ng digmaan, sila ay lubos na nakadepende sa mabuting kalooban ng hari. Tiyak, lubusan nilang sinadyang kumonsulta sa Dios. Kinakailangan nilang gumawa ng isang desisyon: alinman sa dalawa na sila ay kumain at uminom ng tahimik ng kung anong inihain sa kanila - laban sa kanilang budhi - o maghanap para sa isang alternatibo. Sinabi lang sa atin ang tungkol sa desisyon ni Daniel, ngunit silang lahat ay tiyak na sumang-ayon.

Talatang 8: “Ngunit pinasiyahan ni Daniel sa kaniyang puso na siya’y hindi magpapakahamak sa pagkain ng hari, o sa alak man na kaniyang iniinom.” nagpasya si Daniel na maging tapat sa Dios at hindi kakain ng anomang maruming mga pagkain. Sa daan ng kaniyang buhay, makikita natin na ito ay isang pangunahing desisyon para sa kaniyang buong buhay.

Hindi rin nais ni Daniel na tanggapin ang anomang “alok ng sanlibutan” sa hinaharap, na magiging dahilan upang siya ay hindi maging tapat sa Dios. Nais niyang sundin ang mga kautusan ng Biblia. Tiyak na alam ni Daniel ang aklat ni Joshua at ang komisyon, na ibinigay ng Dios kay Joshua! (isang maliit na pabalita: pag-aralan ang Joshua at ang atas ay alamin ito mula sa puso!) isang maikling salin:

Talatang 7: Laging sundin ang salita ng Dios. Huwag lumihis sa kanan o kaliwa, UPANG ikaw ay magkaroon ng tagumpay!

Talatang 8: Laging ipasakop ang iyong sarili sa salita ng Dios at kumilos ayon sa kung anong nasusulat, KUNG gayon ikaw ay magkakaroon ng tagumpay!

Talatang 9: Maging may tiwala at malakas ang loob! Huwag matakot sa anomang bagay! DAHIL ang Dios ay sasaiyo saan ka man pumaroon. Kaniyang inaako ang responsibilidad.

Tayo ay binibigyan Niya ng kalakasan, katuwaan at pagtatagumpay.

Itong unang pagpapasya ay nagpakita na ng malinaw na si Daniel ay namuhay ng ganap na pagsuko sa Dios. **Ito ang susing aspeto para sa tagumpay sang-ayon sa Dios: laging gumawa ng mga pagpapasya ayon**

sa nais ng Dios, sa Kaniyang pag-ibig at hindi ayon sa aking nais o ayon sa iminumungkahi o idinidikta ng ilang awtoridad.

Gaano kahalaga ang mga pagpapasya sa ating buhay? Ang kakayahan na gumawa ng mabuting mga pagpapasya ang namamahala sa ating buong buhay. Ang marangyang pampasaherong barko "Queen Elizabeth" ay 1,300 ulit na mas mabigat kaysa sa timon nito, na siyang gumigiya sa napakalaking barko. Ang gayong timon ay isang kahalintulad sa ating kakayahan na gumawa ng mga pagpapasya. Ang mga desisyon ay maaaring magkaroon ng malaking epekto. Kapag tayo ay nagpasya na gawin ang kalooban ng Dios at kunin ang kinakailangang mga pamamaraan, kung gayon ay Kaniyang ipagkakaloob sa atin ang kinakailangang tulong. Tapos tayo ay sasamahan Niya. Kung gayon ating mararanasan ang patuloy na tambalan sa gawain ng ka-Diosan at tao, kung saan inaako ng Dios ang responsibilidad. (higit na impormasyon sa *Manatili kay Jesus*, kabanata "Pagsunod sa pamamagitan ni Jesus".)

Si Daniel at ang kaniyang mga kaibigan ay gumawa ng pagpapasya ayon sa kalooban ng Dios. Anong mga hakbang ang sunod nilang ginawa? Ginawa nila ang kanilang makakaya at ipinagkaloob ng Dios ang isang solusyon sa problema.

Paano natin gagawin ang pinakamahusay sa mahirap na mga desisyon?

Daniel 1 talatang 8 b: "…kaniyang [Daniel] **hiniling** sa pangulo ng mga bating na siya'y huwag mapahamak." Anong pamamaraan ang kanilang ginamit? **Ang pamamaraan ng paghiling**. Ito ay nangyari sa kakaibang paraan sa kabuoan, kapag ating sinabi ang ating pagkabahala bilang isang hiling sa halip na sabihing " hindi ko gagawin 'yan!" o "hindi ko gusto 'yan!" o 'Yan ay di kasama sa tanong!". Ang paghiling ay nagpapahiwatig ng pagtitiwala. Kapag tayo ay nagsabi ng isang kahilingan, ang posibilidad ay mataas na ang taong hinihilingan ay susubukang tulungan tayo. Subalit kung tayo ay gagawa ng pangangailangan o magpahayag ng isang pagtanggi sa isang hindi mabuting tono, kung gayon ang pinakikiugnayang tao ay maiimpluwensiyahan ng negatibo. Lalong higit nilang ipakikita kung sino ang may huling pasya. Aking natutunan itong mahalagang pananaw sa isang *youth retreat* at hindi ko ito nalimutan. Ginawa ko ang ayon dito sa aking buong buhay, dahil ito ay isang mabuti at tamang pamamaraan. Ito ay nakatayo sa pagsubok ng panahon.

Si Daniel din ay nagdagdag: Kaniyang binigyang diin na ang problemang ito ay isang konsensya para sa kaniya. Kapag tayo ay nangatuwiran sa ganitong paraan, madalas nating makakaharap ang higit na pang-unawa. Ngunit hindi tayo dapat na kumilos sa anomang pagkakataon laban sa ating konsensya. Sa paraang ito lamang tayo magkakaroon ng ganap na kapayapaan kasama ang Dios.

Talatang 9: " Si Daniel nga ay **pinasumpong ng Dios**, ng lingap at habag sa paningin ng pangulo ng mga bating." Anong nangyari dito? Gumawa si

Daniel ng desisyon na sundin ang Dios. Sa ganitong paraan, kaniyang ginawa ang lahat ng bagay na kaniyang makakaya - maingat na pinag-isipan at magalang. At pagkatapos ang Dios ay pumagitna at kinilos ang puso ng pinunong ito. **Dinala** ito ng Dios. (Karaniwan, ang ating kahanga-hangang Dios ay namamagitan sa ating panig. Ngunit maaari din Siyang magdesisyon ng kabaliktaran. Maaaring hindi natin nagawa lahat ng kondisyon o Siya ay may lalong higit na pananaw kung bakit hindi Niya ito gagawin.)

Ayon sa talatang 10 ang punong opisyal ay may higit na mga pagkabahala. Kung kaniyang gagawin ang hiling ni Daniel, sa makatuwid siya ay kikilos ng salungat sa tahasang utos ng hari.

Makikita natin ang sunod na hakbang ni Daniel sa talatang 12. Siya ay bumaling sa katiwala, na siyang personal na nagangasiwa kay Daniel at sa kaniyang mga kaibigan. At si Daniel ay nagpatuloy sa kaniyang pamamaraan ng paghiling. Sa karagdagan siya ay gumawa ng isang tiyak na mungkahi - siya ay may panahon upang pag-isipan ito. Kaniyang sinabi ng may lubos na paggalang at pakikipagkaibigan sa katiwala: ipinamamanhik ko sa iyo, na subukin mo ang iyong mga lingkod, na sampong araw. Sa kahilingang ito, muli niyang ipinakita ang kaniyang tiwala sa nakatataas. Isang bagay ay malinaw: walang plano si Daniel na kumain ng hindi malinis na pagkain makalipas ang sampong araw! Sa kabaligtaran, siya ay lubos na nagtiwala sa pamamagitan ng Dios sa kaniyang pakikiusap: *"ipinamamanhik ko sa iyo, na subukin mo ang iyong mga lingkod, na sampong araw, at bigyan kami ng mga gulay {[literal na butil na pagkain]*[1] *na makakain, at tubig na maiinom."*

Bakit humiling si Daniel ng "mga pagkaing butil"? Saan ba nagmula ang terminong ito? Sinabi sa Genesis 1:29: *"At sinabi ng Dios, Narito, ibinigay ko sa inyo ang bawat pananim na nagkakabinhi, na nasa ibabaw ng balat ng lupa, at ang bawat punong kahoy na may bunga ng punong kahoy na nagkakabinhi; sa inyo'y magiging pagkain."* Tama, si Daniel ay lubusang bihasa sa salita ng Dios. Kaniyang hiniling ang pinakamabuting pagkain, natatangi ang pagkain na kung saan ay itinalaga para sa mga tao sa paglalang: pagkaing halaman. Ito rin ay may kalamangan ng pagiging hindi mahal. **Dinala ito ng Dios** na itong katiwala ay marinig rin at paunlakan ang kaniyang kahilingan. At muli, gumawa ang Dios ng isang bagay na kahanga-hanga:

Talatang 15 "At sa katapusan ng sampung araw ay napakitang lalong maganda ang kanilang mga mukha, at sila'y lalong mataba sa laman kay sa lahat na binata na nagsisikain ng pagkain ng hari." Bilang resulta, ang problema ay nalutas. Ano ang ibinigay ng Dios sa kanila? **Kagandahan, kalakasan at dakilang katalinuhan. Dinala ito ng Dios.**

Ngunit ang Dios ay patuloy sa pagbigay: talatang 17 - *"Tungkol nga sa apat na binatang ito, pinagkalooban sila ng Dios ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan: at si Daniel ay may pagkaunawa sa lahat na pangitain at mga panaginip."* Ano pa ang ibinigay ng Dios sa kanila?

---

1 William H. Shea, Das Bush Daniel, Teil 1 (Advent-Verlag Lüneburg, 1998), S. 52

Kaalaman at pagkaunawa at sa karagdagan para kay Daniel, **ang kaloob ng propesiya. Ibinigay ng Dios!**

Ngunit hindi lang iyan lahat, mayroon pang isang surpresa sa katapusan ng kanilang pagsasanay. Mababasa natin sa talatang 20: *"At sa bawat bagay ng karunungan at unawa, na inusisa ng hari sa kanila, nasumpungan niya silang makasampung mainam kaysa lahat ng mahiko at mga enkantador na nangasa kaniyang buong kaharian."* Kaya mo bang gawin ang iyong sarili na lima o sampung ulit na mas matalino? Tanging Dios lang ang kayang magbigay nito. **Nagbibigay** ang Dios.

Ang pamamaraang ito ay nagpapakita kung paano mo maaaring pangunahan ang isang tunay na matagumpay na buhay: Kung may isang bagay na sumasalungat sa kalooban ng Dios, kung gayon gumawa ka ng desisyon para sa kalooban ng Dios! Sunod ay maingat mong pag-isipan at sunod ay gamitin mo ang pamamaraan ng paghiling. Maging magalang at palakaibigan. Kung posible o kung kinakailangan, magmungkahi ng isang makatuwirang solusyon, na kung saan ay kasang-ayon sa kalooban ng Dios. Kung gayon ang Dios ay sasa atin. Sinabi ni Jesus sa Mateo 6:33 *"Datapuwat hanapin muna ninyo ang Kaniyang kaharian, at ang Kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang ibibigay rin sa inyo."*

Maaaring hindi mo pa naisusuko ang iyong sarili ng lubos kay Kristo. O sa pansamantala, ikaw ay nalilihis at nawala mo ang iyong *"unang pag-ibig"* (Apokalipsis 2:4). Kapag tayo ay nasa ganitong kalagayan, tayo ay may isang lubos na kakaibang pag-uugali at nakikita natin ang maraming bagay ng may kaibahan. At ito ay para bang "normal" sa atin. Roma 8:5: *"Silang nabubuhay ayon sa sinasabi ng kanilang likas na katauhan, pinahihintulutan ang kanilang mga isip na kontrolin ng kung anong ibig ng kanilang likas ng katauhan.* ***Silang nabubuhay sa kung anong nais sabihin ng Espiritu****, pinahihintulutan ang kanilang isipan sa pagkontrol ng kung anong nais ng Espiritu."* Ang talatang ito ay nagpapakita sa atin ng dalawang magkaibang mahalagang mga ugali, na nakadepende sa kung tayo ay puspos ng Banal na Espiritu o hindi. Kapag hindi ko lubusang isinuko ang aking sarili kay Kristo, paminsan-minsan aking natatagpuan itong nakakapagod at mabigat na mamuhay bilang isang Kristyano. Ngunit ngayon ang aking buhay ay puno ng kagalakan, kapanatagan, kalakasan at pagtatagumpay. Sabi ni E.G. White: *"Ang sekreto ng tagumpay ay ang pag-iisa ng banal na kapangyarihan kasama ang pagsisikap ng tao." Patriarchs and Prophets, p. 509.1)* Kung kaya nais nating pagnilayan ang batayang katanungan ng aklat na ito, na kung saan sa isang malapit na relasyon kay Kristo ay mag-aakay sa atin sa tagumpay o sa wika ng Biblia, isang mabungang buhay - isang buhay na tulad ng isang puspos ng Espiritu at pinangungunahan ng Espiritu na kamanggagawa ng Dios.

Ika-2 Araw

MGA KAMANGGAGAWA NI JESUS NA PUSPOS NG ESPIRITU

Paano ka magiging kabilang?

"Ikaw ay hindi magtatagumpay sa iyong nais na gawin, kahit sa pamamagitan ng kalakasan ng tao o sa lakas ng sandatahan: Hindi, ang Espiritu ko ang gagawa nito! ipinapangako ko! ang Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat."

Zechariah 4:6 isinalin mula sa salin ng German Hoffnung für alle

Ang gawain ng Dios sa mundong ito ay hindi matatapos sa pamamagitan natin, ng sarili nating kalakasan o ng ating sariling mga kakayahan, kahit gaano kahalaga pa ang mga ito. **Ang Dios mismo ang at tatapos ng gawaing ebanghelyo. Kaniyang gagawin ito sa pamamagitan ng mga kamanggagawa ni Jesus na puspos ng Espiritu;** sa pamamagitan ng mga lalaki, mga babae, ang matatanda, ang mga kabataan at mga bata, na kung saan ay puspos ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng mga tao, na namumuhay ng lubos na pagsuko kay Kristo at sa Kaniyang paglilingkod.

Kinakailangan nating tanungin ang ating mga sarili ng mga katanungan, na kung saan ay tutukoy sa lahat ng bagay: ako ba ay gumagawa para sa Dios sa aking mga kakayahan bilang tao? O maaaring ang Dios ay gumawa sa pamamagitan ko sa Kaniyang banal na kakayahan?

Isang karanasan ng pagpapakilala ng bagong kaisipan (higit pa sa kabanata 3)

Ang mga mag-aaral mula sa ating seminaryo ng pagpapastor sa Bogenhofen, Austria ay inanyayahan na magsagawa ng serye ng pulong pangangaral sa Africa. Bukod sa iba, si Zsolt Halmi ay nagboluntaryo sa gawaing ito. Noong

2006 siya ay nasa kaniyang ikalawang taon sa kaniyang pag-aaral. Siya ay nakapagsagawa ng serye ng pangangaral sa Romania noong mga nakalipas. Siya at iba pang estudyante ay napili sa Kisumo, Kenya sa Silangang Africa.

Inaasahan ni Zsolt ang Dios na gumawang makapangyarihan doon, mula ng kaniyang marinig ang dakilang mga bagay tungkol sa interes ng mga tao sa Africa. Kaniyang inaasahan ang libong mga dadalo. Siya ay dapat na magsasalita sa isang palengke. Isang plataporma ang itinayo doon. Una, kanilang ipinalabas na panoorin ang isang pelikula tungkol sa buhay ni Jesus, pagkatapos ay sinundan ito ng isang sermon. Ngunit 30 panauhin lamang ang dumating. Ito ay parang isang malamig na buhos kay Zsolt. 20 lamang ang dumating ng ikalawang gabi at 10 lang ng ikatlong gabi. Nagpatuloy ang ganito sa loob ng sanglinggo. Siya ay nawalan ng pag-asa at ang sitwasyon ay walang pinagbago. Sa kaniyang pagkabigo, ikinandado niya ang kaniyang sarili sa kuwarto at nanalangin ng apat na oras. Kaniyang ibinuhos ang kaniyang kawalang pag-asa sa harapan ng Dios. Kaniyang tinanong Siya: "Bakit mo ako dinala dito?" Kaniyang isinuko ang kaniyang buong sarili sa Dios. Naramdaman niyang mas naging malalim ang kaniyang ugnayan sa Dios sa pamamagitan ng kaniyang pananalangin. Sa karagdagan, binigyan siya ng Dios ng pangako sa kaniyang kahilingan: "Iyong luwalhatiin ang Panginoon." kaniyang napagtanto na pinakinggan siya ng Dios. Gayon pa man, siya ay sinasalanta pa rin ng takot at pag-aalinlangan.

Ngunit - sa gabing iyon 600 na mga tao ang dumating. Ngayon ay alam niyang hindi siya pinabayaan ng Dios. Pagkatapos ay 700 mga tao ang dumalo, at ito ay tumaas pa ng 1,000 at sa katapusan sa biyaya ng Panginoon 39 na mga tao ang nabinyagan.

Nakita mo ba ang natatanging kaibahan sa pagitan ng gumagawa para sa Dios sa ating sariling kakayahan at ang paggawa ng Dios sa pamamagitan natin nang Kaniyang pag-ibig at banal na kakayahan? Ito ay isang pambihirang halimbawa. Ngunit aking inaasahan na ating malinaw na makita ang punto ng pagbabago. Anong nagbago? Parehong lalaki ang nagsabi, na pareho ang edukasyon, na may parehong mensahe, na pareho rin ang konsepto, na may parehong diskarte at nasa parehong lugar. Anong nagbago? Walang nagbago, maliban sa antas ng kaniyang ugnayan sa Dios. Kaniyang lubusang isinuko ang kaniyang sarili sa Dios. Ang ating lubusang pagsuko, iyan ang pamantayan ng Dios. At - ito lamang, wala nang iba. Ang kahangahanga nating Panginoon ay nais na nakaugnay sa atin nang may buong pagmamahal at lahat ng Kaniyang banal na mga posibilidad. - Ating tatalakayin ang tungkol sa katanungang ito ng detalye sa kabanata 3.

Mga ilog ng Tubig na Buhay - Lalong Dakilang mga Gawa

Sinabi ni Jesus: ***"'Ang sumasampalataya sa Akin,*** *gaya ng sinasabi ng kasulatan, Mula sa kanyang puso ay dadaloy ang mga ilog ng tubig na buhay.'* ***Ngunit ito'y sinabi Niya tungkol sa Espiritu . . ."*** (Juan 7:38-39)

"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ***ang sumasampalataya sa Akin*** *ay gagawin din ang mga gawang Aking ginawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin Niya,* ***sapagkat Ako'y pupunta sa Ama."*** *(Juan 14:12)*

Bakit dadaloy ang mga ilog ng tubig na buhay mula sa Kaniyang mga disipulo? Bakit ang Kaniyang mga disipulo ay gagawin din ang mga gawaing Kaniyang ginawa at pati ang lalong dakilang mga gawa? Sinabi ni Jesus ang dahilan: "…sapagkat Ako'y pupunta sa Ama." Anong nangyari nang Siya ay pumunta sa Kanyang Ama?

1. Si Jesus ay muling iniluklok sa kapangyarihan at kaluwalhatian. *"Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay ibinigay sa akin." (Mateo 28:18)*
2. Bilang tanda ng Kaniyang pagkakaluklok ay ibinigay ni Jesus sa Kaniyang mga disipulo ang Kaniyang pinakadakilang regalo: Isinugo Niya ang Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay pagpaparangal na regalo ni Jesus. Ibig sabihin: Si Jesus mismo ay upang at nais na gawin ang lalong dakilang mga gawa at ibigay ang mga ilog ng tubig na buhay - sa pamamagitan ng mga disipulo na puspos ng Banal na Espiritu.

Ang paggawa para sa Dios sa ating sariling kalakasan ay nagdadala lang ng mga resultang pantao. Ako'y nagdududa na ito ay di makakasapat. Ngunit sa ating panahon at gulang, na kung saan ang karamihan ng mga tao ay naging mahirap na makinig patungo sa Dios, ito ay tiyak na lalong kulang at hindi sapat.

Ang gawain ng Dios ay tatapusin ng Dios mismo, sa pamamagitan NIYA na gumagawa sa pamamagitan ng mga iyon, silang lubusang isinuko ang kanilang mga sarili sa KANYA. Ito ay nagdadala ng makalangit na resulta. Halimbawa, si Jesus, si Pablo, si Daniel, si Nehemiah, si Esther at iba pa.

Susing salita ni Jesus para sa Kanyang mga Disipulo

"Humayo kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha." (Marcos 16:15) Paano ito magaganap?

"Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao." (Mateo 4:19) Kapag tayo'y sumunod kay Jesus sa lahat ng bagay, tayo ay Kaniyang gagawing mamamalakaya ng mga tao. Walang isa mang higit na matagumpay na Panginoon. Ating titingnan ng higit na malapit kung paano Niya tayo gagawing mamamalakaya ng mga tao sa kabanata 5.

Anong sinabi Niya sa kanila pagkatapos? Sila ba ay dapat na magsimula agad pagkatapos ng Kaniyang pag-akyat?

"... Ipinagbilin Niya sa kanila *na huwag umalis sa Jerusalem,* ***kundi hintayin ang Pangako ng Ama, na kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo"*** (Mga Gawa 1:4-5)

Ano ang mga huling pananalita ni Jesus sa panahong Siya ay narito sa lupa?

"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan ***[pagpapalakas, kasanayan] pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo****; at kayo'y magiging saksi Ko …hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa."* (Mga Gawa 1:8)

Ano ang Kanyang huling mga pananalita mula sa langit para sa huling iglesya?

"Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Apocalipsis 3:22)

Ang pokus na punto ni Jesus dito ay malinaw na nahahalata: Sa ilalim ng lahat na mga pangyayari, kailangan natin ang Banal na Espiritu.

…**pagkatapos ay darating ang wakas**

Kapag ang lahat ng mga bansa ay naabot, kung gayon si Jesus ay muling darating: *"At ipangangaral ang ebanghelyong ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas."* (Mateo 24:14)

Ang ebanghelyo ay naikalat nang may dakilang pagtatalaga - at ito ay gumana. Ngunit ang pangwakas na layunin ay **hindi** maaabot ng kapangyarihan ng tao!

Ang modernong talastasan ay nakatulong sa atin noong nakalipas na mga panahon. Ang gawain ba ay matatapos sa pamamagitan ng ganitong paraan? Kawili-wili rin, ang mga teknolohiya sa komunikasyon ay nagmula kay Samuel Morse sa taong 1844. Makakakita ba tayo ng ebidensya sa petsang ito na ang teknolohiya ay gumanap ng isang papel? Tiyak! Ngunit hindi natin dapat kalimutan na ginawang buhay ng Panginoon ang Biblia para sa mga tagapakinig, nang ang mga salita ay sinabi ng mga disipulo, na nagtalaga sa Dios at puno ng Banal na Espiritu.

Ano ang dapat na mangyari upang ang layunin ay maabot at ang buong sanlibutan ay makarinig at maunawaan ang ebanghelyo? Ating basahin ang malinaw at mahalagang mga salita sa Zacharias 4:6:

"Ikaw ay hindi magtatagumpay sa anumang balak mong gawin, kahit sa kalakasan ng tao o sa kapangyarihan ng isang hukbo; Hindi, ang aking Espiritu ang gagawa nito! Ako'y nangangako, ang Panginoong Dios na makapangyarihan sa lahat." (isinalin mula sa German bersyon Pag-asa para sa bawat isa)

Ito ay laging totoo. Gayunman, ito ay lalong mas mahalaga ngayon. Sa katapusan ng sanlibutan, katulad na kaganapan sa panahon ni Noe ang mangingibabaw (Mateo 24:37-39). Ano ang pangunahing suliranin noon? Kasamaan! (Genesis 6:5-6) Yamang ang kasamaan ng tao - ay pansamantalang nagpapanggap at maayos na nakabalot - ay

kapansin-pansing nadagdagan; kailangan natin ang pagpapalakas mula sa Dios sa mga panahong ito ng higit kaysa noong una.

Saan nagmumula ang kapangyarihan at kakayahan?

Sabi ni Jesus: *"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan [pagpapalakas, kasanayan]* ***pagbabasa inyo ng Espiritu Santo;*** *at kayo'y magiging saksi Ko . . ."* (Gawa 1:18) Si Jesus ay tumutukoy sa isang higit sa karaniwang kapangyarihan - kapangyarihan ng Dios.

Ating ikumpara ito sa kapangyarihan ng kuryente. Sa kapangyarihang ito, maaari tayong magpailaw, init, lamig at magpatakbo ng maraming aparato at mga makina, halimbawa, computers, internet, mga radyo, mga telebisyon, mga telepono, mga tren, kotseng de kuryente at marami pang iba. Kahit sa pagsibol ng mga binhi sa lupa, ang elektrisidad ay may ginagampanang papel. Ang enerhiya ang pundasyon para sa lahat ng bagay. Ang lahat ng bagay ay nagaganap sa pamamagitan ng elektrisidad.

Kaya, ang pundasyon ng ating buhay at paglilingkod ay si Kristo na nasa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ang bungang kapangyarihan ng Dios. Sa ganitong paraan lang tayo magiging mga saksi ng Dios - sa pamamagitan ng ating mga salita at mga kilos. Ang Banal na Espiritu at si Kristo na nasa atin ang kinakailangan upang maabot ni Jesus ang mga tao sa pamamagitan natin. Sa panahon ng ating pagsasanay kasama si Jesus, tayo ay magiging Kanyang mga mensahero ng kagalakan sa pangunguna ni Jesus at pag-gabay at mapuspos ng kahanga-hangang kapangyarihan ng Dios.

Ano ang malinaw na tinutukoy ni Jesus sa Kanyang pamamaalam?

Ang Banal na Espiritu ay kumakatawan kay Jesus

"Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagkat kung hindi ako yayaon, ang Mang-aaliw ay hindi pariritu sa inyo; ngunit kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo." (Juan 16:7)

Ibig sabihin nito: **Umalis si Jesus. Ang Banal na Espiritu ay dumating kapalit niya. Mula noon siya ay naririto.**

Ang Banal na Espiritu ay kumakatawan kay Jesus dito sa lupa. Ipinaliwanag ni Jesus na ang solusyong ito ay makabubuti para sa atin, kaysa sa kung Siya ay personal na nanatili.

Si Jesus ay nabubuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu

"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mang-aaliw, upang siyang suma inyo magpakailanman - ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanlibutan; sapagkat hindi nito siya nakikita, ni nakikilala

man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagkat siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo. Hindi ko kayo iiwang mag-isa: ako'y paririto sa inyo." (Juan 14:16-18)

Sa ibang salita: **Ang Banal na Espiritu ang nagdadala ng presensya ni Jesus sa ating mga buhay** (Epeso 3:16-17). Si Jesus ay makapananahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu - kahit saan man tayo.

Ang Banal na Espiritu ang ating guro

"Datapuwa't ang Mang-aaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi." (Juan 14:26)

Ibig sabihin: Ang Banal na Espiritu ay nagtuturo sa atin ng katotohanan ni Jesus. Kailangan natin ang Banal na Espiritu upang ating malaman ang katotohanan at makita ang kaibahan nito sa kamalian o pag-aakit.

Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay nagpapatotoo si Jesus ng Kanyang sarili sa akin at sa pamamagitan ko

"Datapuwa't pagparito ng Mang-aaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa Akin." (Juan 15:26)

Sa ibang salita:

Pinatutunayan ni Jesus ang Kaniyang sarili sa ating mga buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. At: Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay sa pamamagitan natin ng patotoo ni Jesus sa ibang tao.

Pinalalalim ng Banal na Espiritu ang aking ugnayan kay Jesus at ginawa Nya itong taos-puso.

Ang Banal na Espiritu ay niluluwalhati si Jesus

"Luluwalhatiin Niya [ang Banal na Espiritu] Ako: sapagka't kukuha Siya sa nasa Akin, at sa inyo'y ipahahayag." (Juan 16:14)

Iyan ay, inihayag ng Banal na Espiritu ang kamahalan at kaluwalhatian ng nabuhay na Cristo at inalis ang tabing ng mga misteryo ng plano ng kaligtasan. Sa gayon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nangunguna sa bawat hakbang, si Jesus ay nagiging higit sa aking buhay; Siya ay nagiging mas malapit, kaibig-ibig, higit na mahalaga, higit na makabuluhan: nagiging si Jesus ang lahat ng bagay para sa akin.

Bilang isang kinahinatnan, ano ang mahalagang resulta?

*"Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng **kasaganaan nito**." (Juan 10:10)*

"...'Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom. *Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay.* ***Ngunit ito'y sinalita niya tungkol sa Espiritu****, na tatanggapin ng mga magsisisampalataya sa kaniya. '"* (Juan 7:37-39)

Ikaw ba ay nagnanais ng higit mula sa buhay - isang ganap na buhay? Ang bawat isa ay naghahangad nito, dahil ang ating Dios na puno ng biyaya *"ay inilagay ang walanghanggan sa kanilang mga puso"* (Ecclesiastes 3:11). Kapag ikaw ay naghahangad para dito, kung gayon ay ipakikita ni Jesus ang daan. Nais Niyang tayo ay magkaroon ng isang ganap na buhay dito at ngayon. Pagkatapos ng Kaniyang ikalawang pagdating, maaari nating ipagpatuloy itong buhay sa isang ganap na kakaibang sukat sa walanghanggang kaharian ng Dios. Kapag si Jesus ay nananahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon ay mararanasan natin ang masaganang buhay (Juan 10:10; Efeso 3:19; Colosas 2:9-10).

Sa ibang salita: **Si Jesus ay nagbibigay sa atin ng isang masaganang buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.**

Maaari ba tayong pagkalooban ng ating mahabaging Panginoon ng higit pa? Ang Banal na Espiritu ay hindi lamang regalo ng pagpaparangal kay Jesus para sa Kaniyang mga disipulo, na kung saan ay nagdadala ng iba pang regalo, nguni't sa halip ang Banal na Espiritu mismo ang nagkakaloob ng mga regalo. Ayaw kong mabuhay pa ng walang ganitong malapit na ugnayan! Nais mo rin ba ng ganito?

Paanong gumawa si Jesus?

"Sa bawat umaga Siya ay nakikipag-ugnayan sa Kaniyang Ama sa langit, na ***tumatanggap mula sa Kaniya araw-araw ng sariwang bautismo (pagpuspos) ng Banal na Espiritu,"*** (E.G.White, Signs of the Times, November 21, 1895, par, 3)

Una sa lahat, hinanap ni Jesus ang presensiya ng Ama at pagkatapos ay yumaon na puspos ng Banal na Espiritu at nasa ilalim ng Kanyang patnubay sa mga tao.

“Ang pamamaraan lang ni Cristo ang magbibigay ng tunay na tagumpay sa pag-abot sa mga tao. Ang Tagapagligtas ay nakihalubilo sa mga tao bilang isa na naghahangad ng kabutihan para sa kanila. Kaniyang ipinakita ang Kaniyang pakikiramay sa kanila, naglingkod sa kanilang pangangailangan, at nakuha ang kanilang tiwala. Sunod ay Kaniyang inanyayahan sila, “Sumunod kayo sa Akin”. Mayroong pangangailangan ng pagtungo ng malapit sa mga tao sa pamamagitan ng personal na pagsisiskap.” (E.G.White, The Ministry of Healing, p. 143.3)

Si Jesus ay puno ng pag-ibig ng Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ginawa ang Kanyang buong makakaya sa ilalim ng pamamatnubay ng Espiritu upang tulungan ang mga tao sa kanilang personal na pagkabalisa. Sa ganitong paraan, Kaniyang nahikayat ang kanilang pagtitiwala at ang Kanyang paanyaya na sumunod sa Kanya ay humantong sa lupa na lubos na naihanda.

Nawa ang kahanga-hanga nating Dios ay tulungan tayong lahat na maging mapagmahal, mahusay at puno ng Espiritu na kamanggagawa ni Jesus at upang patuloy na lumago roon.

Paano manalangin para sa katuparan ng Banal na Espiritu, upang maging sigurado na iyong natanggap, ay tatalakayin ng detalye at praktikal sa Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay - tingnan ang pahina 216.

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang resulta ng pagpupunyagi sa gawain ng Dios, na naganap sa iyong sariling lakas?*

---

2. *Bakit kinakailangan mag-antay ang mga alagad sa Jerusalem matapos umakyat si Jesus? Ano ang kanilang ginawa sa panahong sila ay nag-aantay?*

---

3. *Ano ang nakakamit ng Banal na Espiritu sa atin na may pagsasa-alang-alang sa ating kapwa?*

---

4. *Ano ang mga resulta nang tayo ay mapuno ng Banal na Espiritu?*

Oras ng Ating Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kasama at talakayin ang paksa sa kanila.
- Manalangin ka at ang iyong kasama…

1. …na tutukuyin ng Dios ang mga bagay na ginagawa natin para sa Kaniya na batay sa sarili nating lakas.
2. …para sa pagtitiyaga at tatag na maihanda ka ng Dios na Kaniyang maging kamanggagawa.
3. …na matutunan nating palaguin ang ating pagkakilala at pagmamahal kay Jesus.
4. …para sa bukas na pusong hihingiin at tatanggapin ang Banal na Espiritu.

Ika-3 Araw

KABANATA 1

MAHAL KA NG DIOS!

Paano ko mararanasan ang kapunuan ng pag-ibig ng Dios?
Anong bahagi ang nagagampanan ng aking pagtitiwala sa Dios?

Ang walang kapantay na pahayag: ANG DIOS AY PAG-IBIG

Paano natin nalalaman na ang Dios ay tunay na pag-ibig, na ang Kaniyang katangian ay pag-ibig? Ipinahayag ito ng Dios sa atin sa naiibang paraan – sa pamamagitan ng buhay at kamatayan ng Kaniyang Anak na si Jesu-Cristo, na nagwika: "… ang nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama. … Hindi ka baga nananampalataya na Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? Ang mga salitang Aking sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng Kaniyang mga gawa." (Juan 14:9-10)

Kaya, ang Dios ay kagaya ni Jesus.

Ganito ang sinasabi ng Biblia ukol kay Jesus, nuong Siya ay namumuhay pa dito sa lupa: Siya ay mapagkakatiwalaan, sapagka't ang mga ina ay magiliw na dinadala ang kanilang mga anak sa Kanya, bagama't Siya ay mahirap, Kaniyang ibinabahagi sa iba ang lahat ng mayroon Siya; pinagaling Niya ang may mga sakit, hindi Siya nagtatangi ng mga tao, Kaniyang hinihikayat ang mga walang pag-asa, Kaniyang binibigyan ng panahon ang mga nangangailangan ng Kaniyang tulong – kahit sa gabi ang mga tao ay lumalapit sa Kanya at tinutulungan Niya ang sinuman na masumpungan ang buhay na walang hanggan. At sa mga kadahilanang ito, nararapat Niyang danasin ang kamatayan bilang kahalili sa bawa't nagsisising makasalanan.

Sinabi ng Biblia:

"Walang may lalong dakilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan." (Juan 15:13)

Sa katunayan, mayroon pang mas higit na dakilang ginawa si Jesus! Namatay Siya para sa atin nang tayo'y katunggali pa: *"…na nang tayo ay makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin."* (Roma 5:8)

Tiniis Niya ang paglait at nakapangingilabot na pagdurusa ng katawan ng dahil sa iyo at sa akin. Bakit Siya namatay ng mas maaga kaysa sa mga taong napako na kasama Niya? Namatay Siya ng mas maaga ng dahil sa pasan na kasalanan, akin at iyong kasalanan. Totoong mahirap na paniwalaan na sakripisyo, walang pag-imbot at kahanga-hangang pag-ibig ang Kaniyang ipinakilala at patuloy pa na ipinakikilala sa atin!

Ang Walang Kapantay na Pag-ibig ng Dios

Ano ang natatangi tungkol sa Dios iyon ay hindi lamang mayroon Siyang pag-ibig, **sa halip Siya mismo ay pag-ibig.** Ano ang pagkakaiba ng pagkakaroon ng isang bagay at pagiging isang bagay? Ang bagay na mayroon ako ay maaaring mawala. Ang isang bagay na ako, ay palaging umiiral sa akin. At yamang ang **Dios** ay pag-ibig, Siya ay **maaari lamang kumilos bunga ng pag-ibig, kahit na madalas ay hindi natin natatanaw ng gayon sa sandaling yaon.** Mayroong malaking pagkakaiba – na may kaugnayan sa ating pag-iisip at mga gawa – sa atin na makasalanan, nagkakamali na mga tao at sa ating makapangyarihan, alam ang lahat ng bagay at Dios na nasa lahat ng dako!

Ang pag-ibig ng Dios (Griyego: agape) **ay ang pinakamarangal at pinakamalalim na uri ng pag-ibig na namamalagi.** Ang pag-ibig na ito ay may nakapundasyon sa katangian ng Dios. Hindi nito pinagbabatayan kung karapatdapat ang tatanggap (halimbawa: ang pag-ibig ng ama sa alibughang anak).

Makikita natin na ang pag-ibig na ito ay ipinahayag ng detalye sa 1 Corinto 13:4-7. *"Ang pag-ibig ay mapagpahinuhod, at magandang loob; ang pag-ibig ay hindi nananaghili; ang pag-ibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo. Hindi nag-uugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan; lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis."*

At yamang ang Dios ay walang hanggan, **itong kahanga-hangang pag-ibig ay walang hanggan rin!**

Ang Kapasidad ng Tao para Umibig ay Pinahina ng Kasalanan

Pinapangit ng kasalanan ang larawan ng Dios sa tao, at sa gayong paraan ay negatibong naapektuhan ang ating kapasidad upang umibig. Samantala, kapag ang isang tao ay namumuhay ng hiwalay mula sa Dios, ay mas lalong nagkukulang ang kaniyang kapasidad upang umibig, at mas lalong higit na nahahayag ang kaniyang makasariling likas.

Minsan ay may naglarawan ng pag-ibig sa ganitong paraan: Mahal kita, kaya mahalin mo din ako. Ang kalagayang ito ay tila tunay sa panahon ngayon. Ang munting bata ay mabilis na nakakaunawa na habang madalas syang mabait kay lola, ay madalas din syang makakakuha ng mga pagkaing matamis!

Ang mga taong makasalanan ay may kakayanan lamang sa hindi lubusang pag-ibig. Ano pa't kahanga-hanga na nais ng Dios na ilagay ang Kaniyang ganap na pag-ibig sa ating mga puso!

Ang Kabutihan ng Dios ay ang Kaniyang Pag-ibig na May Paggawa

Malinaw na makikita natin kay Juan na siya ay di kailanman nagkaroon ng pag-aalinlangan sa ganap na pag-ibig ng Dios – at sa halip kaniyang naranasan ang mamuhay at mamatay kay Jesu-Cristo. Kung kaya't kaniyang naisulat: **"At ating nakikilala at ating sinampalatayanan ang pag-ibig ng Dios sa atin. Ang Dios ay pag-ibig…"** (1Juan 4:16)

Ang katangian ng Dios ay pag-ibig. Ang Kaniyang likas ay pag-ibig. Ang Kaniyang pag-ibig ang nagpapasiya ng lahat ng Kaniyang kilos. Kaya ang Kaniyang mga utos ay batay sa ilalim ng impluwensya ng Kaniyang pag-ibig. Ginawa ng Dios na ang kapunuan ng Kaniyang pag-ibig – ang hindi mailarawang basbas na ito – ay makukuha ng lahat ng kaniyang mga nilalang. Nais Niyang patotohanan ang Kaniyang kabutihan sa lahat; **ang kabutihan ng Dios, ay ang Kaniyang pag-ibig na may paggawa.** Ang kabutihan ng Dios ay ang gawang may pagtulong, na pinasyahan ng pag-ibig. Ipinakakahulugan ng salitang kabutihan: pagkatao Nya ang maging mabuti, handang tumulong, magiliw, at may habag. Sa kabilang salin: ang kabutihan ng Dios ay nagbibigay, nagkakaloob at kumikilos ng may pag-ibig.

Ang Buhay Na Nasa Gitna ng Pag-ibig ng Dios

Isang ama ang naglakbay sa karagatan kasama ang kaniyang anak na lalaki, nais niyang ipaunawa ang pag-ibig ng Dios sa kanya. Ang wika nya sa kanyang anak: "Tanawin mo hanggang sa maaabot ng iyong paningin sa harap at likod ng ating bangka – ganyan kahaba ang pag-ibig ng Dios. Ngayon ay tanawin mo sa kaliwa at kanan hanggang sa maaabot ng iyong paningin – ganyan kaluwang ang pag-ibig ng Dios. Ngayon ay tumingala sa kaitaasan ng langit – ganyan kataas ang pag-ibig ng Dios. Tumanaw ka sa kailaliman ng karagatan – ganyan kalalim ang pag-ibig ng Dios." Matapos ang ilang sandali, ang anak ay masayang nagwika: "Ama, alam mo po ba ang pinakamabuti sa lahat ng ito? Tayo ay nasa gitna!" – Ating isalin sa ating ispiritwal na buhay at tanungin ang ating sarili: Kailan tayo nalalagay sa gitna ng pag-ibig ng Dios? Sa ibang salita:

Paano natin mararanasan ang kabuuan ng pag-ibig ng Dios o ang Kaniyang kabutihan?

Batid ni Apostol Pablo ang kasagutan. Pansining mabuti ang tatlong hakbang na ipinakita niya sa atin:

1. Kapangyarihan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu
2. Si Cristo ay nananahan sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya
3. Nakaugat sa Kaniyang pag-ibig

Ang resulta:

Mahahawakan mo ng mahigpit ang kalakhan ng Kaniyang pag-ibig.

"Aking idinadalangin na ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan **sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu** sa pagkataong loob, na si **Cristo ay Manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya**. At aking idinadalangin na kayo'y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig, ay magkaroon ng kapangyarihan kasama ng lahat ng mga banal, **na maunawaan kung paano ang luwang at ang haba at ang taas at lalim ng pag-ibig ni Cristo."** (Efeso 3:16-18 NIV)

Maaari nating personal na maranasan ang kabuuan ng pag-ibig ng Dios at ang Kaniyang kabutihan, kapag si Cristo ay manahan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung tayo ay mayroong personal na relasyon sa Kaniya. At habang malapit ang relasyong ito kay Jesus, ay mas higit niyang mararanasan ang kabuuan ng pag-ibig ng Dios!

Tungkol sa pag-ibig ng Dios, aking malimit naidalangin: "Ama, tulungan mo akong mas mabuting maunawaan ang iyong pag-ibig, ang iyong katangian at ang iyong mahabaging likas." Sa aking buong galak, aking napuna na ang Dios sa tuwi-tuwina ay nagbibigay ng mga bagong pananaw tungkol sa Kaniyang pag-ibig gayundin hinggil dito ay mga bagong karanasan. Humigit ang aking relasyon sa Kaniya na kagaya ng isang matalik na kaibigan. Malimit hindi natin namamalayan ang kahanga-hangang pag-ibig at kabutihan na kung saan ay sumusunod at pumapalibot sa atin mula sa ating Ama sa langit.

Ang wika Niya sa iyo at sa akin: *"Oo, inibig kita ng walang hanggang pag-ibig:* ***kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang loob."*** (Jeremias 31:3)

Marahil ay natuklasan mo nang ganap ang kakaibang aspeto ng pag-ibig ng Dios na iba sa mayroon ako, nguni't isa lamang ang tiyak: ang topiko na ating pinatutunguhan dito ay ating pagkakaabalahan hanggang sa kabilang buhay!

Tunay bang mahalaga na maunawaan ang katangian ng Dios?

Mahalaga ba talaga na mayroon akong tamang pang-unawa sa katangian ng Dios? Ang sagot ay: Oo, tunay na labis na mahalaga! Narito ang paliwanag:

Hiniling ng Dios na aking isuko sa Kaniya ang pamumuno ng aking buhay, hiniling ng Dios na ako ay magtiwala ng buo sa Kaniya, Oo, na aking ibigkis sa Kaniya ang aking pamumuhay. Hiniling ng Dios na aking gawin ang lahat na sinasabi ng Kaniyang salita. Gayunpaman, akin lamang magagawa ito kung aking nasumpungan ang Panginoon na mapagkakatiwalaan, kaibig-ibig at maunawain. Maliban na mayroon akong tamang pang-unawa sa kahanga-hangang katangian ng Dios, ay saka pa lamang maipapasakop at mailalagak ang aking sarili. Ganito ang paraan sa malawak na kanlurang bahagi ng daigdig. Maraming mga tao ang basta lang nagtitiwala sa pag-ibig ng Dios.

Ika-4 Araw

Bakit may ilang mga tao ang may maling pananaw sa Dios?

Si Peter Rosegger, isang makata mula sa Austria, ay may palagay noong sya ay bata pa na ang kaniyang ama ay istrikto. Isang araw mayroon syang nagawa na bagay na may kapilyuhan. At dahil sa takot na sya ay parurusahan ng kaniyang ama, tumago sya sa isang lalagyan ng isang malaking orasan sa kanilang silid. Nakakakita sya sa pamamagitan ng isang lamat, nakita nya kung paano pumasok ang kaniyang ama, at inutusan ang kaniyang mga lingkod upang hanapin ang kaniyang anak. Matapos umalis ang mga lingkod, ang ama ay nagsimulang umiyak. Hindi na matiis ni Peter, kaya't sya ay lumabas na sa kaniyang pinagtataguan. Hindi man lang sumagi sa isip ng ama na sya ay parusahan. Di nagtagal naisulat ni Peter Rosegger "Simula ng pagkakataon na iyon, nalaman ko na ang aking ama ay hindi istrikto." Sa sandaling iyon, kaniyang nalaman kung anong puso mayroon ang kaniyang ama!

Diba't maraming mga tao ang nag-iisip na kagaya ni Peter Rosegger patungkol sa kaniyang ama – na sya ay masyadong istrikto?! May ilan sa atin na ina-aplay ang larawan ng ating ama dito sa lupa at ng ating Ama sa langit. At ito ay maling paraan sa malimit na pagkakataon.

Tanong: Saan nagmula ang maling pananaw sa katangian ng Dios? Sagot: sa langit. Si Lucifer ay pinasinungalingan ang katangian ng Dios at ipinakilala ito nang hindi wasto sa iba. Hanggang sa panahon ngayon ang kasamaan ay nagsisikap na himukin ang mga tao sa lahat ng paraan upang mag-isip ng masama tungkol sa katangian ng Dios.

Babala sa Pinuno ng Pandaraya!

Nadaya ni Satanas ang ilan sa paniniwala na ang Dios ay may masasamang katangian, na sa katotohanan ay siya mismo ang mayroong ganuong

katangian. Sa pagkalat ng maling turo tungkol sa panghabang buhay na matinding hirap sa impyerno, kaniyang napaniwala ang ilang Kristyano na tignan ang Dios na mapaghiganti at puno ng kalupitan. At ang resulta, naging matagumpay siya na mapaniwala ang maraming tao sa loob ng simbahan na huwag nang makinig at kanilang gustuhin na gamitin ang panahon sa pilosopiya, kagaya ng hindi paniniwala sa Dios, na nagtuturo ng papalayo sa Dios. At sa mga taong mahilig lang sa madaling paraan, na nais maniwala kahit walang pag-aaral ng Biblia tungkol sa pag-ibig ng Dios, ay gumamit si Satanas ng ibang taktika: ang Dios ay sobrang maibigin na maaari nating gawin ang lahat ng ating nais – sa katapusan, Kaniyang ililigtas ang sinuman. (Nalalaman ni Solomon ang katunayan na sa kahulihan ay papayagan ng Dios na managot ang bawa't isa! Ecclesiastes 11:9) Hinihimok ni Satanas ang mga natatakot at sinasabing ang buhay Kristyano ay mabigat, mahirap, at hindi masaya. (Kabaligtaran sa binanggit ni Juan! 1Juan 5:3) Tila baga mayroon siyang makatwiran na paliwanag sa mga mayayaman – mas marami silang isusuko kaysa sa kanilang pakinabangan kung sila ay susunod kay Kristo. (Nguni't nalalaman natin na si Pablo ay mayroong ganap na kakaibang karanasan! Filipos 3:4) Hinihikayat ni Satanas ang mga mababababaw, na isipin na ang Dios ay maselan at masyadong partikular. (Oo, ang Dios ay mapagbigay sa kanila, nguni't sa mga gumawa ng pinsala, kailangan nilang pagbayaran ito!) At pinangunahan din ni Satanas na mapaniwala ang iba na ang teorya ng ebolusyon ay mapapaniwalaan. Naimpluwensyahan nya ang iba upang isipin na ang Dios ay mahina, matanda na at hindi kailangang bigyan ng pansin.

Paulit-ulit si Satanas na lumilikha ng bagong kaisipan upang pukawin ang mga maling pagkaunawa sa isip ng tao tungkol sa Dios o di kaya'y alisin ang Dios sa kanilang kaisipan. Nalalaman nya ng mahusay na: kung sinoman ang hindi nakakakilala o nagpapahalaga sa tunay na katangian ng Dios, ay di nila nanaisin ang anomang bagay na may kinalaman sa Dios. At iyan ang tamang-tama na kagustuhan niya.

Isinulat ni Roger Morneau: "Giliw na giliw ang mga demonyo na paglaruan ang isip ng mga tao, ito ang sinabi sa akin ng isang ispiritistang pari ng ako ay sumasamba pa sa mga masamang espiritu. Nagpapakita sila sa isang saglit ng mga saloobin at mga imahe sa isipan ng mga tao ng may mainam na husay at napapaniwala ang tumatanggap na ito ay ayon sa kanilang paliwanag." (*When you need incredible answers to prayers, Review and Herald Publishing Association, 1995, p.70*

Si Satanas kabilang na ang kaniyang mga demonyo ay nagsusubok na hawakan ang kaisipan ng mga naghahayag na sila ay mga Kristyano, nang sa kanilang mga maling pag-iisip at gawa ay mailalarawan nila ng hindi tama ang katangian ng Dios.

Ang Pinakamabisang Kasangkapan Sa Panunukso

Nais ni Satanas na akitin sa masama kung posible ang maraming mga tao! Maraming dahilan kung bakit **malinaw ang babala ni Jesus hinggil sa pang-aakit sa masama**, na mararanasan ng Kaniyang mga taga sunod sa **huling panahon.**

Ang internet ay bukod-tanging mabisang kasangkapan para tuksuhin ang mga tao. Walang makakapigil sa internet! Sa ganitong paraan, naiimpluwensyahan ng kasamaan ang isip at mga gawa, lalo na sa mga kabataan. Halimbawa, ang isang binatilyo ay maaaring manood **anumang oras sa internet ng mga bagay na nakakakuha ng kanyang pansin**. At ang mga magulang ay walang pamamahala laban dito. Anong mga bagay ang kumukuha ng pansin ng mga kabataan kung sila ay magkakasama? Sa matagal na panahon, nalalaman ito ng industriya ng pelikula: pagtatalik at karahasan. Sa kasamaang-palad, hindi lamang ang mga kabataan ang madaling talaban ng mga ganitong paksa, kasama na din ang mga matatanda. Kinakailangang malimit natin tanungin ang ating mga sarili: Saang bagay na masama ako nahihikayat ni Satanas?

Ang Pag-ibig ng Dios at Ating Kalayaan

Hindi maipaliwanag na ini-ugnay ng ating Ama sa langit ang Kaniyang pag-ibig at kalayaan. Ang tunay na pag-ibig ay maaari lamang lubusang maipahayag sa kalayaan. Ang kalayaan ay bagay na mahalaga mula sa Dios na **Kaniyang binigay sa lahat ng Kaniyang nilalang** – mga anghel, mga nakatira sa ibang planeta, gayundin sa ating mga tao – kalayaan. Maaari tayong magpasya para o laban sa Dios. Gayunman, kabilang dito ay ating tanggapin ang kahihinatnan ng ating mga pagpapasya. Kaya para sa isang tao na nagpasya laban sa Dios, kinakailangan niyang tiisin ang negatibong kahihinatnan; at sa kasamaang palad, ang ibang tao ay napipinsala sa negatibong kinahinatnan.

Ang pag-ibig ng Dios at ang Kaniyang Katarungan

Sapagkat ang Dios ay pag-ibig, Siya ay laging makikitungo ng may katarungan. Sa Kanyang pag-ibig, hindi Niya matatanggap na ang isang tao ay dinaya, pinalo, ginahasa, o di kaya'y pinahina sa anomang paraan. Kaya, kung sinoman, na hindi nagsisi sa kanilang kamalian, ay sa katapusan kailangang **pasanin ang bigat na dulot ng kanilang sariling mga kasalanan**. Inilalagay lang ng pag-ibig ng Dios ang maling nagawa ng isang tao sa kanila. Tutukuyin ng bawat tao ang kanilang sukat. Yamang mahal din ng Dios ang mga makasalanan, mas nais Niyang makita na ang isang makasalanan ay magsisi at ang sarili niya ay maligtas. Nguni't kapag ang makasalanan ay tumanggi sa alok ng kaligtasan, kung gayon, ayon sa Biblia ay tatanggapin niya ang

“kabayaran” para sa kanyang kasalanan: *sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay (katapusan) kamatayan.* (Roma 6:23 NIV)

Alinsunod din sa **katarungan ng Dios** na sa kawakasan ng panahon, ang mga **tapat** ay gagantimpalaan ng **buhay na walang hanggan** (Apocalipsis 22:12) Tinanggap nila ang alok na kaligtasan: ng dahil sa kanilang mga kasalanan **si Jesus ang kumuha ng kaparusahan sa Kaniyang sarili kahalili nila** (Isaias 53:5)

Yamang hindi naman karaniwang pinaparusahan kaagad ng Dios ang taong nagkakasala, ang ibang mga tao ay nagiging matapang at lalo pang gumagawa ng kasalanan. Gayunman, ang isang makasalanang hindi nagsisi ay kinakailangang tiisin ang negatibong kahihinatnan ng kaniyang maling gawa ng habang buhay. Minsan, ang mga negatibong kinahinatnan ay bahagyang napapansin o nahahalata, nguni’t ito ay laging naroon.

Ang pag-ibig ng Dios at ang mga paghihirap sa mundong ito

Maraming katanungan sa mga tao, kapag napag-uusapan ang topikong ito. Ang paghihirap ay bunga ng kasalanan. Ngunit kung paanong lumitaw ang kasalanan kay Lucifer ay lubos na misteryo sa atin. Lucifer – na ngayon ay natatawag na demonyo o Satanas – ay siyang pinagmumulan ng lahat ng kahirapan. At siya ay napapahintulutan ng tunay na antas ng kalayaan sa ibinigay na panahon, upang makita ng kalahatan ang bunga ng kasalanan. Gayon pa man kapag ang sukatan ay mapuno na – at sa aking palagay ay halos maabot na ang ganung kalagayan – at si Jesus ay babalik at wawakasan ang lahat ng paghihirap dito sa lupa. Ayon sa kanilang kaalaman kung saan patutungo ang kasalanan, ang mga naligtas ay hindi na kailanman maghahangad na magkasala. At pagkatapos, ay muling magkakaroon ng pagkakaisa, pagkakatugma at pag-ibig sa buong sansinukob. (Sa karagdagang impormasyon sa topiko: E.G.White, Ang Malaking Tunggalian, kapitulo 29 “Ang pinagmulan ng kasamaan”)

Pagdurusa sa kawalan ng katarungan –paggawa ng mali

Nang dahil sa kasalanan, napakaraming walang katarungan sa mundong ito. Malimit ay marami tayong nasasabi sa topiko ng kawalan ng katarungan, sapagkat tayo ay malimit na apektado. Mas gugustuhin natin, na palaging madaling mamagitan ang Dios sa atin bago sumapit ang anumang kawalan ng katarungan na mangyari sa atin. Nguni’t ang taong nais gumawa ng walang katarungan, ay maaaring mag-akusa sa Dios na inaalis ang kanilang kalayaan. At yan ang dahilan kaya’t ang Dios ay malimit na malimit lamang na mamagitan ng direkta. Siya lamang ang nakakaalam kung kailan kikilos, upang maiwasan ang malubhang posibleng mangyari. (Halimbawa: Ang parusa sa pagrebelde ni Korah sa Bilang 16). Sa kahulihang panahon lamang

masasaksihan ng mga tapat na: ***"Ang PANGINOON ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa, at ng mga kahatulan na nauukol sa lahat ng naaapi."*** (Mga Awit 103:6)

Sa pangkalahatan, kaunti ang pag-aalala natin sa topiko ng paggawa ng masama. At kadalasan, ang isang Kristyano ay maaaring magdusa sa kawalang katarungan kaysa sa paggawa ng mali. Subali't, isipin natin ng saglit kung ano ang mangyayari sa atin kapag gumawa tayo ng mali. *Una,* ang ating konsenya ay nabibigatan. Ang konsensya natin ay nagbibigay ng *"senyas"* kung tayo ay nasa maling landas. Ang "senyas" na ito ay dapat mag-udyok sa atin upang tayo ay magsisi. Nguni't kung hindi natin aminin at talikuran ang ating mga kasalanan, magkakaroon ito ng negatibong epekto sa ating mga ugali. Higit pa, ang kapayapaan ng Dios ay iiwanan ang ating mga puso. At kadalasan ang *"kasalanan ng mga magulang"* ay naipapasa sa kanilang mga anak.

Ika-5 Araw

Tumutugon sa Nagliligtas na Pag-ibig at Pananatili dito

Isang kahanga-hangang landas ang nakabukas para sa atin, lalo na ang tumugon sa nagliligtas na pag-ibig ng Dios ngayon. ***"Ngayon,*** *kung marinig ninyo ang kaniyang tinig,* ***Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso…"*** (Hebreo 3:15) Nang ating tanggapin si Jesus bilang ating Tagapagligtas at nanatili sa Kaniya, samakatuwid, tayo ay nakatitiyak na pinalaya tayo sa ating pagkakasala: ***"Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa ating mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran… ."*** (1 Pedro 2:24)

Ang apostol na si Juan ay sumulat: *"Ang Dios ay pag-ibig; at* ***ang nananahan sa pag-ibig ay nananahan sa Dios, at ang Dios ay nananahan sa kaniya."*** (1 Juan 4:16) Ang mas matalik na ugnayan natin kay Jesus, ay mas masaya, higit na kuntento, at higit ang ating pasasalamat! At kapag tayo ay nagpasalamat sa Dios, ito ay palaging may positibong epekto sa atin at sa ating ugali. Tayo ay naimpluwensyahan ng ating mga salita (Bukal ng Buhay, p.322-323) At hindi lamang yaon – tayo din ay naiimpluwensyahan ng ating nakikita at napapakinggan. *"Tayo ay nababago sa ating mga pinagmamasdan."* (E.G. White, Patriarka at mga Propeta, p 459.1) Kung kaya't napakabuti kung tayo ay nasa impluwensya ng Banal na Espiritu, araw-araw ating babasahin ang kuwento ng pagpapako sa krus sa Biblia at ating pagbulaybulayan ito.

Kung tayo ay nananahan kay Cristo, hindi tayo magkakasala ng may masamang hangarin. Nguni't kung tayo ay magkasala ng hindi nalalaman o sinasadya man, gayon ang 1 Juan 2:1 ay nararapat: *"Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag*

mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesu-Cristo ang matuwid."

Kung nasa sa atin si Jesus, maaari nating sabihin kagaya ni Pablo: *"Ngayon nga'y walang anomang hatol sa mga* ***na kay Cristo Jesus****… Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na kay Kristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan*. (Roma 8:1,2)

Ang ibig sabihin ng pagiging na kay Kristo ay pananahan sa Kaniya. Ang pahayag na ito ay nasumpungan ng 170 beses sa bagong tipan – 97 sa mga iyon ay nasa mga sulat ni Pablo. Ito ay ibang kapahayagan sa naipanganak na muli. Sinabi ni Jesus sa Juan 3:5: *"…Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios."*

Bigyan natin ng buod: Sinuman ang tumugon sa nagliligtas na pag-ibig ng Dios bawat araw, ay makakaranas ng pagbabago sa kanilang buhay at sa kalidad ng kanilang pamumuhay, na bago dito ay hindi pa nakilala, at sa kahulihan ay tatanggap ng buhay na walang hanggan. Tinitignan ko ito bilang maharlikang kalsada ng pag-ibig ng Dios. Ang Kaniyang pag-ibig ay nagnanais na pagpalain tayo araw araw at sa kahulihan ay bigyan tayo ng kaligtasan!

Ang Pag-ibig ng Dios ay Higit sa Bawat Pagsubok!

Karamihan sa atin ay nakakaalam ng talinghaga ng alibughang anak sa Lukas 15:11-32. Isang araw, ang bunsong anak ay lumapit sa kanyang ama (kumakatawan sa Dios) at nagwika na nais niyang iwan ang tahanan at mamuhay ng nais niya. Maliwanag na ang mga patakaran at ang mga tuntunin (utos ng Dios) ay hindi angkop sa kanya. Bago umalis ang anak, hiningi niya ang kanyang mana, na sa pagkakataong ito ay wala pa syang karapatan. Ganunpaman, ibinigay ng ama ang kanyang bahagi. Ibinigay ng ama ang kaniyang buong kalayaan, sapagkat mahal nya ang kanyang anak. (Sa ganitong paraan kumilos ang ating Dios sa atin.)

Pumunta ang anak sa malayong lugar. Ginawa niya ang mga bagay na naisin niya. Ginastos ang salapi sa marahas na kasiyahan, at sa mga pakawalang kababaihan. Nang ang salapi niya ay paubos na, "ang kanyang grupo" ay mabilis na nabawasan ng bilang. At kinalaunan, wala ng natira sa kanya. At naging malala pa ang mga bagay, nagkaroon ng taggutom sa rehiyon kung saan naroroon sya. At upang malagpasan ang sitwasyon, kinakailangan niyang makahanap ng trabaho. At ang tanging trabaho na mayroon ay ang pag-aalaga ng baboy. Nag-aatubili na tinanggap niya ang trabaho. Pinahirapan siya ng mabuti ng kaniyang gutom, sapagka't hindi siya pinahintulutan na kainin ang pagkain ng baboy. Sa mga panahong nahirapan sya, naalala niya ang buhay niya na kasama ang ama niya at nauwi siya sa pagpapasya.: Ang lahat ng trabahador ng aking ama ay mayroong sapat na makakain, at ako ay halos mamatay sa gutom dito, ako ay babalik sa kaniya at aking sasabihin: *"Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin:*

Hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo: gawin mo akong tulad sa isa sa iyong mga alilang upahan." (Talatang 18,19) (Kapag tayo ay nalulungkot sapagka't tayo ay nagkasala laban sa ating Ama sa langit at atin itong binanggit sa Kaniya, ito ay tinatawag na "pag-amin" at "pagsisisi" sa Biblia.) Magkahalo ang kaniyang pakiramdam samantalang nag-umpisa na siyang naglakbay pabalik sa kaniyang ama. Nakilala ng ama ang kaniyang anak samantalang malayo pa ang distansiya. Malinaw, na ang ama ay nananabik na pinapanood siya. (Ang ating Ama sa langit ay nag-aantay na may pananabik sa pag-asa na hindi na natin susundin ang ating sariling landas, ngunit tayo ay babalik sa Kaniya!) Tumakbo ang ama patungo sa anak na taglay ang nag-uumapaw na habag, hinalikan ang kaniyang leeg, samantalang ang kaniyang anak ay marumi at mabaho. Hindi pa man nasasabi ng anak ang lahat ng kaniyang pag-amin, at tinawag ng ama ang kaniyang mga alipin. Sinabihan niya ang mga alipin na kunin ang pinakamahusay na damit at maghanda ng isang piging. Malinaw, na mahal ng ama ang kaniyang anak na kagaya ng dati. (Ang Dios ay nagmamahal ng walang pasubali! Ang pag-ibig na ito ay higit pa sa bawat pagsubok!) Nguni't hindi ito makakatulong sa atin kung hindi tayo mamumuhay na kasama siya. Walang magagawa ang ama sa kanya kung wala siya sa kanya, kahit na kung siya ay may sakit o di kaya ay may malalaking problema.

Kailan mahalaga ang pag-ibig ng Dios sa akin?

Ano ang dahilan bakit binigyan kaagad ng pahalaga ng anak ang pag-ibig ng kaniyang ama? Nang kanyang napagtanto kung anong mayroong kabutihan mayroon sya sa kanilang tahanan, na naisip na nyang bumalik sa kaniyang ama. Ibinalik sya ng krisis sa kaniyang diwa. Sa pamamagitan ng kaniyang "mahirap na buhay" ang walang galang niyang saloobin ang nagbukas ng daan sa kaniyang makatotohanang saloobin. Kaniyang nakita na ang kaniyang di-umano'y mga kaibigan ay "inibig" ang kaniyang salapi kaysa sa kaniya. Samantalang ang kaniyang ama ay palagi siyang pinapakitunguhan ng may pagmamahal, kahit na nagkikibit lang sya ng kaniyang balikat.

At ako'y nakatitiyak na matapos syang tanggapin ng kaniyang ama ng may lubos na pag-ibig, ay hindi na nya iisipin pang lumayo muli.

Ngayon, maipaparamdam ng ama ang kaniyang lubos na pag-ibig. Ngayon lamang bumukas ang kaniyang anak sa ganitong pag-ibig. Noong una, kinakailangan iurong ng ama ang katibayan ng kaniyang pag-ibig sapagka't pinapawalangsaysay ng anak. Nguni't ngayon wala ng humahadlang pa sa matalik na ugnayan ng ama at ng anak!

Nang aking tuluyang binuksan ang aking sarili sa Dios, nang kinumpisal ko ang aking kasalanan at inilagak ko ang aking buhay sa Kaniya, ay saka ko lamang naranasan ang kabuuan ng Kaniyang pag-ibig!

Ang natatanging tao lamang na nagpakumbaba ng kaniyang sarili sa Dios, at naunawaan na hindi siya karapat-dapat na ibigin ng Dios (kagaya ng ginawa ng anak ng siya ay bumalik sa kanilang tahanan), ay maaaring maging tunay na anak na babae at lalaki ng Dios. Ang taong ipinagkatiwala ang kanilang buhay sa Ama, ang sa kahulihan ay tatanggap ng pamana – ang buhay na walang hanggan.

Nananalangin para sa Pag-ibig

Ano ang aking gagawin, kapag ang aking naramdaman ay kaunting pag-ibig para sa Dios at sa aking mga kapitbahay? Buweno, maaari nating idalangin ang anumang bagay, kasama na ang tayo ay tumanggap ng mas maraming pag-ibig sa Dios at sa ating mga kapitbahay. Maaaring ang ating panalangin ay maging ganito: "Mahal na Ama, maaari bang tulungan mo ako na ibigin ka ng buong puso, ng aking buong pagkatao, ng aking buong damdamin at ng buo kong lakas. Gumawa ka na aking masunod ang iyong kalooban at ang iyong mabuting kaluguran sa mga bagay na ito. Nais ko din na aking maiibig ang aking mga kapitbahay ng higit pa. At tulungan mo din po ako na aking ibigin ang aking sarili. Salamat at maaari kong maranasan ang iyong ganap na pag-ibig. Gawin mo akong daluyan ng iyong pag-ibig sa mga nakapalibot sa akin. Amen." (Maaari nating ipagdasal na ating makaya na matupad ang nasusulat sa Mateo 22:37-39!)

Edukasyon, Galit at Paghatol

Ang bawat tao na inilagak ang kanilang sarili sa Dios, ay aaralan Niya. Ang ating pinag-aralan ay mahalagang bagay sa ating Dios. Katangian ng Kaniyang pag-ibig na tayo ay maitala sa Kaniyang "paaralan". Nais Niyang gawin tayong mga tao na kaibig-ibig, kagiliw-giliw, mahusay, at hindi umaasa sa iba, bagama't ang sukatan ng uri ng pinag-aralan ay nakadepende sa kung paano tayo matuto. Kapag ating iniisip ang batang si Samuel, sa umpisa siya ay tiyak na mahusay na mag-aaral sa mata ng ating Dios. Sapagka't siya ay nanalig sa Dios, sabik siyang matuto at masunurin sa kaniyang "guro" na si Eli, bago ang mga hindi kanais-nais na mga hakbang sa edukasyon ay kailanganin. Mayroon itong positibong epekto sa kaniya at sa kaniyang paligid. Sinabi ng Biblia: *"Nguni't si Samuel ay nangasiwa sa harap ng Panginoon…At ang batang si Samuel ay lumalaki, at kinalulugdan ng Panginoon at ng mga tao din naman."* (1 Samuel 2:18,26) Sa kaibahan, ang sariling mga anak ni Eli ay hindi masunuring mga mag-aaral: *"Gayonma'y hindi nila dininig ang tinig ng kanilang ama. …"* (1 Samuel 2:25) At nangyari ay humantong sila sa masamang katapusan. Natamo nila ang galit na angkop sa kanilang paglapastangan sa makaparing ministeryo.

Isa pang **katangian ng Kaniyang pag-ibig ay ang Kaniyang galit**. Sa simula, para itong kakaiba, nguni't ating pakatandaan na ang galit ng Dios ay hindi maitutumbas sa galit ng tao. Ang ating pagkamaka-ako ang kalimitang may tungkulin sa galit ng mga tao. Sa kabilang panig, ang galit ng Dios ay kalimitan nakadirekta sa kasalanan o sa pag-uugaling makasalanan (Roma 1:18), sapagka't ang dinadala ng kasalanan ay kakila-kilabot.

Ang karagdagan pang **katangian ng pag-ibig ng Dios ay Kaniyang hinuhukuman ang bawa't tao ng matarong.** Siya lamang ang may kakayanan na gawin ito, sapagka't nalalaman Niya ang lahat sa bawa't isa. Alam na ni David na: *"Ang Dios ay matuwid na hukom."* (Awit 7:11) At: ***"Katuwiran at kahatulan ang saligan ng Kaniyang trono.***" (Mga Awit 97:2)

Ang bawa't isa ay may posibilidad na gawin ang anomang bagay na nais natin. Nguni't binigyan tayo ng babala ng Biblia: *"Matakot sa Dios, at sundin mo ang Kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao.* ***Sapagka't dadalhin ng Dios ang bawa't gawa sa kahatulan,*** *pati ng bawa't kubling bagay, maging ito'y mabuti o maging ito'y masama."* (Ecclesiastes 12:13,14) Dahil ang karaniwang mga tao sa ngayon ay hindi iniintindi ang babalang ito, ay napakaraming paghihirap sa mundong ito. Nalalaman ni Jesus na ganito ang patutunguhan ng mga bagay, kaya't Kaniyang inihula sa ating panahon: ***"At dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang pag-ibig ng marami ay lalamig."*** (Mateo 24:12) Sa panahon ng kahirapan, ang kaalaman na ang katarungan ng Dios ay magtatagumpay hanggang sa kahulihan, ang siyang magpapatibay sa atin.

Ika-6 Araw

Tulong sa Mabagyong Panahon Batas ng Dios – isang batas ng pag-ibig

Maraming mga tao ang nabubuhay ng walang Dios; kanilang tinuturing ang kanilang sarili na sukatan ng lahat ng mga bagay. Kung kaya't sa panahon ngayon ay maraming nawalang kagandahang asal. Ang mga pamantayan, na dati ay may kabuluhan, ngayon ay kinalimutan. At ang naging resulta ay parami ng parami ang mga tao ang nakakabitaw sa buhay at nagkakasakit sa pag-iisip o minsan ay winawakasan ang kanilang buhay, sapagka't ang lahat ng bagay ay lumilitaw na walang kabuluhan. Kailangan natin ng isang bagay na matatag at maaasahan sa ating buhay; kailangan natin ng pamantayan at mapagkakatiwalaang mga Tuntunin. Ang makata na si Matthias Claudius, ay nagwika ng ganito: "Kailangan natin ang isang bagay na matatag, na kung saan ay maaaring magpondo. Isang bagay na hindi umaasa sa kanila, sa halip ay isang bagay na kanilang maaasahan." (Matthias Claudius, Edition Steinkopf, 1982, p.10)

Kung hindi ang ating Manlalalang, sino ang nakakaalam ng pinakamahusay na patakaran para sa atin! Hindi lamang sinasabi ng Biblia na ang Dios ang natatanging nakakaalam, kung ano ang tama at mabuti para sa

atin (Awit 99:4), at Siya rin ang nagsabi na ang Kaniyang batas ay walang kapantay at mananatili sa walang hanggan: *"Lahat Niyang mga tuntunin ay tunay. Nangatatatag magpakailan-kailan man, mga yari sa katotohanan at katuwiran."* (Mga Awit 111:7, 8)

Lahat ng mananampalataya sa lahat ng panahon ay mayroong positibong relasyon sa batas ng Dios. Tignan natin si David bilang halimbawa; marami siyang nasabing mga kawili-wiling mga pahayag tungkol sa batas ng Dios: *"Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa."* (Mga Awit 19:7) *"Ang kautusan ng iyong bibig ay lalong mabuti sa akin kay sa libong ginto at pilak."* (Mga Awit 119:72) *"Kundi ang kautusan Mo'y naging aking kaaliwan, namatay nga sana ako sa aking kadalamhatian."* (Mga Awit 119:92) Sa kabilang banda, ang batas ng Dios ay pahayag ng Kaniyang pag-ibig, at sa kabilang panig, sang ayon kay Pablo: *"…ang pag-ibig nga ay ang siyang katuparan ng kautusan."* (Roma 13:10)

Ang bagong Kautusan: Magmahal kagaya ni Jesus

Ibinigay ni Jesus sa Kaniyang mga alagad – sa pamamagitan nila, na naniniwala – ang isang bagong utos. Kaniyang sinabi: *"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa't isa. Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa.*" (Juan 13:34,35)

Tinawag tayo ni Jesus, sa katunayan inatasan Nya tayo, na umibig **"kung paanong iniibig ko kayo**". Ibig sabihin kinakailangan natin magkaroon ng katulad na pag-ibig na mayroon si Jesus. Anong uri ng pag-ibig ang tinutukoy dito? Ito ay uri ng pag-ibig na pinatunayan ng Anak sa krus ng Siya ay namatay para sa atin. Ginawa ng Dios ang banal, walang pasubali, hindi makasarili at walang katapusang hindi nagbabagong pag-ibig na magagamit natin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nakay Kristo. Malinaw na sinabi ng Biblia: *"…ang pag-ibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo…"* (Roma 5:5 tignan din ang Efeso 3:16,17). Sa ibang salita: Kung tayo ay puno ng Espiritu Santo, kasabay nito ay ang kapunuan natin ng pag-ibig ng Dios.

Kaya't ang kahulugan ng magmahal na kagaya ni Jesus ay: umibig ng may banal na pag-ibig (agape). Si Ellen White ay may kaunting sinabi tungkol dito – narito ang tatlong maiikling sipi: "Pinakamataas na pag-ibig para sa Dios at hindi makasariling pag-ibig para sa isa't isa – ang pinakamahusay na pag-ibig na maaaring maikaloob ng ating makalangit na Ama. Ang pag-ibig na ito ay hindi simbuyo, datapuwa't banal na prinsipyo, isang permanenteng kapangyarihan. Ang pusong hindi nakalaan [bawa't isa na hindi napuspos ng Espiritu Santo] ay hindi kayang pagmulan o gumawa ng ganito. Masusumpungan lamang ito sa pusong pinamamahalaan ni Jesus." (Acts of

the Apostles, p.551.2) *"Kinakailangan mo araw araw ng bautismo ng pag-ibig na sa mga araw ng apostol ay tumulong upang sila ay magkaisa."* (Counsels for the Church, p.175.3) Ang araw araw na paghingi at pagtanggap ng Espiritu Santo ay naghahatid sa sabay sabay na bautismo ng pag-ibig – napupuno ng pag-ibig ng Dios. *"Sa pagpatong ng palamuting maamo at tahimik na espiritu, siyam napu't siyam sa isandaang kaguluhan na nagpapasama ng loob ay maaaring maiwasan."* (Testimonies for the Church, vol. 4, p.348.3)

Walang Halaga ang Lahat Kung Walang Pag-ibig!

Sa unang sulyap, ang pahayag na ito ay tila bagang ipinalabis. Nguni't kung malapitan nating titignan ang 1 Corinto 13:1-3, ay mabilisan natin mapagtanto na ang pahayag ay totoo. *"Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingaw-ngaw. At kung magkaroon ako ng kaloob na panghuhula, at maalaman ko lahat ng mga hiwaga, at ang lahat na mga kaalaman, at kung magkaroon ako ng buong pananampalataya, na ano pa't mapalipat ko ang mga bundok, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay wala akong kabuluhan. At kung ipagkaloob ko ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, datapuwa't wala akong pag-ibig, ay walang pakikinabangan sa akin."* Ano ang ating matututunan mula dito? Maliban na ang ating mga gawa ay pinamumunuan ng pag-ibig, ay saka lamang magiging kapaki-pakinabang sa mga mata ng Dios. Ang sumusunod na tula ay tumutukoy sa kaparehas na dako.

Kung Walang Pag-ibig, Ang Mga Bagay na Mahalaga ay Wala!

Tungkulin	kung walang pag-ibig	ay mayamutin,
Pananagutan	kung walang pag-ibig	ay walang pakundangan
Katarungan	kung walang pag-ibig	ay marahas,
Katotohanan	kung walang pag-ibig	ay mapamintas,
Pinag-aralan	kung walang pag-ibig	ay sutil,
Katalinuhan	kung walang pag-ibig	ay mapanlinlang
Pagkamagiliw	kung walang pag-ibig	ay dalawang mukha,
Kaayusan	kung walang pag-ibig	ay makitid ang isip,
Kadalubhasaan	kung walang pag-ibig	ay puno ng akala
Karangalan	kung walang pag-ibig	ay mapagmataas
Mga ari-arian	kung walang pag-ibig	ay kuripot
Pananampalataya	kung walang pag-ibig	ay panatiko
		('di kilala ang may akda)

Ating nakikita na kapag walang pag-ibig – ibig sabihin ay ang pag-ibig na banal – ang ating mga kilos at buhay ay nauuwi lamang sa mga resultang hindi kasiya-siya.

Mahalaga na ang **lahat ng ating ginagawa ay, nagagawa na dulot ng ating pag-ibig sa Dios at sa ating mga kapwa**. Maaari nating magawa ito, kung si Cristo ay namumuhay sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Mahalaga din na tayo ay lumago sa pag-ibig sa pamamagitan ng katangian ng Dios na pag-ibig.

Pag-ibig sa Pinakamalalim na Sukat

Ang pinakadakilang pangangailangan ng tao ay umibig at ibigin. Ang ugnayan sa pagitan ng Dios at isang mananampalataya ay inihambing sa mabuting pag-aasawa sa Biblia (Isaias 54:5; Efeso 5:32). Ano ang nagpapakilala ng mabuting pag-aasawa dito sa mundo? Ang magsawa ay sinisikap na maging maligaya ang isa't isa, hangga't maaari ay ginugugol nila ang panahon sa isa't isa, napag-uusapan nila ang mga bagay na sumasagi sa kanilang mga puso, inuulit nilang tiyakin sa isa't isa kung paano minahal ang bawa't isa at mayroong pagpapalitan ng pagsuyo.

Mayroong ugnayan na ang bawa't isa ay maaaring magkaroon – kahit na ang isa ay kasal o hindi – na mas higit pa ang lalim kaysa ugnayang mag-asawa sa pagitan ng lalaki at babae. Ito ay ang aking ugnayan sa aking Tagapagligtas at Dios: kay Jesu-Kristo! Maaari kong maranasan sa pamamagitan ni Jesus ang pinakadakilang posibilidad ng kasiguruhan, pagkamatulungin at pinakamalalim na pag-ibig. Siya ay lubos na mapagkakatiwalaan at walang pag-iimbot. Hindi kailanman ako binigo ni Jesus! Ang pag-ibig Niya ay hindi nagbabago! Mayroon Siyang panahon sa akin araw man o gabi. Hindi ko kinakailangan ang anomang tulong teknikal para makipag-usap sa Kaniya. Walang problema na napakalaki para sa Kaniya – Palagi Siyang may nakahandang kalutasan para sa akin. Sa pamamagitan ng Kaniyang Salita Kaniyang ipinapakita na ako ay Kaniyang minamahal! Kaniyang inilagak ang pinakamahusay na mga tagapag-ingat para sa aking personal na proteksyon; tinitignan ko ang araw sa hinaharap na aking makikita ang mga anghel na ito! At sapagka't mahal ako ni Jesus, nais Niya na sa nalalapit na panahon ay makakasama ko Siya magpakailanman! Binayaran Niya ng pinakamataas na bayad ang "pagpapalit ko ng tirahan" at naghanda na ng pambihirang mansyon para sa akin. Umiiyak Siya para sa akin sa tuwing nasasaktan ko ang aking sarili! At tinitignan Niya ang hinaharap na sa kahulihan ay Kaniya akong dadalahin sa Kaniyang bisig, sa isang araw na ako ay kasama Niya sa Bagong Jerusalem!

Sa iyong palagay, mayroon pa bang pag-ibig na hihigit dito? Para sa akin ay wala na!

Pag-ibig at Katapatan ay magkasama

Alam mo ba na kung minsan ang Dios ay naninibugho? Oo, tama ang iyong nabasa! Sa aklat ng Nahum 1:2 ay ganito ang sinabi: "Ang Panginoon ay mapanibughuin."

Ang katanungan ay ano ang mga bagay na nagpapanibugho sa Kaniya? Ang kasagutan ay nasa Ezekiel 16. Karapat-dapat na mabasa ang buong kapitulo upang malaman ang kahulugan. Aking ibinukod ang sipi 8 at 15: *"…Oo, Ako'y sumumpa sa iyo, at nakipagtipan sa iyo, sabi ng Panginoong Dios, at ikaw ay naging Akin, [Jerusalem=bayan ng Dios]…Nguni't ika'y tumiwala sa iyong kagandahan, at nagpatutot dahil sa iyong kabantugan, at ikinalat mo ng iyong pakikiapid sa bawa't nagdaraan, yao'y kaniya nga."*

Nakita natin dito kung ano ang nagpapanibugho sa ating Dios: ito ay kapag ang Kaniyang mga anak ay nakipagkasundo sa **ispiritwal na pakikiapid.** Nguni't kinakailangan nating maunawaan na ang **paninibugho ng Dios** ay kaiba sa paninibugho ng tao. Ito ay tulad din sa poot ng Dios. Ang dahilan ng Kaniyang paninibugho at ng Kaniyang poot ay lubos na marangal at ganap na **walang pagkamakasarili. Siya ay nag-aalala ukol sa ating proteksyon!** Nais ng Dios na tayo ay umunlad. Sa pamamagitan ng Kaniyang paninibugho, **nais Niyang protektahan tayo** sa pagsunod sa iba't ibang dios-diosan. Nalalaman Niya na tayo lamang ay masasaktan. Ang napapanahong dios-diosan ay maaaring, ang paboritong kong mang-aawit, aking kotse, aking matagumpay na buhay, aking libangan – anomang bagay na aking minahal na mas higit sa Dios.

Sa pamamagitan ng pagpapabatid sa atin na Siya ay naninibughong nagmamasid sa atin, nais Niyang ipakita na ang ugnayan sa atin ay mahalaga para sa Kaniya! Malulungkot Siya ng lubos kung tayo ay mawawala sa Kaniya.

Nais ng ating Dios na mapanatiling "dalisay ang ating ispiritwal na kasal sa Kaniya."

Ipagpalagay natin, na kapag ang isang lalaki ay sabihin sa kaniyang asawang babae matapos ang isang taong pag-aasawa: "Bagaman tayo ay kasal na, mula sa ngayon ay pupunta muna ako sa ibang dako dalawang araw sa loob ng isang linggo." Nauunawaan natin na tiyak na hindi tatanggapin ito ng kanyang asawa!

Hindi rin matatanggap ng ating Dios kapag hindi natin tinupad ang "pangako sa ating kasal". Siya ay tapat sa atin at umaasa Siya ng gayundin mula sa atin. (Panata sa bautismo) Kinasasabikan Niya ang walang kahating pag-ibig. Kaya't malinaw ang mensahe mula sa Biblia: **Maging ganap sa Kaniya,** o hayaan mo na!

Ang pag-ibig ng Dios ay isang pagpapala para sa lahat ng tao

Mayroong pangkalahatang pagpapala para sa bawa't isa. Lahat ay tumatanggap ng pagpapala ayon sa kanilang ugali. Kapag ang isang tao ay nagtrabaho ng masigasig, siya ay hindi magugutom. Kapag ang isang tao ay nangunguna ng tapat na pamumuhay, siya'y masisiyahan sa tiwala ng maraming mga tao. Kapag ang isang tao ay matulungin, siya ay pasasalamatan. Ang mga natural na pagpapala na ito ay para sa lahat ng mga tao, sila man ay mananampalataya o hindi mananampalataya.

Alam natin mula sa karanasan – at ang Biblia ay nagpapatotoo tungkol dito – na pinasisikat ng Dios ang araw sa mabuti at masamang tao, at pinahihintulutan Niya ang ulan sa mga tapat at sa mga hindi tapat, at pinalalago Niya ang mga tanim para sa lahat, na sa kasamaang palad ay hindi naipamimigay ng patas. Sa karagdagan, sinusundan ng Espiritu Santo ang bawa't nilalang upang himukin na kanilang isuko ang kanilang buhay kay Jesus. Nais ng Dios na iligtas kung posible ay ang maraming mga tao!

Maliban sa pangkalahatan at natural na pagpapala para sa mga tao, mayroon ding **natatangi at higit sa karaniwang mga pagpapala**, na Dios lamang ang makakapagbigay sa **"Kaniyang mga anak"**. Sila ang mga nagsuko ng buhay nila kay Jesus at inilagak ang kanilang buhay araw araw sa Kaniya!

Ang bawat tayo ay nagpapasya para sa kanilang mga sarili, kung sila'y tatanggap lamang ng pangkalahatan na pagpapala ng Dios o ng pangkalahatan **AT** natatangi , at di pangkaraniwang pagpapala mula sa Dios. Ang pag-ibig ay palaging nakadikit sa tao. Walang pag-ibig na walang kaugnayan. Anong uri ng ugnayan ang nauukol dito? Inihambing ng Biblia ang ating ugnayan sa Dios sa pamamagitan ng ating kasal kay Jesus. Siya ang kaibig-ibig at tapat na asawa. Kaya't ang buhay na sa kapunuan ng Dios (Efeso 3:19) ay nakadepende sa pagkakatiwala ng ating buhay kay Jesus. Kung hindi ko ipagkakatiwala ang aking sarili sa Kaniya o di kaya'y hindi mananatili sa ugnayang ito, aking itinatanggi ng samasama ang Kaniyang pagsinta at pag-ibig at ang natatangi at di pangkaraniwang pagpapala.

Ating mababasa sa Biblia kung anu-ano ang mga natatanging basbas na ito:

- Ang Banal na Espiritu, ang koronasyong handog ni Kristo, na dinadala ang iba pang pagpapala kasama nito.
- Bagong buhay na si Kristo ay nasa ating puso.
- Natamong kapatawaran sa lahat ng ating kasalanan.
- Nararanasan at lumalago sa bunga ng Espiritu Santo: pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil – Galacia 5:22 – ang ating ugali ay nababago at lumalago.
- Pamamatnubay ng Dios.

- Tatanggap ng natatanging lakas sa pisikal at sa kaisipan.
- Katiyakan ng kaligtasan.
- Isang anghel na sasama at tutulong sa atin.
- Tatanggap ng buhay na walang hanggan.

Ang mananampalataya ay **pinagpalang** higit ng pangkalahatan at ng natatangi, at ng higit sa karaniwan na bendisyon: *"upang kayo'y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios."* (Efeso 3:19); *"Sapagka't sa Kaniya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Dios sa kahayagan ayon sa laman; at sa Kaniya'y napuspus na siyang pangulo ng lahat na pamunuan at kapangyarihan."* (Colosas 2:9, 10) Hangga't hindi natin nararanasan ang mga natatanging bendisyon na ito, ay hindi pa natutupad ang buhay na nais ng Dios sa atin. Ito ang buhay, na lalo nating nakikilala at napapahalagahan ang aspeto ng pag-ibig ng Dios.

Nais kong wakasan ang pag-aaral na ito ng pag-ibig ng Dios ng may isang panalangin na mula kay Pablo mula sa Efeso 3:16-19:

Panalangin: Upang sa inyo'y ipagkaloob Niya, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa pagkataong loob, na si Cristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, upang kung kayo'y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig, ay lumakas upang matalastas pati ng lahat ng mga banal kung ano ang luwang at ang haba at ang taas at lalim, At makilala ang pag-ibig ng Cristo na di masayod ng kaalaman, upang kayo'y mangapuspos hanggang sa kapuspusan ng Dios. AMEN."

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. Bakit tayo nakatitiyak na ang Dios ay tunay ngang pag-ibig?

---

2. Bakit napakahalaga na malaman ang ugali ng ating Dios? Anu-ano ang mga posibleng kahihinatnan na magkaroon ng maling pagkaunawa tungkol sa Dios?

---

3. Ano ang pinagkaiba ng pangkalahatan na pagpapala at ng natatangi at higit sa pangkaraniwan na pagpapala mula sa Dios?

---

4. Paano ko mauunawaan ang "luwang at haba at taas at lalim ng pag-ibig ng Dios"? (Efeso 3:17)

Oras ng Ating Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kasama at talakayin ang paksa sa kanila.
- Manalangin ka at ang iyong kasama…

1. ...para sa pusong maunawaan at maramdaman ang ugali ng Dios.
2. …para sa malinis at masunuring puso.
3. …para sa banal na pag-ibig, na nagbabago sa atin sang-ayon sa Kaniyang larawan.
4. …para sa natatangi at hindi pangkaraniwang pagpapala ng Dios.

KABANATA 2

Ika-7 Araw

MAPANLIKHANG PARAAN NG DIOS

Naglilingkod, tumutulong, pagbibigay, pagpapala!
Bakit at para saan?
Pagkukusa - isang takdang isipan na ayon
sa puso ng Dios

Sino ang aking susundin? Ang diwa ng panahon o salita ng Dios

Mula sa anong pananaw natin tinitingnan ang paksang "paglilingkod" - mula sa sanlibutan o mula sa kalangitan? Ang "likas" ng tao ay nais na paglingkuran sya ng iba, na hindi nais na siya mismo ay maglingkod. Ito ay katulad ng isang "karnal" na Kristyano. Ang mga pariseo at mga eskriba sa panahon ni Jesus ay may parehong kaisipan (tingnan ang Mateo 23:4-7). Ngunit si Jesus ay tinawagan tayo sa isang kakaibang bagay: *"Datapuwa't ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo."* (Mateo 23:11) Karamihan ng tao ay iniisip na ang ganitong uri ng pag-uugali ay dehado. Ngunit eksaktong ang kabaliktaran ay totoo!

Pagtulong ay nakatutulong

Ang maliliit na mga bata ay nais na "tumulong" sa kanilang mga magulang. Bakit mabuti ito kapag masayang tinanggap ng mga magulang, kahit na sa umpisa ang "tulong" ay nagdudulot ng karagdagang gawain. Sa totoo lang, ang bata ay lumalago sa praktikal at mental na kakayanan sa pamamagitan ng kaniyang "pagtulong" o di kaya ay sa "paglilingkod". Siya ay nasasayahan sa mga bagay na kaniyang magagawa, kahit na ang resulta sa una ay kakaiba. Sa malimit na "pagtulong" ng bata, mas nagiging mabuti ang resulta. At darating ang panahon na ang bata ay magiging tunay na tulong sa kaniyang mga magulang. Ang bata ay umunlad sa kaniyang kakayahan. At kapag ang

bata ay pinayagan na tumulong sa maraming paraan, kung gayon, siya ay lalago na taong may kakayanan.

Ano ang mangyayari kung hindi papahintulutan ng magulang na "tumulong" ang kaniyang anak? Ang bata ay mabibigo at lalong mahihirapan ang bata na matuto na kayanin ang buhay.

Mga kamanggagawa ni Jesus – bakit at para saan?

Si Jesus na ating dakilang halimbawa, ay naparito dito sa lupa: *"…upang maglingkod, at ibigay ang Kaniyang buhay na pangtubos sa marami."* (Mateo 28:20)

Bakit itinatag ni Jesus ang paghuhugas ng paa bago ang Kaniyang bautismo ng paghihirap? Sa pagkakataong ito, ay hindi pa nauunawaan ng mga disipulo na kailangan nilang tularan ang buhay ni Jesus – ang buhay ng serbisyong walang pag-iimbot. *"Sa huling hapunan ng paskua, inulit ni Jesus ang paglalarawan upang matanim sa kanilang puso at isipan."* (*Desire of Ages*, p.642.2)

Posible kaya na maging tayo din ay hindi pa tunay na nakakaunawa ng tunay na kahulugan ng paghuhugas ng paa?

Inaanyayahan tayo ng salmista: *"Mangaglingkod kayo na may kasayahan sa Panginoon, magsilapit kayo sa Kaniyang harapan na may awitan."* (Mga Awit 100:2). Sa unang tingin, ating iniisip na ang paglilingkod at kagalakan ay hindi magkatugma, tama ba? Pag-isipan muli kung paano ang mga bata ay "nais tumulong". Nararanasan ng bata ang kaligayahan, kapag siya ay "nakakatulong" o "nakakapaglingkod".

Alam ng Dios na ang paglilingkod ay mabuti para sa atin. Si E.G.White ay nagkomento tungkol dito: **"Ang kaalamang makalangit ay hinirang, sa plano ng kaligtasan, ang batas ng kilos at reaksyon, ginagawa ang trabaho ng kaampunan, sa lahat ng sanga nito, ng dobleng pagpapala. Siya na nagbibigay sa mga nangangailangan ay pinagpapala ang ibang tao, at siya rin mismo ay pinagpapala ng mas higit na antas**. Maaaring abutin ng Dios ang mga makasalanan kahit wala ang tulong ng mga tao; nguni't Kaniyang nalalaman **na ang mga tao ay hindi magiging maligaya kung walang** bahagi sa malawak na gawain na kung saan ay maaari niyang bungkalin ang **pagtanggi sa sarili** at kawanggawa. **Upang hindi mawala ng tao ang mapalad na resulta ng kawanggawa, ay binuo ng ating Tagapagligtas ang plano na isama siya sa listahan ng Kanyang manggagawa.** (*Testimony Treasures*, vol. 1, p.360)

Ano ang mga kahanga-hangang kaisipan ang nilalaman ng sipi na ito? Tignan natin ito ng malapitan:

- Ang gumagawa ng mabuti sa anomang paraan ay tumatanggap ng dobleng pagpapala: Ang nagbigay at ang tumanggap ay parehas na pinagpala.

- Sa proseso, ang nagbigay ay nakatanggap ng mas malaking pagpapala kaysa sa tumatanggap. Kaniyang naranasan: na ang pagtanggi sa sarili at pagpapakita ng tapat na kalooban sa ibang tao ay nagpapapino ng ugali at nagpapaligaya sa atin.
- Karagdagan pa, sa ganitong paraan ay nagkakaroon ng maraming koneksyon sa tao, na magdudulot sa maraming pagkakataon ng tunay na pagkakaibigan.
- Ang kahulugan ng pagiging tunay na kamanggawa ng Dios ay naghahatid ng mga tao patungo kay Jesus. At ito ay nagpapalakas ng ating pananampalataya at nag-iiwan ng malalim na kaligayahan sa atin.

Isang karanasan mula sa Bolivia:

Dobleng pagpapala sa pagbabahagi – Mga hindi mapaniwalaan na pagpapala ang aking tinanggap sa pagbabasa ng aklat na (Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay)! Sa panahon ng aming pananalangin tuwing umaga, aking ibinabahagi ito sa aming mga mag-aaral sa paaralan. Sa paghahanda at sa pagbabahagi, ako ay dobleng nabasbasan. Sa kaharian ng Dios, ay palaging ganito ang nangyayari: ang nagbibigay ay palaging tumatanggap ng mas higit kaysa sa nakatanggap. (D.K. Bolivia/South America #9/132)

Paglilingkod, pagbibigay, pagtulong!

Sapagka't ang likas ng mga tao ay hindi maglingkod, gayon din ang mga mahalay ng Kristyano, karaniwan ang malaking bahagi ng miyembro ng iglesya ay kinakailangang maging handa sa paglilingkod. Ang mapuspos ng Banal na Espiritu ay mahalaga para sa pagbabago, sapagka't Siya ay nagdadala ng naiibang ugali. Malinaw ang sinabi ng Biblia tungkol sa gawa na ito: "At pinagkalooban Nya ang mga iba na maging mga apostol, at ang mga iba'y mga propeta, at ang mga iba'y evangelista, at ang mga iba'y pastor at mga guro, sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Kristo." (Efeso 4:11,12)

Ang mga pinuno ay may tungkulin upang turuan ang mga tao sa paghahanda sa paglilingkod (Si Kristo ay namumuhay sa inyong puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu) at tungkol sa kahulugan ng paglilingkod (para sa ating sarili at para sa iba). Ipinapalagay nito na mayroon siyang buhay kasama ang Espiritu Santo, gayundin sa pagiging halimbawa at may kakayanan na magbigay ng praktikal na pagtuturo sa tiyak na lugar. Sa gayon ay pinagpapala ng Dios ang pamunuan at ang kabuuan ng iglesya ay pinagpapala sa pamamagitan nila. At ang iglesya ay mabubuo sa paglilingkod ng mga kaanib sa loob at labas ng iglesya. Maliban sa talata sa Mateo 20:28 na nabanggit ng una, mayroon din na maaayos na ibang talata, na nagpapakita sa atin na ang paglilingkod, pamimigay, at pagtulong ay mga pinagpalang gawain:

***"Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan**; takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw, ay ibibigay nila sa iyong kandungan. Sapagka't sa panukat na inyong sukat ay doon kayo muling susukatin."* (Lukas 6:38)

***"May nagsasabog, at tumutubo pa**, at may humahawak naman ng higit kay sa karampatan, nguni't nauuwi lamang sa pangangailangan. Ang kaluluwang mapagbigay ay tataba: at siyang dumidilig ay madidilig din."* (Kawikaan 11:24-25)

*"Ang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at **ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kanya uli."*** (Kawikaan 19:17)

*"Datapuwa't sinasabi ko, ang naghahasik ng bahagya na ay mag-aani namang bahagya na; at **ang naghahasik na sagana ay mag-aani namang sagana.** Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso; huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay ng masaya."* (2 Corinto 9:6-8) Mainam na basahin ang talata mula bersikulo 6 hanggang 15.

Ito ay karagdagang sipi mula kay E.G.White sa topiko ng paglilingkod:

*"Ang mga tumatanggi **sa pribilehiyo ng paglilingkod na kasama si Kristo**, ay tumatanggi sa nag-iisang pagsasanay na naghahandog ng pag-aangkop sa pagbabahagi kasama si Jesus sa kalwalhatian."* (Education, p.264.3)

"Ang katotohanan na hindi ipinamumuhay, at hindi naibabahagi, ay mawawalan ng kapangyarihang magbigay ng buhay at kagalingan. Ang pagpapala nito ay maaari lamang manatili kung ito ay maibabahagi." (The Ministry of Healing, p.148.4)

Ang Pagtigil ay Paurong na Paghakbang

Bakit maraming kaanib ng iglesya ang may karanasan na hindi paglago sa ispiritwal? **Bakit** ang **pananampalataya** ng karamihan ay **nababawasan** samantalang lumilipas ang panahon? **Bakit** marami ang hindi na nasisiyahan na basahin ang salita ng Dios? At **bakit** marami na ang **nawalan ng apoy ng unang pag-ibig?** Ako ay mayroon lamang isang kasagutan: Sapagka't sila ay namumuhay ng mahalay na Kristyano. **Sapagka't kanilang nakaligtaan ang relasyon nila kay Jesus,** kung kaya't lumitaw ang mga negatibong resulta na nabanggit sa mga naunang pahayag! Ang masinsinang pag-ibig na may ugnayan kay Jesus ang nag-iingat sa atin mula sa yabang at inuudyukan tayo na maglingkod para sa iba. At tayo ay pinagpapala bilang resulta!

Una sa lahat, ito ay hindi nangangahulugan na tayo ay aktibo sa loob ng simbahan, sa halip, **ang ating mga kilos ay pinangungunahan ng Espiritu**. Upang ito ay maganap, kinakailangan na si Jesus ay mamuhay sa ating kalooban sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Sa kasawiang palad, ay marami pang mga Kristyano ang tunay na hindi pa nakakaunawa nito; iniisip nila na kinakailangan na sila ay maging aktibo muna sa simbahan upang sila ay matanggap ng Dios bilang Kaniyang mga anak. Nguni't ito ay kabaligtaran: **Ang tunay na anak ng Dios dahil sa pag-ibig at pasasalamat sa Kaniya ay masaya na gagawa ng mga bagay.** Gayundin, siya ay mauudyukan kapag ang buhay ay may Banal na Espiritu. Ang Dios ay may gawain o di kaya ay maraming gawain sa bawa't tao. Kapag ating hiniling sa Kaniya na tayo ay gamitin sa Kaniyang gawain, sa gayon ay ipapakita Niya ang ating tungkulin.

Mahalaga na suriin ng bawa't isa sa atin ang ating sarili: Ako ba ay ipinanganak na Kristyano, ako ba ay na kay "Jesu-Kristo"? Kung oo, gayon ay ating malalaman na si Jesu-Cristo na Siyang ating pinagsusukuan ng ating buhay tuwing umaga, ay namumuhay sa atin at maaaring magtrabaho sa pamamagitan natin.

Nguni't kung ang ating kasagutan sa ibabaw ay hindi, sa gayon ay kinakailangan na agad tayong lumapit kay Jesus at hilingin sa Kaniya na Siya ay pumasok sa ating buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu! Gumugol ng sapat na panahon araw araw para sa ating relasyon kay Jesus at sa Espiritu Santo! Sa gayon ay ating matatanggap ang tamang pag-iisip at pag-uugali, na ating kinakailangan upang manatili ang ating unang pag-ibig o di kaya'y muli itong mapasaatin, upang maging masaya sa pagbabasa ng salita ng Dios at lumago sa ating ispiritwal na buhay.

"Ang mabuhay para sa sarili ay para sa ikasasawi. Ang pag-iimbot, ang pagnanasa para sa benepisyo ng sarili, ay siyang pumuputol sa atin upang tayo ay mabuhay. Ang espiritu ni Satanas ang kumukuha at lumalapit sa sarili. At ang magbigay, at magsakripisyo ng sarili para sa kabutihan ng iba ay espiritu ni Cristo…Kung kaya't Kaniyang (Jesus) sinabi, 'Mag-ingat at ilagan ang pag-iimbot; sapagka't ang buhay ng tao ay nakabatay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na ating tinataglay.'" (E.G.White Christ Object Lessons, p. 259. 1-2)

Ang Batas ng Paglilingkod – isang mahalagang bagay

Malimit ay hindi natin nauunawaan na ang pahayag sa ibabaw ay tunay na totoo. Nagpahayag si E.G.White:

"Lahat ng bagay sa langit at sa lupa ay nagpapahayag na ang dakilang batas ng buhay ay batas ng paglilingkod. Ang walang hanggan nating Ama ay naglilingkod sa buhay ng lahat ng nabubuhay. Si Kristo ay naparito sa mundo "bilang Siya na naglilingkod." (Lukas 22:27) Ang mga anghel ay *"espiritung tagapaglingkod na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan."* (Hebreo 1:14). **Ang batas ng paglilingkod**

ay nakasulat sa lahat ng bagay sa kalikasan… Habang ang bawa't kalikasan ay naglilingkod sa buhay sa mundo, ay natatamo nya din ang para sa kaniyang sarili. *"Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan*" (Lukas 6:38), *ay isang liksyon na nakasulat sa kalikasan na higit pa sa Banal na Kasulatan."* (E.G.White, Education, p.103.2-3, egwwritings.org)

Pagkatapos ng paliwanag na ito, ay nais kong magbigay ng halimbawa mula sa pang-araw-araw na buhay, na naglalarawan ng **batas ng paglilingkod:**

Isang manggagawang karpintero ang gumagawa ng mga kasangkapan sa bahay. Tumatanggap siya ng buwanang sahod mula sa kaniyang kompanya sapagkat siya ay nagtatrabaho. Ang manggagawa ay "naglilingkod" sa kompanya, gayundin siya ay **"nagagantimpalaan."** Mayroong pagbigay at pagkuha sa magkabilang panig, sapagka't: Tunay na ang kompanya ay nagbibigay ng salapi sa manggagawa, sa ibang salita sila ay "**naglilingkod"** sa kanya, at sa kabilang panig, sila din ay tumatanggap ng **"gantimpala"** sa paraan ng mga kasangkapan sa bahay.

Sa kahulihan, ang manggagawa ay hindi lamang nagagantimpalaan ng salapi, sa halip siya din ay nakakaranas ng kaluguran at kagalakan sa trabahong maayos na nagawa. At ang tapat na manggagawa ay palaging nagsisikap na gawin ang pinakamahusay na gawain kung posible. (Ang talata sa Colosas 3:17 ay tumutukoy lalo na sa **manggagawang Kristyano na may ispiritwal na kaisipan**: *"At anomang inyong ginagawa sa salita, o sa gawa,* ***gawin*** *ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Dios sa pamamagitan Niya."* At sa paglipas ng panahon, ang kaalaman ng manggagawa tungkol sa kasangkapan sa bahay ay patuloy na lalago at ang kaniyang abilidad ay patuloy din na mapapabuti.

Ang namamahala sa kompanya ay makakaranas din ng kasiyahan at galak at magkakaroon ng kita kapag ang kasangkapan sa bahay ay naitinda. At sa paglipas ng panahon, madadagdagan ang kanilang kaalaman sa paggawa ng kasangkapan sa bahay at mapapahusay ang paraan ng pagtitinda.

Paglilingkod – Kagalakan o Pabigat?

Karamihan sa mga tao ay naidudugtong nila ang salitang paglilingkod sa salitang pabigat kaysa kagalakan. Bakit ganoon? Kapansin-pansin na kanila itong naiuugnay sa kanilang naranasan sa paglilingkod.

Mayroon ditong kawili-wiling obserbasyon.

"Ang ***paglilingkod*** *kay Cristo ay* ***hindi nakayayamot*** *na trabaho para sa isang* ***kaluluwang nakatalaga ng lubusan****… Kalugod-lugod na gawain ang maging masunurin sa kalooban ng Dios* ***kapag ipinagkaloob natin ang ating sarili ng buo sa pangunguna ng Kaniyang Espiritu.****"* (E.G.White, TestimonyTreasures, vol.1, p.357.2,3)

Kaya nakadepende sa ugnayan natin kay Kristo, ang pagsuri sa paglilingkod. At sa muli, ang ating ugali ay nakadepende kung tayo ay napuspos ng Banal na Espiritu. (Roma 8:5) Sa pamamagitan lamang ng patuloy na pagtanggap natin ng Banal na Espiritu ay makakatahan sa ating mga puso si Jesus. Sinabi mismo ni Jesus: *"Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo."* (Juan 15:4) At kung Siya ay manatili sa atin, sa gayon ay maaari tayong maglingkod ng walang pagsisikap at maaari pa tayong bigyan nito ng kagalakan!

Kaya't mahalaga na araw-araw ay tahakin natin ang dalawang mahahalagang hakbang:

- tuwing umaga ay hingiin ng may pananampalataya (kung maaari ay samahan ng pangako) na punuin tayo ng Dios ng Banal na Espiritu, at
- sabihin mo kay Jesus na iyong inilalagay ang iyong buhay sa Kaniyang pagsasaayos. (The Desire of Ages, p.676)

Kapag tayo ay ginamit ni Jesus sa paglilingkod, kapag tayo ay Kaniyang pinangunahan, sa gayon ay ipagkakaloob Niya ang gawain na Kaniyang inihanda para sa atin. Nguni't hindi lamang ang gawain, kasabay nito ay ang abilidad na ating kakailanganin!

(Inirerekomenda ang pagbasa sa: Steps to Christ, kabanata 9).

Paglilingkod – sa Ilalim ng Pamatok ni Jesus

Sinabi ni Jesus: *"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa."* (Mateo 11:29)

Una, ay ating linawin ang salitang "pamatok". Ano ba ito? Ang pamatok ay nagdudugtong ng dalawang baka upang sila ay makapaglingkod ng sabay sa harapan ng kariton o ng araro. Nais tayong himukin ni Jesus sa larawan na nagtatrabaho na kasama Siya. Tayo ay nakasingkaw kasama si Jesus. Nais Niyang maki-ugnay sa atin, sa magkasamang paglilingkod. Malaking pribilehiyo ito! Inaanyayahan Niya tayo na matuto sa Kaniya, sapagka't Siya ang Panginoon. Sa talatang 30 ay mayroong nakakahikayat na mga salita: *"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan."* Sinasabi ng talata na hindi magpapahintulot si Jesus na tayo ay matabunan, kung ating "kukunin ang pamatok" na kasama Siya. At sa proseso ay dinadala Nya ang responsibilidad, dinadala Niya ang pinakamahirap na bahagi. At dahil dito, maaari Niyang masabi na ang pasan na ating dadalahin ay magaan.

Paglilingkod at Pagsaksi

Ipinaliwanag ni Morris Venden ang pagkakaiba ng paglilingkod at pagsaksi:

“Ang salitang **paglilingkod** ay naglalarawan ng ating **ugal**i, samantalang ang salitang **pagsaksi** ay may kinalaman sa kung **ano tayo** at **ano ang ating sinasabi**. Ang layunin ng ating paglilingkod sa ibang tao ay upang tulungan sila sa kanilang buhay, upang sila ay maging bukas sa pagtanggap ng mabuting balita ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng ating paglilingkod, maaari tayong maging epektibong saksi ng pag-ibig ni Jesus dahil sa ating ugali at likas, at ibahagi ang kahanga-hangang kaibigan at Tagapagligtas na ating natagpuan kay Jesus.”

(Why Didn’t They Tell Me? Sharing Jesus Isn’t Something We Do. It’s Who we Are. PPPA 2005)

Natatanging Paglilingkod: Pagsaksi

Sa Marcos 5:1-20 ay may nakawiwiling kuwento. Si Jesus ay nagpagaling ng isang tao na nasasaniban ng demonyo. Matapos na siya ay mapalaya, nais ng tao na siya ay manatili kay Jesus at sa kaniyang mga alagad. Nguni’t hindi siya pinahintulutan ni Jesus at binigyan siya ng naiibang tungkulin: *“…umuwi ka sa iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinaawaan ka niya.”* (talatang 19) Ano ang ginawa ng taong napagaling? *“At siya’y yumaon ng kaniyang lakad at nagpasimulang ihayag sa Decapolis kung paanong kadakilang mga bagay ang sa kaniya’y ginawa ni Jesus: at nangagtaka ang lahat ng mga tao.”* (talatang 20)

Nagkomento si E.G.White (ayon sa Mateo 8:28-34 mayroong dalawang lalaki):

“…sila’y tumungo sa buong Decapolis, sa lahat ng dako ay kanilang ipinapahayag ang Kaniyang kapangyarihan na magligtas, at inilalarawan kung paano sila pinalaya mula sa mga demonyo. ***Sa paggawa ng gawaing ito ay maaari silang tumanggap ng lalong malaking pagpapala kaysa sa pakinabang na kanilang tatanggapin kung sila ay nanatili sa Kaniyang presensya****. Ito ay nasa pagtatrabaho natin naipalaganap ang mabuting balita ng kaligtasan na tayo ay madala papalapit sa Tagapagligtas.”* (The Desire of Ages, p.339.4)

Ginampanan ng dalawang napagaling na lalaki ang kanilang tungkulin ng may kagalakan. Bakit hindi ito naging pabigat sa kanila? Sapagkat ang kanilang puso ay puno ng pag-ibig at pasasalamat kay Jesus. Kagaya ng kasabihan: *“Sinasabi ng bibig kung ano ang pumupuno sa puso.”* Hindi lamang nila sinabi sa kanilang pamilya kung ano ang ginawa ni Jesus sa kanila, maging ang buong nakapaligid ay kanila ring nasabihan. Bakit? Maari nating bigyan ng kasagutan mula sa magandang aklat na may pamagat na Steps to Christ: *“… ang nagliligtas at nagpapabanal na katotohanan ay hindi maitago sa kaniyang puso. Hindi natin mapipigilan ang ating kapayapaan kapag tayo ay nadadamitan ng katuwiran ni Cristo at puno ng galak sa pagtira ng Espiritu.*

Kung ating natikman at nakita ang kabutihan ng Dios, mayroon tayong palaging masasabi." (E.G.White, Steps to Christ, p.78.2)

Oo, itong mga taong napagaling ay maraming pwedeng masabi! Sila ay puno ng galak na lagpas sa kanilang paglaya. At **kung maaari ay nais nilang ibahagi ang kanilang galak sa maraming tao**. Kung kaya't sila ay nakaranas ng karagdagang pagpapala: *"…sapagka't ang galak na ating ibinigay, ay bumabalik sa ating mga puso."* (Kasabihan mula sa Germany)

Kamanggagawa ng Dios – Kamanggagawa ng mga Anghel

Ang mga anghel ay kasama din sa paglilingkod na ito:

"Ang lahat ng nakikibahagi sa paglilingkod ay katuwang na kamay ng Dios. **Sila ay kasamang manggagawa ng mga anghel**; lalo pa, sila ay mga sangay na maaaring ganapin ng mga anghel ang kanilang mga misyon. Ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kanilang mga tinig, at gumagawa sa pamamagitan ng kanilang mga kamay. At ang mga taong manggagawa, na nakikipagtulungan sa mga ahensya ng langit, ay nakikinabang sa kanilang edukasyon at karanasan. Anong *"kurso sa unibersidad" ang maaaring pumantay dito bilang paraan ng kanilang edukasyon?"* (E.G.White, Education, p.271.1

Maaaring sinasanay ng nanay ang kaniyang mga anak sa ngalan ni Jesus o di kaya ang iba ay nangangaral, ang mahalaga ay gumagawa sa atin si Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

ANG PAGLILINGKOD AY ISANG NAPAKAHALAGANG BAHAGI NG ATING PAGHAHANDA PARA SA IKALAWANG PAGBABALIK

Iniwanan tayo ni Jesus ng mahahalagang impormasyon sa Mateo 24 at 25 tungkol sa kaniyang ikalawang pagbabalik. Una, kaniyang binanggit ang tungkol sa mga palatandaan at pamamaraan ng Kaniyang pagbalik. Kahit na ibinigay sa atin ni Jesus ang mga palatandaan ng Kaniyang pagbalik, ito ay darating pa din sa hindi natin inaasahan, kagaya ng magnanakaw sa gabi. (Mateo 24:43, 44). Sapagka't ganito ang pangyayari, nagwika si Jesus: *"Mangagpuyat nga kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto ang inyong Panginoon."* (Mateo 24:42) At kasunod ay inilarawan ni Jesus kung ano ang kahulugan ng maging mapagbantay at maging handa sa pamamagitan ng iba't ibang talinghaga. Ating tignan ang mga talinghaga.

Dalawang Posibleng Aralin ng Asal Para sa isang Tagapamahala (Mateo 24:45-51):

Ating ipalagay na ang tagapamahala ay nakatanggap ng tungkulin na alagaan ang ibang mga empleyado sa panahon na wala ang kaniyang amo. Kapag bumalik ang amo at **nasumpungan na ginampanan ng tagapamahala ang kaniyang tungkulin ng may kasigasigan**, kung gayon ay bibigyan niya ang maaasahang tao na ito ng mas lalong malaking tungkulin.

Nguni't kung ang tagapamahala ay hindi maaasahan at kaniyang iniisip na siya ay marami pang panahon bago dumating ang kaniyang amo at mag-aasikaso ng maraming pista at panahon sa pag-inom ng alak kaysa sa pagtrabaho, kung gayon ang pagbalik ng kaniyang amo ay magiging surpresa para sa kanya. Ang tagapamahala na ito ay tatanggap ng parusa.

Dito ay inilalarawan ni Jesus na mahalaga na gampanan ang gawain na ibinigay ng Dios sa atin. Sa ganitong paraan, ating inihahanda ang ating sarili sa Kaniyang pagbabalik.

Dalawang Grupo ng mga Abay na Babae (Mateo 25:1-13):

Sampung mga abay na babae ang nag-aantay sa lalaking ikakasal. Mayroon silang lampara na may langis, sapagka't nagiging madilim. Ang lima sa kanila ay **matalino** at may **karagdagang langis** para sa kanilang ilawan. Ang ibang lima ay **mangmang**, at **hindi sila nagdala ng karagdagang panustos ng langis**. Ang pagdating ng lalaking ikakasal ay naantala ng mahabang panahon kaysa sa kanilang inaasahan. Lahat sila ay napagod at nakatulog. At ng biglang dumating ang lalaking ikakasal ng hatinggabi, ang limang mangmang na mga dalaga ay walang sapat na langis upang pailawin ang lampara. Ang mga matatalinong abay na babae ay nakasama ng ikakasal na lalaki sa bulwagan ng pagdiriwang, samantalang ang iba ay nagsusubok na magtamo ng ilang langis. Di nagtagal, nang sila ay kumatok sa nakasarang pinto, sila ay hindi na pinahintulutang makapasok.

Dito ay inilalarawan ni Jesus na kailangan nating mapuno nang sapat ng Banal na Espiritu upang tayo ay tunay na maging handa sa Kaniyang pagbalik. Ang mga "hindi nagdala ng dagdag na panustos" ay napahamak.

Pangasiwaan ang Ipinagkatiwalang Salapi (Mateo 25:14-30)

Isang negosyante ang nagnanais na maglakbay kaya't tinawag niya ang kaniyang empleyado upang pagkatiwalaan ng kaniyang mga ari-arian. Habang siya ay wala, ang bawa't isa ay nararapat na pangasiwaan ang kanilang salapi ng maayos. Ang dalawang empleyado ay nagtrabaho ng masigasig sa kanilang salapi, nguni't ang isa ay wala talagang ginawa sa salapi. Nang

makabalik ang negosyante, kaniyang nagantimpalaan ang dalawang lalaki, nguni't naparusahan ang tamad na isa.

Inilalarawan ni Jesus na sa tamang saloobin patungo sa Dios ay kinakailangan na gamitin ang mga ispiritwal na mga kaloob gayundin ang ating likas na kakayahan sa paglilingkod sa Kaniya. Kung sinoman ang gagawa nito ay hindi mapapahamak!

Isang sipi mula kay E.G.White ang may kaugnayan dito: *"Ang mga talentong ipinagkatiwala ni Cristo sa Kaniyang iglesya ay kumakatawan lalo na sa mga kaloob at pagpapala na ipinagkaloob ng Banal na Espiritu. …Kabilang na dito ang lahat ng mga kaloob at katangian, na maaaring orihinal o natamo, natural o ispiritwal. Ang lahat ay maaaring magamit sa paglilingkod kay Cristo."* (*Christ Object Lessons*, p.327.1 328.2)

Ang Huling Paghuhukom (Mateo 25:31-46):

Sa muling pagbabalik ni Jesus, Kaniyang hahatiin ang mga tao sa dalawang grupo, kagaya ng pagbukod sa mga tupa at kambing. Dinadala ang mga tupa sa Kaniyang **kanan.** Sila ang mga **naglingkod sa kanilang kapwa tao,** ang nagsanay ng pagmamahalan sa kapatid. Inilalagay Niya ang iba sa **kaliwa**. **Sila ang mga hindi tumulong sa iba**, na nangangailangan ng tulong.

Sinabi ni Jesus sa talatang 40: *"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na tao, ay sa Akin ninyo ginawa."*

Ipinakita ni Jesus sa atin dito: Na ang tunay na tagasunod, ay likas na gumawa ng kabutihan sa kanilang kapwa tao. Ito ay kanilang naging "likas". Malimit ay hindi nila ito namamalayan!

Diba't katakataka na ang paglilingkod na puspos ng Espiritu ay nakabilang sa ating pagmamasid at pagiging handa para sa ikalawang pagbabalik ni Jesus?

Sa pahayag ni Jesus – kapag tayo ang naglilingkod para sa iba, ginagawa natin ito para sa Kanya – ay kinakailangan na may positibong pagbabago sa ating kilos tungo sa ating paglilingkod at sa ating ugnayan sa ibang tao. Inyong ipagpalagay na maaari ninyong imbitahan si Jesus sa isang kainan o bisitahin siya sa ospital o sa bilangguan. Sinabi ni Jesus na tamang tama ang ating ginagawa kapag ating ipinahahayag ang ganitong pag-ibig sa ating mga kapitbahay. O anong posibilidad na maaari nating maipakita ang ating pagmamahal kay Jesus! (Bible Study Guide, 3rd tremestre, liksyon para sa Agusto 22)

Kailangan ba Natin Kumita Para Matamo ang Langit?

Hindi!!! Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya: *"Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa*

inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri." (Efeso 2:8, 9)

Malinaw na sinabi ng talata na ang ating kaligtasan ay nagaganap sa panig ng Dios sa pamamagitan ng biyaya, at sa ating panig ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Sumulat si Pablo sa mga taga Efeso na sila ay ligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. **Ang kaligtasan ay naganap na: tayo ay naligtas sa sandaling ating isinuko ang ating mga sarili kay Jesus.** Sinabi ng Biblia na ang kahulugan ng pananampalataya ay ang ipagkatiwala ang ating mga sarili. **Kung tayo ay mananatili sa ganitong ugnayan ng pagtitiwala, samakatuwid tayo ay nananatiling ligtas.** At ang ating pagnanasa na maglingkod ay bunga – resulta ng ating kaligtasan.

Atin ding sulyapan ang talata sa Roma 8:24: *"Sapagka't tayo'y iniligtas sa pag-asa…"* Ano ang kahulugan nito? Tunay nga na tayo ay iniligtas, nguni't hindi tayo itinali ng Dios sa Kaniyang sarili. Maaari nating mapalaya ang ating sarili sa ugnayang ito anomang oras. Sinabi ng Biblia na bago ang ikalawang pagbabalik ay magkakaroon ng "pagsisiyasat" sa langit upang malaman kung sino ang may ugnayan sa ating Ama sa langit. (Mateo 22:1-14)

Buod na Maaaring Ganapin ng Paglilingkod

Ang mga puspos ng Espiritu at nakatalagang tagasunod ni Kristo ay nagkakamit habang naglilingkod, ng galak at lakas, ang kanilang pisikal, praktikal, at ispiritwal na kakayanan ay nadadagdagan at ang kanilang pagkatao ay positibong lumalago sang-ayon sa nais ng Dios at sa kanilang pinakamahusay na kapakanan. Sa bawa't hakbang ay nawawalan ng kapangyarihan ang pagiging makasarili. Ang aking buhay ay nagiging kaakit-akit sa ibang mga tao. Kanilang napapansin ang kakaiba at nakaka-akit na pamumuhay. Ito ay lumilikha ng mabuting kalagayan para sa pagsaksi tungkol sa ginawa ni Jesus para sa akin at sa nasa akin. Ang aking paglilingkod ay tumutulong sa ibang tao, upang sila ay makaranas ng pag-unlad o kaginhawahan. Masaya ang kanilang karanasan sa akin. Kanila itong ipinapasa at malimit ang pagdami ay nagaganap. At ako ay nababantayan sa panghihina at pagkawala ng aking pananampalataya. At may pag-asa na ang nakatanggap ay magbubukas ng kaniyang puso upang ang mabuting balita ay lalago.

Ngayon ay nais nating tignan ang isang saloobin, na maaaring magbigay sa atin ng kaginhawahan sa maraming katanungan ng buhay. Ito ay may kinalaman sa ating pagpayag na sumunod sa ating Panginoong Jesus sa lahat ng bagay, kasama na ang paglilingkod, pamimigay, pagtulong at pagbasbas. Sa ating Panginoon hindi batayan kung ano ang laki ng talento (pamimigay, paglilingkod, pagtulong), sa halip ito ay nakadepende sa ating pagpayag. Siya

ay nalulugod sa lahat ng bagay na maaaring ipagkaloob ng tao at hindi niya hinihiling ang mga bagay na wala tayo. (2 Corinto 8:12)

Ika-10 Araw

ANG ATING PAGPAHAYAG AY MAHALAGA SA DIOS – NAIS NIYANG IPAGKALOOB ITO SA ATIN

Bakit labis na mahalaga na tayo ay maging handa na gawin ang kalooban ng Dios? Napakasimple lang, sapagka't tayo ay magdurusa ng malaking kawalan kung wala ang ating pagpayag. Nais nating bigyan ito ng pansin.

Kagaya ng nabanggit, sa kadahilanan ng ating makasalanang likas, malimit tayo ay hindi pumapayag at sa ating mga lakas ay ayaw nating sundin ang kalooban ng Dios.

Ating isaalang-alang ang mga sumusunod: **Minahal tayo ng Dios** ng Kaniyang hindi makasariling pag-ibig. **Nais Niya ang pinakamahusay para sa atin. Kilala Niya ang ating mga ugali,** at **ang ating kasalukuyang sitwasyon.** Sapagka't alam Niya ang lahat, **nalalaman rin Niya ang mangyayari sa hinaharap.** Kung atin itong isasaalang-alang, walang duda na ating madarama, at gayundin napakabuti para sa atin na sundin ang Kaniyang kalooban sang-ayon sa Kaniyang lakas. Sinabi ni Jesus sa Juan 10:10: *"Ako'y naparito, upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito."*

Nais Niyang pangunahan tayo sa pinakamabuting landas – tanging tangi na sa ating pagkatao, at sa ating kasalukuyang panahon. Upang tayo ay Kaniyang mapangunahan, kinakailangan na tayo ay handang pumayag. **Kung hihingi tayo sa Kaniya ng espiritu ng pagkukusa, sa gayon ay maglilikha Siya ng pagkukusa sa atin.** Ginagawa Niya na ang ating espiritu ay pumayag. Sapagka't ang ating kalooban ay binabago araw-araw (2 Corinto 4:16), mahalaga din na manalangin tayo araw-araw para sa pagkukusang-loob. Maaari tayong manalangin kagaya ng sumusunod:

"Panginoon, gawin mo akong kusang maging handa para sa lahat ng nais mo."

Ang ating Dios ay nalulugod kapag pumapayag tayo na manguna Siya sa ating buhay. Para sa Dios, ito ay kagaya lamang sa magulang, sila ay nagagalak kapag ang mga anak ay sumusunod ng may pagkukusa..

Sa pangkalahatan, ano ang *pagkukusa* at paano nito inihahayag ang kanyang sarili?

Ang **pagkukusa** ay isang **ugaling pangkalooban ng bukas na kaisipan**. Ito ay isang ugali, na nangangailangan ng kapakumbabaan at espiritu na handang matuto.

Nais kong ibahagi ang **isang halimbawa ng kakulangan sa pagkukusa** na matuto: Ito ay tungkol kay Dr. Semmelweis. Sa taong 1840 ang bansang

Vienna ay mahalaga bilang sentro ng medisina. Nguni't sa kwarto ng panganganak sa klinika ng unibersidad, sa anim na kababaihan na nanganganak ay may isa na namatay. Taon 1840 nang ang batang doktor na si Dr. Semmelweis ay nanguna sa kwarto ng panganganak, kaniyang napansin na ang mga babaeng namatay ay sila din na mga babae na nasuri ng mga doktor na katatapos lang nag-autopsy. Sa mga panahong yaon, ang mga doktor ay hindi naghugas ng kamay matapos suriin ang mga bangkay. Kaya iniutos ni Dr. Semmelweis na maghugas ng mga kamay matapos ang autopsiya at tuwing matapos din na suriin ang mga pasyente. Ang resulta ay lubhang nakakapagtaka: Mayroong 14 beses na pag-unlad! Halos wala ng mga kababaihan ang namamatay. **Nguni't ang mga propesor at doktor ay masyadong mapagmalaki na kilalanin ang tagumpay na ito!** Binagyo ng pagprotesta laban sa "walang saysay" na paghuhugas ng kamay. Ang kontrata ni Dr. Semmelweis ay hindi na binago at ang mga lababo sa kwarto ng mga pasyente na kaniyang ipinagawa ay kanilang sinira. Ang naging resulta, muling tumaas ang hanay ng mga kababaihan na namamatay. Si Dr. Semmelweis ay umalis ng Vienna at pumunta sa Budapest. Doon ay kaniyang inulit ang pamamaraan ng tuntunin. Kagaya ng una, ang kaniyang mga kasamahan ay tumalikod laban sa kaniya.

Kapag Wala ang Makalangit na Karunungan, Kalimitan Hindi Umiiral ang Pagkukusa

Ang karanasan ni Dr. Semmelweis ay nagpapakita ng katotohanan na maaari tayong kumilos ng may kamangmangan dahil sa ating pagmamalaki at maling palagay, kahit na tayo ay matatalino. Ang kahangalan ang kabaligtaran ng karunungan. Sa panahong ito, maraming kahalagahan ang inilalagay sa katalinuhan ng isang tao at sa kaniyang kakayanan na mangatwiran. Humigit kumulang na ang karunungan ay itinutulak sa likuran, nguni't sa salita ng Dios, malaking kabuluhan ang nakalakip sa karunungan (tignan ang Kawikaan, kapitulo 8 at 9). Ang Biblia ay may sinasabing kawili-wili sa Mga Awit 111:10: ***"Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan; ang lahat na nagsisisunod sa Kaniyang mga utos ay may mabuting pagkaunawa."*** NIV Ito ay nagsasalita tungkol sa banal na karunungan dito. At sinoman, na ang buhay ay pinangunahan ng Dios, na isang taong may takot sa Dios, ay nagpapakita ng mabuting pagkaunawa – na kahit iyan man lamang ay binabanggit ng talata. Maaari rin nating sabihin na tiyak na sinoman, na namumuhay kasama ang Dios, ay kumikilos ng may katalinuhan! Iyan ay eksaktong kabaliktaran ng kung ano ang pinaniniwalaan ng karamihan ng mga tao ngayon. Ang modernong mga tao ay nag-iisip na ang pagtalikod sa Dios at relihiyon ay katibayan ng kanilang katalinuhan. Isang maling akala! Ito ay tumpak sa palatandaan sa Roma 1:22: *"Ang mga nangagmamarunong ay naging mga mangmang."*

Ang karunungan ng tao – tinatawag ding pilosopiya – ay, katulad ng lahat ng gawa ng tao, may depekto. Ito ay ating makikita lamang sa katunayan na ang mga nangungunang mga pilosopo ay magkakasalungat sa isa't-isa sa kanilang mga pananaw sa kahulugan ng buhay, kahalagahan ng sanglibutan at ang bahagi ng mga tao sa mundo. (Karagdagan: Eta Linnemann, Wissenschaft oder Meinung? – Hänssler 1986)

Sa Biblia sinabi ng Dios ang sumusunod tungkol sa karunungan ng tao: "Aking sisirain ang karunungan ng pantas; ang katalinuhan ng matalino aking bibiguin. Saan naroon ang marunong? Saan naroon ang guro ng kautusan? Saan naroon ang pilosopo ng panahong ito? Hindi baga ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan? (1 Corinto 1:19-20 NIV) Nakaka-interes na ang talatang ito rin ay nagbabanggit ng "mga guro ng kautusan". Ngayon tinatawag natin silang mga teologo o mga pastor. Maaaring maging mahusay na kanilang itinuturo lang ang batay sa kanilang katalinuhan bilang tao at para sa kadahilanang ito ay tinatawag na kamangmangan ng Dios. O kapag kanilang pinag-aralan lang ang Biblia sa kanilang pantaong kaunawaan, na wala ang pangunguna ng Banal na Espiritu, kung gayon ang ipapasa nilang mga napag-alaman ay malamang na isang uri na wala ring katiyakan.

Sa konklusyon: **Ang tao lamang, may hanapbuhay ba silang pangrelihiyoso o wala, na namumuhay ng isang buhay na puspos ng Banal na Espiritu, ay maaaring maging isang matalinong tao. At tanging ang isang matalinong tao ang maaaring pumayag na gawin ang kalooban ng Dios!**

Paanong ipinapakilala ng pagkukusa ang kaniyang sarili o paanong ang isang may espiritu ng pagkukusa ay nagpapakilala ng kaniyang sarili sa Ispiritwal na kalagayan?

Noong si Jesus ay nabuhay sa daigdig na ito, ipinakita Niya ang pagpayag. Tinuruan Niya tayong manalangin ng Panalangin ng Panginoon: *"Ang iyong kalooban ang masunod."* Siya din mismo ay nabuhay sa ganitong prinsipyo. Kahit pa sa mahirap na sitwasyon **sa Hardin ng Getsemani, ipinakita Niya ang isang espiritu ng pagkukusa.** Tatlong beses siyang nanalangin: *"…gayonma'y, huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo."* (Mateo 26:39) Ang mananampalataya mula sa Berea ay may katulad din na halimbawa ng ganitong klase ng pagpayag. Sila ay nakikinig sa pangangaral ni Pablo ng may bukas na espiritu. Ating mababasa sa Mga Gawa 17:11 *"Ngayon lalong naging mararangal ang mga ito kaysa sa mga taga Tesalonica, sapagka't tinanggap nila ang salita ng buong pagsisikap, at sinisiyasat sa araw-araw ang mga kasulatan, kung tunay nga ang mga bagay na ito."*

Kung mayroon tayong espiritu na pumapayag sa Panginoon at sa Kaniyang salita, sa gayon ay ating susuriin ang ating binabasa, pinapakinggan,

at tinitignan. Kapag ang impormasyon ay tumutugma sa kalooban ng Dios, sa gayon ay tatanggapin na ito at ilalagay natin sa pagsasanay.

Ano ang maaaring humadlang sa tao na magkaroon ng ugaling pumapayag sa Dios?

Sa Roma 8: 5 ay sinasabing: *"Sinomang namumuhay ng ayon sa laman ay may kaisipang nakatuon sa kung anong nais ng laman; ngunit sinomang namumuhay ng ayon sa Espiritu ay may kaisipang nakatuon sa kung anong nais ng Espiritu."*

Ngayon, tayo ay nag-uusap ng tungkol sa pagiging nakaprograma para dito o diyan. Ang mga kilos ng **isang likas na tao at isang karnal na Kristyano** ay natutukoy ng kanilang pagkamakasarili. Ang pagmamataas, pagtatangi at lihim na pagkakalantad ay nakahahadlang sa atin mula sa pagiging bukas patungo sa Dios. Ang mga taong ito ay walang maluwag na kalooban patungo sa Dios o pagtanggap ng mga bagong pananaw mula sa Kaniyang salita.

Sa isang banda, ang bawat **Ispiritwal na Kristyano** sa tulong ng Banal na Espiritu ay may bukas na saloobin. Kaniyang pakikinggang mabuti kung ano ang sinasabi sa Roma 12:2: *"Huwag kayong sumunod sa mga pamantayan ng mundong ito,* ***ngunit pahintulutan ang Dios na baguhin ang iyong kalooban sa pamamagitan ng isang ganap na pagbabago ng iyong pag-iisip.*** *Pagkatapos ay maaari mong malaman ang kalooban ng Dios – kung ano ang mabuti at ang kaaya-aya sa kaniya at ang walang kapintasan."*

Matalino at may kusa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu

Ang Banal na Espiritu ang siyang gumagawa upang tayo ay maging matalino at pumayag upang maglingkod. Sa kontekstong ito, nais kong sipiin ang Gawa 6:3: *"Kaya nga mga kapatid, magsihanap nga kayo sa inyo ng pitong lalake na may mabuting reputasyon,* ***puspos ng Banal na Espiritu at ng karunungan,*** *na ating mailalagay sa gawaing ito."* Ito ang unang eleksyon sa loob ng iglesia sa Bagong Tipan – ang eleksyon ng mga diyakono. Ano ang mga pantukoy na pamantayan para sa eleksyon? Sila ay kinakailangang mayroong isang mabuting reputasyon, sila ay kinakailangang maging matalino at puno ng Banal na Espiritu. At pagkatapos ng lahat ng bagay na ating tinalakay, ating nauunawaan na tanging ang gayong mga tao lang ang maaring maglingkod ng buong puso.

Yamang bawat isa sa'tin ay tinawagan sa aktibong paglilingkod ayon sa Bagong Tipan, kinakailangan na tayo'y maging uliran sa pagiging matalino at puno ng Banal na Espiritu. Ang Biblia ay nagbibigay sa atin ng mabuting payo, sakaling tayo ay humantong sa konklusyon na tayo ay nagkukulang sa karunungan. *"Kung ang sinoman sa inyo ay nagkukulang ng* ***karunungan,***

*kinakailangan kang **humingi sa Dios**, **na nagbibigay ng sagana** sa lahat na hindi nanunumbat, at **ito'y ibibigay sa iyo.**"* (Santiago 1:5)

Aking naranasan ng paulit-ulit ang katotohanan ng mga salitang ito. Ipinangako ng Dios na sasagutin ang ating mga kahilingan para sa karunungan. Ang kasagutan ay maaring sa ibat-ibang anyo: Minsan naranasan ko na pagkatapos kong manalangin, ang solusyon sa problema ay mabilis na sumulpot sa aking isip. Ngunit kadalasan, ako ay walang bagong pananaw pagkatapos manalangin. Ngunit kapag aking ipinagpatuloy ang aking gawain ng may ganap na pananampalataya, sa katapusan ako ay namamangha kung paanong ako ay tinulungan ng Panginoon – na halos hindi mahahalata. Tunay na ang Dios ay nais na tumulong! Nais Niya na ang mga gawain natin, ano mang uri ito, ay magbunga ng mga mabuting resulta.

Sinomang nagnanais na gawin ang kalooban ng Dios, ay lubusang pinagpapala!

Noong aking naunawaan na laging nasaisip ng Dios ay ang aking pinakamabuting kapakanan kasama ang walanghanggan, ako ay nagagalak na gawin ang Kaniyang kalooban. Kapag may taong nais na gumawa ng mabuti para sa atin mula sa dalisay na layunin, bilang isang panuntunan, tayo ay walang pagsalungat, tama? At yaong laging nakararanas kung paanong gumawa ang Dios ng mabuting bagay sa kanila, ay masayang ipinagkakatiwala ang kanilang mga sarili sa pangunguna ng Dios. Kung kaya nasabi ni David: *"Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso."* (Mga Awit 40:8)

Kaugnay nito, nais kong bigyang diin ng muli na ang Banal na Espiritu ang siyang lumilikha sa atin ng pagpayag na naisin nating sundan ang landas ng Dios. At kapag ating hiningi tuwing umaga na tayo ay gabayan ng Kaniyang Espiritu, tayo ay makararanas ng kahanga-hangang mga bagay! Halimbawa, si Dwight Nelson ay nagkaroon ng mga sumusunod na mga karanasan matapos niyang simulan ang araw-araw na pananalangin para sa Banal na Espiritu:

"Ang aking pangangaral ay nagkamit ng isang bagong kalayaan at kasidhian. Ang aking pamumuno kasama ang aking pangkat at aking mga tao ay naging mataas ang antas. Pagdaka, ang pagkakataon (na tinatawag ng isang manunulat na pagkakatugma) ay dumadami – ito ay para bang may isang nagsasaayos ng aking mga araw at mga gabi, ang aking "pagkakataon" mga pagpupulong, mga emails at pakikipag-usap. Ito ay para bang ang Banal na Espiritu ay personal na namamahala sa oras ng aking paggising (kahit ang pagtulog ko). Sa katunayan, ako ay dumating sa pagkakilala sa Kaniya bilang isang napaka-personal at tunay na mahal na Kaibigan."

Si Dwight Nelson ay nakatatandang pastor ng Pioneer Memorial Church sa Campus ng Andrews University sa Berrien Springs, Michigan, USA. (Extract

Prayer Letter No. 143, April 22, 2018 Prayer Ministry of the General Conference)

Ang bawat araw ay nag-aalok ng isang bagong pagkakataon na maranasan ng panibago ang kalooban ng Dios para sa aking Buhay at upang mapangunahan ng Banal na Espiritu (2 Corinto 4:16). Ang bukal sa kalooban na pagsunod ko kahapon ay hindi garantiya na ako ay magiging masunurin rin ngayon. Kung kaya, tayo ay **araw-araw** na manalangin na maging bukal sa ating kalooban na sumunod o manatiling bukal sa kalooban na gawin ang Kaniyang kalooban: ***"Amang nasa langit, paki-usap na gawin mo ang pagpayag sa akin na maging bukal sa aking kalooban na gawin ang lahat ng nais mo. Paki-usap na kunin mo ang aking kaisipan sa pagkabihag sa pagsunod ni Kristo."*** (Ayon sa 2 Corinto 10:5) Ang gayong dalangin ay ayon sa kalooban ng Dios ay kung gayon ito ay tiyak nasasagutin (1 Juan 5:14). At kapag tayo ay nanalangin ng tulad nito, **tayo ay mga tao na kinalulugdan ng puso ng Dios**. Paano natin nalalaman ito? Ito ay nasa Biblia, sa Gawa 13:22: NKJV; *"… Nasumpungan ko si David …,* ***na isang lalaking kinalulugdan ng aking puso, na gagawa ng buong kalooban ko."***

Nais mo bang maging isang bata, isang kabataan, isang lalaki o isang babae na kinalulugdan ng puso ng Dios?

Ang Paggawa ng Kalooban ng Dios ay nagdadala ng Kalayaan

Sa simula, ang isang tao ay mahilig na maniwala na sila ay hindi malaya, kapag kanilang ginawa ang kalooban ng iba (sa kasong ito ay kalooban ng Dios). Ngunit kailangan nating panandaliang pag-isipan ang katagang kalayaan. Walang ganap na kalayaan. Subalit, tayo ay may kalayaan na magdesisyon para o laban sa Dios. Yamang ang Dios ay pag-ibig at ang kalayaan ay gumaganap ng mahalagang papel para sa Kaniya, ako ay nagtatamo ng kalayaan at kasiyahan kapag sinusunod ko Siya.

Kapag ako'y hindi nagdisisyon para sa Dios, si Satanas ang aking panginoon. At hindi niya pinapayagan ang anomang kalayaan para sa mga tao; gumagawa siyang may kasamang puwersa. Ang bawat sugapa ay patunay nito. At kapag ang isang tao ay nais na umalis sa kaharian ni Satanas, mararanasan nila na hindi sila paaalisin ni satanas ng ganon nalang.

Sa kabaliktaran, siguradong malungkot ang Dios kapag iniwan natin Sya, hindi rin Siya gumagamit ng puwersa para tayo ay manatili sa Kaniya.

Kapag ating isinaalang-alang ang lahat ng ito, higit nating mauunawaan na tayo ay maaakay lang sa isang Malaya at masayang buhay malapit sa Dios at ito ay tunay, kapag sinabi nating: Ang paggawa ng kalooban ng Dios ay nagdadala ng kalayaan!

Ang Pagkukusa ay nagdadala ng Bunga

Sa Konklusyon, nais kong magbahagi ng dalawang halimbawa kung paanong tayo ay maaring gamitin ng Dios, kapag ating inilagay ang ating mga sarili sa Kaniyang pagkakasaayos. At hindi mahalaga kung tayo ay mahirap o mayaman, bata o matanda, edukado o hindi edukado.

Ang unang halimbawa ay mula sa Biblia. Matatagpuan natin ito sa Juan 6:5-13. Isang batang lalaki ang nagbigay kay Jesus ng lahat ng mayroon siya; iyon ay hindi marami – dalawang maliit na isda at limang maliliit na tinapay. Ngayon ay wala nang natira para sa sarili niya. At anong ginawa ni Jesus? Siya ay nagsagawa ng isang himala upang ang gutom nang lahat ng naroroon ay mapunan. Bawat isa – sa pangyayaring ito, 5,000 mga lalaki at halos ganoon din karaming mga babae at mga bata.

Makikita natin: Kapag ating inilagay ang ating mga sarili o ang ating mga talento sa kamay ng Dios, magagawa Niya ang mas malaking bagay mula rito!

Ang batang lalaki ay maaring kumain ng higit pa sa ibinigay niya kay Jesus. Ang ibinigay niya ay, kung sasabihin ay mga binhi. Ayon sa batas ng sanhi at epekto, **ang ani ay laging mas marami kaysa binhi.**

Ang ikalawang halimbawa ay isang karanasan mula sa Germany na nagsimula noong 1994.

Isang kapananampalataya ay nagbigay ng 10,000 DM (dating currency ng Germany) para sa isang proyekto, na kung saan ay bahagi ng global mission upang magtayo ng isang iglesia sa isang milyon na lugar sa Uzbekistan. Pagkatapos ng isang taon ako ay kaniyang tinawagan at sinabi sa akin na ang 10,000 DM na kaniyang ibinigay ay royalty mula sa aklat na kaniyang isinulat. At ngayon ay katatanggap lang niya ng isang sulat mula sa palimbagan, na sinasabing ang demand para sa kaniyang aklat ay lubhang marami kung kaya sila ay muling mag-iimprinta ng ikalawang edisyon. At siya ay muling tumanggap ng isang tseke para sa 10,000 DM.

Ipinaliwanag pa niya na pambihira ang muling paglilimbag ng isang aklat lalo na't ito'y hindi kathang-isip. Maliwanag sa kaniya: na ang kamay ng Dios ang may hawak nito. Ibinalik ng Dios sa kaniya ang kaniyang 10,000 DM. Sa dulo ng aming pag-uusap sa telepono, sinabi ng kapatid na lalaki: "Kapag kailangan mong muli ng pera para sa gawaing misyonero, ipaalam mo sa akin." Isang araw dumating ang oras, tinawagan ko ang kapatid. Ang unang bagay na kaniyang sinabi ay: *"Gusto kitang tawagan, ngunit naunahan mo ako. Gusto kong padalhan ka ng tseke, na maaari mong gamitin para sa layunin ng misyon."* Siya ay nagpatuloy sa masayang pagsasalaysay na sa panahong iyon ay nasa ikatlong paglilimbag na ang kaniyang aklat, at katatanggap lang niya muli ng tseke mula sa palimbagan. Halos hindi niya rin mismo ito mapaniwalaan! Aking sinabi sa kaniya ang tungkol sa aming proyekto ng misyon at kakailanganin naming ito sa unang bahagi ng proyekto sa susunod

na mga sanglinggo. Sinabi ko sa kaniya na Malaya siyang mag-isip kung nais ba niyang makibahagi sa proyekto. Sumagot siya: *"Papadalhan kita ng tseke."* Ito ay dumating kinabukasan at ito ay para sa halagang 25,000 DM! Nang kami ay magkitang muli sa isang pangyayari makalipas ang ilang mga linggo, ipinaalam niya sa akin: *"Alam mo ba na naisulat ko na ang 25,000 DM sa tseke bago mo ako tinawagan?"*

Sa ganitong paraan ay ginawa ng Dios ang kahanga-hangang paraan upang pagpalain ang kapatid na ito at ang proyekto ng misyon! Ang talatang nabanggit sa pasimula sa Lukas 6:38 ay naging isang katotohanan para sa kapatid na ito: *"Magbigay kayo at iyon ay ibibigay sa inyo---hustong takal, siniksik, niliglig, at umaapaw ang ilalagay nila sa inyong kandungan. Sapagkat sa panukat na inyong ipanukat ay doon din kayo susukatin."*(NKJV)

Nawa'y ang mga karanasang ito ay makatulong sa atin na mahalin si Jesus ng mas malalim kaysa dati, at paglingkuran Siya ng may kagalakan, habang pinupuspos ng Banal na Espiritu.

Aking Dalangin: "Amang nasa langit, pakiusap na ako'y iyong patawarin sa pagkakaroon ng bahagya o ganap na maling pananaw sa paglilingkod, pagbibigay at pagtulong. Maraming salamat po ng lubos sa pagpapala sa akin at gayon din sa iba, kapag ako ay naglilingkod, nagbibigay at tumutulong. Mapanlikhang pinlano mo ito! Paki-usap na bigyan mo ako araw-araw ng tamang pag-uugali ng puso upang aking magawa ang lahat ng nais mo na bunga ng aking pagmamahal sayo at puno ng kagalakan. AMEN"

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Anong mapanlikhang kaisipan ang iniugnay ng Dios sa paglilingkod, pagtulong at pagbibigay? Anong implikasyon mayroon ito?*

   _____

2. *Sa ilalaim ng anong kondisyon na ang paglilingkod ay hindi isang pasanin, ngunit isang kagalakan?*

   _____

3. *Bakit mahalaga na magkaroon ng dahilan/ kaalaman at karunungan?*

   _____

4. *Anong pag-uugali ang dapat na mayroon tayo upang maging kalugodlugod sa puso ng Dios?*

   _____

Oras ng ating Pananalangin

- Makipag-ugnay sa iyong kasama sa pananalangin at talakayin ang paksa kasama nila.
- Manalangin kasama ang 'yong kapareha sa pananalangin . . .
    1. ...na ikaw ay makapaglingkod sa iba ng may kagalakan bilang resulta ng pagkakaroon ng Kristo sa iyong puso sa pamamagitan ng pananampalataya.
    2. …na ipakita ng Dios sa iyo kung sino ang nangangailangan ng iyong tulong.
    3. …na ikaw ay maingatan mula sa pagmamataas at kalkulasyon, kung makagagawa ka ng dakilang mga bagay sa tulong ng Dios.
    4. …para sa isang kusa at masayang puso at pagtitiis sa paglilingkod sa Dios at tao.

KABANATA 3

Ika-11 Araw

SINO ANG GUMAGAWA: ANG DIOS SA PAMAMAGITAN KO O AKO PARA SA DIOS?

Ito ay umiikot sa isang napakahalagang katanungan: Ako ba ay gumagawa para sa Dios sa aking mga kakayahan? O maaari bang gumawa ang Dios sa pamamagitan ko kasama ang Kaniyang banal na mga kakayahan?

Isang kapuna-punang halimbawa sa Biblia: si Moises

Sa simula, si Moises ay isang halimbawa ng isang tao, na kung saan ay namumuhay ng nagtitiwala sa sarili. Subali't kalaunan, siya ay naging isang mabuting halimbawa ng isang tao, na kung saan ay maaaring gumawa ang Dios. Sa edad na 40, nais niyang palayain ang kaniyang mga kababayan sa pamamagitan ng kaniyang sariling kakayahan. Ito ay mayroon lamang nakasasamang kahihinatnan. Lumipas ang maraming taon, ang Dios ay gumawa ng dakilang mga bagay sa pamamagitan niya na may makalangit na resulta.

Sa Gawa 7:22-25 ito ay nag-uulat na: *"Tinuruan si Moises sa lahat ng karunungan ng mga Ehipcio, at siya ay makapangyarihan sa kanyang mga salita at mga gawa. Nang siya'y apat-na-pung taong gulang na, naisipan niyang dalawin ang kanyang mga kapatid, na mga anak ni Israel. Nang Makita niya na ang isa sa kanila ay pinahihirapan, kanyang ipinagtanggol at ipinaghiganti ang inaapi sa pamamagitan ng pagpatay sa Ehipcio. Noon ay iniisip niya na naunawaan ng kanyang mga kababayan na ibinigay ng Dios sa kanila ang kaligtasan sa pamamagitan niya, ngunit hindi nila naunawaan."*

Kinakailangan na si Moises ay tumakas at manirahan ng apat-na-pung taon bilang isang pastol sa Midian. Kalaunan, siya ay dumating sa punto ng ganap na pagpapasakop. Pagkatapos ay binigyan siya ng Dios ng mga pananaw, na nasusulat sa aklat ng Genesis. Noon lang binigyan ng Dios si Moises na palayain ang mga Israelita. Kaya si Moises ay masunuring naghanda patungo ng Egypt. Biglang siya ay pinahinto ng isang anghel. Mayroong Isang hayag na kasalanan na umiral – isang kasalanan ng pagkukulang. (Exodus 4:24-26, Patriarchs and Prophets, p.255-256) ang isang kasalanang ito ay kailangang malutas muna. Upang ang anghel ay maingatan siya at magawa ng Dios ang Kanyang banal na kakayahan sa pamamagitan nya:

Pinangunahan ni Moises ang kaniyang mga tao mula sa pagka-alipin. Nagsagawa siya ng mga di kapani-paniwalang mga palatandaan at mga mirakulo kahit saan: sa Egypt sa harap ni Pharaoh, sa pagtawid sa Dagat na Pula at sa panahon ng apat-na-pung taon sa ilang. Ang Dios ay nakipag-usap din sa kanya ng personal at ibinigay sa kanya ang mga tapyas ng bato kasama ang sampong utos.

Siya ay naging isa sa mga dakilang lider ng sanlibutan, dahil ang Dios ay makagagawa sa pamamagitan nya. (Inirerekomendang basahin: Patriarchs and Prophets, chapter 22: Moises)

Ako ba ay gumagawa para sa Dios o Siya ba ay gumagawa sa pamamagitan ko?

Ang ating susing talata ay Epeso 2:10 NKJV:

"Sapagkat tayo'y kanyang pinakamahusay na gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Dios nang una pa upang siya nating lakaran." (GNT): *"Tayo'y Kaniyang nilalang para sa isang buhay ng paggawa ng mabuti, na Kaniyang naihanda na para ating gawin."*

Ito ay nagsasalita tungkol sa dalawang gawain!

Ang unang gawain, gawain ng Dios sa akin

Ang unang gawain ng Dios na ginawa sa akin. Ito ang aking bagong buhay kay Kristo. Sabi ni Jesus: *"Magsiparito kayo sa Akin …"* (Mateo 11:28 NKJV) at *"ang lahat ng tumanggap sa kanya…ay kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Dios."* (Juan 1:12 NKJV)

Sinomang lumapit kay Jesus at tinanggap Siya bilang kanilang Panginoon at manunubos ay tatanggap ng isa pang paanyaya at pangako: *"Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo."* Juan 15:4 NKJV) Nais ni Jesus na ipasok ang nananatili, at malapit na relasyon sa atin. Paano ito nangyayari? Ito ay bagay na may dalawang pang-araw-araw na mga hakbang ng pananampalataya:

Ang unang hakbang:

Epeso 5:18 ay nagsasabing: *"Kayo'y mangapuspos ng Espiritu."* O sa ibang salita: *"Maging patuloy at paulit-ulit na mapuno ng Espiritu."* (Joh.Mager: Auf den Spuren des Geites, p. 101). Kaya, ito ay may kinalaman sa paghingi at pagtanggap ng Banal na Espiritu. Kung paanong ang isang gilingang gulong ay dapat na nasa dumadaloy na tubig upang ito ay manatiling kumikilos, tayo ay dapat na manatili sa ilog ng Banal na Espiritu upang ang Dios ay makagawa sa pamamagitan natin at bigyan tayo ng buhay na masagana. Gayon man, hindi layunin ng Dios na tayo ay maging mga sisidlan para sa Banal na Espiritu. Hindi, nais ng Dios na tayo ay maging isang linya o lagusan, na kung saan ay Kanyang maiaabot sa ibang tao ang Kaniyang pag-ibig. (Tingnan ang Lukas 11:5-13).

Ang susunod na hakbang:

"…na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1 NKJV)

Ito ay isang buhay ng ganap na pagsuko kay Kristo. Ang pinakamahusay at pinakamaikling paliwanag ng mga hakbang na ito ay matatagpuan sa The Desire of Ages, p. 676.2 Ang kabuuan nito ay:

Isang palagiang pagtanggap ng Banal na Espiritu – at

Isang buhay ng matapat na pagsuko sa Kaniyang gawain.

Narito ang maikling paliwanag ng kahulugan ng Banal na Espiritu: "Ngunit hanggang sa kanilang matanggap ang Banal na Espiritu, hindi nila madadala itong mensahe ng may kapangyarihan. Hanggang sa matanggap nila ang Espiritu, hindi nila matatanto kung ano ang maaaring gawin ng Dios sa pamamagitan nila." (E.G.White, Adv. Review and Sabbath School Herald, June 10, 1902).

Isa pang sipi na may kinalaman sa pagsuko: "Siya na nagbigay ng kaniyang sarili ng lubos sa Dios ay gagabayan ng banal na kamay… habang kanyang pinahahalagahan ang mga leksyon ng makalangit na karunungan, isang sagradong komisyon ang ipagkakatiwala sa kanya …" (The Acts of the Apostles, p. 283.3)

Ngayon ay mayroon tayong sagot sa tanong na kung paano tayo magkakaroon ng isang patuloy, buhay na ugnayan kay Jesus: sa araw-araw na paghingi at pagtanggap ng Banal na Espiritu, at sa araw-araw na pagpapanibago ng ating pagsuko sa Kaniya at sa Kaniyang paglilingkod. Bawat umaga ito ang ating pinakamahalagang gawain na kunin ang dalawang Ispiritwal na mga Hakbang. Sa paraang ito ang Gawain ng Dios sa akin ay napapanatili – i.e ang bago kong buhay, na kung saan ay aking tinanggap ayon sa biyaya ng Dios at ng aking pananampalataya, ay naiingatang buhay.

Ang ikalawang Gawain – ang Gawain ng Dios sa pamamagitan ko

Sa batayang ito ng bagong buhay, ang Dios ay gumagawa ng iba pang gawain – isang gawain sa pamamagitan ko. Ating basahin ang Efeso 2:10 NKJV muli: *"Sapagkat tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating*

lakaran." GNT: *"Nilalang niya tayo para sa isang buhay ng mabuting mga gawa, na kung saan ay kaniya nang naihanda upang ating gawin."*

Sinasabi na itong mabubuting mga gawa ay naihanda na ng Dios nang una pa. Ito ay ating gawain sa pagkakaugnay sa Kanya upang magawa itong nakahandang mga gawain.

Kaya, sa pangkalahatang plano ng Dios, Siya ay may isang bahagyang plano para sa akin. Siya ay naghanda ng tiyak na gawain para sa akin. Sa pamamagitan ng pagkompleto sa gawaing ito, tayo ay lumalago sa pananampalataya at sa praktikal, ispiritwal at mental na kakayahan ay nabubuo. Ating nararanasan ang kasiyahan at kalakasan habang tayo ay gumagawa sa kaharian ng Dios at tayo ay naihahanda rin sa kaharian ng langit sa pamamagitan ng paglilingkod. (Para sa karagdagan sa paksang ito basahin: E.G.White, Education, p. 264)

Si Nehemiah at ang buong kumonidad ay naranasan: *"…ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan."* (Nehemiah 8:10 NKJV)

Oo, sa pamamagitan ng kanilang paggawa para sa Dios ay naranasan nila ito. Sa loob lang ng 52 na mga araw, muling naitayo ang mga dingding ng Jerusalem, dahil ang mga tao ay hindi natakot o napigilan ng kanilang mga kaaway mula sa kanilang pagtatrabaho. Sa lahat ng panahon ay pinangunahan sila ni Nehemiah sa pamamagitan ng pananampalataya!

At iyan din ang dapat nating gawin. Ang pag-alaala kung ano ang ginawa na ng Panginoon para sa atin ay lubos na nakatutulong, gayun din ang Roma 8:31 NKJV: *"Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?"*

Ika-12 Araw

Ang mga plano ng Dios ay napakahusay at pangmatagalan

"Hindi hinihiling ng Dios na ating gawin ng ating sariling kalakasan ang gawain na nasa ating harapan. Siya ay nagkaloob ng makalangit na tulong… kaniyang ibinigay ang Banal na Espiritu upang tumulong sa lahat ng tuwid." (E.G.White, My Life Today, p.37,4)

Yamang alam ng Dios ang kinabukasan at ang bawat tao ng lubusan, alam din Niya kung paano nya tayo gagamitin ng husto – upang matapos ang pinakamabuti para sa atin at sa kaharian ng Dios.

Sa Juan 7:37-39 NKJV ating mababasa: "Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin at uminom. Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan (tinutukoy dito ay ang unang gawain – ang ating bagong buhay), ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay. Ngunit ito'y sinalita niya tungkol sa Espiritu…" (Ito ay may kinalaman sa ikalawang gawain – na nais ng Dios na gawin sa pamamagitan natin.)

Ang ibig sabihin ng talata sa Biblia ay ang sumusunod: Kung araw-araw nating papawiin ang ating uhaw at pagnanais kay Jesus, kung magkagayon ay hindi lang tayo magkakaroon ng sapat na tubig ng buhay para sa ating mga sarili, ngunit sa halip ay gagawin ng Panginoon na isang bukal ang tubig ng buhay na nasa atin – isang pagpaparami – upang ang ilog ng tubig ng buhay

ay makadaloy mula sa atin patungo sa iba. Ito ay isang kahanga-hangang pangako!

Ang gawaing ipinagkatiwala sa atin ng Dios ang tutukoy sa antas na maaari tayong makaimpluwensya sa ating kapaligiran. Yamang walang nabubuhay para sa kanyang sarili, ang mga kilos natin ay hindi lang nakaaapekto sa atin, kundi pati sa ating kapaligiran. At minsan ang impluwensya ng isang tao ay nakararating hanggang sa katapusan ng sanlibutan.

Nais ng Dios at maaari Niyang gawin ang dakilang mga bagay sa pamamagitan natin, kung ating lilinangin ang malapit na ugnayan sa Kanya:

"Sa bawat sinomang maghahandog ng kanyang sarili sa Panginoon para sa paglilingkod, na walang itinatago, ay binigyan ng kapangyarihan upang magtamo ng hindi masukat na mga resulta." (E.G.White, Testimonies, vol.7,p.30.2).

Sinomang gumagawa nito ay may pangako sa Juan 14:12 NKJV):

"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sumasampalataya sa akin ay gagawin din ang mga gawang aking ginagawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat ako'y pupunta sa Ama."

Ang pahayag na "lalong dakilang mga gawa" ay nangangahulugang malapad na pagpapalawak rito.

Bakit makakaya nating gawin ang lalong dakilang mga gawa kaysa kay Kristo? Ang paliwanag ni Jesus ay: Dahil ako ay pupunta sa Ama. Anong ibig sabihin Nya riyan? Pagkatapos ng Kaniyang pag-akyat, tinanggap Niyang muli ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa. At kapag si Jesus ay naninirahan sa aking puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon ay Kanyang matatapos itong "lalong dakilang mga gawa" sa pamamagitan ko. Isa pa nating tingnan ang Nehemiah, na isang positibong halimbawa.

Ang muling pagtatayo ba ng mga pader ng Jerusalem ay idea ni Nehemiah?

Ano ang nag-udyok kay Nehemiah, na hindi naman bihasa sa pagtatayo, upang muling itayo ang pader ng syudad ng Jerusalem, kahit na siya ay nasa malayo, sa Persia, at may isang malaking posisyon? Ating mababasa sa Nehemiah 2:12 NKJV) *"…ano ang inilagay ng aking Dios sa aking puso upang gawin sa Jerusalem…"* komento ni E.G.White: *"…habang nananalangin, ang plano ay nabuo sa kanyang (Nehemiah) isipan …"* (Southern Watchman, March 29, 1904)

Ang gawain sa Jerusalem ay hindi ideya ni Nehemiah, sa halip siya ay inatasan ng Dios. Ang Dios ang nagplano at naghanda ng gawain para sa kanya sa simula pa.

Pinagpala ng Dios si Nehemiah ng lubos! Sa katapusan, ang kanyang gawain ay lubos na matagumpay. Naranasan ni Nehemiah kung ano ang isinulat ni E.G.White sa Testimony Treasures, vol. 3, p.341.3: Ang Dios ang gagawa ng gawain kung pagkakalooban siya ng mga instrumento."

Sagabal o Tagataguyod?

Maliban kay Nehemiah, sino pa ang gumanap ng mahalagang papel sa pagtatagumpay? Sinulat ni E.G.White: *"Kabilang sa unang nakaunawa ng espiritu ng kasigasigan at kasiguruhan ni Nehemiah ay ang mga saserdote ng Israel. Mula sa posisyon ng impluwensya na kung saan ay kanilang nasasakupan, ang mga kalalakihang ito ay malaki ang magagawa upang hadlangan o maisulong ang gawain. Ang kanilang pagiging handa sa pakikipagtulungan sa pasimula ay hindi kakaunti ang nai-ambag sa pagtatagumpay nito."* (*The Southern Watchman*, April 5, 1904)

Isang Buong Puso

Si Nehemiah ay isang halimbawa sa Biblia ng isang tao, na naglinang ng isang matalik na ugnayan sa Dios sa kanyang buong buhay. Ibinigay niya ang kanyang buhay ng buong puso sa Dios. Ang Dios ay laging nakamasid sa mga ganitong tao. Ating mababasa sa 2 Chronica 16:9 NKJV: *"Sapagkat ang mga mata ng Panginoon ay nagpaparoo't parito sa palibot ng buong lupa, upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan alang-alang sa kanila na ang mga puso ay tapat sa Kanya."* Iyan ang kinakailangan – isang buong puso – upang ang kapangyarihan ng Dios ay makagawa sa pamamagitan natin.

Ang ganap nating pagpapasakop at ang ating buhay sa Banal na Espiritu (DA, 676.2) ang gumagawa ng posibilidad para sa Panginoon na gumawa ng makapangyarihan sa pamamagitan natin. Hanggang sa hindi kasalukuyang nangyayari ng ganap ang ating bagong buhay – na tayo ay may isang hindi pabago-bago, buhay na buhay na ugnayan sa Dios – ay ipagkakatiwala ng Dios sa atin ang gawain na Kanyang inihanda. Sa pundasyon lang ng unang buhay na gawain, maaaring ang ikalawang gawain – isang gawain mula sa Dios – ay maitatayo.

Kung ang bagong buhay (Juan 3:1-17) ay hindi pa nagsisimula o huminto sa pag-iral, kung gayon ang ating gawain ay natatapos lang sa kalakasan ng tao kasama ang lahat ng limitasyon ng tao at mga problema.

Isa pang Halimbawa: Haring Asa

Sa halos lahat ng bahagi ng kanyang buhay, nagtiwala si Asa at sumunod sa pangunguna ng Dios, ngunit patungo sa katapusan ng kanyang buhay siya ay naglakbay ng kanyang sariling pamamaraan. Kanyang ipinakita ito, halimbawa, nang kanyang hiniling sa hari ng Assyria, si Ben-Hadad, para sa tulong militar sa halip na humiling sa Dios. Nang isinugo ng Dios si Hanani, isang propeta upang sabihin kay Asa kung anong negatibong dulot ang dala ng kanyang mangmang na mga kilos, ang hari ay nagalit at ipinatapon niya sa kulungan ang propeta. Gayon din, pagkatapos ng tatlong taon nang si Asa ay magkasakit, hindi siya lumapit sa Dios, sa halip siya ay nagtiwala sa kanyang

mga manggagamot. Dahil si Asa ay tumanggi sa Espiritu ng Dios na siya ay gabayan, inalis ng Dios ang Kanyang tulong. Kung ating iisipin ito, Si Asa ay isang tapat na hari sa loob ng 35 taon at may mga pambihirang karanasan kasama ang Dios at sa huling anim na taon pa ng kanyang buhay ay naging kaduda-duda siyang tagasunod ng Dios. Maaari lang nating idalangin: "Panginoon, tulungan mo akong manatiling totoo sa iyong mga daan hanggang sa dulo ng aking buhay!" (Tingnan: 1 Hari 15:8-24 at 2 Chronica 14-16).

Ang Biblia ay nagsasabi ng sumusunod tungkol kay Satanas: *"… ang dumadaya sa buong sanlibutan…"* (Apo. 12:9 NKJV) Si Apostol Pablo ay sinasabi sa atin ang ganito: *"Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo, mag-ingat na baka mabuwal."* (1 Corinto 10:12 NKJV) nais nating tingnan ang isa pang halimbawa – sa ngayon ay mula sa Adventist history – para sa ating proteksyon at bilang isang babala.

Anong epekto mayroon ito sa gawain ng Dios, kapag ako ay unti-unting lumihis mula sa pananampalataya, pero ako ay mananatili sa paglilingkod?

Maaari nating tanungin ang ating mga sarili ngayon: posible din ba ito para sa isang tao, na gumagawa para sa Dios na hindi (na) pinangungunahan ng Banal na Espiritu?

Si Dr. John Harvey Kellogg ay isang napakatalinong doktor at isang kilalang personalidad sa ating iglesia at sa U.S.A. Sa luob ng maraming taon itong intelihenteng lalaki ay hindi pinansin , halimbawa, ang payo ng Dios sa pagtatayo at pagpapatakbo ng isang palusugan (sanitarium). Ipinahintulot ng Dios na ang Battle Creek Sanitarium na masunog sa lupa, at ang bagong sanitarium, na itinayo sa ilalim ng pangunguna ni Kellogg, na maideklarang lugi. Sa kasamaang palad, sa panahon na siya ay nagtatrabaho bilang isang doktor para sa iglesia, sya ay nakabuo ng isang kakaibang pananaw sa teolohiya, na kung saan ay kanyang ipinagsabi. Bilang resulta, kaniyang nailigaw ang maraming miyembro ng iglesia. Makalipas ang ilang panahon, nais ni Kellogg na ilathala ang isang aklat, na kung saan ay tinanggihan ng ating mga pinuno, dahil ito ay may nakapaloob na maling mga turo. Pagkatapos, nagdesisyon si Kellogg na ilathala ang aklat sa sarili niyang gastos. Binigyan niya ang ating publishing house, ang Review and Herald, na kung saan ay nag-iimprinta rin ng para sa mga tagalabas, ng order na 5,000 kopya. Pumayag ang publishing house. Ang Dios ay direktang namagitan at pinahintulutang ang publishing house ay masira ng nakakatakot na apoy. Dahil dito, ipinadala ni Kellogg ang kanyang mga manuskrito sa palimbagan sa labas upang mailimbag. Ang walanghanggan lang ang makapagpapakita kung gaanong kapinsalaan ang ginawa ni Kellogg sa gawain ng Dios, lalo't higit sa mga kabataan, hanggang sa wakas ay iniwan niya ang iglesia sa kanyang sariling kagustuhan.(Para sa karagdagang impormasyon tingnan: Lewis R. Walton: "Omega", Review and Herald). Sa kasong ito, hindi na natin kailangan

pa na tanungin kung siya ba'y gumawa para sa Dios sa kanyang sariling lakas o kung nakagawa ba ang Dios sa pamamagitan nya.

Ika-13 Araw

Ang paggawa para sa Dios ay isang bagay, ngunit ang paggawa ng Dios sa pamamagitan natin ay iba pang bagay

Sa pag-uugnay dito, nais kong ibahagi ang isang sipi mula kay Le Roy E. Froom: "Upang gumawa para sa Dios ay isang bagay; ngunit upang ang Dios ay gumawa sa pamamagitan natin ay iba pang bagay. Ito ay isang bagay upang talikuran ang sanlibutan at sundan si Cristo; ito ay sadyang kakaiba na maging isa na kung saan ang Banal na Espiritu ay nananahan ng sagana kasama ang Kaniyang kalakhan ng kapangyarihan at biyaya. … At ang Dios ay hindi magagawa ang isang bagay na makapagbabago sa tao hanggang sa Kanya munang gawin ang isang bagay na makapagbabago para sa tao sa pamamagitan ng pagdating ng Banal na Espiritu." (The Coming of the Comforter, Review and Herald 1928, p. 119)

Ito ay maaari ring mangyari sa atin – tulad ng nangyari kay Dr. Kellogg – na tayo ay naniniwala na kailangan nating gawin ito o iyan para sa Dios, na wala ang pangunguna ng Espiritu ng Dios. Kinakailangan nating tanungin ang ating mga sarili minsan: ako ba ay gumagawa sa aking sariling pantaong kakayahan at limitasyon para sa Dios, posible kahit na may awtoridad ng posisyon sa administrasyon, o maaaring ang Panginoon ang gumawa sa pamamagitan ko na kasama ang Kaniyang banal na kakayahan at ang Kanyang walang limitasyong posibilidad?

Paanong gagawa ang Dios sa ikalawang gawain ay nakabatay sa aking ugnayan sa Kanya

Sa pagmamalasakit sa ating mga akda sinulat ni E.G.White:

"Ang kapiraso na isinulat na nasa Espiritu ng Dios ay inaaprubahan ng mga anghel, at parehong ikinikintal sa mga bumabasa. Ngunit ang kapirasong naisulat kapag ang sumulat ay hindi namumuhay ng lubos para sa kalwalhatian ng Dios, hindi lubos na nakatalaga sa Kanya, nararamdaman ng mga anghel ang kalungkutan sa kakulangan. Sila ay tumatalikod at hindi ito ikinikintal sa bumabasa dahil wala rito ang Dios at ang Kanyang Espiritu. Ang mga salita ay mabuti ngunit kulang ang mainit na impluwensiya ng Espiritu ng Dios." (PH 016, 29.1 egwwritings.org).

Para sa halos lahat ng bahagi, ano ang pinakamahalaga sa Kristyanong literatura? Ito ay kinakailangang maisulat sa ilalim ng impluwensiya ng Banal na Espiritu at ang akda ay dapat na mamuhay sa ikaluluwalhati ng Dios, sa ganap na pagpapasakop kay Kristo at sa Kanyang paglilingkod. Ang Dios ay hindi humahanga sa kamangha-manghang mga nilalaman ng isang artikulo.

Siya ay higit na interesado sa Ispiritwal na pag-uugali ng akda na siyang sumulat ng teksto. Kapag ang akda ay sumulat sa ilalim ng impluwensiya ng Banal na Espiritu, kung gayon ay maaaring ikintal ng Dios sa mambabasa sa pamamagittan ng gayon ding Espiritu at ang mambabasa ay makakalapit ng mas malapit sa Dios.

Ito ay totoo rin sa ibang larangan, maging ito ay ministeryo, pagtuturo, pangunguna sa proyekto ng misyon, pangunguna sa iglesia, buhay pamilya, pagsasanay sa isang bata o mga bagay na kahalintulad, na "Ito ay hindi kapangyarihan na nagmula sa tao na nakakapagpatagumpay sa gawain, ito ay ang kapangyarihan ng makalangit na katalinuhan na gumagawa sa tao bilang isang kasangkapan, ang siyang nagdadala ng gawain sa pagiging sakdal." (E.G.White, Christian Service p. 260.3)

Magagamit lang ng Dios ang Kanyang mahalagang impluwensiya sa pamamagitan natin, kapag tayo ay may isang buhay na ugnayan sa Dios. Sa ibang salita, kung tayo ay hindi namumuhay ng lubos na pagpapasakop o hindi sapat na napuno ng Banal na Espiritu, sa gayon ang malaking mga pagpapala ay maaaring mawala o maaring pinsala ang maiduddulot!

Pangangaral ng Salita ng Dios

Isaalang-alang natin itong ugnayan na may koneksyon sa pangangaral ng Salita ng Dios. Kapag ang mga ministro ay hindi sapat na napuspos ng Banal na Espiritu, sa gayon ang kanilang mga sermon ay hindi makagagawa ng kung anong hinahangad ng Dios. Isang sipi mula sa Desire of Ages, p.671.4:

"Ang pangangaral ng salita ay walang kabuluhan kung wala ang patuloy na presensiya at tulong ng Banal na Espiritu… Maaaring ang isa ay may kakayanan na ilahad ang salita ng Dios, maaaring alam na alam nya na ang mga tuntunin at mga pangako, ngunit maliban na ang Banal na Espiritu ang magdala ng katotohanan, ay walang kaluluwa ang babagsak sa Bato at mawawasak. Hindi sa dami ng napag-aralan, hindi sa kalamangan, gaano man kadakila, ang may kakayanan na gawing daluyan ng pagpapala maliban na makipagtulungan sa Espiritu ng Dios."

Gumagawa lamang sa atin ang Dios at ang mga anghel, kung tayo ay napuspos ng Espiritu Santo at namumuhay ng may buong pagsuko kay Kristo. Hindi mahalaga kung sino tayo at kung ano ang ginagawa natin, ipinaalam sa atin ng Dios sa pamamagitan ni E.G.White na: *"Ang halaga ng ating gawa ay katumbas sa dami ng kaloob ng Espiritu Santo."* (The Desire of Ages, p.330.4) *"Hindi sa kakayanan na mayroon ka ngayon, o sa tatanggapin mo pa na ikaw ay magiging matagumpay. Ito ay nakabatay sa kung ano ang gagawin ng Dios sa iyo…Nag-aantay Siya na aasa ka ng mga dakilang bagay mula sa Kaniya."* (Christ's Object Lessons, p.146.4) (Inirerekomenda na basahin pa ang: Acts of the Apostles, p. 283-284).

Ang tulong na lakas at kapangyarihan ay ating mararanasan ng mas higit, samantalang ating pinapaunlad ang ating malapitang relasyon na kasama Siya. *"Ang tagumpay ay hindi natin makakamit sa pamamagitan ng dami ng*

bilang, maliban sa pagsuko ng buo mong kaluluwa kay Jesus." (Sons and Daughters of God, p. 279.2).

Sa kasawiang palad, maraming mga tao, minsan pa ako din ay kasama, ay natatakot at mayroong pasubali tungkol sa buong pagpapasakop ng kanilang sarili sa Dios. Iniisip nila na sila ay magiging alipin. Ang pananaw na ito ay sobrang mali. Sa Biblia ay inihalintulad ang ugnayan kay Cristo sa pag-aasawa. Si Cristo ay napakatalinong kasama. Ang isang tao na ikinasal, ay maaaring makipagdeborsyo kung kaniyang nanaisin. Maaari din nating ihiwalay ang ating sarili mula kay Cristo at tayo ay magiging Malaya. Nguni't sa aking palagay na kahit sa anomang pangyayari ay hindi natin nanaisin na gawin ito, sapagka't ang makipag-ugnayan kay Cristo ang pinakamahusay na ugnayan. Nais Niyang magkaroon ng ugnayan sa atin, na kung saan tayo ay ipinagkaisa sa pag-ibig at tiwala sa Kaniya. (Sa karagdagang pag-aaral sa paksa na ito: Manahan kay Kristo, sa kapitulo na "Pagsuko kay Jesus").

Ang pakikisangkot ni Kristo ay gagawa ng mas matulin kaysa sa magagawa ng mga tao.

Hanggang sa ngayon ay nais ng Dios na gumawa ng mga dakila at hindi kapanipaniwala na mga bagay (Jeremias 33:3). Kung tayo ay namumuhay upang ang Dios ay makapagtrabaho sa pamamagitan natin, sa gayon ay makakaranas tayo ng kamangha-manghang mga bagay – dakila at hindi kapanipaniwalang mga bagay. Ganito yan, kung ano ang naiplano na gawin ng Dios sa pamamagitan ko, sa ilang bahagi ay maaaring lumagpas sa aking kakayanan at kasanayan. At ito ay mabuting bagay. Nagdudulot ito ng kagalakan at paghanga at nagtataguyod ng ating pagdepende at pakikiisa sa Dios.

Narito ang dalawang sipi mula sa ating babasahin: *"Hingiin mo ang biyaya ni Kristo at ang Kaniyang husay, at hindi ka iiwanan mag-isa sa iyong gawain."* (The Ellen G. White 1888 Materials, 141.5)

"Sa sinoman na iaalok ang kaniyang sarili sa paglilingkod sa Panginoon, at hindi ipagkakait ang anomang bagay, ay mabibigyan ng kapangyarihan para makamit ang hindi masukat na mga resulta." (Testimonies for the Church, vol. 7 p.30.2)

Nakaugnay at Hindi nagbabagong Panalangin

Kapag ang Dios ang gumagawa sa ating kalooban at sa pamamagitan natin, kung sa gayon ay kailangan natin ng nakaugnay at hindi nagbabagong panalangin na kasama Siya. Kailangan natin makiugnay sa Nag-iisa na naghahanda ng gawain para sa atin. Maaari Niya tayong gabayan sa pinakamahusay sa pamamagitan nito. Kagaya ito ng pagmamaneho ng may aparato ng nabigasyon. Pinagkalooban tayo ng Dios ng lubhang maraming pangako tungkol sa pakikipag-ugnayan: *"Tumawag ka sa Akin, at Ako'y*

sasagot sa iyo, at Ako'y magpapakita sa iyo ng mga dakilang bagay, at mahihirap na hindi mo nangalalaman." (Jeremias 33:3, karagdagang mga pangako: Juan 7:37; Juan 14:12-14; Juan 15:7; Juan 16:16; Mateo 18:19; 1 Juan 3:22). Hindi lamang nangako ang Dios na sasagutin Niya ang ating kahilingan, gayundin Kaniyang ipapakita ang mga dakila at kamangha-manghang mga bagay. Binibigyan Niya tayo ng banal na kapangyarihan.

Banal na Payo

"Huwag ipahintulot ng sinuman na gamitin ng sobra sobra ang tinanggap na kapangyarihan mula sa Dios sa pagsisikap na mabilisang isulong ang gawain ng Dios. Ang kapangyarihan ng tao ay hindi makapagpapabilis ng gawain; ito ay kinakailangang kaisa sa kapangyarihan ng makalangit na katalinuhan…Hindi maaaring gampanan ng tao ang trabaho na nakalaan para sa Dios. Maaaring may isang Pablo na magtatanim, at mayroong Apollos na magdidilig, nguni't ang Dios ang nagbibigay ng dagdag. Sa kasimplehan at sa kapakumbabaan ang tao ay makikiisa sa banal na ahensya, sa lahat ng panahon ay ginagawa ang pinakamahusay, at patuloy na napagtatanto na ang Dios ang dakilang Dalubhasang manggagawa." (E.G.White, *7T 298.2,* egwwritings.org).

Anong bahagi mayroon ang buhay ni Jesus nang Siya ay narito sa lupa?

Sinabi ni Philipp Brooks: *"Tunay na hindi ako nagkamali ng aking sinabi na ang lahat ng sundalo na nagmartsa, lahat ng armada ng hukbong-dagat na itinayo, lahat ng sesyon ng parliyamento na naganap, at lahat ng mga hari na nanguna, ay hindi nakaapekto sa buhay ng mga tao na kagaya ng "malungkot na buhay ni Jesus."* (Sulat para kay Andrew, No.2)

Papaano na ang taong si Jesus ng Nazareth ay nagkaroon ng kakayanan na ganapin ang malaking impluwensya? Binanggit sa atin ni Jesus ng malinaw ang dahilan sa Juan 14:10:

"Hindi ka baga nananamalataya na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin? ang mga salitang aking sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang mga gawa."

Bilang Jesus na tao nagaganap Niya ang malaking impluwensya, sapagka't ang Ama ay sumasakanya at nagaganap ang Kaniyang banal na impluwensya.

Maaari din natin pansinin si Apostol Pablo. Papaanong nagagawa ng Dios ang dakilang misyon sa pamamagitan Niya? Ating masusumpungan ang kasagutan sa Galacia 2:19,20 "Ako'y napako na kasama si Cristo: at hindi na

ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin…" Binitawan niya ang pagsasarili; at pinahintulutan na si Cristo ang manguna sa kaniyang buhay.

At hindi nagtagal ay nasabi ni Pablo ang mga sumusunod tungkol sa mga gawa na kaniyang nakayanang gawin:

"Sapagka't hindi ako nangangahas magsalita ng anomang mga bagay, maliban na sa mga ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko, sa pagtalima ng mga Gentil, sa salita at sa gawa – sa bisa ng mga tanda at ng mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios." (Roma 15:18,19)

Ang susi ay **pagiging-nakay-Kristo.**

"Nasa atin si Cristo"

Sinabi ni E.G.White: *"Ang kaalaman ng misteryong ito [nasa atin si Cristo] ay nagbibigay ng susi sa bawa't isa. Nagbubukas ito sa kaluluwa ng kayamanan ng sansinukob, ang posibilidad ng walang katapusang pag-unlad."* (E.G.White, *Education*, p.172.1)

Nais ni Jesus na manirahan sa atin. Sa ganitong paraan, Siya ay nagnanasa na bigyan tayo ng buhay na katuparan at gumawa sa atin, kahit sa walang gaanong halaga na bagay o maging sa dakilang mga bagay. (Para sa paksang ito: Manahan kay Jesus – kabanata "Si Jesus ay nananahan sa iyo", maaari din silipin ang www.steps-to-personal-revival.info)

Napagtanto ni John Wesley na: *"Ang Dios ay maaaring gumawa ng higit, sa isang tao na itinalaga ang kaniyang buhay sa Dios ng 100%, kaysa sa isang pulutong ng sundalo, na nagtalaga lamang ng 99% sa Dios."* (Joseph Kidder, A Guide to a Spiritual Life, Andrews University, PPP slide 14)

Ang salita ng Dios ay malinaw na nagsasabi sa Zacarias 4:6 *"Anong Iyong pinaplano ay hindi magtatagumpay sa kapangyarihan ng mga hukbo o sa kalakasan ng tao; sa halip,* ***ang aking Espiritu ang tatapos nito!*** *Ako ang Panginoong Dios na makapangyarihan, ang nangako nito." (Zechariah 4:6 na isinalin mula sa German Hoffnung Für alle* bersyon.*)*

Maaari din gumawa ng dakilang bagay ang Dios sa pamamagitan ng mga kabataan

Si Mary Jones ay ipinanganak noong 1784 sa isang maliit na nayon sa Wales. Lumaki siya sa tahanan ng isang debotong Metodista. Mahilig siya sa mga kwento sa Biblia bilang isang bata. Matapos niyang matutunang bumasa, siya ay taimtim na humiling na magkaroon din siya ng Biblia. Nang panahon na iyon, ang Biblia ay napakamahal at hindi karamihan ang mga kopya. Tuwing araw ng Linggo, si Mary ay pinapayagan na bumasa ng Biblia sa tahanan ng isang mayaman na pamilya, na naninirahan ng halos 4 na kilometro ang layo. Upang magkaroon ng sariling Biblia, sinubukan niyang mag-ipon ng pera sa

pamamagitan ng sari-saring hanapbuhay. Halimbawa, minsan siya ay nag-iipon ng kahoy at kaniyang ititinda, minsan naman siya ay mag-aalaga ng bata.

Umabot ng anim na taon upang makaipon siya ng sapat na salapi. At ng siya ay 16 taong gulang, naglakad siya ng walang sapin sa paa ng 42 kilometro mula sa Langfihangel sa ibabaw ng mga bulubundukin hanggang sa Bala, upang makabili ng Biblia sa isang pastor na naroon.

Sinabi ni Pastor Thomas Charles, na totoong mayroon siyang dalawang Biblia, nguni't ito ay naipangako na sa ibang tao. Sa kasawiang-palad, hindi niya maaaring bigyan siya ng isa. Humagulgol si Mary ng labis, siya ay lumbay na lumbay. At medyo nairita ang pastor kung kaya't siya ay nagtanong kung bakit siya umiiyak. At kaniyang sinabi na siya ay nag-ipon ng pambili ng Biblia sa loob ng 6 na taon; at ng kaniyang marinig ito, siya ay nahabag at ibinigay ang isa sa mga Biblia. May labis na katuwaan na umuwi siya sa kanilang tahanan!

Ang pangyayaring ito ay natanim ng lubusan sa isip ng pastor at kaniyang ibinahagi ang kaniyang karanasan sa sumunod niyang pagpupulong sa Religious Tract Society. "Kinakailangan natin gumawa ng paraan upang ang sinoman na taga Wales ay maaaring makabili ng Biblia sa murang halaga." Dahil doon, ang kaniyang kasamahan na si Robert William ay nagsabi: "Bakit hindi natin gawan ng paraan para sa buong mundo?" At ang naging resulta ay ang kauna-unahang Bible society na pang buong mundo ay naitatag (British and Foreign Bible Society). At dahil sa kanilang halimbawa, mahigit 140 Bible societies ang natagpuan sa panahon na iyon.

Kaya't nakakagulat kung ano ang maaaring gawin ng ating Ama sa langit sa pamamagitan ng isang simple at deboto na babae! Kaya't ating bigyang pansin ang sumusunod na salita:

Huwag natin balewalain ang impluwensiya ng isang tao, kapag ang Espiritu ng Dios ay nasa pagkilos sa mga dakilang paraan. Maaaring tinatawagan ka ng Dios sa mga panahong kagaya nito.

(Maipapayong basahin ang: Esther 4:14-16, gayundin ang *Christian Service*, Kabanata 26: Kasiguruhan ng Tagumpay)

NAGHANDA DIN ANG DIOS NG GAWAIN PARA SA AKIN

Sa Dios lamang ang papuri at para pasiglahin ang mga bumabasa, nais kong ibahagi ang tungkulin na ibinigay ng Dios sa akin noong 2011/2012, na hindi ko man lang natanto ng panahon na iyon. Inumpisahan ng Dios ang trabaho na lalaganap sa aking buhay ng higit pa. Sa kabilang banda, aking naranasan ang mga malalaking hamon, at sa kabilang panig, ako din ay nakaranas ng maraming tagumpay at lubos na kagalakan. Aking nalalaman na ang trabaho na ibinigay sa akin ng Dios ay kaniyang trabaho at mananatiling Kaniyang

trabaho. Ang bawa't trabaho ng tao na nagpapahintulot na sila ay gamitin ng Dios ay mga karagdagang bloke lamang sa dakilang gawain ng Dios. Sa kadahilanang ito: "Magpatuloy ang pagliwanag sa iyong buhay upang ang papuri ay sa Panginoon lamang at hindi sa iyong sarili. … Magpatuloy ang pagliwanag sa iyong buhay; mag-ingat, ministro ni Kristo, kung sa paanong paraan nagliliwanag ang iyong buhay. Kung ito ay sumisinag papaitaas, at inihahayag ang kahusayan ni Cristo, ito ay sumisinag ng nararapat. Subali't kung ito ay nakatuon sa iyong sarili at itinatanghal ang iyong sarili, at inaakit ang mga tao para humanga sa iyo, mas nakabubuti na iyong pigilan ang iyong kapayapaan, sapagka't ang iyong ilaw ay sumisinag sa maling paraan." (E.G.White, 4T, p.400.1, egwwritings.org)

ISANG PRAKTIKAL NA HALIMBAWA PAGKALAT NG MGA LITERATURA NG PAGPAPANIBAGONG-BUHAY

Inihanda ng Panginoon para sa akin sa hindi nahahalatang pagkakataon ang pagkalat ng mga babasahin ukol sa pagpapanibagong buhay. Ang pagsulong ng mga pulyeto ay nagpapakita sa akin ng malinaw na hindi ako ang may-akda, sa halip ako ay pinahintulutan lamang na maging kasangkapan sa Kaniyang mga kamay.

Ganito ang pinagsimulan: Sa pamamagitan ng apat na magkakaibang udyok, ay hinimok ako ng Panginoon na maghanda ng ilang sermon tungkol sa paksa na "Buhay na puspos ng Espiritu". At matapos ko na ipahayag ang mga sermon na ito sa mga simbahan, ako ay nagbibigay sa mga miyembro ng simbahan ng kopya ng aking sermon. At ang mga kopya na ito ay kanilang binabahagi sa kanilang mga kaibigan. Sa gayon, mayroong dalawang pinuno at may karanasan sa teolohiko ang nakatanggap ng aking sermon. At ang isa sa kanila ay sumuat sa akin noong May 1, 2012:

"Ang iyong sermon sa *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong-Buhay* ay isang kaloob mula sa langit – una ay para sa iyo at sunod para sa lahat ng mga bumabasa. Kahit na kamakailan lang kami ay nakatanggap ng ilang praktikal at malalalim na mga aklat na ispiritwal sa aming simbahan, ang iyong mga paksa sa Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong-Buhay ay pambihira. May lubos na pagkasiksik nguni't detalyado na paraan, ang mga daan tungo sa pagkapuspos ng Espiritu ay naka-balangkas. Sinoman ang makababasa nito ay hindi maaaring maiwasan ang ispiritwal na imbentaryo at magkaroon ng pagpapasya.

Tumatak sa isipan ng dalawang teolohiko ang nilalaman at inirekomenda na aking ipalimbag bilang pulyeto. At sa aking pag-iisip, ako ay nagpasiya na ang sermon ay magreresulta lamang ng maliit na pulyeto at hindi ito bibigyan ng pansin ng tagalimbag, kung kaya, wala talaga akong ginawa tungkol dito.

Samantala, nakita ito ng Dios sa kakaibang pananaw. Mayroon na siyang matagal na plano at mayroon siyang paraan kung papaano ito makakamit.

At sa pangunguna ng Dios, ako ay nakatanggap ng isang katanungan mula sa Deutsch-Schwelzerischen Vereinigung (DSV – German Swiss Conference) sa Zurich. Sila ay nagnanais na ipalathala ang **aking mga sermon na bilang pulyeto**. At kanilang hinihingi ang aking pagpayag. At ang DSV ay nangako na kanilang iingatan ang lahat ng mga detalye (pagwawasto, disenyo, litrato, imprenta, sipi, atbp.) Hindi ko ito mapaniwalaan! Sa ilalim ng pamamatnubay ng Dios, ang unang edisyon sa Aleman ng Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong-Buhay ay nailathala noong Oktubre 2012. At wala man lang pagpaplano mula sa akin.

Bago nila inumpisahan ang paglalathala, ang DSV ay nakipag-ugnayan sa ibang mga komperensya at union na nagsasalita ng Aleman at gayun din sa Austrian Union. Ang Komperensya ng Baden-Wurttembergische sa Aleman at ang Austrian Union ay nagsanib sa pagsasagawa at ngayon ay mayroong pangangailangan na 9,200 na kopya.

Sumulong kami ng may matapang na pananampalataya at nag-order kami ng 10,000 kopya. Subali't, ang tagalimbag ay nagkaroon ng hindi sinasadyang pagkakamali at nakapaglimbag sila ng 13,500 na kopya. Ano ngayon ang aming gagawin? Kami ay umasa na lang sa kaniyang pangako sa Roma 8:28, na dito ay sinasabi, at nalalaman natin na sa lahat ng mga bagay ang Dios ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, sa kanila na mga tinawag alinsunod sa kanyang layunin.

Nakakagulat, ang 13,500 na kopya ay mabilis na naubos at kinakailangan namin na muling magpalimbag ng karagdagang kopya. Nakakapagtaka, hindi po ba? Simula noon ay nagkaroon na ng 8 edisyon sa Aleman ng Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong-Buhay na mayroong kabuuan na 45,000 na kopya. Maraming myembro sa iglesya na kinilos ng mensahe ang kanilang puso ang mga tumulong para ipamahagi ang mga pulyeto.

Ano nga ba ang sinasabi ulit sa Efeso 2:10: Sapagka't tayo'y kanyang pinakamahusay na gawa, na nilalang kay Cristo Jesus **para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Dios nang una pa upang siya nating lakaran.**

Inihanda ng Dios ang posibilidad ng malawakang sari-saring pamamahagi!

Tiniyak ng Dios na ang mensahe na ito ay maibabahagi ng sari-saring paraan, at kung posible ay sa mas maraming tao. Ako ay nakatanggap at patuloy na nakakatanggap ng mga imbitasyon mula sa mga simbahan sa loob ng aming bansa at mula sa ibang bansa na humihiling ng seminar ukol sa Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. (Binubuo ito ng apat na oras: Nagbabahagi ng mga karanasan sa gabi ng Biyernes, sermon sa umaga ng Sabbath, at dalawang oras sa hapon ng Sabbath.)

Samantala, mayroon ding karagdagang mga kapatid na lalaki ang tumutulong para magkaloob at manguna sa mga seminar. Marami din na mga

mangangaral sa buong mundo ang gumagamit ng mga paksa na ito sa kanilang mga sermon.

Ang mga sumusunod na bagay ay naganap sapagka't may pangunguna ang Dios, na walang balak mula sa akin: record ng mga video, pag-record ng mga aklat sa audio, pamamahagi ng e-books sa pamamagitan ng Amazon, at gayundin ang pagsasalin sa iba't-ibang wika. Idinugtong ako ng Panginoon sa isang mag-asawa na binuo ang German at English na website. German: www.schritte-zur-personlichen-erweckung.info – English: www.steps-to-personal-revival.info. Ang mga pulyeto ay maaaring basahin ng online, maaari din i-download ng libre at ipamahagi – lalo ang Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay ay nasa 40 wika at ang karugtong na Manahan Kay Jesus ay nasa halos 20 wika. Sa kabuuan ay mayroon nang nalimbag na 1.3 milyon na kopya at mayroon ding hindi mabilang na online mula sa 143 na mga bansa (mula pa Agusto 2020).

Marami din na mga nakabasa ang nagbahagi ng kanilang mga karanasan, at maaari itong mabasa sa ilalim ng mga "Patotoo" (Halos 160).

Mula sa mahigit na 500 na naisulat at ibinahagi na salita na mga patotoo na aking natanggap, may mga karagdagang pananaw ang nailagay sa pulyeto. Ipinapakita nito kung saan tayo dadalahin ng Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong-Buhay:

- Ating nakilala ng malinaw na ang Banal na Espiritu ay ang pinakadakilang kaloob na iniaalok ni Jesus.
- Ang material na ito ay nagbubukas ng ating mga mata para sa tamang halaga ng ating sarili na may kaugnayan sa ating katatayuang ispiritwal.
- Nagkaroon tayo ng mas mabuting pang-unawa ng dalawang mahahalagang hakbang na nagdudulot ng kaakit-akit na buhay ispiritwal at katiyakan ng ating kaligtasan.
- Sa tuwing nananalangin ng may mga pangako, ang ating mga dasal ay nagdudulot ng bago at buo na kalidad. Nananalangin tayo ng may kasiyahan, at may pagtitiwala at may kaibuturan. Sa tuwing nananalangin ng may kasamang mga pangako, marami ang nakakatanggap ng katiyakan na kanilang naranasan ang Banal na Espiritu.
- Ang kanilang dakilang kagalakan ang tumutulong upang sila ay maging mga saksi at kanilang ibinabahagi ang mga pulyeto, na lalo pang nagdadagdag ng kanilang kasiyahan.

Ako ay namamangha lamang sa mga dakilang himala ng ating Dios at aking masasabi ng may kagalakan: "Sumigaw kayo na may kagalakan sa PANGINOON, lahat na mga lupain! Maglingkod kayo sa PANGINOON na may kagalakan; magsilapit kayo sa kanyang harapan na may awitan." (Mga Awit 100:1,2) "Sapagka't ang kagalakan sa PANGINOON ang inyong kalakasan." (Nehemias 8:10)

Sa ganitong paraan ko ito nakikita: Ibinigay sa akin ng Dios ang tungkulin na maging manunulat at co-ordinator. Mula sa "aking" gawain, ako ay

pinagkalooban ng Dios ng iba pang ikalawang gawain sa kanilang sarili. At ang mga ito ay ang mga sumusunod, pananalangin para sa iba, pagsasalin, pagwawasto, pananalangin, tagatustos, pagpaplano, paghahanda sa pag-imprenta, paglilimbag, pagtatatag ng mga koneksyon, suporta sa pamamahagi, pagpasa ng mga patotoo, pagdisenyo ng website, atbp. Kahanga-hanga na binigyan ng Dios ng tungkulin ang grupo. Napakahalaga ng pagtutulungan kaysa ang tao ay magtatrabaho ng mag-isa. Nais ng Dios na itugma tayo sa isa't isa. Nais kong ipaabot ang malalim na pasasalamat sa mga kapatid na naging koneksyon para dito, at ito ay ginawang posible ng ating Dios. Ang iba ay panandalian lamang at ang iba ay pang-matagalan. Sa maliit o malaki man, mahalaga na malaman ng mga kasangkot na: sa pamamagitan ng biyaya ng Dios na ako ay kamanggagawa sa dakilang plano ng Dios. Si Cristo ay gumagawa sa pamamagitan ko para sa kaluwalhatian ng Dios.

Pinahintulutan ako na maranasan ang mga dakila at hindi mapaniwalaan na gawain ng Dios. Mga bagay na lagpas sa ating magagawa. Maaari lamang akong magpuri at magbalik ng kaluwalhatian sa Kanya at nais kong ipagpatuloy ang paglilingkod sa Kaniya ng may buong galak!

Nais ng Dios na gamitin ang bawat-isa! Sa katotohanan, malimit Niyang pinipili ang mahihina, na mayroong dakilang pangako: *"…Ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan."* (2 Corinto 12:9)

Malimit na pinipili ng Dios ang pinakamahina

Si Hudson ay isang sikat at dakilang misyonero, at sa pamamagitan niya ay natatag ang China-Inland-Mission, ay nagwika, ng minsan ay may nagsabi at pumuri sa kaniyang dakilang impluwensya sa gawaing misyon.

"Para sa akin, tila baga na ang Dios ay hinanap sa buong mundo ang isang tao na napakahina para gawin ang Kaniyang gawain. Nang ako ay kaniyang nasumpungan, Kaniyang sinabi: 'Siya ay sobrang hina – puwede na siya.' Lahat ng mga higante ng Dios ay mahihinang tao, na gumawa ng dakilang bagay para sa Dios, sapagka't sila'y naniwala na ang Dios ay sumasakanila.

Aking panalangin: "Ama na nasa langit, patawarin po Ninyo kaming lahat, sa aming kilos na nagsasarili. Bigyan kami ng mapagpakumbabang puso, na tapat sa Iyo na may pagsukong hindi nahahati. Patawarin kami sapagka't malimit naming inaasahan ang katamtamang resulta. Araw-araw kaming tustusan ng Banal na Espiritu! Tulungan kami na aming maalaman ang gawain na inyong naiplano para sa amin sa panahong ito. Maaari ba na bigyan kami ng pagpapanibagong buhay at pagrereporma at gamitin kami sa dakilang pagwawakas ng ebanghelyo. Ikaw lamang ang karapat-dapat na parangalan at luwalhatiin. AMEN."

MGA KARANASAN

ULAT NG PAPURI mula sa Osaka/Japan:
Ayuno at panalangin para tanggapin ang Banal na Espiritu. Halos kaagad…
Sheri A.: Nag-umpisa kaming magtayo ng simbahan sa isang purok sa Osaka, Japan. Matapos ang isang taon, wala pa ring dumadalo sa aming simbahan at nakikinig sa pag-aaral ng salita ng Dios. Kami ay nagpasiya na sumali sa 100 Araw ng Panalangin, at kami ay lubusan na nakilahok sa pag-ayuno at panalangin para sa Banal na Espiritu sa buwan ng Mayo. **Halos kaagad** ay pinagtagpo kami ng Panginoon sa isang mag-asawa sa supermarket na kasalukuyang naghahanap ng simbahan, at hinahanap ang Dios. Kaagad sila ay nagnanais na mag-aral ng Biblia. Sila ay walang trabaho sapagka't mayroong epidemya, kaya't araw araw kaming nag-aaral ng Biblia, hanggang nag-umpisa na silang dumalo sa simbahan. Gayundin, ang isa sa aming kapitbahay ay nagsimula na ring dumalo sa simbahan. Kaya't mahigit doble ang dumadalo sa tuwing araw ng Sabbath, at ang isang maliit na simbahan ay sumisibol. Purihin ang Dios.

100 Araw ng Panalangin, Pokus ng Panalangin (100 Araw) GC Ministerial Association Hulyo 4, 2020

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang kaibahan sa pagitan ng ako ay nagtatrabaho para sa Dios kaysa sa ang Dios ang nagtatrabaho sa pamamagitan ko?*

_____

2. *Anong halimbawa mula sa Biblia na ang Dios ay gumamit ng isang tao para sa isang dakilang gawain?*

_____

3. *Paano nagawa ni Pablo ang hindi kapani-paniwalang misyon?*

_____

4. *Anong pangako ang nagpapakita sa atin na nais ng Dios gumawa ng dakilang bagay sa pamamagitan natin?*

_____

Oras ng Ating Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kapareha sa pananalangin at talakayin ang paksa kasama nila.
- Manalangin kasama ang iyong kapareha sa pananalangin . . .
  1. upang malaman kung kayo ay naglilingkod sa inyong sariling kalakasan o di kaya ay ang Dios ang nagtatrabaho sa pamamagitan ng Kaniyang lakas sa pamamagitan ninyo.
  2… para sa karunungan upang mabatid ang mga prinsipyo, mga halimbawa na nahayag mula sa Biblia sa pagtulong at paglilingkod.
  3… para sa isang malapitan na relasyon sa ating Dios upang ikaw ay tunay na maging kasangkapan ng Dios
  4… na iyong makilala ang paraan kung paano ka makakatulong sa iyong kapaligiran at sa simbahan sa ilalim ng pangunguna ng Dios.

KABANATA 4

Ika-15 Araw

MAHAHALAGANG TAON NG PAGSASANAY

Anong kabuluhan mayroon sa tamang pakikitungo upang maghatid ng mga tao papalapit kay Jesu-Cristo?

Una sa lahat, nais kong ibahagi ang ilan sa aking mga karanasan sa pag-akay ng mga kaluluwa bilang pastor. Mayroong dalawang natatanging dahilan na nag-udyok sa akin upang isulat ang mga karanasang ito: 1. Upang ang iba ay hindi magkaroon ng katulad na pagkakamali na aking naranasan at, 2. Upang makinabang ang iba sa mga positibong karanasan.

Upang himukin ang lahat, nais kong ibahagi na ako at ang dalawang kapatid na lalaki – ay tinawagan na maglingkod bilang mga pastor kahit na walang pag-aaral sa teolohiya, sa ibang salita ay bilang layko. Ito ay naganap, sapagka't mayroong malaking pangangailangan ng mga pastor sa panahon na iyon. Bago pa yan sumapit, ako ay marami ng natutunan sa 22 taon ng gawain sa simbahan.

Narito ang ilang salita tungkol sa aking mga karanasan:

Nagmula ako sa pamilya ng mga Adbentista. Ako ay nabinyagan ng ako ay 17 taong gulang. Ako ay napaka-mahiyain na kabataang lalaki. Ganunpaman, ang komite na nagmumungkahi ng kandidato ay inirekomenda ako bilang pangalawa sa guro ng Paaralang Sabado. At tulad sa karaniwan, sa panahon na iyon, wala akong lakas ng loob upang sumalungat sa kanila. Dahan dahan kong nalagpasan ang pagiging mahiyain sa pamamagitan ng gawain ng Paaralang Sabado. At sa mga lumipas na taon, ako ay naglingkod bilang pinuno ng Paaralang Sabado, pinuno ng mga kabataan, pinuno ng personal na ministry at naging pinuno sa simbahan. Bago ako naging pastor, ako ay nakapagtrabaho sa pangangalakal ng 22 taon. Ang mga natutunan ko sa larangan na iyon ay malaking pakinabang sa aking gawaing pastor. Sa

kabilang banda, ang kompanya na aking pinagtrabahuhan ay nagbigay sa akin ng pagkakataon na palawakin ang aking pagsasalita ng Ingles sa Englatera sa loob ng isang taon. At sapagka't aking pinili ang isang paaralan na Adbentista, ang Newbold College, ako rin ay nakapagturo ng ilang paksa sa Biblia. Samantala, sa mga panahon na iyon ay hindi ko naisip na sa mga susunod na panahon ako ay magiging pastor.

Ang aking mahal na asawa ay napakalaking tulong sa panahon ng aking ministeryo. Ang kaniyang tatay ay naging guro at pastor. Marami na siyang nalaman na mga bagay mula sa kanilang tahanan; at hindi lamang iyon, siya din ay malaking tulong na praktikal sa kanilang tahanan at simbahan. At binigyan pa ako ng Dios ng karagdagang tulong sa pamamagitan ng isang kaibigan at ng aking bayaw – silang dalawa ay mga pastor din naman. Kaya't aking masasabi na ako ay tinawagan ng Dios sa bagong gawain, at Kaniyang tiniyak na ako ay handa sa maraming paraan at mayroon akong nararapat na suporta.

Ano ang mahalaga sa pag-aakay ng kaluluwa?

Ako ay naging pastor ng ako ay 38 taong gulang. Nang una, ilan sa mga malawakang pagsisikap upang maakay ang mga tao papalapit kay Kristo ay nagdulot ng lupaypay na resulta. Ang mga pagkabigo na ito ang nagtulak upang aking siyasatin ng mabuti ang aking mga pamamaraan. At sa tulong ng Dios ay dahan dahan kong naunawaan ang mga bagay na dapat kong baguhin. At samantalang ginamit ko itong bagong kaalaman sa pagsasanay, ito ay nagdulot ng mga positibong resulta.

Ang mga sumusunod ay ang aking mga natutunan:

Bilang alituntunin, makabubuti na sundin ang pagkasunod-sunod:

- Ipakilala si Jesus at tulungan ang mga tao na tanggapin Siya sa kanilang mga buhay.
- Magkaroon ng pagsasanay kung paano maging disipulo, upang simulan at palalimin ang relasyon kay Kristo, at tulungan sila na maunawaan ang kapatawaran sa kasalanan at kung paano mamuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
- At matapos ito, maaari nang talakayin ang mga pangunahing katotohanan mula sa Biblia.
- Kapag ang tao ay naturuan sa ganitong pamamaraan, sa gayon ay tinutulungan natin sila na magpasya sa bautismo at umanib sa iglesya.

Gaano kalayo na maaari mong masamahan ang isang tao sa ganitong landas ay laging nakasalalay sa kung gaano sila kabukas sa impluwensya ng Banal na Espiritu.

Gaano kalayo na maaaring samahan ng kamanggagawa ni Jesus ang mga minamahal na tao sa ganitong landas, ay totong laging pabagu-bago.

Ang Una kong Napakahalagang Karanasan

Nang aking simulan ang aking trabaho bilang pastor ng 1968, ay siya ring simula ng pandaigdigan na kampanya na may pamagat na Nagsalita ang Biblia. Ang lahat ng mga kasangkot ay nagbahay-bahay at may bitbit na pagsusuri tungkol sa relihiyon. At kapag natapos ang pagsusuri, ang mga tao ay inaalok na tumanggap ng libreng Biblia. At kung sinoman ang interisado ay makakatanggap kaagad ng Biblia. Nguni't ang kasunduan ay kinakailangan muna nilang matapos ang 24 na liksiyon bago tuluyan na mapasa-kanila ang Biblia. Kaya't ibinigay muna sa kanila ang unang 2 liksiyon, at ito ay ibabalik nila matapos ang isa o dalawang linggo – kung ano ang mas ninais – upang maiwasto at ang susunod na dalawang liksyon ay iiwan na ulit sa kanila.

Sa kabutihang palad, ang simbahan na aking pinangungunahan sa panahong yaon ay buong puso na nakiganap sa proyekto. Kami ay lumalabas tuwing hapon ng Sabbath kasama ang 24 na myembro na ibinukod ng tag dalawahan sa buong panahon ng taglamig ng taong 1968/69. Matapos ang ilang buwan, mayroon 700 na mga tao ang nag-aaral ng mga liksiyon na ito. Ang aktibidad na ito ay nakalaan para sa malawakang pangangaral. Ito ay pinangungunahan ng mangangaral na si Andrew C. Fearing na nagmula sa Komperensya Heneral noong Abril 1969. May isa pang kapatid na ang pangalan ay Reinhard Rupp, isa din na mangangaral mula sa Unyon ng Timog German ang nagpatuloy ng serye ng pag-aaral. Siya ay sinundan ng iba pang tagapagsalita, na naghandog ng kanilang lektura tuwing Biyernes, Sabado at Linggo; kaya't mayroong humigit kumulang na 100 na lektura kung pagsasamahin ang naganap. Sa tulong ng biyaya ng Dios, sa loob ng dalawang taon ay mayroon 32 na tao ang nabinyagan matapos dumalo sa serye ng pag-aaral. Aking ginamit ang 10 gabay sa pag-aaral mula kay Fordyce W. Detamore upang tulungan ang mga tao na magpasya para kay Jesus. (Sa ngayon ay aking irerekomenda ang aklat na isinulat ni Mark Finley, Persuasion – How to Help People Decide for Jesus.)

Sa kasamaang-palad, mayroon lang isang babaeng kapatid ang naiwan sa pananampalataya mula sa 700 na dumadalo sa kampanya ng Nagsasalita ang Biblia. Tinanong namin ang aming mga sarili kung ano ang naging sanhi ng mahinang resulta sa aming ginawa? Makalipas ang ilang panahon, aming naunawaan ang mga sumusunod. Ang karamihan sa aming ginawa ay "trabaho ng koreo" at hindi namin binigyan ng sapat na pagsisikap ang makisalamuha sa mga tao. At saka, amin ding napatunayan na ang gabay sa pag-aaral ng Biblia ay masiyadong tumutukoy agad sa doktrina – bago pa man ang isang tao ay mailapit kay Jesus. At hindi nagtagal, ay akin ring naunawaan na ang kakulangan sa presensya ng Banal na Espiritu ang nagdulot tungo sa kakaunting resulta. Nagkaroon kami ng halos 10,000 pagtawag sa mga telepono bilang bahagi ng kampanya sa Nagsalita ang Biblia, at bagama't mayroong malawakang pagsisikap, ang aming nailapit lamang ay isang tao mula sa 700 kontak para sa bautismo.

Pinagtuunan ko ang mga detalye ng karanasan na ito, sapagka't hindi ko nais na maulit sa ibang tao ang karanasan na ito. At hindi ba mas madali at makabuluhan na matuto mula sa pagkakamali ng iba kaysa malaman mo pa ito sa iyong sarili.

Ang Ikalawa Kong Napakahalagang Karanasan

Nagkaroon ako ng sumunod na kampanya noong 1971/1972 na naganap sa ibang simbahan. At kagaya ng aming ginawa ng una, kami ay bumisita sa mga tahanan, ipinapakilala ang aming sarili at may dalang papel upang magsiyasat. Nguni't sa pagkakataong ito matapos ang pagsusuri, kami ay nagtanong sa kanila ng napatunayan at nasubukang katanungan mula sa isang pulyeto ng Aleman na Seize Life: "Ipagpalagay na mamamatay ka ngayon, may katiyakan ka ba ng buhay na walang hanggan kay Jesu-Cristo?"

Bilang patakaran, ito ay nagtulak sa amin na basahin ang pulyeto kaagad na kasama sila. Ito ay naglalaman ng maikling buod ng plano ng kaligtasan sa apat na hakbang at nagtatapos sa panalangin ng may pagsuko. Ang ilan sa mga tao ay nabagbag at kanilang ibinigay ang lugar ng tirahan ng kanilang mga pamilya at hinilingan kami na bisitahin sila at basahin din ang pulyeto na kasama sila.

Matapos na aming pinag-aralan ang pulyeto kasama ang mga interesado na mga tao, sinundan namin ito ng pag-aaral ng limang liksiyon na kung paano akayin ang mga kabataan papalapit kay Jesus na inilathala ng departamento ng mga kabataan ng Komperensya Heneral. At ng matapos yun, ay saka pa lamang namin ginamit ang serye ng Nagsasalita ang Biblia.

Sa kabuuan, kami ay nakaipon ng 150 taong nakisangkot sa serye ng nagsasalita ang Biblia.

Sinundan ito ng isang malaking programa ng pangangaral, ang serye ay humigit sa 52 mga gabi at ang tagapagsalita ay si Kurt Hasel. Mayroong 13 na tao ang nabinyagan matapos ang serye, at sa mga ito ang pitong tao ay nagmula sa aming 150 kontak. At ang resulta ng ikalawang malaking kampanya ay mas higit na mas marami kaysa ng una, na mayroon lamang isa mula sa 700 na gumanap.

Ang Ikatlo Kong Napakahalagang Karanasan

Ang sumunod na aking naging dakilang karanasan ay nangyari sa dalawang iglesya sa malaking syudad ng taong 1973/74. Matapos kong magsagawa ng anim na lektura kasama si Dr. Waldemar Maretz upang makahanap ng mga interesadong tao, sumunod ay amin silang inanyayahan sa isang grupo ng pag-aaral ng Biblia. Pitong panauhin at ilan sa myembro ng simbahan ang dumalo. Aming pinag-aralang sama-sama ang siyam na pulyeto mula sa serye ng pagiging disipulo. Ito ay naka base sa Biblia at maayos na inihanda sa

serye ng pagdidisipulo, at dito ay isinama din ang pambungad sa personal na pag-ebanghelyo. Sa serye na ito ay may kasama na dalawang liksyon sa Living with the Holy Spirit. Ang serye na ito ay ginawa upang mapakitunguhan ang tatlong sumusunod na pangunahing suliranin:

- Maraming Kristyano ang walang katiyakan sa kanilang relasyon kay Kristo.
- Namumuhay sila na naglalarawan ng pagkatalo at kabiguan.
- Hindi nila nalalaman kung paano ibabahagi ang kanilang pananampalataya sa epektibong paraan.[2]

Matapos ang medyo maikling serye ng pagdidisipulo, aming inanyayahan ang pitong bisita sa isang mahabang serye ng pangangaral na mahigit 52 na mga gabi. At sa katapusan ay mayroong 13 mga tao ang nabinyagan, ang lima sa kanila ay mula sa pitong mga kontak.

Ito ang pinakamahusay na resulta na ibinigay ng Dios sa ganitong gawain.

Muli nating ipagkumpara:

- 1 tao mula 700 na kontak
- 7 tao mula 150 na kontak
- 5 tao mula 7 na kontak

Ating nakita, na ang pamamaraan na mahusay-na-pinag-isipan ay may malaking bahagi upang makaakit ng tao papalapit kay Jesus. Ating pakatandaan: Sinoman ang magbutones ng maling butones sa isang jaket, ay hindi na maitutuwid lahat. Sa kahulihan, kinakailangan tanggalin muli ang lahat ng pagkakabutones at umpisahan muli.

Kapag ang pananampalataya ay hindi “naumpisahan” ng tama, kalimitan ay hindi makaka-asa ng mabuting resulta. At kinakailangan na ang mga sumusunod na hakbang ay mapag-planuhan ng mahusay upang hindi tayo mailagay sa “isang tabi”. Ang “isang tabi” na ito ay maaaring napaka-interesado, subali’t hindi tayo maihahatid sa tunay na mithiin – ang mag-akay ng mga tao papalapit kay Jesus.

Matapos ang positibong resulta sa ikatlong karanasang ito, palagi kong inuumpisahan ang serye sa pagdisipulo sa mga bago at interesadong mga tao. Bago dito at sa mga naangkop na panahon, akin silang gagabayan sa pulyeto na Seize Life. (Ang pulyeto na ito ay nasa kabanata 7 ng aklat na ito. Sakupin ang Buhay). At saka pa lamang ako tumutungo sa pamantayan na pag-aaral ng Biblia.

Aking natutunan, na ang mga tao na nagpasiya muna kay Jesus, ay kalimitan na nauudyukan at may sapat na lakas na tanggapin at ipatupad ang itinuturo ng Biblia.

---

2 Author Dr. William Bright - The Fundamental Problems were identified with the use of comprehensive opinion surveys.

Ika-16 Araw

Isang natatanging karanasan sa isang kabataan mula sa simbahan

Nang taong 1978, aking inanyayahan ang komite ng kabataan mula sa simbahan ng Saarland upang pag-aralan ang serye ng pagdidisipulo. Nang simula ay mayroong pag-aalinlangan ang mga kabataan. Subali't matulin itong nabago samantalang sila ay naging masaya at may pananalig na tagasunod ni Jesus sa pag-aaral na ito. Ang mga kabataan ay nagbahagi ng magagandang patotoo nang aming ninais na hikayatin ang iglesya na magkaroon ng seminar tungkol sa mga topiko na ito. At ginamit din ng Dios ang serye ng pagdidisipulo na ito upang maihatid ang mga tao sa masayang pamumuhay ng pananampalataya.

Samanatalang ako ay naglilingkod sa Saarland, aking itinala kung ilang tao ang nanalangin ng panalangin ng may pagsuko matapos basahin ang pulyeto na Sakupin ang Buhay. Mayroong 62 na tao at ang 30 sa kanila ay nagpasiya na magpabautismo. Nang dahil dito nais kong purihin at pasalamatan ang Panginoon!

Mga karanasan ko sa Bad Aibling gamit ang serye ng pagdidisipulo at ang pag-aaral ng Biblia

Simula ng taong 1984 ako ay nangasiwa sa isang tahanan ng mga retirado sa Bad Aibling (Germany). Sa pagitan ng taong 1985 hanggang 1994, kami ay nagdadaos ng seminar tungkol sa Mas Mabuting Pamumuhay tuwing tagsibol at taglagas. Minsan ay aming binibigyan ng ibang pangalan ang seminar, samantalang ang nilalaman ay katulad lamang. Ang serye na ito ay nasa 11-12 mga gabi. Sa tulong ng Dios, kami ay nakakapag-akay ng kaluluwa papalapit kay Kristo halos sa tuwing may seminar. Ang ilang panauhin at empleyado sa tahanan ng mga retirado ay dumadalo din sa seminar ng dalawa hanggang tatlong beses.

Ganito ang pagkakabalangkas ng seminar tuwing gabi:

Una, mayroong **30 minuto** na pag-uusap tungkol sa **kalusugan o pamilya** o kaya ay tulad ng **buhay ng mga Kristyano sa kanilang hanapbuhay.**

Ang **pangunahing bahagi** ng gabi ay iginugugol sa **mga katanungan tungkol sa pagiging disipulo** (ito ay serye na may 9 na pulyeto). Dinagdagan namin ng ilang paksa kagaya ng *Ang Kahalagahan ng Lokal na Iglesya sa Ating Buhay ng Pananampalataya at Ang gayuma ng mga Pamahiin.* Pagkatapos, kami ay magkakaroon ng pag-aaral ng Biblia sa mga interesado.

Simula 1984, kami ay nag-alok ng pagsasanay sa bokasyonal sa aming tahanan ng mga retirado kagaya ng: pamamahala sa opisina, pangangalaga ng bahay, punong tagapagluto, katulong na nars sa mga matatanda (1 taon) at nars para sa mga matatanda (3 taon na may klase at pagdadalubhasa sa pagsasanay bokasyonal).

Bilang karagdagan, mayroon kaming limang kabataang lalaki na naglilingkod ng alternatibo (sa halip ay serbisyo sa military).

Kapag inuupahan namin ang mga kabataan, nagtatanong kami sa kanila kung sila ay interesado din sa pag-aaral ng Biblia at sa kalusugan maliban pa sa kanilang pagsasanay bokasyonal. Ipinapaunawa namin sa kanila na nais naming ireserba ang ilang posisyon para sa mga baguhan na mga kabataan na interesado sa buong alok. Binibigyan namin ng diin na kami ay kanila lamang pipiliin kung sila ay interesado sa kumpletong alok na programa. Ang pagdalo sa pagsasanay ng bokasyonal, pag-aaral ng Biblia at kalusugan ay sapilitan sa buong panahon ng pagsasanay.

(Sa ngayon, ay idinagdag ko na rin ang pag-aaral sa etika (tuntunin sa moralidad); gamit ang aklat ni Solomon sa Mga Kawikaan. Ang aklat na ito ay naglalaman ng etika mula sa Biblia para sa ating pribadong buhay at sa ating hanapbuhay. Hindi lamang nito itinuturo ang tamang pag-uugali, kasama na din ang kinakailangang katangian para dito na may kinalaman sa pagkatakot sa Dios.)

Aming binanggit sa mga kabataan, na nasa kanila kung ano ang kanilang gagawin sa bagong kaalaman sa pananampalataya at kalusugan. At halos lahat sa mga aplikante ay nagpasya na sila ay dadalo. Kamangha-manghang nagkaloob sa amin ang Panginoon ng isang kwalipikadong babaeng Adbentista, na tumutulong sa pag-aaral ng Biblia at ng kalusugan, at nanguna sa halos lahat ng mga seminar. Mayroon siyang pagsasanay sa pagpapastor at mayroong din siyang lisensya sa pagtuturo ng pangangalaga ng bahay mula sa teknikal na kolehiyo ng mga babae.

Kami ay nagagalak na bawat taon ay mayroong isang tao na nabibinyagan. Mayroon ding dalawang taon, na kung saan ay mayroong pitong tao ang nabinyagan – karamihan sa kanila ay mga kabataang empleyado. Ito ay isang mabuting pamamaraan upang ibahagi ang ating pananampalataya sa mga kabataan. Kung kaya't bilang isang institusyon kami ay nakatulong na maganap ang komisyon ni Kristo. Kaya't ito ay nasa tama at matagumpay na paraan sapagka't nakakapag-akay ng kaluluwa kay Jesus.

Pag-aayos ng isang grupo na susuporta para sa Pansanlibutang Misyon

Nang taong 1994, ang simbahan sa Bad Aibling ay nagtaguyod ng isang grupo na susuporta sa pandaigdig na misyon bilang malayang departamento ng simbahan. (Ang ulat sa Germany tungkol sa 25 anibersaryo ay nasa www.missionsbrief.de:25 Jahrfeier). Noong 1990 ang Komperensya Heneral ay nagsulong ng plano para sa Pandaigdig na Misyon. Kanilang itinatag ang kaisipan na kupkupin ang isang-milyong-rehiyon na hindi pa napapasok na may layunin na mag-umpisa ng unang simbahan sa lugar na yun. Nagboluntaryo ang aming simbahan mula sa Bad Aibling. Kami ay kinausap na makipag-ugnayan sa komperensya ng Tashkent-Uzbekistan. Kaya't kami

ay nanguna sa isang lugar na hindi pa napapasok na “isang-milyong-rehiyon” sa Navoiy, Uzbekistan. Nang dahil sa pagpapala ng Dios, kami ay nakapagtaguyod ng simbahan na may halos 200 na miyembro. At bilang karagdagan, isang sentro ng simbahan ay naitayo din.

Mga hindi inaasahan na gawaing misyon ay lumaki mula sa mapagkumbabang panimula sa pangunguna at biyaya ng Dios. Marami kaming natutunan samantalang kami ay nakikipagtrabaho sa ating administrasyon at sa mga sumusuportang misyon. Pinagpala ng Panginoon ang pagtutulungan. At ang mga sumusunod ay naganap:

- Simula ng taong 1994 ang **mga iglesya ay naitaguyod sa pamamagitan ng mga nangunguna** (misyonerong buong panahon na naglilingkod). Isang **paaralan sa pagsasanay ng mga layko** ang naumpisahan upang sanayin ang mga nangunguna sa Navoiy-Uzbekistan. Sa loob lamang ng 4 na taon, 42 na misyonerong layko ang nasanay; 41 sa kanila ay nag-umpisang magtrabaho bilang mga misyonero. Sa pamamagitan ng kanilang pagsisikap, **10 hindi pa napapasok sa “isang-milyong-rehiyon” sa Uzbekistan ang naabot** ng pabalita”. At sa bawa’t lugar na ito ay may mga simbahan o grupo na naitaguyod. At dahil sa kanilang mga kasiglahan, **mahigit 500 na mga tao ang nabinyagan.** Matapos ang kahanga-hangang karanasan, ang aming grupo na sumusuporta mula sa Bad Aibling ay nag-umpisa na paunlarin ang dalawang proyekto sa Turkmenistan simula 2001/2002. At noong 2006, tatlong proyekto sa India ang naidagdag. Sinabi ni Ellen White ang mga sumusunod tungkol sa personal at pang ibang bansa na gawaing misyon:

- *“Ang miyembro ng ating iglesya ay kinakailangang makaramdam ng **malalim na interes** sa **tahanan at misyon sa ibang bansa**. Malaking pagpapala ang darating sa kanila samantalang sila ay nagsisikap ng may pagsakripisyo sa pagtatanim ng katotohanan sa bagong teritoryo. **Ang pananalapi na ipinuhunan sa gawaing ito ay magsasauli ng mayamang ganti.”*** (*Testimonies for the Church, vol.9, p.49.3*)

- *“Ang gawaing misyonero sa tahanan ay susulong ng mas malayo sa iba’t-ibang paraan kapag ang espiritu ng pagbibigay ng maluwag, pagtanggi sa sarili, at pagsasakripisyo ay mahahayag para sa ikauunlad ng misyon sa ibang bansa; **sapagka’t ang pag-unlad ng tahanan ay malawak na nakasalalay sa pangunguna ng Dios, mula sa impluwensya na pinabalik ng gawain galing sa malalayong bansa.”*** (*Testimonies for the Church, vol. 6, p.27.5*)

Naranasan namin ang katotohanan ng mga sipi na ito! Ang *“impluwensya pabalik”* na ito sa amin ay:

- Natatag ang mga simbahan sa Germany noong 1999 sa pamamagitan ng mga pastor, myembro ng iglesya at mga namumuno. Ang mga simbahan

na nakisangkot sa misyon sa ibang bansa sa Uzbekistan sa humigit kumulang na 8-10 taon (simula 1995), ay nakapag-alaga ng simbahan sa panahon na ito:

--Simbahan sa Bad Aibling – sa Feldkirchen Westerham
--Simbahan sa Lindau – sa Wangen, sa Lindenberg at kasama ng simbahan na ito, muli sa Isny.
--Simbahan sa Uberlingen – sa Pfullendorf at sa Markdorf

Ang mga simbahan na nakisangkot sa gawain sa ibang bansa, ay natagpuan ng humigit kumulang 100 taon na ang nakalipas. At ito lamang ang pagkakataon na kanilang naranasan ang "impluwensya pabalik", na nagmula sa kanilang gawain sa ibang bansa, at sila ay umunlad sa kanilang "gawaing misyon sa tahanan". Ito ang mga sumunod na mahahalagang gawain:

- Simula 1994, isang **magasin tungkol sa misyon Missionsbrief ay nailathala.** Ang layunin ay ipaalam at mag-udyok sa lugar ng pagtatanim ng iglesya, gawain sa tahanan at sa ibang bansa, pagpapanibagong buhay sa ispiritwalidad. (Paglalaganap: 13,000 kopya sa simbahan sa Germany, Austria at Switzerland.)

- Nang taon na 2003, ang paaralan para sa misyon sa Navoiy-Uzbekistan ay pinasara sa utos ng gobyerno. At pinagbasihan ang mahusay na resulta ng paaralan – sa apat na taon na mayroong 41 na misyonero/nangunguna ang nakilahok sa buong panahon na gawaing misyonero – kaya't aming kinausap ang Outpost Centers International sa USA at nagbigay kami ng panukala na makapagtatag ng isang institusyon na tutulong na makabuo ng paaralang-pang misyonero sa buong mundo – na may pagdidiin sa pagbabahagi ng ebanghelyo gamit ang kalusugan. Matapos ang konsultasyon, isang panalangin na pinagdugtong na may 150 tao ang nakisangkot at hiniling sa kanila na manalangin hanggang maging malinaw ang sitwasyon – kung nais ng Dios na magkaroon ng gayon na institusyon. Malipas ang madaling panahon, naging malinaw na ang ating dakilang Dios ay nagnanasa ng ganitong institusyon. At ito ang umakay sa pagbubuo ng **L.I.G.H.T. – Lay Institute for Global Health Training** na nakahimpil sa Wildwood/USA.
  Layunin: serbisyo/konsultasyon/tulong sa pang buong mundo na pagtatayo ng maliliit na paaralan para sa pagbabahagi ng ebanghelyo gamit ang kalusugan (na ang pagsasanay ay 6-12 buwan) **Sa ngayon, ang LIGHT ay aktibo sa mahigit na 100 bansa.** Nasa **5,000-6,000 na mga tao** ang gumanap sa 6-12 na buwan na pagsasanay sa paaralan ng misyon na kasanib ng LIGHT at mayroong **24,000 na mga tao** ang nakisangkot sa apat na linggo na masinsinan na kurso (hanggang sa taon na 2019).

- Simula 2012, ang **pagpapalaganap ng panitikan sa pagpapanibagong buhay** na may namumukod na 40-Araw na konsepto mula kay Dennis Smith. Ito ang pinakamahusay na ebanghelistikong konsepto na ispiritwal na aking nasaksihan. Aming hinanda ang pagsasalin sa ibang wika at pamamahagi ng libro ng *40-Araw sa vol.1-5* mula kay Dennis Smith, gayundin ang *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay, Manahan kay Jesus at Mga Kamanggagawa ni Jesus na Puspos ng Espiritu Santo* mula kay Helmut Haubeil. At karagdagan pa, ang mga sumusunod na website ay itinayo: www.schritte-zur-personlichen-erweckung.info at www.steps-to-personal-revival.info sa pakikipagtulungan sa Advedia ministry. Kung kaya't, ito ngayon ay grupo na sumusuporta para sa Pagpapanibagong buhay at Misyon Pandaigdig.
- Simula ng taon na 2014 ang **pagtatatag ng website** www.gotterfahren.info, upang ang mga taong nagsasaliksik ay makahanap ng buhay na may katuparan sa kanilang personal na relasyon sa Dios. Ang website na ito ay ipinagsanib sa Hope-Bible-Institutes sa Germany, Austria, Switzerland at Luxembourg. Ang mga institusyon na ito ang tumitingin sa mga taong nagsasaliksik na kumokontak sa kanila. Ang website na ito ay nilkha sa pakikipagtulungan sa Ilja Bondar mula sa Advedia. Ang website na ito ay nadadalaw ng 3,000 hanggang 5,000 bawat buwan.

At sa biyaya ng Dios, ang grupo na ito ay aking pinangangasiwaan sa loob ng 25 taon. Paulit-ulit ko na pinasasalamatan at pinupuri ang dakilang Dios sa Kaniyang pangunguna sa maraming karanasan, na aming pribilehiyo na magkaroon. At sa karagdagan, akin lamang pinasasalamatan ang maibigin nating Dios at mananakop na si Jesu-Kristo, na Siya ang nagbigay sa akin ng buhay na may katuparan sa aking buhay bilang propesyonal at sa buhay na retirado. At may nag-uumapaw na kaligayahan, sapagka't ako ay naging bahagi sa gawain ng Dios sa pang buong daigdig na pagpapanibagong buhay sa huling araw na kasaysayan ng mundo!

"Subali't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Kaya, mga kapatid kong minamahal, kayo'y maging matatag, hindi nakikilos, na laging sagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon." (1 Corinto 15:57,58)

Ating paglingkuran ang ating kahanga-hangang Dios na si Jesu-Cristo sa ating puso at mapuspos ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Nais natin patotohanan si Kristo sa ating salita at mga gawa – upang parangalan ang Dios, para sa kaligtasan at pagpapala ng ating kasamahan na mga tao, at para sa ating paglago bilang tagasunod ni Jesus, para sa ating kaligayahan at katuparan.

Panalangin ng may Pasasalamat: "Ama naming sa langit, nais kitang purihin at pasalamatan sa iyong kahanga-hangang patnubay. Salamat at ang aming lokal na iglesya ay nagtiwala sa Iyo at handa na humakbang sa panganib para sa pandaigdig na misyon. Nais kitang pasalamatan sa mga taong nananalangin, nagbibigay at tumutulong. Salamat sa lahat na kasangkot – ang mga nangunguna, iglesya, ang opisina ng pamunuan at ang mga ministri na sumusuporta. Pinatnubayan mo kami upang kami ay makatulong para sa kaligtasan ng ibang tao. Nakikiusap kami na ipagpatuloy mo na kami ay samahan at ang aming misyon! Salamat at aming nararanasan ang "impluwensya na bumabalik"! Aming hinihiling sa Iyo para sa pandaigdigan na pagpapanibagong buhay at repormasyon! Opo, nais namin ang panghuling dakilang paglalaganap ng ebanghelyo na mangyari na ngayon, upang si Jesus ay maaari nang bumalik kaagad! Ama, ang papuri at kalwalhatian ay mapasa Iyo magpasa walang hanggan! AMEN."

MGA KARANASAN

Mula sa Presidente ng isang saradong bansa sa Asya

"Aking pinagdarasal na babaguhin ng aklat na ito ang ating buong gawain sa misyon. Ako ay isang presidente sa isang gawain sa bukiran. Katatapos ko lang basahin sa unang pagkakataon ang aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. Ako ay humihingi ng paumanhin sapagka't hindi ko nalaman ang tungkol sa aklat na ito noong una, nguni't aking pinasasalamatan na ipinakita ng Dios sa akin ang aklat na ito ngayon.

Sa katunayan, aking natanggap ang aklat na ito mula sa isang kaibigan. Hindi ako umasa ng lubos sa aklat na ito, nguni't sa panahon na aking binuklat ang aklat na ito, tinamaan na kaagad ang aking buhay ispiritwal. Kung kaya't kagabi, aking ipinadala ang pdf na kopya ng aklat sa lahat na kasama naming manggagawa, at sinabihan sila na basahin ang aklat kasama ang myembro ng kanilang mga pamilya. Simula ngayon, Akin muli itong babasahin kasama ang aking asawa, ito din ay aking ipapadala sa aking mga anak at sa aking mga manugang. Samantalang aking ibinabahagi ang aklat na ito sa aming kasamang manggagawa, aking nalaman na ang pagsasalin sa aming dalawa

o pangunahin na salita ay ginagawa na. Ipinagdarasal ko na ang aklat na ito ang babago sa aming gawain sa misyon. Aming ilalathala ito sa aming wika, upang ang aming mga myembro ay mabendisyunan ng presensya ng Banal na Espiritu sa kanilang mga buhay. Ang dahilan kung bakit ako sumulat ay para humingi ako ng isang pabor, kung maaari sana ikaw ay pumunta dito at magsalita para sa aming isasagawang pagpupulong ng mga pamilya ng aming manggagawa. Kung ikaw ay makakarating at mapapangunahan ang mga manggagawa, ito ay tunay na kahanga-hanga.

Ipinagdarasal ko na patuloy kang gagamitin ng ating Dios at ang iyong aklat na magdadala ng pagpapanibagong buhay sa Kaniyang iglesya." (H.J. EE090220 #148)

Mahigit isang libo ang nakisangkot sa oras ng panalangin sa internet gamit ang "Manahan Kay Jesus"

Ako ay nakatira sa Curitiba-parana, Brazil. Noong isang taon, namigay ang aming simbahan ng aklat na Mga Hakbang Tungo Sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. Ito ay isang mahusay na aklat. Nabasa ko na ito ng tatlong beses. Nakagawa na ako ng 3 sermon mula sa aklat na ito. Sobrang tuwa ko ng ako ay imbitahan ng aking kaibigan sa oras ng panalangin: tuwing ika-lima ng umaga. Pinag-aaralan ng grupo ang ikalawang aklat na "Manahan kay Jesus". Dahil sa dalawang aklat na ito, mahigit isang libo na myembro ay kasangkot na sa isang oras ng panalangin, araw-araw. Maraming milagro at patotoo ang naganap. Nang ako ay sumali sa pag-aaral na ito, isang buwan na ang nakalipas, mayroon lamang 200 na kasapi. Araw-araw ang Panginoon ay nagdadala ng karagdagan na mga kapatid sa grupo na nagsasaliksik din sa Banal na Espiritu at naghahanda sa pagbabalik ni Jesus. Marami ding mga tao ang nakilahok mula sa ibang bansa gamit ang ZOOM. At ngayon, matapos ang isang buwan, mayroon nang mahigit isang libo na nakisangkot at ang grupo ay parami ng parami. Salamat sa Dios. Mayroong limang ministro ang nangunguna sa pag-aaral, na nakatuon para sa pagsaliksik sa Banal na Espiritu. At ang grupo ay mabilis na dumadami. Buong puso ako na nagpapasalamat sa mga aklat ng tungkol sa Banal na Espiritu. Binigyan mo ako ng bagong pananaw sa Dios at sa Banal na Espiritu. Salamat ng marami sa lahat. (L.T.G. EE11112020 mula sa Brazil 170)

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Anong mga hakbang ang makatutulong para makaakay ng mga kaluluwa? At mas nakahihigit, ano ang kinakailangang matutunan na malaman at ibigin ng isang tao?*

---

2. *Ano ang mahalaga sa pagbabahagi ng ebanghelyo at ano ang mga nararapat na iwasan?*

---

3. *Bakit napakahalaga ang topiko ng pagdidisipulo?*

---

4. *Ano ang iyong maaaring matutunan mula sa mga karanasan na ibinahagi dito?*

Oras ng Ating Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kapareha sa pananalangin at talakayin ang paksa kasama nila.
- Manalangin kasama ang iyong kapareha sa pananalangin . . .
  1. ...upang magtamo ng karagdagang karunungan ukol sa ugali ng Dios sa pamamagitan ni Jesu-Kristo at mabago sang-ayon sa Kaniyang likas.
  2. ...upang malaman ang tamang paraan sa pag-abot sa mga tao sa ebanghelyo.
  3. …upang maging at manatiling tunay na tagasunod ni Jesus.
  4. …para sa mga karanasan sa iyong gawain kasama ang Dios na Kaniyang palalakasin ang iyong pananampalataya.

Ika-17 Araw

KABANATA 5

"GAGAWIN KO KAYONG MAMAMALAKAYA NG TAO"

Bakit kaakit-akit si Jesus sa kakaibang paraan kahit sa sinoman?
Bakit nais Niya na mag-akay tayo ng ibang tao papalapit sa Kaniya?
Bakit at papaano tayo ginagawang mamamalakaya ng tao ni Jesus?
Papaano ako magiging mabisang saksi para kay Jesus?

Sa paanong paraan na si Jesus ay naging mahalaga sa kahit sinoman sa kakaibang paraan?

Ano ang ginawa ni Jesus para sa akin, na hindi magawa ng kahit sinoman?

Si Jesus ay nakaranas ng pagdurusa para sa akin, namatay para sa akin, at nabuhay muli para sa akin. Siya ay walang sala nguni't namatay para sa buong kasalanan sa aking buhay. Ito ang pinakadakilang sagisag na mayroon ang pag-ibig. At kahit na Siya ang namamahala sa buong mundo, Siya ay nabuhay para sa akin. Nais ko Siyang pasalamatan sa hindi maarok na pag-ibig para sa akin. Bilang aking Tagapagligtas at Dakilang Saserdote, Kaniyang itinaguyod ang kaniyang kakaibang kayamanan ng biyaya para sa akin. Ginawa Niya ang dakilang palitan sa akin. Ginampanan Niya ang buong kasalanan sa aking buhay. Binayaran Niya ang halaga nito sa krus. Ibinigay Niya sa akin ang Kaniyang katuwiran. Upang sa gayon, maaari akong mabuhay na wala ang pasan ng kasalanan.

Winasak Niya ang kapangyarihan ng kasalanan sa aking buhay upang **hindi na** ako magkasala. Ipinagtanggol Niya ako mula sa kasalanan at sa mga masamang anghel. Binigyan Niya tayo ng masaganang buhay at binabago ang aking ugali paunti-unti para sa ikabubuti, binibigyan Niya ako ng talino, upang Siya ay aking mapaglingkuran. Inilalayo Niya ako sa pinsala at

pagkaalipin. Ginagabayan Niya ako sa aking buhay at nagbibigay Siya ng kalakasan upang magtiwala sa pag-ibig ng Dios at sundin ang Kaniyang mga utos. Sumulat Siya ng liham ng pag-ibig sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, na nagbibigay sa akin ng matatag na saligan sa aking buhay at mahusay na payo para sa panahon at magpasawalang hanggan. Kalimitan, ako ay nahahatulan bilang bunga ng aking kasalanan sang-ayon sa paghatol ng Dios. Sapagka't si Jesus ay aking tagapamagitan at ipinagtatanggol ng Kaniyang katuwiran, ako ay napatawad sa lahat ng aking kasalanan. Kung wala Siya, ako ay haharap sa paghatol at sa pagpapatupad ng parusa. Hanggang sa ngayon, binibigyan Niya ako ng buhay na may katuparan. At sa pagkabuhay na muli o di kaya sa pagbabagong-anyo, ang buhay na ito ay magpapatuloy sa buhay na walang hanggan sa Kaniyang kaluwalhatian. Si Jesus ay kakaiba. Walang makakapalit ng Kaniya.

Ang pinakamahalagang relasyon ay ang pakikisama kay Jesus

Kapag tayo'y nagninilay ng ilang sandali, magiging malinaw na ang ating nagtitiwalang pagpapasakop kay Jesus ay maghahatid sa matalik at walang kapantay na pakikipag-kaibigan sa Kaniya. Mayroon ka bang kaibigan na mas tapat liban kay Jesus? Mayroon bang papalit sa malapit na ugnayang ito? Ang malapit ba na relasyon na may pag-ibig para sa iyo ang pundasyon ng buhay na may katuparan? Araw-araw kong pinasasalamatan si Jesus sapagka't nagtiwala Siya sa akin at inibig Niya ako – na ako ay nasa gitna ng Kaniyang pag-ibig. Hiniling ko sa Kaniya: Na pahintulutan na ang aming pagkakaibigan ay manatiling matatag at manatili ako sa ganitong pag-ibig.

Kapag ang iyong personal na relasyon kay Kristo ang pinakamahalagang bagay sa iyong buhay, kung gayon ano ang pinakamabuting bagay na magagawa mo para sa isang tao?

Ano ang napakahalagang tulong na maibibigay ko sa isang tao? Ano ang pinakamahalagang kalamangan na makakakuha ng kanilang pansin?

Mayroon pa bang mas hihigit sa iyong mga mahal sa buhay, kamag-anak, kaibigan at mga kakilala? Nais mo ba na matulungan sila na masumpungan ang mahalaga at napakahusay na pagkakaibigan? Ito ang pinakamahusay na bagay na magagawa mo para sa ibang tao. Sinabi ni Jesus: *"Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito ng may kasaganaan." (Juan 10:10) at "Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay."* (1 Juan 5:12) At sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, ay maaari nating ituro sa iba ang daan tungo sa bago at buhay na walang hanggan. Ito ay isang kaligayahan na walang katulad! Walang ibang karanasan na ispiritwal ang mas nakakakilig at

may gantimpala liban sa “pakikipagsapalaran sa pagsaksi tungkol kay Jesus” – kung sino si Jesus at kung ano ang kahulugan Niya para sa akin.

Bilang isang batang negosyante, aking natutunan sa panitikan kung ano ang tagumpay: “Ang bawa’t tao ay masayang pinapahintulutan ang kanilang sarili na maimpluwensyahan para sa kanilang kabutihan.”

Samantalang aking naayos ito sa bahagi ng pagtitinda ng serbisyo sa paglululan, nagkaroon na rin ako ng kapansin-pansing tagumpay.

Sa buhay ng pananampalataya, napakahalaga na makita ng ating mga kasamahan ang mabuting resulta ng ating samahan kay Jesus sa ating buhay. Ating isipin ang pinagaling na tao na nasaniban ng masamang demonyo. Sinabi ni Jesus sa kaniya: “Umuwi ka sa iyong bahay sa iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinaawaan ka Niya.” (Marcos 5:19)

Ano ang pangunahing kailangan?

Kung nais kong ipakita sa mga tao ang daan patungo kay Jesus, kinakailangan na ako mismo ang mas unang nakasumpong at nakakabit sa Kaniya. Ang tawag ng Biblia dito ay “na kay Kristo”. Binanggit ito ng 170 na beses sa iba’t ibang paraan sa bagong tipan. Nais ng Dios na magkaroon tayo ng malinaw na ugnayan sa Kaniya. *“Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo’y mayroong buhay na walang hanggan…”* (1 Juan 5:13) Mayroon ba ako ngayong katiyakan ng kaligtasan? Natitiyak ko ba na ako ay ligtas na – hindi sa dulo ng aking buhay, kundi ngayon? Sabi ni Robert Folkenberg: Walang katiyakan, walang misyon. Maaari lamang maging kapani-paniwala ang ating kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo, kung ating nalalaman na tayo ay ligtas na.

Ang nais ni Jesus

Nais ni Jesus na abutin ang ibang mga tao sa pamamagitan ng Kaniyang pag-ibig – sa pamamagitan ng mga Kristyano, na puspos ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan natin, nais Niyang akitin ang mga kalalakihan, kababaihan, mga bata papalapit sa Kaniya. Nais Niya na ikaw at ako ay maging daluyan ng Kaniyang pag-ibig. Nais Niya na ang mga tao ay maging kandidato para sa kaharian ng langit sa pamamagitan natin.

Ano ang masasabi mo sa nais ni Jesus?

Marahil ay hindi ka pa nakapag-akay ng sinoman papalapit kay Jesus. Nguni’t nakakatiyak ako na ikaw ay nagnanais din. Ano kaya ang problema?

1. Maituturing ang dalawang dahilan. Alam mo bang pangunahan ang dalisay, nagwawagi at buhay na pinangungunahan ng Espiritu?

2. Alam mo ba kung paano ibahagi ang iyong pananampalataya kay Jesus na may epektibong paraan?
   Sa mahabang panahon ay hindi ko ito nalaman…

Ang ating sitwasyon ay kagaya ng kay Pedro. *"Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya. At sumagot si Simon at sinabi, Guro, sa buong magdamag ay nagsipagpagal kami, at wala kaming nahuli: datapuwa't sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat. At nang nagawa nila ito, ay nakahuli sila ng lubhang maraming isda; at nangapupunit ang kanilang mga lambat."* (Lucas 5:4-6) Marami ang makakapagpatunay: Wala kaming nahuli. Subali't kapag si Kristo ang nasa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, maaaring muli nating ibaba ang ating mga lambat.

Paano tayo magiging mamamalakaya ng tao?

Sinabi ni Jesus kay Pedro at Andres – at ito ay tumutukoy din sa atin: *"Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao."* (Mateo 5:19) Sang-ayon sa ibang salin: *"Sumama ka sa Akin, at tuturuan ko kayong mamalakaya ng tao."* Tayo ay tinawagan na sumunod kay Jesus sa ilalim ng kapangyarihan at pangunguna ng Banal na Espiritu. At Siya ang may pananagutan para ikaw at ako ay maging *"mamamalakaya ng tao"* Sinabi Niya: *"gagawin ko kayong mamamalakaya ng tao".* Siya ang gagawa, hindi tayo. Siya ang guro at ako ang baguhan.

Paano nagawa ni Jesus na mamamalakaya ng tao ang mga baguhan?

Ngayon ay aking ibabahagi ang ilang parte ng mga patotoo na aking natanggap mula sa mga tao, matapos na kanilang isuko araw-araw ang kanilang sarili kay Jesus at idalangin ang Banal na Espiritu. Pakiusap na bigyan ninyo ng pansin kung paanong ginawa ni Jesus na sila ay maging mamamalakaya ng tao

.

- Matapos ang 40-Araw ng Panalangin, sumulat ang isang pastor: "Ang mga kaanib ng iglesya, na dati ay takot makipag-usap sa mga taong hindi kilala, ay biglaang nakipag-usap sa mga tao ng kusang-loob." Ano ang naging kaibahan? Buhay na nasa Banal na Espiritu. (532,1)

- Sa buong araw, ang Espiritu ng Dios ay nagpapatotoo ng paulit-ulit sa aking diwa na ako ay anak ng Dios at mayroon akong katiyakan ng Kaniyang pangunguna. Ang ligaya na mayroon ako sa bagong karanasan bilang Kristyano ay nagpapaligaya sa akin at naudyukan ang ilang kaanib ng iglesya na basahin din ang maliit na libro. (#532,37)

- Napakalaki ng epekto, sapagka't ang pag-udyok at kaligayahan ay kapansin-pansin. Sa panahong ito ay nagkaroon ako ng maraming karanasan. Naghahanap din ako ng pagkakataon na ibahagi kung ano man ang lumalaganap sa akin. (#532,38)

- Napupuno ako ng kaligayahan, kapag aking naibabahagi si Jesu-Kristo. (#532,46)

- Itinuturing ko dati na ang gawaing misyon ay isang obligasyon. Ngayon, ang aking nais ay banggitin sa ibang tao ang tungkol kay Jesus. Maliban sa ginising ni Jesus sa akin ang pangangailangang ito, Siya din ay nagbukas ng maraming pagkakataon. Dahil dito, nais kong pasalamatan at purihin ang Dios. (#532,48)

- Kahangahanga na maranasan kung paanong ang Banal na Espiritu ay ipinapakita at itinuturo sa akin kung paano magmahal si Jesus at kung gaano Siya nag-aalala sa mga naliligaw. Malaya na akong nakakapagsalita tungkol kay Jesus, na halos pinakikinggan ng lahat. Malimit ay inaasikaso ng Banal na Espiritu ang bawa't detalye ng pagtatagpo at usapan, kung kaya't ako ay namamangha. Ninanasa ko na ang mga nakapalibot sa akin ay mararanasan ang mayroon ako ngayon. (#532,54)

- Sa mga nakalipas, pinangunahan ako ng Banal na Espiritu na magsaksi ng pabugso-bugso. Ngayon ito ay nagaganap ng araw-araw. Hindi ko kinakailangan na "maghanda ng sasabihin", sapagka't ibinibigay sa akin ng Dios ang tamang mga salita, sapagka't Siya lamang ang nakakakilala sa ibang mga tao. (#532,57)

Lahat ng mga karanasang ito ay naganap, matapos na inumpisahan ng mga taong ito ang araw-araw na paghingi ng Banal na Espiritu at tanggapin na may pananampalataya. At sa karagdagan, kanilang isinuko araw-araw ang kanilang sarili kay Jesus at nahanda na maglingkod. Naisip ko na sa mga patotoo na ito ay ating nakita kung paano nag-umpisa si Jesus na tayo ay gawing mamamalakaya ng tao. Ito ay ginawa Niya sa pamamagitan ng Kaniyang paninirahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. (Tignan ang maliit na aklat na: Manahan kay Jesus, kabanata: Si Jesus na nananahan sa inyo.) Ang buhay na kasama ang Banal na Espiritu ay nagbabago ng ating ugali sa ating misyon at nagbibigay sa atin ng pangunahing kakayahan at kaligayahan para dito.

Personal na Pagsisikap

Isinulat ni Ellen White: "Ang personal at indibidwal na pagsisikap para sa kapakanan ng iyong mga kaibigan at mga kapitbahay, ay higit ang magagawa kung ating kakalkulahin. …Lumapit ka sa iyong mga kapitbahay (mga kaibigan, mga kakilala) bawa't isa, maging malapit sa kanila hanggang ang kanilang mga puso ay mapainit ng iyong hindi makasariling interes at pag-ibig. Makipagsimpatya sa kanila, manalangin para sa kanila, humanap ng pagkakataon na sila ay iyong matulungan." (E.G.White, Review and Herald, March 13,1888) Wala nang ibang karanasan sa ispiritwal ang makakapagpaligaya at makapagbibigay ng katuparan maliban sa karanasan na ibahagi sa ibang tao ang tungkol kay Kristo at akayin sila papalapit sa Kaniya. (May karagdagan pa tungkol dito sa mga susunod)

SA PAANONG PARAAN KO MAAAKIT ANG IBANG TAO KAY JESUS?

Ika-18 Araw

Ngayon, ay nais nating pag-aralan ang mga paraan na ang ating mga buhay at ang ating mga patotoo ay magiging mabunga para kay Jesus. Nais nating gawin ito sa pinakasimpleng paraan. Kung ito ay ating masusundan, kung gayon ang ating buhay ay magiging malago at makapagdadala tayo ng mga bunga para sa Panginoon, sa bagong paraan.

Panalangin: Ating idalangin araw-araw: "Panginoon, tulungan mo akong pumayag na maging handa sa mga bagay na nais Mo. Nakikiusap ako, na iyong gisingin sa akin ang pagnanasa na mahikayat ang mga taong nawawala para sa Iyo. AMEN."

Ang aking relasyon kay Cristo

Kapag tayo ay "na kay Kristo", kung gayon ang pinakamahalagang kondisyon ay nasa lugar na. Napakahalaga na ating italaga ang ating mga sarili kay Jesus tuwing umaga – sa lahat ng bagay na mayroon tayo at kung anuman tayo. Maliban dito, kinakailangan, na araw-araw tayo ay mapuspos ng Banal na Espiritu; kinakailangan na tayo ay manalangin ng may katiyakan at mahusay gamit ang Kaniyang mga pangako. Sa ganitong paraan, si Jesus ay makapaninirahan sa atin, na siyang nagsabi: "Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo…Ang nananatili sa Akin, at Ako'y sa kaniya ay siyang nagbubunga ng marami." (Juan 15:4,5) Inaanyayahan tayo ng salita ng Dios upang ating suriin ang ating mga sarili: "Siyasatin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo'y nasa pananananampalataya; subukin ninyo ang inyong mga sarili. Hindi ba ninyo

nalalaman na si Jesu-Cristo ay nasa inyo? Malibang kayo'y nabigo sa pagsubok." (2 Corinto 13:5) Nais ng Dios na ating malaman ang ating ispiritwal na kalagayan. Kailan ba tayo nagiging diskuwalipikado o walang kakayanan? Ang ating kakayanan ay ipinagkakaloob sa atin kapag si Jesus ay nasa atin, kapag tayo ay napuspos ng Banal na Espiritu. Ang tawag ng Biblia sa ganitong tao ay nasa laman (namumuhay sa kalakasan bilang isang tao, wala sa kaniya ang Banal na Espiritu). (1 Corinto 3:1-4; Roma 8:1-17) Ang isang sasakyan ay hindi aandar kung walang gasolina, gayundin, hindi magaganap ng isang Kristyano ang kaniyang tungkulin kung wala ang Banal na Espiritu. "Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko…." (Mga Gawa 1:8)

Ngayon, ay nais nating sulyapan ng maingat nguni't maiksi ang mahahalagang puntos. Nais ko muling ulitin: kung ito ay iyong masusunod, magkakaroon ka ng buhay na ganap at ikaw ay makapagdadala ng mga bunga para kay Kristo sa bagong paraan. Maaari sigurong, iiwanan mo ang mga "lambat" ng iyong tungkulin ngayon at maghikayat ng mga tao para kay Jesus sa pamamagitan ni Jesus.

1. PAGPAPASAKOP KAY CRISTO

Buong-buo ko na bang ipinasakop ang aking buhay kay Jesu-Cristo? Araw araw ko bang isinusuko ang aking buhay sa Kanya at kung ano ang mayroon ako? Ano ang kabuluhan mayroon sa aking pagsuko?(Para sa karagdagang detalye, tignan ang Manahan kay Jesus, kabanata 2)

Ang buong pagpapasakop kay Jesu-Cristo ang susi para sa kaligtasan, tungo sa bagong buhay (Juan 3:1-21), tungo sa pagtatagumpay laban sa kasalanan (Roma 8:1-4), tungo sa pagiging puspos ng Banal na Espiritu (Efeso 3:16,17) at tungo sa katiyakan ng kaligtasan.

Ang Banal na Espiritu ay ang pinakamataas na kaloob para sa Kaniyang mga alagad. Ang Banal na Espiritu ay ang regalo, na nagdadala pa ng ibang mga kasunod na mga regalo. "Nguni't kagaya ng ibang mga pangako, ito ay ibinibigay sang-ayon sa kondisyon. … Kanilang pinag-uusapan tungkol kay Kristo at tungkol sa Banal na Espiritu, nguni't hindi naman natatanggap ang pakinabang. Hindi nila ipinasasakop ang kanilang kaluluwa upang mapatnubayan at mapangunahan ng mga Banal na ahensya." (E.G.White, *The Desire of Ages*, p. 672.1) Marami ang hindi nagsusuko ng kanilang sarili sa Dios – ang malimit na dahilan ay sapagka't hindi nalalaman – at pinangungunahan na nila ang kanilang mga sarili. Kung kaya't ang bahagi na ito ay pinamagatan na: Pangako kay Jesu-Cristo.

Ang mga tumatanggap kay Kristo sa pamamagitan ng Kaniyang salita, at ipinasasakop ang kanilang kaluluwa para sa Kaniyang pag-iingat, ang kanilang buhay para sa Kaniyang pagsasaayos, ay makakasumpong ng kapayapaan at katahimikan. Walang anumang bagay dito sa mundo ang

makakapagpalungkot sa kanila kung si Jesus ang nagpapaligaya sa kanila sa pamamagitan ng Kaniyang presensya. Mayroong ganap na kapahingahan sa ganap na pagpayag." (E.G.White, *The Desire of Ages*, p.331.2)

Bakit magpapasakop?

Ang pagpapasakop ay malinaw na naipaliwanag sa aklat na Paglapit kay Kristo: "Nais ng Dios na pagalingin tayo, at palayain tayo. Subali't dahil ito ay nangangailangan ng buong pagbabago ng anyo, ang ating mga ugali ay kinakailangang mabago, kinakailangan nating isuko ang ating mga sarili sa Kaniya…Kaniyang itinakda sa ating harapan ang taas ng pagpapala na kung saan nais Niyang dalhin tayo sa pamamagitan ng kaniyang biyaya. Nag-aanyaya Siya na ating ibigay ang ating sarili sa Kaniya, upang magawa Niya ang Kaniyang kalooban sa atin. At sa atin pa rin nananatili ang pagpili kung ating pipillin na mapalaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan, at makasama sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Dios." (E.G.White, *Steps to Christ*, p.43.2-43.4)

Ang pagpapasakop natin sa Dios ay nagbubunga ng hindi masukat na mga pagpapala. Tinatawagan tayo ng Dios na magpasakop, sapagka't nais Niya na tayo ay pagalingin at palayain. Mula saan? Kapag si Jesus ay pinahintulutan na pangunahan ang ating mga buhay, sa gayon ay mapapalaya Niya tayo mula sa bagsik ng ating pagka-makasarili, ang halimbawa ay, inggit, galit, ugali na parang amo, kasakiman, pagkagumon, poot, pagmamataas, kayabangan, kawalang pag-asa, kababaang uri, atbp. Ating alalahanin: Ang problema ng bawa't tao ay ang kanilang mga sarili. Ikaw ang pinakamalaki mong problema. At ang Dios lamang ang makapaghahatid sa tunay na kalayaan. Nguni't ang magpapalayok ay maaari lamang hulmahin ang palayok na nasa kaniyang mga kamay, at ito ang dahilan kung bakit nais ng Dios ang ating pagpapasakop.

Paglaya at kaginhawahan sa pamamagitan ng Pagpapasakop

Sa ganitong paraan, nais din ng Dios na tayo ay palayain mula sa kapangyarihan ng kasalanan (Roma 8:1-4) at mabigyan tayo ng banal na patnubay at pag-iingat (1 Juan 5:18). At bilang karagdagan, ang ating buhay ay mas nagiging simple kapag tayo ay nagpasakop. Sinabi ni E.G.White: "Ang pagpapasakop ng lahat ng ating kapangyarihan sa Dios ay nagpapasimple ng lubos sa problema ng buhay. Pinahihina nito at pinaiiksi ang libong pakikipag-punyagi dulot ng silakbo ng damdamin." (*My Life Today*, p. 6.6, egwwritings.org)

Napakahalaga: Mapuspos ng Banal na Espiritu

Pinagkalooban tayo ni Jesus ng mahahalagang tagubilin upang tayo ay Kaniyang maging mga saksi: *"Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko…hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa."* (Mga Gawa 1:8) Iniutos ni Jesus sa Kaniyang mga alagad na antayin na sila ay mapuspos ng Banal na Espiritu, bago nila umpisahan ang aktibong gawain para sa Kaniya (Mga Gawa 1:4). Ipinapakita dito na ang Banal na Espiritu ay mahalagang pangunahing kailangan sa ating pagsaksi. Si Jesus ay sumasa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Tinutulungan Niya tayong maging saksi. "Sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa." (Juan 15:5) Nagwika si Jesus: *"At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Kordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, sapagka't hindi nila inibig ang kanilang buhay maging hanggang sa kamatayan."* (Apocalipsis 12:11) Tayo ay mananagumpay sa pamamagitan ng dugo ng Kordero – ang Kaniyang sakripisyo para sa atin ay nagiging epektibo sa pamamagitan ng ating nagtitiwalang pagpapasakop kay Jesus – at sa pamamagitan ng salita ng Kaniyang patotoo sa pamamagitan ng pagsasabi sa ibang tao kung ano ang ginawa ni Jesus sa atin. Hindi nila inibig ang kanilang mga sarili hanggang sa kamatayan, ay nagpapakita sa atin na ang buhay na nagpasakop kay Jesus ay nananatili hanggang sa dulo ng kanilang buhay. Ang ibig sabihin ng pagpapasakop ay: nabubuhay para kay Jesus (2 Corinto 5:15)

Pagpapasakop – ipinaliwanag ng detalyado

Ang pangunahing layunin ng "Pagpapasakop kay Jesus" ay pinakitunguhan ng detalyado sa ikalawang aklat ng serye Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. Ang aklat ay may pamagat na Manahan kay Jesus. Kabanata 2: "Pagpapasakop kay Jesus". Labis na inirerekomenda na basahin muli ang kabanatang ito.

2. PUSPOS NG ESPIRITU

Sinabi ni Jesus sa Juan 15:4 "Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo." Ang pananatili ni Jesus sa akin ay nakabatay sa akin. Malinaw na ipinakita Niya sa atin kung ano ang mga resulta ng pananahan ni Kristo. "Ang nananatili sa akin at ako'y sa kanya ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. Kung ang sinoman ay hindi nananatili sa Akin, siya'y itatapong katulad ng sanga at matutuyo, at sila'y titipunin at ihahagis sa apoy at masusunog. Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang mga salita ko'y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito'y gagawin para sa inyo. Sa pamamagitan nito'y naluluwalhati ang Aking Ama, na kayo'y magbunga ng marami, at maging mga alagad ko." (Juan 15:5-8)

Paano ako mananahan kay Jesu-Cristo?

Mayroong kahanga-hangang paliwanag sa salita ni Jesus na "Manahan ka sa akin" sa "Bukal ng Buhay", ang kahulugan ay:

- isang patuloy na pagtanggap ng Kaniyang Espiritu (Kaya, ito ay ang araw-araw na paghingi ng Banal na Espiritu at pagtanggap sa Kaniya)
- Isang buhay na tuluyang ipinasakop sa paglilingkod sa Kaniya (at sa dahilang ito, ating muling ipinasasakop ang ating sarili tuwing umaga.) (E.G.White, Ang Bukal ng Buhay, p.676.2 egwwritings.org)

Ang Daan Tungo sa Tunay na Kaligayahan

Ang dalawang bahagi na banal na solusyon na ito ay ang daan tungo sa masayang buhay. Bakit? Ganito ang paliwanag ni Jesus: *"Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo upang ang aking kagalakan ay mapasainyo, at ang inyong kagalakan ay malubos."* (Juan 15:11)

Si Cristo ay nabubuhay sa atin sa pamamagitan ng dalawang hakbang na ito (patuloy na pagtanggap ng kaniyang Espiritu at buhay na tuluyang ipinasasakop sa paglilingkod sa Kaniya) at ito ang daan tungo sa ganap na kasiyahan. Ito ang daan tungo sa tunay na kaligayahan.

"Araw-araw" ang sikreto

Sabi ni Jesus sa Lucas 9:23 na ang ating pagiging alagad ay araw-araw na kapakanan. At binabanggit sa 2 Corinto 4:16 na ang kalooban ng isang tao ay binabago araw araw. Kinakailangan nating hingiin araw-araw na mapuspos ng Banal na Espiritu (Lucas 11:13 at Efeso 5:18 sa Griyego: patuloy na hingiin) at araw-araw tayong magpasakop kay Jesu-Cristo. Sa tingin ko ito ang pangunahing layunin sa bawa't isa ng ating pagsamba tuwing umaga. Nais ni Jesus na samahan tayo sa buong araw (tignan ang Mateo 6:33). Nananalangin ka ba gamit ang mga pangako upang mayroon kang katiyakan na matatanggap mo ang Banal na Espiritu? (1 Juan 5:14,15; Marcos 11:24; 2 Pedro 1:3,4)

Isang Buhay na Puspos ng Espiritu – Ipinaliwanag ng Detalyado

Nais kong iharap kahit kanino, sa mga nagnanasa na basahin ang paksa na ito ng mas malalim sa aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay, lalo na sa kabanata na "Ang ating mga Problema sila ba'y kayang Lutasin?" Ipinapakita dito kung bakit ang araw-araw na paghingi ng Banal na Espiritu ay mahalaga at kinakailangan. Maaari mo ring

basahin ang kabanata “Ang Susi sa Praktikal na Karanasan.” sa aklat din na iyan, na ipinakikita kung paano manalangin gamit ang mga pangako upang magkaroon ng katiyakan na ang ating mga panalangin para sa Banal na Espiritu ay masasagot.

Ika-19 Araw

3. PANANALANGIN PARA SA IBA PAANO KO SASANAYIN ANG PANALANGIN NA PUSPOS NG ESPIRITU PARA SA IBA ?

Bakit kailangan na tayo ay manalangin para sa ibang tao?
Sabi ni E.G.White:

“Sa pamamagitan ng maraming panalangin, kinakailangan mong magtrabaho para sa mga kaluluwa, sapagka’t ito lamang ang tanging paraan upang maabot ninyo ang mga puso.” (Evangelism, p.341.3) kung kaya’t, ang panalangin na puspos ng Espiritu ang tanging daan patungo sa puso ng mga tao.

- Isang pastor ang sumulat: isang karanasan ang may kinalaman sa isang kapatid na babae na German-Russian. Nakibahagi siya sa 40 araw ng pag-aaral ng Biblia at nagsimulang ipanalangin ang kaniyang mga kapitbahay na nagsasalita ng Russian. Nang kaniyang binanggit sa isa niyang kapitbahay na siya ay nananalangin para sa kaniya, ang babae ay nagulat at nagsabi na siya ay naghahanap ng isang simbahan na nangingilin ng Sabbath sang-ayon sa Biblia. Ang babae na ito at kasama ng iba pa ay dumalo sa mga pangangaral. At dalawa sa kanila ay nabautismuhan. (#532,19)

- Nagkaroon ng malaking pagsulong sa kaniyang pananampalataya ang aking kasama sa panalangin. Ang masinsinang panalangin ay naging ugali niya, at pag-ulit ng 40 araw. Bukas, mayroong tatlo hanggang limang tao na aming ipinapanalangin ang dadalo at magiging bisita sa Sabbath. (#532,30)

- … Aming tinalakay ang aming nabasa at aming ipinanalangin ang limang mahahalagang mga tao. Nagkaroon kami ng kamangha-manghang karanasan. Isang kabataan, na aming ipinapanalangin , ang nag-umpisang magkaroon ng pagnanasa sa pananampalataya at nagsimulang magtanong ng tungkol sa Dios. Isang kamag-anak ng aking kasama sa panalangin ang nakaranas ng pagpapala mula sa Dios nang ang kaniyang problema ay nagkaroon ng kalutasan. Aking naibahagi sa aking kasama sa trabaho ang aking pananampalataya, kahit na aking iniisip na ito ay imposible. Ang Dios ay lubos na nagpapala. (#532,53)

- Matapos ang 40-araw ng pananalangin, isang kapatid na babae ang nagsabi: "Pagkatapos ng masinsinan na panalangin, ang Banal na Espiritu ay nagtrabaho lalo na sa aking asawa at muli siyang inakay pabalik sa simbahan matapos ang maraming buwan na siya ay hindi nakadalo. Kaya ng Dios gumawa ng mga dakilang bagay!" (#532,4D)

Ang mga karanasang ito ay nagpapakita sa atin na ang panalangin na puspos ng Espiritu ay nagbibigay ng maraming kasagutan sa mga panalangin para sa iba.

Nagturo si Jesus ng Panalangin Para sa Iba

Isinalaysay ni Jesus ang isang parabula tungkol sa isang kaibigan na dumalaw ng hatinggabi sa topiko ng pananalangin para sa iba. (Luvas 11:5-8). Ang kaibigan ay dinalaw ng isang hindi inaasahang bisita isang hatinggabi. Wala siyang anumang bagay na maaari niyang ialok sa kaniyang bisita. Kaya't siya ay nagmamadali na pumunta sa kaniyang kapitbahay at humiling ng tinapay. Siya ay nananalig ng lubusan na tutulungan siya ng kanyang kaibigan. At malaon, siya ay nakatanggap ng tinapay. Nilinaw ni Jesus, na wala tayo na anomang bagay sa ating mga sarili. Kinakailangan nating lumapit sa ating banal na kaibigan, upang ating tanggapin ang tinapay ng buhay para sa ibang mga tao. Matapos ay sinabi ni Jesus: *"Sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo ay bibigyan…"* (Lucas 11:9) At sa mga pangungusap na ito, tayo ay Kaniyang inaakay sa dakila, may pag-ibig at nagmamadaling panawagan – na tayo anuman ang kapalit ay humingi ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay mahalaga para sa ating pananalangin para sa iba.

Manalangin sa Banal na Espiritu / Manalangin sa Pangalan ni Jesus

Ang salita ng Dios ay nag-aanyaya sa atin na *"Manalangin sa Banal na Espiritu"*. (Judas 20) Kinakailangan tayong manalangin na puspos ng Banal na Espiritu. Ito ay kagaya din ng pananalangin sa pangalan ni Jesus. Tayo ay nananalangin sa pangalan ni Jesus, kung tayo ay nabubuhay ng may tuluyang pagpapasakop sa Kaniya at handang sumunod sa Dios sa lahat ng bagay. Marami ang mga kamangha-manghang pangako sa ganitong panalangin:

- "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sumasampalataya sa akin ay gagawin din ang mga gawang aking ginagawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagka't Ako'y pupunta sa Ama." (Juan 14:12)

- "At anumang hingin ninyo sa aking pangalan ay aking gagawin, upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak. Kung kayo'y humingi ng anuman sa pangalan ko ay gagawin ko." (Juan 14:13,14)

- “Kung kayo’y mananatili sa akin, at ang mga salita ko’y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais, at ito’y gagawin para sa inyo.” (Juan 15:7)

- Kung tayo ay mananalangin na kasama ang isang *prayer partner,* sa gayon tayo ay may karagdagang pangako mula kay Jesus sa Mateo 18:19: *“Muling sinasabi ko sa inyo, na kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anomang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng aking Ama na nasa langit.”*

- *“Hindi…Niya ibig na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay dumating sa pagsisisi.”* (2 Pedro 3:9)

- “Kung makita ng sinoman ang kaniyang kapatid na nagkakasala ng kasalanang hindi tungo sa kamatayan, ay idalangin siya at bibigyan siya ng Dios ng buhay, na ukol sa mga pagkakasala ng hindi tungo sa kamatayan. May kasalanang tungo sa kamatayan, hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin ninyo.” (1 Juan 5:16)

Mga karagdagang pangako para sa ating mga anak at kamag-anak:

- “Nguni’t, ganito ang sabi ng PANGINOON: ‘Pati ang mga bihag ng makapangyarihan ay kukunin, at ang biktima ng malupit ay maliligtas, sapagka’t ako’y makikipaglaban sa mga makikipaglaban sa iyo, at aking ililigtas ang mga anak mo.” (Isaias 49:25)

- “At kanilang sinabi, ‘Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sangbahayan.” (Mga Gawa 16:31)

Ating makikita sa 40-Araw na aklat vol. 1, 2, at 3 na sulat ni Dennis Smith sa ‘pagpapakilala at pangkalahatang-ideya’ ang mga karagdagang mga pangako para sa panalangin para sa iba. Tignan ang Appendix A: Mga Pangako para sa Panalangin Para sa Iba.

Ang salita ng Dios ay tumatayo ng mas mahusay kaysa mga bundok

Kung si Kristo ay nasa atin at tayo ay nananalangin gamit ang Kaniyang mga pangako, kung gayon tayo ay makakatiyak na didinggin ng Dios ang ating mga panalangin. Sa gayon ito din ay maaari sa ating mga panalangin:

“Magiging gayon ang aking salita na lumalabas sa bibig ko; hindi ito babalik sa akin na walang bunga, kundi gaganapin ang ayon sa layunin ko, at magtatagumpay sa bagay na kung saan ay sinugo ko ito.” (Isaias 55:11)

“ Ang langit at ang lupa ay lilipas, nguni’t ang aking mga salita ay hindi lilipas.” (Mateo 24:35)

Listahan sa Panalangin

Nais mo ba na masumpungan ng iyong mga kamag-anak, mga kaibigan, at kapitbahay si Kristo? Kung gayon ay kailangan mong gumawa ng listahan sa panalangin at ipagdasal sila palagi. Magtiwala sa kakayanan ng salita ng Dios gamit ang Kaniyang mga pangako.

Gaano kadalas natin silang dapat idalangin?

Maraming mga masigasig na Kristyano ang may mga masidhing listahan ng mga panalangin para sa ibang tao. Minsan, aking nararamdaman na ang ating mga panalangin ay nagiging mababaw, kapag ating sinusubukan na silang lahat ay idalangin araw-araw. Ako ay nagtataka: Hindi kaya mas mainam kung kaunti lang muna sa kanila ang ipanalangin araw-araw – siguro kahit ilang beses sa loob ng isang araw – at sa mga susunod ay ipanalangin ang iba ng isa o mas higit pa sa loob ng isang linggo, upang ating madala ng may kahabaan ang kanilang mga inaalala at mga pangangailangan sa harapan ng ating Dios?

Gaano karaming mga tao ang kinakailangan kong idalangin ng espesyal?

Iminungkahi ni Dennis Smith[3] at ni Josef Kidder[4] na kailangan nating manalangin para sa limang hindi pa naaabot ng mga tao. Kinakailangan nating bumuo ng ugnayan sa kanila at payamanin ang pakikipag-kaibigan sa kanila. Sinabi ni Josef Kidder: “Malimit kong hinihikayat ang mga kaanib ng iglesya na manalangin palagi para sa limang mga tao, at tugunin ang kanilang pangangailangan sa matulungin at makaibigang pamamaraan, at sila ay kanilang ibigin. Aking nakita bilang resulta ng ganitong paraan ng panalangin, na maraming mga tao ang tumanggap kay Jesus bilang kanilang Panginoon. Bakit hindi ninyo ipanalangin ang limang tao, kagaya ng aking ginagawa, at inyong tignan kung ano ang magagawa ng Dios para sa kanila?”

---

3 Dennis Smith, 40-Days (book one) - Prayaers and Devotions to Prepare for the Second Coming, in this book: Part Two: The Holy Spirit and Prayer, pp.47f

4 S. Joseph Kidder, … und sie wōchst doch! Vier entscheidente Foktoren für das Wachstum von Gemienden (Lüneberg 2014), S. 101,131,124,136 - English: The Big Four Secrets to a Thriving Church Family, 2011 R&H

Kailan ko sasabihin sa ibang tao na ako ay nagdadasal para sa kanila?

Kailan natin sasabihin sa mga tao na tayo ay nagdadasal para sa kanila? Maraming mga magkakaibang pananaw para sa paksang ito. May nagmumungkahi na maaari itong banggitin sa simula. May ibang mungkahi na maaari itong banggitin sa kanila matapos mo silang ipagdasal ng tatlo hanggang apat na linggo.

Maaari nating sabihin sa kanila na ang ating iglesya (prayer group, care group) ay nagplano para sa anim na linggo na espesyal na panahon para sa pananalangin. "At nais kitang ipagdasal. Mayroon ka bang espesyal na panalangin para sa iyong kalusugan, pamilya, o trabaho na maaari kong idalangin?"

Ika-20 Araw

Panalangin Para sa Iba at Kalayaan

Isa pang suliranin na maaari nating isaalang-alang: Hindi pinupwersa at iniimpluwensyahan ng Dios ang tao kapag sila ay ating ipinagdarasal. Nagkaloob ang Dios sa bawa't tao ng kalayaan at Kaniya itong nirerespeto. Subali't – aming naranasan ng aking mahal na asawa sa kakaibang sitwasyon, kung paano ang Dios ay nagbigay ng bagong pananaw. Nagkaroon kami ng bagong kaisipan. Kami ay biglang naging handa na gawin ang hindi pa namin nagagawa dati. Ating mababasa sa Mga Gawa 16:14 tungkol sa isang babae na negosyante sa Philippi at kung "papaanong binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso na maunawaan ang mga sinasabi ni Pablo".

Responsibilidad natin na magdasal upang ang ibang mga tao ay masumpungan si Kristo at ituro sila sa Kaniya. Ang Dios lamang ang makakalikha ng pananampalataya sa kanilang mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at baguhin ang kanilang pag-iisip at buhay. Nguni't isang bagay ang dapat natin tandaan: kalimitan, ang taong puspos ng Espiritu, na nananalangin, ang makakaasa na ang kanilang mga panalangin para sa kaligtasan ng kanilang mga kamag-anak o ibang tao ay sasagutin.

Mga Kasagutan sa Panalangin Para sa Iba

Nakatanggap ako ng maraming mga patotoo, na isinalaysay ng mga kapatiran na mga kasagutan sa dasal nang nag-umpisa silang manalangin ng Banal na Espiritu at mamuhay ng malapit kay Jesus. Mga halimbawa:

- Isang matandang lalaki mula sa isang pamilya ng Adventista ang dumadalo sa simbahan at malimit sa mga pagpupulong. Matapos ang ilang taon, siya ay nagpasiya na magpabinyag. (#532,4 O.)

- Dalawang mga tao, na aking binibigyan ng pag-aaral sa Biblia, ang tumanggap sa araw ng Sabbath. (532,4 M.)

- Hindi tayo pinag-aantay ng Dios. Binigyan Niya tayo ng mga kahanga-hangang katugunan sa mga dasal sa panahon ng 40-araw. Mayroong isa, na aming idinadalangin ng masinsinan, ang muling nakapagtatag ng koneksyon sa simbahan, matapos ang matagal na panahon. Ito ay mga sandali ng dakilang katuwaan.

- Ang kaniyang bunsong anak na lalaki ay maraming problema sa simbahan, kung kaya sa 40-araw ng pananalangin, siya at ang kaniyang kapareha sa panalangin ay nagdasal para sa kaniyang anak. Bilang resulta, binago ng kaniyang anak ang kaniyang buhay at nag-umpisa na maghanda para sa pagpabinyag. (#532,16)

- Isang lalaki, na ayaw magpatawad, ang nagkaroon ng karamdaman sa pag-iisip, nawalan ng trabaho at nakabuo ng mga kaisipan ng pagpapatiwakal. Nasira din ang kaniyang relasyon sa asawa. Ang ganitong sitwasyon ay umabot ng isang taon. Siya ay nabalik sa pamamagitan ng panalangin at nagkaroon siya ng tagapayo na may kakayanan. Dalawang kapareha sa pananalangin ng 40-araw ang nananalangin sa kaniya araw-araw. Ang pagbabago ay nangyari matapos ang dalawang buwan. Siya ay muling nakapagpatawad, nakabalik siya sa kaniyang asawa at mga anak, at katinuan niya sa buhay ay bumalik at siya ay muling nakapagtrabaho. (#532,17)

Tatlong detalyadong patotoo ay nagbahagi kung paanong ang mga tensyon na umabot ng mga dekada na ang tagal, at walang may nais na ayusin ang problema, at sa pamamagitan ng 40-araw ng pananalangin para sa iba, ito ay naayos din. (marami pa sa www.steps-to-personal-revival.info: mga patotoo: Bilang 3/40, 4/52, 7/84 a und 7/84 b.)

Nawa'y gumawa din ang Dios ng masinsinan sa puso ng mga taong inyong ipinapanalangin.

PAANO KO MAPAPANATILI ANG MGA KONEKSYON?

Ang 40-Araw na aklat ni Dennis Smith ay mayroong mga makabuluhang mga payo kung paano mapapanatili ang mga kontak, ito ay nasa ilalim ng bahagi ng "pagpapakilala at pangkalahatang ideya"

Kaniyang sinabi: Ang mga sumusunod na listahan ay nagkakaloob ng ilang mungkahi kung ano ang inyong maaaring gawin sa mga taong nasa listahan ninyo ng panalangin, upang kanilang maranasan na sila ay mahalaga para sa inyo. At magdagdag ng mga kaisipan sa listahan samantalang ginagabayan ka ng Panginoon. Nagdagdag din kami ng ilang mungkahi. Makikita niyo ang listahan sa apendise B: Mga mungkahi kung paano maaabot ang ilang mga tao.

Ating layunin:

Upang maging pagpapala para sa iba sa pamamagitan ng ating mga dasal, ang ating halimbawa, ang ating kontak gayundin sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mungkahi at material, upang sila din ay magalak sa buhay na sagana at maging handa sa nalalapit na pagbabalik ni Jesus. Sa ilalim ng pangunguna ni Jesus, nais natin na:

- Himukin ang mga tao, na hindi naghahanap sa Dios, na umpisahan na nilang saliksikin si Jesus.
- Gabayan ang mga taong naghahanap kay Jesus.
- Hamunin ang mga taong nakasumpong kay Jesus para sa mas malalim na pangako.

Mayroong mahusay na materyales na maaaring magamit para sa layuning ito. Ating bibigyan ng pansin ang materyales na ito sa kabanata 9: Tulong praktikal.

Tulungan nawa tayo ng Panginoon na mabigyan tayo ng biyaya upang maging mamamalakaya ng mga tao sa pamamagitan ng pananahan ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng Kaniyang pagsasanay. “Sundan ninyo ako, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng tao.”

“Ang mga nakapalibot sa atin ay ang mga kabataan, hindi nagsisisi, hindi nabago, at ano ang ginagawa natin para sa kanila? Mga magulang, para sa alab ng inyong unang pag-ibig, inyo bang sinasaliksik ang pagbabalik-loob ng inyong mga anak, o kayo ba ay naukupa ng mga bagay ng buhay hanggang sa hindi na makapagbigay ng maalab na pagsisikap para maging kamanggagawa ng Dios? Inyo bang nabibigyan ng halaga ang gawa at misyon ng Banal na Espiritu? Iyo bang nauunawaan na ang Banal na Espiritu ay ang ahensya upang ating maabot ang mga kaluluwang nakapalibot sa atin?” (E.G. White, *Selected Messages*, book 1, p.190.1)

Ang ibig sabihin ng mabisang pagsaksi ay:

Aking taimtim na idinadalangin ang pagkukusa upang ako ay makapagsalita tungkol kay Kristo sa loob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu – at aking iniiwan ang resulta sa ating Dios.[5]

Ang Pagpapanibagong Buhay ay Naghahatid sa Misyon

“Ang Banal na Espiritu ay bababa para sa lahat na humihingi ng tinapay ng buhay upang kanilang maibigay sa kanilang mga kapitbahay.” (E.G.White, *Testimonies for the Church*, vol. 6, p.90.1)

---

[5] Wirksames Zeugnis-Wie macht man das? (Neuhausen-Stuttgart, 1971),p.33

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtatalakay

1. Ano ang ginagawa ni Jesus para sa akin na hindi magagawa ng sinoman? Ano kaya ang higit na kalamangan kapag aking ipinapakita sa iba ang daan tungo kay Jesus?

---

2. Paano tayo magiging mamamalakaya ng mga tao?

---

3. Ano ang kahulugan ng “magpasakop kay Jesus”? Paano ito sa tunay na buhay?

---

4. Ano ang posibilidad na mapanatili ang inyong mga kontak sa inyong kapaligiran?

Oras ng Ating panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kapareha sa pananalangin at talakayin ang paksa sa kanila.
- Magdasal kasama ang iyong kapareha …
  1. …na patataasin ng Dios ang ating pagkamalay kung ano ang kahulugan ni Jesus sa atin.
  2. …na gagawin tayo ng Dios na mamamalakaya ng tao nang pinangungunahan ng Espiritu.
  3. …na maipapakita ng Dios sa atin kung paano tayo magpapasakop kay Jesus.
  4. …para sa tapang at katalinuhan na maintindihan ang posibilidad na mapanatili ang mga kontak at maging pagpapala sa iyong paligid.

KARANASAN

Pagkakasundo sa loob ng buong komunidad
Karanasan ng isang iglesya sa Guadeloupe / Caribbean

"Ang ikalawang karanasan na aming naranasan sa isang komunidad mula sa aming distrito. Sinabi ng aking hinalinhan, 'Kailangan mo ng maraming tapang para sa simbahang ito sapagka't ikaw ay tumutungo sa tunay na mina!" Mabilis din naming nalaman na mataas ang tensyon. Mayroong pagtatalo-talo, pagbukod-bukod, pagsasakitan, at hindi pagpapatawad. Nababalutan ng madilim na ulap ang buong komunidad sapagka't hindi napipigilan ang kanilang mga emosyon at mayroong mga pag-atakeng personal sa mga kaanib. Nakakalungkot na makita ang mga kaanib ng iglesya na nakapulupot sa sapot ng hindi pagpapatawad, at hindi din nila nalalaman na hindi nila kakayaning makalabas kung sa kanilang sarili lamang. Matapos na simulan ang pagpupulong sa mga tahanan, ipinamigay ang aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay para mapag-aralan ng mga grupo. Naging positibo para sa kaanib ang aklat, at sila ay nagpasalamat na dumating para sa kanila. Kasunod din nito, ang mga indibidwal na miyembro ay nagpasimula ng 10 araw na panalangin at pag-aayuno. At sa katapusan, nagkaroon sila ng pagnanais na gawin ito ng sama-sama bilang iglesya. Ang pagtitipon ay naganap tuwing ika-apat ng umaga. Hindi gaanong marami ang dumadalo sa umpisa, hanggang sa ito ay madagdagan, at nagkaroon ng kahanga-hanga, mapayapa, at ispiritwal na samahan. Ang isa ay nakaramdam na gumagawa ang Dios sa kanilang buhay. Gumawa ng mirakulo ang Panginoon upang ihanda ang simbahan sa huling hakbang wari ay mahirap para sa kaniya: ito ay ang paghakbang sa tunay na pagpapatawad. Di nagtagal, ay bumagsak ang pader, at sunod-sunod na ang mga kapatiran ay humingi ng kapatawaran sa publiko. Ang iba naman ay lumapit ng bukod sa mga taong kanilang nasaktan at humingi ng tawad. Niyakap nila ang isa't isa. Tumulo ang mga luha. Ito ay isang kahanga-hangang karanasan na kanilang nakita. Tanging ang Dios lamang ang makapangunguna sa Kaniyang bayan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. May pag-asa din para sa mga mina." (B.&F.H. #84b Guadeloupe)

Isang miyembro ng iglesya mula sa Timog Germany ang sumulat:

Ako at ang aking kaibigan ay kasalukuyang nag-aaral ng 40-Araw ng Panalangin at Debosyon Para Maghanda sa Ikalawang Pagdating ng ikatlong ulit na, at salitan sa aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. Bago namin nasumpungan ang mga materyal na ito, ang aming karanasan sa pananampalataya at pananalangin ay hindi kagaya ng umpisa. Kami ay naghangad na aming muling masumpungan ang "unang pag-ibig". At ito ay aming nasumpungan! Buong puso kaming nagpapasalamat sa Panginoon. Kahanga-hanga kung paano tumutugon ang ating maibiging Dios sa ating mga panalangin at ipinakikita Niya ang pagtrabaho ng Espiritu – sa atin at sa mga taong ating ipinagdarasal. M.S.

KABANATA 6

Ika-21 Araw

BAKIT KAILANGAN MUNA NATING ILAPIT ANG MGA TAO KAY JESUS?

Mahusay na dahilan sa tamang pagkasunod-sunod:
10 mga dahilan bakit kailangan muna natin ilapit ang mga tao kay Jesus,bago natin ituro ang tungkol sa mga doktrina sa Biblia.
Pagkasunod-sunod: Si Jesus ang una, sunod ay pagiging alagad at Banal na Espiritu, doktrina mula sa Biblia, bautismo, pagsasanay.

PAGBABALIK ARAL

Ang huling paksa ay tungkol sa sinabi ni Jesus': "Sumunod kayo sa Akin, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng tao." (Mateo 4:19) Inaanyayahan tayo ni Jesus na maging tagasunod Niya. Nais Niya tayong sanayin na maging mamamalakaya ng tao. Nais Niya tayong sanayin ng indibidwal. Mayroong kagalakan kapag tayo ay naging tagasunod ni Jesus at ang ating kakayanan ay nahubog. Ang pinakagitna ng pagsasanay: Si Jesus mismo ang maghuhubog ng ating kakayanan sa atin at sa pamamagitan natin. Ito ay nakabatay sa ating pagnanasa na sumunod kay Cristo. Paano?

1. Sa araw-araw na pagtatalaga ng ating sarili sa Kaniya – sa kung ano ang mayroon tayo at kung ano tayo – at
2. Sa araw-araw na paghingi ng may pananampalataya (pagdasal gamit ang mga pangako – 2 Pedro 1:4) para sa Banal na Espiritu.

Huwag nating isipin na ang ating "pagsasanay" ay matatapos sa mga susunod na mga araw. Sinabi ng isang kataga: "Ang pinuno ay ang siyang gumawa ng isang bagay. Ang lalaking naglalakbay, ay siyang nakagagawa ng bagay. Ang nagsasanay ay, siyang lahat." Ang pinuno at ang naglalakbay ay kinakailangan din magpatuloy sa kaniyang pag-aaral. Tayo din ay hindi titigil sa pag-aaral sa siyensiya ng pagliligtas ng mga kaluluwa.

Ano ang pinakamataas at pinakamahusay na ating magagawa para sa isang tao?

Ating tuloy tuloy na malalaman na ang ating personal at malapit na relasyon kay Jesus ay ang pinakamahalagang relasyon na maaaring magkaroon tayo. Nais ni Jesus na bigyan tayo ng *"masaganang buhay"* sa buhay natin ngayon (Juan 10:10). Matapos ang Kaniyang ikalawang pagbabalik, bibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan – sa maluwalhating kaharian ng Dios (Juan 3:16). Walang makakahalili sa mahalagang relasyong ito. *"Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay."* (1 Juan 5:12) Kapag ang kaligayahan sa relasyong ito ang siyang gumaganap sa atin at nagkaroon tayo ng mahahalagang karanasan kasama si Jesus, kung gayon ay ating malalaman na ito din ay hindi maipagpapalit at mahalagang relasyon din sa ating mga kapwa. Ang pinakamataas at pinakamahusay na ating magagawa para sa isang tao ay tulungan silang maranasan ang nakakasaganang pagkakaibigan. Ang relasyon na tayo ay mas mahalaga kaysa sa ginto.

Paaano tayo magiging mamamalakaya ng tao?

Tayo ay nagiging saksi para kay Jesus kapag Siya ay naninirahan sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sa nakalipas na kabanata, ating nabasa sa mga personal na karanasan kung gaano kalakas ginigising ang ating interes para sa iba, kapag si Cristo ay namumuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Pakinggan pa natin ang dalawa pang patotoo:

Isang tao ang sumulat matapos na kanilang idinadalangin at hinihingi araw araw ang Banal na Espiritu:

"Aming napansin na ang aming panalangin ay nagkaroon ng pagbabago sa aming buhay. At hindi namin ito kayang itago lamang sa aming sarili. Kapag mayroong pagkakataon, aming nararanasan ang kasabikan na ibahagi ito. Mahalaga para sa akin na ang iba din ay sumulong at magkaroon ng kaparehas na karanasan. Ang resulta ay paparating na. Ang ilang mga miyembro ay nahawahan ng aming kasigasigan." (#432,13)

Isa pang tao ang sumulat:

"Bigla na lamang, ang buhay ng kaniyang anak na lalaki ay nabago, at siya ay nag-umpisang maghanda para sa pagpapabinyag. Ako ay nahawa sa kaniyang kasigasigan at sa ngayon ako ay nagdarasal ng aking magiging kasama sa panalangin at inumpisahan ko nang basahin ang dalawang aklat." (#432,16)

Anong gawain sa buhay mayroon ka at ako?

Ito ba ay naglalaman ng paghahatid ng mga tao papalapit kay Jesus? Ganito ang sinabi sa aklat na Christian Service: "Ang magligtas ng mga kaluluwa ang kinakailangan na maging tungkulin ng sinoman na umaangkin na nakay Kristo." (E.G.White, *Christian Service,* p.10.1)

Si Jesus mismo ang nagbigay sa atin ng panawagan, nang Kaniyang sinabi: "Kung paanong sinugo ako ng Ama ay sinusugo ko rin naman kayo." (Juan 20:21) At sa karagdagan, nalalaman natin ang Kaniyang utos: "Gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa." (Mateo 28:19) *"…at kayo'y magiging mga saksi ko…"* (Mga Gawa 1:8) *"…ikaw ay aking ibibigay na pinakailaw sa mga bansa upang ang aking kaligtasan ay makarating hanggang sa dulo ng lupa."* (Isaias 49:6)

Marami na ang sumubok sa direksyon na ito. Minsan ay pagtatagumpay, nguni't madalas ay hindi nagiging matagumpay. Kinakailangan na ating tanggapin na marami sa atin ang hindi nakaabot sa kahilingan ng panawagan ni Jesus. Kinakailangan natin ng tapat na pagsilip dito. Marami sa atin ang nangangailangan na tanggapin kagaya ni Pedro: *"…sa buong magdamag ay nagpakapagod kami at wala kaming nahuli."* (Lucas 5:5) Ang resulta ba ay kasiya-siya para sa akin? Akin bang natupad ang mga pangunahing kailangan, kagaya ng natalakay sa naunang kabanata? May posibilidad ba na ang suliranin ay kakulangan sa Banal na Espiritu? Hindi kaya ang ating tugon ay kagaya ng kay Pedro: *"…subali't dahil sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat."* (Lucas 5:5)

Pangunahing Kailangan para sa Mamamalakaya ng Tao

Nais nating suriin sandali ang mga pangunahing kailangan:

- Naisuko ko ba ng buo ang aking buhay kay Jesus? Nais ko bang sundin Siya at ang Kaniyang salita sa lahat ng bagay? Akin bang nabago ang aking relasyon sa Kaniya sa pamamagitan ng ganap na pagsuko?
- Habang aking ginagampanan ang gawaing ito, ako ba ay napuspos ng Banal na Espiritu? Araw araw ko bang hinihingi at tinatanggap nang may

pananampalataya ang Banal na Espiritu? (Pinakamahusay na manalangin gamit ang mga pangako, tignan ang 2 Pedro 1:4)

- Aktibo ba akong nananalangin para sa isang tao, bago ako gumawa ng isang bagay para sa kanya?

Ako ba ay naghanap ng personal na ugnayan at ipinapakita ang tunay na interes sa kanilang buhay? (may mga mungkahi kung paano ito gagawin sa Apendise B Mga mungkahi kung paano abutin ang mga tao at sa 40-Araw na libro, vol.1 at 2 ni Dennis Smith)

Isang Lubhang Pinagpalang Paraan

Sa kabanata na ito at sa mga susunod pa, ating bibigyan ng pansin ang paraan, na nasubukan na at naranasan. Ito ay magbibigay sa atin ng lakas ng loob na magpatuloy sa pangalan ni Jesus.

Una sa lahat, nais nating magdasal ng malimit at pwede din araw-araw:

"Ama na nasa langit, gawin mo akong handa na masayang tanggapin lahat ng gusto mo na aking gawin. Maaari ba ay likhain mo sa akin ang pagnanasa na tulungang maibalik ang nawawalang mundo para sa Iyo."

Tama, sa biyaya ng Dios, kaya ni Jesus na mag-akay ng mga tao pabalik sa Kaniya sa pamamagitan ko at sa pamamagitan mo. Ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang alagad na puspos ng Espiritu, na kung saan ang kanilang mga puso ay tinitirahan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Huwag ninyong ituring ang gawain na ito para sa iba bilang isang mabigat na pasan. Ang prinsipyo na ating magiging gabay ay:

Ako ay magkukusa na sa pamamagitan ng panalangin na ako ay magpapatotoo kay Jesus sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. At iiwan ko na lang ang resulta sa ating Dios.

Ang ating gawain ay hindi magiging mabigat kung ganito ang ating ugali. Sa halip, isang malaking pagkakataon ang magtrabaho para kay Jesus. Isang kahanga-hangang tungkulin kung tayo ay makapag-akay ng mga tao papalapit o tuluyan kay Jesus. Ito ang pinakamahusay at pinakamahalagang bagay na ating magagawa para sa ibang tao.

BAKIT KAILANGAN MUNA NATIN AKAYIN ANG MGA TAO PAPALAPIT KAY JESUS?

Bakit kailangan muna natin akayin ang mga tao papalapit kay Jesus, bago pa natin talakayin sa kanila ang mga doktrina mula sa Biblia? Sa pagkakataong ito, nais ko na bigyang pansin muli ang kahalagahan na sa ating gawa tayo ay na kay Cristo – na si Jesu-Cristo ay nasa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Efeso 3:16,17). Ang tawag ng Biblia sa ispiritwal na kalagayang ito ay *"na kay Cristo"* o *"si Cristo ay sumasa inyo"* (Colosas 1:17) ito ay tinatawag din na *"naipanganak na muli"* (Juan 3:3) o "ipinanganak sa Dios" (1 Juan 5:18). Nais kong bigyang diin muli ang binood ni E.G.White mula sa mga salita ni Jesus sa Juan 15:4:

"Manahan kayo sa Akin, at Ako'y sa inyo.' Ito ay nangangahulugan na:

- Ang palagiang pagtanggap ng Espiritu,
- Isang buhay na nagpapasakop para sa Kaniyang paglilingkod.

(*Desire of Ages*, p.676.2, egwwritings.org)

Tuwing umaga ay maaari nating tanggapin ang Banal na Espiritu sa ating paghiling ng may pananampalataya (Galacia 3:14). Atin siyang tinanggap, kapag tayo ay naniwala na samantalang tayo ay humihiling ay atin na Siyang tinanggap (1 Juan 5:14,15; Marcos 11:24). May ilang mga tao ang nagkakaproblema dito. Nguni't ito ay isang katotohanan: Kung tayo ay mananalangin, madalas na tayo ay umaasa lamang na ating tinanggap ang Banal na Espiritu. Nguni't sa pagkakataong ito, hindi sapat "na tayo ay umasa" lamang. Kaya't aking minungkahi: na manalangin at samahan ng mga pangako, upang iyong "malalaman" na iyo ngang tinanggap ang Banal na Espiritu. Ang pananalangin nang may kasamang mga pangako ay nagpapatibay ng ating buong pagtitiwala. Pinapakiusap ko, kung kinakailangan ay basahing muli ang Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay, lalo na ang kabanata ng " Ang Susi sa Praktikal na Karanasan: pananalangin na kasama ang mga pangako". Tinatalakay ng kabanata na ito ng detalyado ang pananalangin ng may kasamang mga pangako. Ang pananalangin gamit ang mga pangako ay minumungkahi ng malinaw sa 2 Pedro 1:4: *" Na dahil dito [karunungan ni Jesus at ang malapit na ugnayan sa Kanya] ay ipinagkaloob Niya sa atin ang Kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios."*

Ang ikalawang punto "isang buhay na nagpapasakop para sa Kaniyang paglilingkod" ay ating malalaman araw-araw, kapag tayo ay tapat at nananalangin ng puspusan ng: *"Ama namin sa langit, aking ipinapasakop ang aking sarili kung ano ako at kung ano ang mayroon ako."*

BAKIT KAILANGAN MUNA NATIN AKAYIN ANG MGA TAO PAPALAPIT KAY JESUS, BAGO PA NATIN TALAKAYIN SA KANILA ANG MGA DOKTRINA MULA SA BIBLIA?

Magiging mahirap ang mga susunod na hakbang, kung sa simula ay mali na ang iyong napindot na button. Nguni't maraming kalamangan kapag susundin ang tamang pagkasunod-sunod. Mas mapapadali para sa mga tao, na iyong nais na akayin kay Jesus, na maging Kristyano. At dagdag pa dito, ito ay nagkakaloob ng kagalakan at lakas sa ating buong buhay.

1. **Nais nating akayin muna ang mga tao kay Jesus, sapagka't hindi natin nais magmungkahi ng isang daan na tila imposible para kahit kanino.**
   Kalimitan, ang mga taong malapit sa atin na nais nating akayin papalapit kay Kristo, ay hindi nabubuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Malimit, ating itinuro sa iba ang doktrina mula sa Biblia, at pagtapos tayo ay nanalangin at umaasa na kanila itong tatanggapin at kanilang isasakabuhayan. Nguni't madalas ang taong ito, ay nagkukulang sa paghikayat at sa lakas sapagka't sila ay hindi pa napuspos ng Banal na Espiritu. Bilang gabay, ang taong ito ay hindi pa namumuhay sa pagiging ispiritwal. Ganito ang sinabi ng Biblia sa Roma 8:7 tungkol sa ganitong uri ng mga tao: *"sapagkat hindi nila sinusunod ang kautusan ng Dios, at sa katotohanan hindi nila maaaring sundin ito."*(GNT)

   Kung sa pagkakataong ito na ating itituro sa kanila ang mga doktrina mula sa Biblia, sa gayon tayo ay gumagawa lamang ng "bundok" para sa mahahalagang tao na ito, at hindi nila ito mapapanagumpayan. Atin silang hinahatid na maging Kristyanong nasa laman, nangangahulugan na sila ay namumuhay na Kristyano sang-ayon sa kanilang mga lakas. Ang mga taong ito ay mayroon lamang lakas at abilidad mula sa kanilang sarili. Nguni't kapag ang isang tao ay tinanggap si Cristo at siya ay napuspos ng Banal na Espiritu, kung sa gayon siya ay nasa mas mataas na antas para tanggapin at ipamuhay ang doktrina mula sa Biblia.

   Sa pagkakataong ito, ay aking imumungkahi na basahin ang Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay, ang kabanata na "Ano ang sentro ng ating mga suliranin?" at ang bahagi na "Ano ang pangunahing hadlang sa pagiging karnal na Kristyano?" 'Paanong ang pagsunod ng may kagalakan ay maaari' ay tinalakay sa aklat na *Manahan kay Jesus*, sa kabanata na "Pagsunod sa pamamagitan ni Jesus."

2. **Nais nating akayin muna ang mga tao kay Jesus, sapagka't sila ay nawawaglit kung wala si Jesus.**
   "Sinomang nasa kaniya ang Anak ay may buhay; siya na wala sa kaniya ang Anak ng Dios ay walang buhay" (1 Juan 5:12) *"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko."* (Juan 14:6) Malinaw na sinabi ng Biblia: *"Ang kaligtasan ay matatagpuan lamang sa pamamagitan Niya; sa lahat ng sanlibutan ay*

wala nang ibang ibinigay ang Dios na maaaring makapagligtas sa atin." (Mga Gawa 4:12)

3. **Nais nating akayin muna ang mga tao kay Jesus, sapagka't kanilang mararanasan ang mahahalagang pagbabago sa pamamagitan Niya.**
Binibigyan tayo ni Jesus dito ng bago at buhay na karapat-dapat at sa kaniyang muling pagbabalik, papahintulutan Niya tayong maging kalahok ng buhay na banal panghabang buhay. *"Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang…"* (2 Corinto 5:17) "Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." (Juan 10:10) Si Pablo ay nanalangin: *"…upang kayo'y mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Dios."* (Efeso 3:19) *"Sapagka't sa kanya'y naninirahan ang buong kapuspusasn ng pagka-Dios sa katawan, at kayo'y napuspos sa Kaniya …"* (Colosas 2:9-10)

4. **Nais nating akayin muna ang mga tao kay Jesus, sapagka't binibigyan Niya tayo ng tunay na kalayaan.**
Sinabi ni Jesus: *"kaya't kung kayo'y palayain ng Anak, kayo'y magiging tunay na malaya."* (Juan 8:36) Pinalalaya tayo ni Jesus sa kasalanan. Ibig sabihin, maaari tayong mabuhay na hindi natin pinapasan ang kasalanan. Pinalalaya niya tayo sa kalupitan ng ating sarili, halimbawa, mula sa kabulukan ng ating dating sarili (hinanakit, inggit, galit, pagmamataas, pagtingin ng mababa sa sarili, pagkayamot, pag-alinlangan, kakitiran ng isip, atbp.) mula sa pagkagumon, pagkatali sa mga mahiwaga at pambihira, atbp.
Isang salita tungkol sa pagiging malaya mula sa kabulukan ng ating dating sarili. Aking naramdaman na ang paghingi na araw-araw na mapalaya sa ganitong ugali ay mahalaga, sapagka't sinabi sa 2 Corinto 4:16: *"…ang aming panloob na pagkatao ay binabago sa araw-araw."* Ganito din ang sabi ni Apostol Pablo sa kaniyang sarili: *"…Ako'y namamatay araw-araw."* (1Corinto 15:31) At si Martin Luther ay dapat nagsabi na kaniyang nilunod ang matandang Adam, nguni't "oh minamahal, ang tao ay nakakalangoy." Araw-araw akong nananalangin na mapalaya sa pangako sa Juan 8:36. Sa mga sandaling ito, hindi ko masasabi kung ito ba ay palaging kinakailangan o di kaya ay sa tiyak na bahagi ng panahon lamang.
Subali't, tayo naman ay maaaring mapalaya ng tuluyan mula sa pagkaalipin ng panlabas na mga bagay sa pamamagitan ng isang panalangin, kagaya ng paninigarilyo o pag-inom ng alak.[6] Kapag ang isang tao ay napalaya, kung gayon ay may bagong tukso na nagtatagong nakapalibot sa kaniya. At ito ang dahilan kung bakit mahalaga na gabayan ang isang taong napalaya tungo sa malapit na relasyon kay Jesus, tungo sa buhay na sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. At ito din ang dahilan, kung bakit ang halimbawa sa mga taong nasa Alcoholics

6 See Victory over Tobbaco & Alcohol www.Steps-to-personal-revival.info: Letters to Andrew No. 5 - Missionary tools.

Anonymous ay tinuturuan na araw-araw ipasakop ang kanilang buhay sa Dios, upang sila ay manatiling malaya.

Alalahanin na ang kapangyarihan ng kasalanan ay maaaring mawasak sa ating buhay (Roma 8:1,2; Galacia 5:16). Iniingatan tayo ni Jesus mula sa kasalanan. Hindi tayo mahahawakan ni Satanas (1 Juan 5:18). Nais ipagkaloob ni Jesus ito sa ating mga kapwa sa pamamagitan natin.

"…at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, mayroong kalayaan." (2 Corinto 3;17)

5. Nais nating akayin muna ang mga tao kay Jesus, sapagka't inatasan tayo ng pag-ibig ng Dios.

Pinupuno ng Banal na Espiritu ng pag-ibig ng Dios ang isang Kristiyano na ipinanganak muli (Roma 5:5) at kinikilos ang kanilang mga puso upang kanilang nanaisin na ibahagi si Jesus sa ibang mga tao. *"Yamang nalalaman ang takot sa Panginoon, hinihikayat namin ang mga tao… Ang pag-ibig ni Cristo ang humihimok sa amin … Siya'y namatay para sa lahat, upang ang mga nabubuhay ay huwag nang mabuhay pa para sa kanilang sarili, kundi para sa kanya na alang-alang sa kanila ay namatay at muling nabuhay."* (2 Corinto 5:11, 14-15)

Dalawang dahilan kung bakit tayo pinagkalooban ng Banal na Espiritu:

1. Para sa pagbabago ng ating mga ugali – tinatawag ito ng Biblia na bunga ng Espiritu (Galacia 5:22; 1 Corinto 13:1-7).
2. Upang maging saksi para kay Jesus. Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko." (Mga Gawa 1:8) – ito ang dahilan kung bakit tayo tumanggap ng ispiritwal na mga kaloob.

6. Nais nating akayin muna ang mga tao kay Jesus, upang hindi sila maparatangan sa paghukom ng Panginoon.

Mahalaga ba talaga na idamay ang mensahe ng paghuhukom?

Sinusubok tayo ng mensahe ng paghuhukom: Ipasakop ninyo ang inyong buhay kay Jesus upang hindi kayo maparatangan sa paghuhukom ng Dios.

Sinabi ng Biblia:

"Sapagka't tayong lahat ay kailangang humarap sa hukuman ni Cristo upang bawa't isa ay tumanggap ng kabayaran sa mga bagay na ginawa niya sa pamamagitan ng katawan, maging mabuti man o masama." (2 Corinto 5:10)

"Matakot kayo sa Dios at magbigay luwalhati sa Kaniya, sapagka't dumating na ang oras ng Kaniyang paghuhukom, at sambahin ninyo …" (Apocalipsis 14:7)

Ang unang bahagi ng paghuhukom – ang paghuhukom bago ang ikalawang pagbabalik – nag-umpisa ito noong 1844 sang-ayon sa Daniel 8:14. Natural, ang mga taong namuhay nang una, ang siyang hinukuman muna. At simula niyan, ang pag-imbestiga ay nagpapatuloy hanggang sa dulo ng panahon.

"Kaya't habang nananatiling bukas ang pangakong makapasok sa kaniyang kapahingahan, mag-ingat tayo[7] *na baka sinoman sa inyo ay hindi makaabot doon."* (Hebreo 4:1)

Hinihimok tayo ng talatang ito na magmuni-muni: ako ba ay ligtas na? at "Yamang nalalaman ang takot sa Panginoon, hinihikayat naming ang mga tao …" (2 Corinto 5:11) Ang pagkatakot sa Dios at ang kaalaman sa nalalapit na paghukom ay mag-uudyok sa atin na ating nanaisin na iligtas ang ibang mga tao.

Si E.G.White ay nagbigay sa atin ng magandang paliwanag tungkol sa salitang "matakot":

"Nais ng Dios na ang kaniyang bayan ay magtitiwala sa kaniya at mananahan sa kaniyang pag-ibig, subali't hindi ito nangangahulugan na hindi tayo matatakot at mangangamba. May ilan na nag-iisip na kapag ang isang tao ay may mabuting pagkatakot sa paghuhukom ng Dios, ito ay patunay na sila ay salat sa pananampalataya; nguni't hindi ganito. **Ang nararapat na pagkatakot sa Dios ay ang paniniwala sa Kaniyang mga babala, at gumagawa ng may kapayapaan ang bunga ng katuwiran, at magdudulot upang ang nangangatal na kaluluwa ay lalapit kay Jesus.** Marami sa ngayon ang dapat magkaroon ng ganitong espiritu, at bumalik sa Panginoon at magsisisi ng may kapakumbabaan, sapagka't hindi nagbigay ang Panginoon ng nakakasindak na babala, nagbigkas ng mahigpit na paghuhukom sa kaniyang mga salita, upang ang mga ito ay maitala, subali't pinapatunayan Niya ang Kaniyang sinabi. … Sinabi ni Pablo, *'yamang nalalaman ang takot sa Panginoon, hinihikayat namin ang mga tao.'* …" *(R&H*, Oct. 21, 1890, par.6)

Paano natin maipapantay ang iba't ibang pahayag tungkol sa pagkatakot? Halimbawa, ang talata sa 1 Juan 4:18: *"Walang takot sa pag-ibig."*

Kapag aking naiisip ang Roma 5:5, gayon ay aking naunawaan: *"…sapagka't ang pag-ibig ng Dios ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin."* Si Kristo ay mabubuhay sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Kapag siya ay nasa ating mga puso at siya ay nananatili doon, kung gayon, Siya ang kumakatawan sa atin sa paghuhukom. Kaniyang sinabi sa Juan 5:24: *"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig ng aking salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan."*

May dalawa pang komento para sa talatang ito: Mahalaga ang *"sumampalataya"*. Minsan ay aking sinaliksik ang mga sumusunod sa internet: *"Sumampalataya ayon sa Biblia".* At may apat na pahayag ang lumabas. Ang

---

7 Dito, ito ay walang kinalaman sa paggalang, ngunit sa halip ay takot, pag-aalangan. NKJV: "Tayo ay matakot": RSV; "Tayo ay matakot"

kahulugan ng sumampalataya sa Biblia ay: *"ipagkatiwala ang iyong sarili", "ibigkis ang iyong buhay sa isang tao", "umasa sa isang tao"* at *"maging tapat sa isang tao"*. Ito ay tungkol sa ugnayan na may pananampalataya kay Jesus. Ang buhay ng bawa't tao ay susuriin sa paghuhukom ng Dios. Subalit, para sa mga sumasampalataya kay Jesus, para sa mga tao na nakay Kristo, ay walang paghatol sa kanila sapagka't si Jesus ang pumapasan ng kanilang kasalanan.

Ipinapakita sa atin na hindi sumasapat na atin lamang banggitin ang pag-ibig ng Dios – bagaman ito ang natural na ating layunin. Kinakailangan nating sabihin na may isang araw na pananagutin ng Dios ang bawa't isa. Hindi kailangan na ating laktawan ang mensahe ng paghuhukom. Subali't mahalaga na ipasa ito ng may karunungan. Gayundin, kinakailangan na ating ipaliwanag na sa paghuhukom, ang lahat ng kasamaan ay magwawakas, kaya ang lahat ng alitan, ang bawa't karamdaman, at ang lahat ng sakit ay pupuksain. Wala nang pagkabalisa at kamatayan! Dagdag pa dito, bibigyan natin ng diin na ang sinoman, na namuhay na nakaugnay kay Cristo ay hindi kinakailangan matakot sa paghuhukom ng Dios. Ipinangako ng Dios ang pagpapawalang sala sa paglilitis sa bawa't tao na nakay Cristo.

Sa kampanya ng Russia sa panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig, naganap ang mga sumusunod: Ang mga sundalo ng Alemanya ay nasa pambungad na mga kanal at kanilang nalalaman na sila ay nasa tapat ng mga Ruso. Mayroong pangkat ng mga sundalo mula sa Alemanya ang sumanib sa kanila at sa isang sandali ay hindi nila nalaman kung nasaan ang bungad. Sila sana ay makakarating sa kamay ng mga Ruso kung hindi dahil sa isang Aleman na sumigaw at sila ay "pinahinto". Doon lamang nila nalaman ang kaharap nila na panganib. Nais iligtas ng mga Aleman na nasa kanal ang kanilang mga kasamahan.

Tayo rin ay obligado na bigyan ng babala ang ating mga kapwa tungkol sa paghuhukom ng Dios at kailangan din natin ibigay sa kanila ang solusyon sa suliraning ito. Ating babanggitin sa ating mga kapwa ng may pag-ibig na mayroong paghuhukom. Kung sa gayon ay may pag-asa silang ingatan ang kanilang mga sarili. Kung ating ipagkakait ito sa kanila, sa gayon may isang araw na tayo ay kanilang sisisihin. Tungkulin natin na ipakita sa ating kapwa ang pagpipilian upang sila ay makagawa ng mahusay na pagpapasiya.

7. **Dahil ang pagsaksi para kay Jesus ay isa ring tulong para sa atin.** Ang pagsasalita tungkol kay Jesus ay isang tulong para sa atin. Ang mga lumalago sa pananampalataya ay siyang nagsasalaysay ng tungkol kay Jesus. May epekto para sa akin kapag isinasalaysay ko si Jesus. Mapapansin natin na ito ay nag-uudyuk sa atin upang magkaroon ng malalim na ugnayan sa pamamagitan ng panalangin at patuloy na makahanap ng bagong pananaw sa salita ng Dios.

   Kapag ating isinasalaysay si Jesus sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, sa gayon tayo ay naghahasik ng pag-ibig, kasiyahan at

kapayapaan. Sang-ayon sa banal na prinsipyo ng pagtatanim at pag-aani, aanihin natin kung ano ang ating itinanim. Mas higit pa dito ang ating aanihin. Kalimitan ang pag-aani ay nagreresulta ng mas madaming binhi. Sinabi ni Jesus sa talinghaga ng nagtatanim: ang iba ay tatlumpu, animnapu, at isandaan. (Marcos 4:20). Halimbawa, kung tayo ay nagtanim ng pag-ibig, tayo rin ay aani ng pag-ibig, at madalas ay higit pa sa ating itinanim. *"At ito ang ibig kong sabihin: Ang naghahasik ng bahagya ay mag-aani rin nang bahagya, at ang naghahasik nang sagana ay mag-aani rin ng sagana. Ang bawa't isa ay magbigay ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso, hindi mabigat sa kalooban, o dala ng pangangailangan, sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay ng masaya. At kaya ng Dios na pasaganain ang lahat ng biyaya sa inyo, upang sa pagkakaroon ninyo ng sapat sa lahat ng bagay ay palagi kayong sumagana sa bawa't mabuting gawa."* (2 Corinto 9:6-8)

8. **Sapagka't maaari tayong maging sugo ng Dios kapag tayo ay sumasaksi kay Jesus.**
   Napakadakilang pribiliheyo ang maging sugo ng Dios. "Kaya't kami ay mga sugo para kay Cristo, yamang ang Dios ay nananawagan sa pangalan ni Cristo, na kayo'y makipagkasundo sa Dios." (2 Corinto 5:20) Itinuturing ng bawa't sugo na malaking karangalan ang kumatawan sa kaniyang bansa, ang kaniyang pangulo o ang kaniyang hari. Bilang mga alagad ni Jesus, tayo ay mga sugo ng mga Hari ng mga hari, Panginoon ng mga panginoon. Maaari tayong magkaroon ng pinakamataas na karangalang ito.

9. **Sapagka't nagkaloob sa atin ang Banal na Espiritu ng banal na kakayanan at awtoridad.**
   Nagbigay si E.G.White ng kaniyang komentaryo sa Mga Gawa 1:8: "Sinabi ni Jesus, 'Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan , pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko.' Ang pagsasanib ng Banal na Espiritu at ang patotoo ng mga buhay na saksi ang magbibigay babala sa sanlibutan. Ang manggagawa ng Dios ang paraan upang ang makalangit na pakikipagtalastasan ay maibigay, at ang Banal na Espiritu ang nagbibigay ng banal na awtoridad sa mga salita na katotohanan." (RH, April 4, 1983, par.9) Dito, ang salitang "kapangyarihan" ay nangangahulugan ng "kapangyarihan, pagpapalakas, awtorisasyon. Ibig sabihin ang Banal na Espiritu ang nagpapalakas at nagbibigay ng awtoridad upang tayo ay maging mga saksi para kay Jesus. Naisip na ba natin ng lubusan ang katotohanan na tayo ay nakatanggap ng kakayanan at awtoridad mula sa Banal na Espiritu?

10. **Nais natin na maghatid ng mga tao papalapit kay Jesus dahil tayo ay inatasan ni Cristo na gawin ito.**
    Sinabi ni Jesus sa kaniyang huling mga salita bago siya lumisan:
    "Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa ay ibinigay na sa akin. Kaya't sa paghayo ninyo, gawin ninyong alagad ang lahat ng mga

bansa, bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuan silang sundin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo. At narito, ako'y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon." (Mateo 28:18-20) Ang tawag natin sa mga salitang ito ni Jesus ay Dakilang Komisyon.

Tayo ba ay inaasahan ni Jesus na tuparin ang Kaniyang komisyon? Pakiusap na ating alalahanin na ang ating pagsunod nang may pananampalataya ay inaasahan. Ito ay may tatlong aspeto:

1. Ang aking pasya
2. Ang aking mga hakbang sa paghahanda
3. Ang Dios ang tumutupad

Ating pansinin ang halimbawa ni Daniel (Daniel 1:8,9):

1. Ipinasiya ni Daniel sa kaniyang puso. Gumawa ng pasiya si Daniel.
2. Ang kaniyang mga hakbang sa paghahanda: Ano ang maaari niyang gawin sa kaniyang sarili? Nanalangin siya kasama ang kaniyang mga kaibigan tungkol sa suliranin sa kanilang sitwasyon. Bilang karagdagan, inisip pa niya ang maaari niyang gawin. Ang resulta: Siya ay nakiusap at humiling sa pinuno ng mga eunuko.
3. *"At pinahintulutan ng Dios na si Daniel ay tumanggap ng lingap at habag mula sa pinuno ng mga eunuko."* (talatang 9)

Ang aking pagkukusa na maging masunuring lagi ang nauuna: nais ko bang sundin ang komisyon ni Jesus? Matapos na ako ay magkaroon ng positibong pasya, ang susunod ay ang mga hakbang sa paghahanda, na nasa abot ng ating makakaya. Ipagdadasal ko ang tao, makikipag-usap at pananatilihin ang personal na ugnayan.

(Kung si Jesus ay namumuhay sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon tayo ay susubaybayan niya sa bawa't hakbang.)

Nais ng Dios na akayin ang mga tao tungo sa kaligtasan! Gagawa siya sa kanilang mga puso.

Maaaring marami pang mga dahilan kung bakit ating aakayin ang mga tao papalapit kay Jesus. Sa katapus-tapusan, nais nating alalahanin kung ano ang mga natutunan ng mga tagapag-akay ng kaluluwa.

Nais kong muling ipaunawa, na ang mga pagsasanay, mga kagamitan at mga pamamaraan ay walang saysay, kung hindi tayo kikilos sa ilalim ng awtoridad at kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

At naririto ang malaking katanungan:

Paano ako magsasallita ng tungkol kay Jesus?

Maraming mga sari-saring paraan at pamamaraan sa pakikipag-usap na maaaring gamitin upang maisalaysay si Jesus. Unang paraan, na nasubukan na, ay umpisahan sa maliit na aklat. Sa susunod na kabanata ay ating

tatalakayin ng mas detalyado kung paanong gagamitin ang aklat-gawaan. (workbook)

Ang susunod nating kabanata ay:

Paano natin aakayin ang mga tao kay Jesus?

Ano ang 12 mabubuting dahilan upang gamitin ang aklat-gawaan? Ano ang mga praktikal na karanasan ang maaari nating makuha mula dito? Paano ko magagamit ang isang subok at napatunayan na aklat-gawaan?

Sa mga sandaling ito, nais lang muna natin itong bigyan ng kaunting sulyap. Ang mapanuring panahon para sa karamihan sa atin ay kung ano ang tamang paraan na umpisahan ang usapan. Paano ko uumpisahan nang kaswal at tunay ang pakikipag-usap tungkol sa pananampalataya? Ano ang pangunahing mga katanungan na maaaring magdala ng may kaparaanan at tungo sa pangunahing punto?

- Paano ko ipakikilala si Jesus sa isang tao at paano ko maipapakita sa kanila ang simpleng balangkas ng plano ng kaligtasan?
- Paano ako makakagawa ng ispiritwal na pagsusuri, upang malaman ng tao kung saan sila nakatayo at kung saan nila nais tumungo sa hinaharap? Ito ay mahalaga para sa akin upang akin silang mabigyan ng tiyak na tulong.
- Paano ko matutulungan ang isang tao, na nais ng tanggapin si Jesus?

Salamat sa Panginoon, sapagka't mayroong mabubuting kasagutan sa mga katanungan na ito. Lahat na yan ay nasa maliit na libro na "Sakupin ang buhay". Kahit sino ay maaaring matuto na gamitin ang aklat na ito. Sa katotohanan, ang paraan na ito ay nagamit na ng maraming taon sa maraming bahagi ng mundo – ng may dakilang tagumpay! Napakahalaga na maraming tao ang gagamit nito para sa kaligtasan ng iba at para sa ikatutuwa ng mga tumutulong.

Nais nating pasalamatan ang ating Panginoon ng buong puso sapagka't ginawa niya tayong kusa at may kakayahan – na ilapit ang mga tao kay Jesus.

Panalangin: "Ama naming nasa langit, gawin mo kaming payag na naisin ang lahat na iyong nais, pukawin ang pagnanais sa akin na tumulong sa dakilang gawain na maibalik ang nawalang sanlibutan para sa Iyo. Salamat, Panginoong Jesus sapagka't ako ay pangungunahan ng Iyong mabuting Espiritu, AMEN."

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtatalakay

1. Anong pagkasunod-sunod ang kailangan nating sundin kung nais nating maging mabisang mamamalakaya ng tao?

---

2. Ano ang mga kondisyon upang maging mamamalakaya ng tao?

---

3. Magbigay ng ilang mga dahilan kung bakit kailangan nating ilapit muna ang mga tao kay Jesus bago ituro sa kanila ang mga doktrina mula sa Biblia?

---

4. Ano ang natagpuan mong mahalaga sa mga sumusunod na prinsipyo? Ako'y lubos na nananalangin upang sumaksi tungkol kay Jesus sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Aking iniiwan ang mga resulta sa Dios.

Oras ng Ating Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kapareha sa pananalangin at talakayin ang paksa sa kanila.
- Manalangin kasama ang kapareha mo sa pananalangin.
  1. ...upang tunay na maging saksi para kay Jesus.
  2. ...na gawin akong handa ng Dios na naisin na gawing may kagalakan ang lahat ng bagay na nais ng Dios.
  3. ...na maunawaan kung bakit napakahalaga na ikayin muna ang mga tao kay Jesus.
  4. ...para sa kaalaman upang masuri kung sinong tao, na aking nakakasalamuha, ang nangangailangan sa ispiritwal.

KABANATA 7

Ika-24 Araw

Ika-26 Araw ulitin

PAANO NATIN MAAAKAY ANG MGA TAO KAY JESUS?

Sa pamamagitan ng liksiyon mula sa Biblia kasama ang paggamit ng Sulat para kay Andres Bilang 13. Sakupin ang Buhay sa pamamagitan ng personal na ugnayan sa Dios.

Ating unahin muna ang dalawang mahahalagang hakbang mula sa kabanata 7 at 8. Sunod sa kabanata 9 kung saan maaari nating magamit ang Mga Liham para kay Andres.

Bakit mahalaga na gumamit ng mga maliliit na libro?

Sumulat sa akin ang Adventistang mangangaral na si Eiden K. Walter: "Para sa aking pagmamalasakit, hindi ko nais sundan ang mga hakbang ng – mailapit ang mga tao kay Jesus – kung walang magagamit na maliit na aklat. Malaki ang maitutulong nito. Nagbibigay ito ng kumpiyansa para sa mga baguhan at nagsisilbing praktikal na tulong para sa kaniyang layunin.
Ang labindalawang kalamangan ng maliliit na aklat ay:

1. Dito nakapaloob ang mga susing mensahe ng ebanghelyo.
2. Sa harapan ng mga bumabasa ay hindi makikita ang mga nakakalinlang na mga pahayag mula sa isang indibidwal. Ito ay simpleng balangkas ng panukala ng kaligtasan.
3. Ang mahusay na estraktura ay tumutulong upang madaling maunawaan ang ebanghelyo. Ang iyong kasama ay mayroong mapapakinggan at mayroon ring maaaring mapanood ng magkasabay.
4. Tinutulungan tayo na manatili sa paksa at binibigyang katuwiran ang pag-uusap.

5. Positibo ang pinag-uumpisahan, halimbawa Ang pagmamahal ng Dios sa atin.
6. Inaakay tayo na isakatuparan kung ano ang napakinggan sa natural na paraan.
7. May mga mungkahi para sa paglago at ipinapakita ang kahalagahan ng simbahan.
8. Mas mahaharap mo ng lubusan ang taong iyong kinakausap sapagka't nalalaman mo ang nais mong sabihin.
9. Matutulungan ka na umpisahang pag-usapan ang may kinalaman sa mga katanungan tungkol sa pananampalataya. Halimbawa, maaari mong sabihin ng simple: Mayroon akong natuklasang maliit na libro na nagbubuod ng susing mensahe ng Biblia. Alam mo na ba ang mga ito?
10. Maaari din itong makatulong sa mga taong hindi pa masyadong bihasa sa Biblia, na kanilang maipapaliwanag sa iba ang ebanghelyo at kanilang akayin sila sa malapitang ugnayan kay Kristo.
11. Matapos ang iyong pakikipag-usap sa kanila ay maaari mo itong ibigay. Kinakailangan mo rin itong gawin! Malimit ay itinatago nila ito sa kanilang mga Biblia.
12. Gayundin, ang mga nakisangkot na naakay papalapit kay Jesus, ay natuto kung paanong maipakita sa iba ang daan patungo sa Kaniya.

At marami pang maidagdag na magagandang dahilan. Maaari mo itong subukan matapos na ikaw ay manalangin. Mas mahusay ang matuto sa pamamagitan ng karanasan kaysa sa pag-aaral. "At kung maaari ay hindi ko tatalakayin ang mahalagang hakbang na ito kahit kanino kung hindi kasama itong maliit na libro."

May Ilan na Piniling Karanasan:

Karanasan #1: "Nagkaroon ako ng pagkakataon na makausap ang isang tagapamahala na 40 taong gulang. Nag-umpisa ako sa unang katanungan, at siya ay handa na sundan ako sa pag-aaral ng maliit na libro. Sa kasawiang palad, hindi pa siya handa na tanggapin si Jesus ng araw na yaon. Gayon pa man, ganito ang kaniyang naging pahayag ng kami ay maghihiwalay na: 'Gusto kitang pasalamatan ng taos puso. Sa unang pagkakataon sa aking buhay, nalaman ko ngayon ang paniniwala ng mga Kristiyano.' Hindi pa handa sa pagkakataon na iyon ang babae. Subali't mabuti na din na kaniyang nalaman ang daan patungo kay Jesus matapos ang aming pag-uusap at maaari niyang sundan ang daan sa hinaharap. Siyempre, aking iniwan para sa kaniya ang maliit na libro na Sakupin ang Buhay."

Karanasan #2: “Minsan sa aking paglalakbay mula sa Baghdad patungong Mossul sa Iraq. Aking nakasama sa sasakyan ang isang mag-aaral na taga Iraq. Nagkausap kami sa ingles. Matapos ang unang katanungan, nais niyang malaman kung paano siya magkakaroon ng katiyakan. Sa kahulihan, siya ay handa para sa isang panalangin ng pagsuko kay Jesu-Kristo. Naipaliwanag ko sa kaniya kung ano ang mga makakabilang sa panalangin na iyon, at akin siyang tinanong kung nais niyang ipanalangin ang gayong panalangin. Ang sabi niya nanalangin siya sa gayong paraan, nguni’t hindi niya natatandaan ang anumang bagay. Kinakailangan kong manalangin ng bawa’t pangungusap, at sumusunod na lamang siya sa akin. Sinabi ko sa kaniya na nais ko na tanggapin niya ang mayamang pagpapala ni Jesus sa daan na ito at aking tinawag ang kaniyang pansin sa katotohanan na mayroong simbahan ng Adventista sa Baghdad na kaniyang siyudad.”

Karanasan #3: Sa panahon na aking dinalaw ang bagong simbahan sa distrito, aking nakilala ang isang kapatid at ang kaniyang 17 taong gulang na anak na lalaki. Ang kabataang lalaki ay pinahina ng Thalidomide. Matapos ang unang katanungan, ang mag-ina ay handa at interisado na basahin ang maliit na libro na *Sakupin ang Buhay* kasama ako. Parehas silang interisado na isuko ang kanilang mga sarili kay Jesus sa panalangin. Hindi nagtagal at ang kabataang lalaki ay nabautismuhan. Kaniyang masayang ipinagtapat sa kaniyang mga patotoo na ang kaniyang buhay bagama’t pinahina ay nagtamo din naman ng ganap at bagong sukat sa pamamagitan ni Jesus.”

Karanasan #4: “Sa ibang pagkakataon, nakausap ko ang isang 38 taong gulang na lalaki, na nakapangasawa ng isang Adventista. Mahilig siyang manigarilyo (70 na sigarilyo sa isang araw) at hindi niya maiwan ang paninigarilyo. Aking ipinaliwanag sa kaniya na maaari siyang tuluyan at mabilisan na makalaya sa tulong ng Dios sa pamamagitan ng panalangin at pag-angkin sa mga pangako ng Dios. At iyon ang nangyari. Hindi nagtagal, kaniyang isinalaysay ang karagdagan pang problema: Umiinom siya ng 10-14 na bote ng serbesa araw-araw. At ngayon ay nais din niyang iwanan pati ang pag-inom ng serbesa. Muli kaming nanalangin at binigyan siya ng Dios ng ganap na paglaya mula sa alak. – Sa aming sumunod na pagkikita, aming tinunghayan ang pulyeto na *Sakupin ang Buhay*. Bukas ang kaniyang puso sa mga kaisipan at mga katanungan. Akin siyang tinanong matapos naming sabay na nagdasal ng panalangin ng pagsuko: ‘Ipagpalagay natin na mamayang gabi ikaw ay mamamatay, maliligtas ka kaya? ‘Siyempre!’ ang kaniyang sagot, nangilabot ang kaniyang asawang babae. Ganito ang kaniyang paliwanag: ‘Sinagot ni Jesus ang aking unang panalangin at kaniya akong pinalaya mula sa sigarilyo, sa ikalawa kong panalangin, pinalaya Niya ako mula sa alak at simula ng akin Siyang inimbitahan sa aking puso, Siya ay namuhay sa akin. Kaya, ako ay ligtas na.’ Hindi siya nagkamali. Nag-umpisa na siyang magkaroon ng pagsamba tuwing umaga kasama ang kaniyang

minamahal na asawa. Handa na siyang mag-aral ng Biblia at hindi nagtagal siya ay nabautismuhan. (Maaari ninyong makita ang detalye ng lahat na ito sa Liham Kay Andres #5: “Tagumpay sa Sigarilyo at Alak”. Maaari din gamitin ang paraan na ito sa ibang pagkagumon.)”

Pakiusap na iyong kunin ang Panimulang Pangkat na kasama dito at iyong basahin ang orihinal na Liham Kay Andres Bilang 13 “Sakupin ang Buhay”. Ang mahalaga at napatunayan na kasangkapang pang buong mundo (na may iba’t ibang pamagat) ay nagagamit upang maghatid ng ibang tao papalapit kay Jesus. Sa kabanata 9 “Praktikal na mga Tulong”, inyong masusumpungan ang mga impormasyon na batayan tungkol sa Panimulang-Pangkat at ang ibang Liham kay Andres.

Matapos na basahin ang Liham kay Andres bilang 13, maaaring bumalik sa libro at ipagpatuloy ang pagbabasa sa Kabanata 7. Ang kabanata na ito tungkol sa Liham kay Andres bilang 13 ay naihanda bilang patnubay na praktikal sa mga taong inyong nakakausap. Bilang karagdagan, ito ay naglalaman ng mga pahayag na nakasulat ng *padaloy* at mga katanungan na maaari ninyong magamit upang akayin ang isang tao papalapit kay Jesus. Makakatulong ang mga katanungang ito upang sila ay makapagpasya.

Basahin ang Liham kay Andres bilang 13 “SAKUPIN ANG BUHAY”

Matapos ninyo itong mabasa, maaaari nang bumalik sa bahaging ito ng aklat. Maraming salamat!

Anong panimulang katanungan ang maaaring gamitin na tuwiran at may kahusayan na makakahimok na basahin ang Liham kay Andres bilang 13 “Sakupin ang Buhay” sa isang kaibigan , na maaaring mag-akay tungo sa personal na relasyon sa Dios?

Aking tanong:
“Maaari ba akong magtanong ng isang mahalagang katanungan?”
Malimit ang sagot nila ay Oo. Kahit na minsan ang aming napag-uusapan ay iba, akin itong naitutuwid sa pangunahing punto sa pamamagitan ng tanong na ito.

Sunod kong tanong:
Pangunahing katanungan #1
“Ipagpalagay natin na ikaw ay mamamatay ngayon – maaaring sakit sa puso o aksidente, o ano pa man! Mayroon ka bang katiyakan ng buhay na walang hanggan kasama si Jesu-Kristo? –
Kalimitan ang sagot ay *“hindi”,* minsan *“sana”* at kakaunti ang nagsasabi ng *“Oo”.* Hindi na ako nagbibigay ng komentaryo sa mga kasagutan na ito. Nguni’t

kapag mayroong sumagot ng *"Oo",* saka ko itinutuloy sa **pangunahing katanungan 1a.** Sunod ay aking sinabi:

Susing katanungan #1a:
"Maaari ba akong muling magtanong?" Malimit sila ay pumapayag, at aking itatanong:
"Ipagpalagay natin na tatanungin ka ng Diyos: Bakit ka naniniwala na ikaw ay makakauwi sa langit?"

Sa kanilang sagot ay aking malalaman kung ang tao ay nakasalalay sa pag-aaring ganap sa pamamagitan ng gawa o sa pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi na din ako nagbibigay ng komentaryo sa kanilang mga sagot. Ang Liham kay Andres ay nagpapakita na tayo ay naligtas sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya.

Susing katanungan #2:
"Nais mo bang magkaroon ng katiyakan?" Ito ay malimit nasasagot ng may pagsang-ayon.

"Mayroon ka bang ilang minute upang ating basahin magkasama ang paksa na ito?"

Kung ito ay nasagot sa positiong paraan – at ito ang sinusundan – **ang kasunod ay aking iaabot ang Liham kay Andres bilang 13 upang aming magkasamang babasahin.** (Maghanda ka ng ilang kopya, kung sakali na mayroong karagdagang tao.)

Samantalang magkasamang binabasa, maaari nating matulungan sila na magmuni-muni sa pamamagitan ng pagtatanong. Nguni't kung maaari, hindi na tayo magtatanong ng wala sa nakasaad. Malimit tayo ay nakaka-istorbo sapagka't marami tayong nasasabi.

Sa mga sumusunod na mga parerala, ang lahat ng sulat kamay ay aking sasabihin bilang mga karagdagan. Iminumungkahi ko na inyo itong isulat sa inyong kopya na pulyeto. Ganito ang aking ginagawa. Ating alalahanin na ito ay isang mabisang paraan upang mailapit ang isang tao kay Jesus. Ito lamang ang tanging Liham kay Andres na nais nating ihanda ng lubusan.

Umpisahan na natin ngayon magbasa sa ating kaibigan

"Mag-umpisa tayo sa pagbasa."

Ika-25 Araw

Ika-27 Araw ulitin

Sakupin ang Buhay – Sa pamamagitan ng isang personal na ugnayan sa Dios Liham kay Andres bilang 13

"Atin lang uulitin ang mahalagang katanungan. Dito ko ito kinuha. Kaniyang napahanga ako ng lubusan."

Mahal na Andres[8],
Maaari ba kitang tanungin ng tuwiran tungkol sa isang napakahalagang katanungan?

"Ipagpalagay natin na ikaw ay mamamatay ngayon (maaaring sakit sa puso o aksidente?) Mayroon ka bang katiyakan ng buhay na walang hanggan kasama si Jesu-Cristo? Huwag manatili sa kadiliman! May limang katotohanan na tutulong sa iyo upang malaman mo ang kasagutan.

Sinomang naghahanap para sa isang ugnayan sa Dios, ay masusumpungan niya ang pagtuklas ng isang habangbuhay:

1. Mahal ako ng Dios!

"Dito nahayag ang pag-ibig ng Dios sa atin, sapagka't sinugo ng Dios ang Kaniyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan Niya. Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umiibig sa Dios, kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kaniyang Anak na pantubos sa ating mga kasalanan." (1 Juan 4:9,10)

Kung kaya't ang Dios ay may plano para sa akin. *"Sapagka't gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kaniyang tanging Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya."* (Juan 3:16,17)

---

8 Ang pangalan ay napili upang magpaalala sa atin ng Andres mula sa Biblia, na nag-akay sa kaniyang kapatid na si Pedro papalapit kay Jesus (Juan 1:40-42)

Nangako si Jesus: *"…Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang may kasaganaan."* (Juan 10:10)

Inalok sa akin ng Dios ang mga dakilang bagay:

- Isang masagana at makabuluhang buhay – ngayon
- Buhay na walang hanggan – sa susunod

Bakit hindi masiyadong nabibigyan ng tibay ang alok ng Dios? Ano kaya ang dahilan sa likod ng masakit na katotohanan?

2. Inilayo natin ang ating mga sarili sa Dios!

Mula ng umpisa, ang mga tao ay tinawagan upang magkaroon ng pagsasama sa Dios. Mayroon silang personal na ugnayan sa Dios. Sa pamamagitan ng kanilang malayang pagpili, inihiwalay nila ang kanilang sarili sa ating Dios. Naisip nila na sa ganitong paraan sila ay maaaring maging malaya. Kung kaya't ang malapit na ugnayan sa Dios ay nawala.

Ang ganitong pagpapasya ng mga tao ay tinawag ng Biblia na "kasalanan". Hindi mahalaga kung ang kaniyang sarili ay nagpapakita ng aktibong pagrerebelde o di kaya ay walang tutol na kakulangan ng interes tungo sa Dios.

Ang kasalanan ang naghihiwalay sa atin sa Dios.

Ipinaliwanag ng Biblia kung ano ang kasalanan:

"Nguni't pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Dios, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkukubli ng Kaniyang mukha sa inyo, anupa't siya'y hindi nakikinig." (Isaias 59:2)

"Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay lumalabag din naman sa kautusan, at ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan." (1 Juan 3:4)

"Ang lahat ng kalikuan ay kasalanan…" (1 Juan 5:17)

Marami ang nakapagtanto na ang kanilang buhay ay walang kabuluhan. Kung kaya't sila ay nagpupursige tungo sa mas makabuluhang buhay. Nguni't paano? Wala ang Dios?

Subali't, ang isang tapat at kagalang-galang na buhay mga kaisipan na magpapabuti sa sitwasyon ng ating mundo o sa mga natamo sa relihiyosong pagtulong ay hindi sumaklaw sa kailaliman sa pagitan natin at ng Dios. Ang kasalanan, kasama ng lahat ng kaniyang resulta, ay hindi nalilimitahan sa lahat ng pagsisikap na ito.

Ano ang tugon ng Panginoon sa lahat ng pagsisikap ng tao?

3. Namatay si Jesu-Cristo dahil sa aking mga kasalanan!

Ang kamatayan Niya ang naging kabayaran sa aking mga kasalanan:

"Nguni't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, Siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; ipinataw sa Kaniya ang parusa para sa ating

kapayapaan, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay gumaling tayo." (Isaias 53:5)

"Si Cristo Jesus na namatay, oo, Siyang muling binuhay mula sa mga patay, na Siya ring nasa kanan ng Dios, na Siya ring namamagitan para sa atin." (Roma 8:34)

Si Jesus mismo ang nagsabi *"Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinoman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko."* (Juan 14:6)

Ang Dios ang gumawa sa mga bagay na hindi ko magawa sa aking sarili: Inabot Niya ang nagpapahiwalay na kalaliman sa pagitan ko at pagitan ng Dios. At ito ay naganap nang ang Anak ng Dios ay namatay bilang kapalit sa aking mga kasalanan.

"Walang kaligtasan sa kanino paman, sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Mga gawa 4:12)

Masusumpungan natin ang personal na ugnayan sa Dios sa pamamagitan ni Jesus.

Hindi sapat na ating malaman ang katotohanan na ito. Nag-aantay ang Dios ng isang reaksyon. Maaaring ganito ang maging larawan nito:

4. Tinatanggap ko si Jesu-Cristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas

"Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong mga sarili; ito'y kaloob ng Dios,… upang ang sinuman ay hindi magmalaki." (Efeso 2:8,9)

Ang pagtanggap sa Kaniya ay may kahulugan na:

- Namumuhay na kasama Siya at may personal na ugnayan,
- May pananampalataya at pagtitiwala sa Kaniya.

"Narito Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok; kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya…" (Apocalipsis 3:20)

May dalawang posibilidad:

Ang aking buhay ay nakasentro sa aking sarili.

Ang aking sarili ang siyang namumuno.

At ang resulta ay ang mga sumusunod na halimbawa, nais na hangaan, pagdududa, kawalan ng kapanatagan, pagkakasala, hindi mapalagay, atbp.

Si Jesus bilang sentro ng aking buhay.
Si Jesu-Cristo ang nangunguna sa akin. At ang kalamangan ay ang mga sumusunod: kapayapaan, katiyakan, pagpapatawad, pag-ibig, bago at buhay na walang hanggan.

Mahalaga ang aking mga kasagutan sa mga sumusunod na katanungan:

- Alin sa dalawang ilustrasyon ang naglalarawan ng aking buhay?
- Higit ba ang ilustrasyon sa itaas o sa ibaba?

(Maaari tayong makatulong sa pamamagitan ng pagsabi ng ganito:)

"Muli nating tignan ang ilustrasyon."

(Huminto ng ilang sandali at muling magtanong:)

"Sa mga sandalling ito, mas nakakahigit ba ang sa kanan o ang sa kaliwa?"

(Hindi tayo magkokomentaryo sa kanilang mga sagot, subali't ating sasabihin:)

"Tayo'y magpatuloy sa pagbabasa"

- Ano ang gusto kong maging kamukha ng aking buhay?
- Aling ilustrasyon ang hinahangad ko sa hinaharap?

(Ngayon ay maaari na nating itanong:)

"Alin sa ilustrasyon ang hinahangad mo sa iyong hinaharap?"

(Hindi tayo magbibigay ng komentaro sa kanilang mga kasagutan, subali't maaari natin sabihin:)

"Ating ipagpatuloy ang pagbabasa"

- Ano ang pumipigil sa akin upang tanggapin si Kristo sa aking buhay ngayon?

(Huminto ng ilang sandali, at muli ay itanong:)

"Ano ang pumipigil sa iyo na tanggapin si Jesus sa iyong buhay ngayon?"

(Ang kalimitan na isinasagot ay: "wala…")
(Hindi tayo magbibigay ng komentaryo sa kanilang sagot, sa halip ay ipagpapatuloy ang pagbabasa:)

"Patuloy nating basahin ang nasa pahina 4:"

Pakiusap na iyong basahin kasama ang panalangin.
(Subali't iyong tatandaan na kinakailangan mong basahin ang panalangin ng dahan-dahan at malinaw.)

Paano ko matatanggap si Jesu-Cristo sa aking buhay?

Maaari akong magpasya ngayon para kay Jesu-Cristo. Madali lang makipag-usap kay Jesus. Sa Biblia, ito ay tinatawag na "panalangin". Ang aking panalangin ay maaaring kagaya nito:

Mungkahing panalangin: *"Panginoon Jesu-Cristo, nais kitang pasalamatan, sapagka't Ikaw ay namatay at nabuhay para sa akin. Ako ay isang makasalanan, maaari ba na ako ay iyong patawarin. Nakikiusap ako na ikaw ay manirahan sa aking buhay. Hindi ko maililigtas ang aking sarili, hindi ko matatamo ang buhay na walang hanggan. At iyan ang dahilan kung bakit ako ay nagtitiwala sa Iyo. Palayain mo ako sa kapangyarihan ng kasamaan. Bigyan Mo ako ng lakas upang ikaw ay aking masundan. Isinusuko ko ang aking sarili sa Iyo, kung ano man ako at kung anoman mayroon ako. Tinatanggap ko ang buhay na walang hanggan, akin na itong natamo; nguni't Ikaw ay aking pinapasalamatan sa handog na ito. AMEN."*

Makakapagsabi ka ba ng "Oo" sa panalangin na ito?
Aking iminumungkahi na iyong muling basahin ng maingat ang panalangin na ito sa ikalawang pagkakataon. Ganito ang katanungan: Ito ba ay hindi nagbabago sa iyong kalooban? Tandaan: ang iyong kalooban ang lugar ni Jesus sa iyong buhay.

"Muli ko itong babasahin ng malakas, upang ikaw ay makapagpasya kung ikaw ay makakapagsabi ng Oo sa panalangin na ito."
Ngayon, ay maaari mo nang basahin ng maingat at malakas sa ikalawang pagkakataon ang panalangin.

Ikalawang pagbasa

Muling magtanong, matapos ang ikalawang pagbasa: *"Makakapagsabi ka ba ng Oo sa panalangin na ito?"*
Matapos ang maikling sandali, at sa panahon na tayo ay tumanggap ng pagsang-ayon, maaaring sa pamamagitan ng salita, o di kaya ay sa mukha, maaari na tayong magpatuloy.
Iminumungkahi ko na tayo/ o ikaw ay manalangin ng malakas ngayon.
"Bago pa man ay ating basahin ang susunod na pangungusap:"

Kapag Oo, samakatuwid ay nais kong ipasakop ang aking sarili ng buo kay Jesu-Kristo sa pamamagitan ng mga salita sa panalangin na naimungkahi. Pakikinggan Niya ang aking panalangin.

"Kung maaaari, tayo ay parehas na luluhod." Pinakamahusay na lumuhod sa ganyang uri ng panalangin. (Nguni't minsan hindi naman kinakailangan.)

Panalangin

Matapos na kayong dalawa ay makapanalangin, maaari mong sabihin:
Binabati kita! Dininig ng ating mahal na Dios ang iyong panalangin. Atin lamang ipagpapatuloy ang pagbasa hanggang sa huli upang ating malaman ang detalyadong kahulugan."

Ika-28 Araw

5. Ang aking bagong buhay kay Jesu-Cristo

Ngayon ay akin nang natanggap si Jesu-Cristo sa aking buhay. Nais kong ipagpatuloy ang landas na ito na kasama Siya. Seryosohan ko na ginagamit ang Kaniyang mga pangako mula sa Kaniyang salita.

Hindi na nakabatay sa pakiramdam ang aking bagong buhay, sa halip ay katotohanan mula sa salita ng Dios:

"Kaya't ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang." (2 Corinto 5:17)

Asahan na makakaranas ng kagalakan matapos ang panalangin na ito. Isang inhinyero ang nagsabi ng may kabiguan:

"Aking ibinigay kay Jesu-Cristo ang aking salita sa pamamagitan ng panalangin ng pagsuko. Nguni't hindi ko nakita ang katumbas na pakiramdam."

Isinuko mo ang iyong buhay kay Jesu-Cristo. Ang iyong panalangin ng may pagsuko ay naglikha ng **isang bagong katunayan**, sapagka't maaasahan ang Dios at ang Kaniyang salita. Mahalaga ang mga sumusunod na pagkaunawa sa ganitong konteksto: **Ang mga katotohanan ay hindi nakadepende sa ating pakiramdam.** Ang mga katunayan ay may bisa kahit walang pakiramdam. Ito ay malaya mula sa aking pakiramdam.

Halimbawa: Ang iyong kaarawan ay nasa takdang araw. Subali't ikaw ay lubos na walang pakiramdam sa iyong kaarawan! **Ang katotohanan ay:** ang iyong kaarawan ay sa araw na ito – kahit na wala kang nararamdaman sa iyong kaarawan.

Nalalalaman mo ang talaan ng multiplikasyon. Halimbawa: 2x2=4; o kaya ay 4x4=16. **Ang talaan ng multiplikasyon ay katunayan** – di mo kinakailangang maramdaman ito. Ang pakiramdam ay hindi naaangkop dito. Ang pakiramdam ay hindi sukatan ng katunayan!

Naginhawahan ang inhinyero ng kaniyang napagtanto: "Ako ay naka Oo na kay Jesu-Cristo. Ako ay isa nang Kristyano – kahit wala ang katumbas na pakiramdam. Sa kasawiang-palad, hindi naipaliwanag ang simpleng prinsipyo sa akin ng aking ina."

Ano ang bago o ang nakapagbago sa aking buhay?

1. Si Cristo ay umanib sa aking buhay. (Apocalipsis 3:20; Colosas 1:27)
2. Pinatawad ni Cristo ang aking kasalanan. (Colosas 1:14; 1 Juan 1:9)
3. Pag-aari ako ng Dios – ako ay Kaniyang anak. (1 Juan 3:1)
4. May malinaw na kahulugan na ang aking buhay. (Juan 10;10; 2 Corinto 5:14-15,17)
5. Tinutulungan ako ni Cristo na sundin ang Kaniyang mga tagubilin. (Juan 14:15; 15:10,11)
6. Naghahanda ako sa isang tipanan kay Cristo sa pamamagitan ng bautismo. (Marcos 16:16)
7. Binigyan ako ni Cristo ng buhay na walang hanggan. (1 Juan 5:12)

Ipinangako ni Jesus: *"Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay – at magkaroon nito nang may kasaganaan."* (Juan 10:10)

Ang buhay ay paglago, at ang hindi pagkilos ay pag-urong.

Kung kaya't:

- Hindi ako tumitingin sa aking sarili, at sa halip ay kay Jesu-Cristo.
- Ako ay umaasa sa pagtubos ng Dios, at hindi sa pabago-bagong damdamin.
- Pinapanatili ko ang malapit na ugnayan ko sa aking Panginoon.
- Pinapanatili ko ang aking buhay panalangin.
- Araw-araw ko na binabasa ang Biblia – ang salita ng Dios.
- Mayroon akong palagiang pagsasamasama sa mga Kristyano na kaparehas ang pag-iisip.
- Aking pinapahayag si Jesu-Cristo sa aking paligid.
- Naghahanda ako para sa bautismo.
- Aking inaabangan sa hinaharap ang ikalawang pagbabalik ng aking Panginoon.

Iyong nasimulan ang bagong buhay kasama si Jesu-Cristo. Ako ay masaya para sa iyo. Nais kong ihambing ang iyong pagpapasya sa isang pakikipagtipan. Ang pakikipagtipan ay nagaganap ng pribado. Isang mabuting panahon ang susunod sa tipanan. Mas nakikilala ninyo ng mabuti ang isa't-isa, natututunan na mahalin at pagkatiwalaan ang isa't-isa, at lalong mas lumalalim ang bagong ugnayan. At kapag sumapit ang panahon na nais ninyong umanib sa isa't-isa nang magpakailanman, ito ay masusundan ng kasalan. Ang makasal kay Cristo ay katumbas sa bautismo.

"Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; nguni't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcos 16:16)

Marahil ay maaari na basahin mo ang aking liham ng ilang ulit, sapagka't aking tinangka na ibuod ang diwa ng aking ugnayan sa Dios sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.

Paano ko lubos na makikilala si Jesu-Cristo?

Kahalintulad kung paano natin kinikilala ang isang tao na wala dito. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap (pagtawag sa telepono). Ito ay tinatawag natin na "panalangin". Sa pamamagitan ng pagbabasa. Lubhang inirerekomenda na basahin ang mga ebanghelyo (Mateo, Marcos, Lucas, Juan) sa bagong tipan sa Biblia. Kanilang sinasabi ang tungkol sa buhay ni Jesus. Ito ay nagbibigay ng mabuting pangkalahatang-ideya. Bilang karagdagan, ang pag-aaral ng Biblia ng tungkol sa isang paksa ay inirerekomenda – para sa malalim na pananaw. Sa anumang bansa ay nag-aalok ng libreng pag-aaral ng Biblia.

Sa natural na paraan, ito ngayon ay magiging bahagi ng masaya at pagpapanatili ng bagong ugnayan kay Jesu-Cristo na may pagtitiwala. Binigyan tayo ni Jesus ng mahalagang tulong para sa tungkulin na ito: buhay na nakapaloob sa lakas ni Cristo. Nais kong ibahagi sa hinaharap sa susunod na liham ang tungkol dito. (Buhay na nakapaloob sa lakas ni Cristo – paano?)

Naghahangad si Jesus nang tapat at pangmatagalan na ugnayan na kasama ka. Kaya't Kaniyang sinabi: *"Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo."* (Juan 15:4)

Ngayon, ay aking inaanyayahan sa panalanging ito si Jesu-Cristo sa aking buhay. Nagtitiwala ako sa Kaniyang mga pangako sa aking buhay: *"At ang lumalapit sa Akin kailanman ay hindi ko itataboy."* (Juan 6:37)

"Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng ating kalikuan." (1 Juan 1:9)

Binibigyan ako ng kapanatagan ng salita ng Dios: "Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay." (1 Juan 5:12)

Helmut at si Kurt na aking kaibigan
(Helmut Haubeil at Kurt Hasel)

Katapusan ng kopya ng paggawa ng Sakupin ang Buhay

Ang Unang Hakbang Tungo sa Tamang Direksyon

Mapupuno ng malaking kaligayahan ang iyong puso, kapag ang isang malapit na tao ay nanalangin ng panalangin ng pagsuko sa Liham kay Andres bilang 13. Nguni't alalahanin na ito ay unang hakbang lamang, nguni't napakahalaga tungo sa tamang direksyon. Hindi pa sila nahahanda para mabinyagan (Yun ang normal), subali't sila ay nahahanda para sa pagiging alagad o pag-aaral ng Biblia.

Sa kahulihan ng sulat ay mas nagiging madali ang mag-alok ng pag-aaral ng Biblia. At ito ay tiyak na tatanggapin sa ilalim ng positibong pagkakataon.

Ayaw sa panalangin

Kapag ang tao ay humindi sa panalangin, samakatuwid ay ganito ang iyong sabihin:

"Dahil nasa sa iyo na ang pulyeto, kaya't maaaari ka nang manalangin sa mga sumusunod kung iyo nang nais. Subali't maaari na nating tapusin ngayon ang pagbabasa ng magkasama."

Kung sila ay walang pagtutol, maaari na ninyong tapusin ang pagbasa ng pulyeto na magkasama. Maaari na lamang itong balikan sa mga susunod na pagkakataon, at imungkahi na kanilang muling basahin ang pulyeto upang mabuo ang kanilang personal na ugnayan kay Cristo. Kung sa mga sumusunod na pagkakataon ay hindi mo nais na gamitin ang pulyeto, kung gayon ay iyong gamitin ang pulyeto na *Ang Daan Tungo sa Buhay na Walang Hanggan* (Tignan ang nakapaloob na letrang C sa dulo ng aklat at maaari din bisitahin ang www.steps-to-personal-revival.info – *Letters to Andrew)*. Ito ay tumutugon sa magkatulad na paksa, subali't magkaiba sa pamamaraan ng pag-iisip. Ito ay kasama sa Z1 ng Panimulang-Pangkat. At hindi namamalayan ng ating kaibigan na ating inuulit ang ating magagawa upang maakay natin siya papalapit kay Jesus. Mahalaga na ating makuha ng malinaw ang mga hakbang na ito sa panalangin at humakbang ng pasulong sa panalangin.

Pampasigla

Ang pulyeto na ito ay naging at isang napakalaking kasangkapan para sa akin. Sa mga lumipas na taon, sa aking palagay ito ay aking nagamit na sa 400 hanggang 500 na mga tao. Ang malaking bahagi ay naganap kalimitan sa pag-uusap ng isahan sa unang pagkakataon. At marami sa kanila ay naging mga tagasunod ni Jesus. May mga pagkakataon na ako ay nahihilingan na aking bisitahin ang kanilang mga kamag-anak at kaibigan upang dalhin ang mensaheng ito. Sobrang laking tulong sa unang bahagi ng pagkakakilala. Naghahatid ito upang magkaroon ng pag-aaral kung paano magiging alagad, maaari ding mag-aral ng Biblia na magkasama, o magkasama na makinig ng lektura. Sa ngayon ay napakarami nang materyales na maaaring magamit.

Ipinakita ko sa kabanata 9 kung paano ka makakasulong upang maipakilala si Jesus matapos ang ilang karagdagang mga hakbang.

Mga praktikal na pamamaraan (tips)
Magiging malaking tulong kung iyong isusulat ang mga katanungan at iyong magiging sariling kopya ng pulyeto

Kung iyong nais, upang magkaroon ka ng kumpiyansa, maaari mo din sanayin ang buong proseso kasama ang iyong kaibigan o myembro ng pamilya. At kung hindi ka naman komportable na tulungan ang iyong kakilala gamit ang mga katanungan, sa gayon ay maaari ninyong basahin na magkasama at hindi isinasama ang mga katanungan at i-postpone hanggang sa susunod na mga panahon. Maaari ka din manalangin ng taimtim at iyong ipagkaloob sa iyong kakilala upang kaniyang mabasa ng mag-isa.

Kung mayroong tao na nais makalaya ang kaniyang sarili sa mga sigarilyo, alak o anumang bagay na siya ay nalulong, sa gayon ay maaaring gamitin ang Liham kay Andres **bilang 5: "Pagtatagumpay laban sa alak at sigarilyo. Paano ka tuluyang magiging malaya mula sa pagkalulong sa tulong ng Dios?"** Mayroong isang maikling halimbawa sa ilalim ng mga Karanasan 4 sa pahina 132. – Napakahalaga na ating maakay ang napalayang tao patungo kay Jesus gamit ang **"Sakupin ang Buhay"** at maaari din ang **"Ang Daan Tungo sa Buhay na Walang Hanggan"** upang kanilang mapanagumpayan ang mga pagsubok. Ito ay may kinalaman sa pag-iwas sa pagkahulog na muli sa kasalanan..

Ang Daan Tungo sa Buhay sa Ilalim ng Kalakasan ng Dios, Pamumuhay sa Kapangyarihan ng Banal na Espiritu

Gagamitin natin ang Liham kay Andres bilang 14.

Ang sunod na hakbang ay siyang pinakamahalaga matapos na tanggapin si Jesus sa ating buhay, ay ang pag-aaral ng Biblia gamit ang *Liham kay Andres* **bilang 14**: *"Pamumuhay sa Kalakasan ng Dios – Paano?"* (Iyan ay nasa kabanata 8 sa aklat na ito)

Sa ganitong paraan, ang minamahal na tao ay maaaring maakay tungo sa buhay na nananahan kay Cristo. Ngayon, ay hindi mo kinakailangan magtanong ng maraming katanungan, sapagka't ang mga mahahalagang katanungan ay nakasama sa paksa.

Nararapat at iminumungkahi na ulitin ang Liham kay Andres **bilang 13** (o *Ang Daan Tungo sa Buhay na Walang Hanggan"* – may mga karagdagan tungkol dito) at Liham kay Andres bilang 14 para sa karagdagang pananaw. Ipanalangin mo na ikaw ay gagabayan ng Banal na Espiritu sa mga susunod mong kilos.

Kapag naisakatuparan na ang dalawang mahahalagang hakbang (panalangin sang-ayon sa kabanata 7 at positibong paglago sa buhay sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios sang-ayon sa kabanata 8), sa gayon ay magiging malaking tulong sa susunod kung kanilang mababasa ang aklat na *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay* at isusunod ang *Manahan kay Jesus* at maaari din basahin ito nang kayo ay magkasama. (Tignan ang mga aklat na inaalok sa hulihan ng aklat na ito).

MGA KARANASAN

Sinubukan bago ilathala
"Upang masubukan ay aking tinanong ang dalawang theologians. Ang unang isinagot ay: Ang iyong pag-aaral sa *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay* ay tunay na kaloob na mula sa langit, una sa iyo, at sa pamamagitan mo tungo sa ibang makakabasa. Kung kaya't una ay aking pinasasalamatan ang aking Panginoon, at sumunod ay nais kitang pasalamatan ng lubusan. Kahit na sa panahon ngayon ay maraming mga aklat na praktikal at may malalalim na ispiritwalidad sa loob ng ating iglesya, subali't ang *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay* ay naiiba. Sa pamamaraan na maiksi nguni't detalyado na paraan, ang daan upang matupad ay kinakatawanan ng Banal na Espiritu. Sinoman na makakabasa ng aklat na ito ay hindi maiiwasan na usisain ang kaniyang ispiritwal na pamumuhay at gumawa ng pagpapasiya."

Email Mayo 1, 2012 – Ang dalawang kapatid sa pananampalataya na mga lalaki ay nagrekomenda na ipalathala.

Mula sa Iglesya ng Ludwigsburg – "Ako at ang aking asawang lalaki ay nag-aaral ng *40-Araw Bilang 1* at aming naranasan ang mga dakilang pagpapala samantalang kami ay nananalangin na magkasama. Matapos ay aming binuo ang pagpupulong panalangin ng dalawang beses sa loob ng isang linggo sa iglesya ng Ludwigsburg at aming binasa ang aklat sa aming mga kasamahan sa loob ng iglesya. Aming naranasan ang patnubay, pagpapala at maraming mga mirakulo mula sa Dios! Pinasigla kami ng Dios at ginising Niya ang miyembro ng iglesya: ang mga miyembro na hindi na nakikipag-usap sa mga tao tungkol kay Cristo, sa isang saglit sila ay nakikitungo sa mga estranghero. Nang kami ay nagsamasamang nanalangin, kami ay pinagdikit ng Dios na isang pulutong. Ang pananalangin para sa limang mga tao sa loob ng 40 araw ay naghatid ng kakaibang mga resulta – gumawa ang Dios sa makapangyarihang paraan sa mga taong ito. Malimit ay mayroong dumadalo sa aming iglesya mula sa mga lansangan. Ang isa sa mga pamilya sa ngayon ay tumatanggap na ng pag-aaral ng Biblia. Kanilang nalaman ang tungkol sa Sabbath sa pamamagitan ng video sa internet at mula sa aklat na *Ang Malaking Tunggalian* at matagal na rin nilang hinanap ang iglesya." K.a.C.S. (pinaiksi) Web T1

Masigasig na Pananalangin para sa iba – “Nang umpisa, binasa ko muna ang buong aklat (*40 Araw bilang 1*). Sa ngayon na aking natapos basahin ang buong aklat kasama ng aking kapareha sa panalangin, napagtanto ko na ito pala ay napakahalaga kaysa sa una kong naisip! Nasagot ang aking mga katanungan na hindi ko masagot sa aking sarili nang una. Nagpapasalamat din ako sa aking kapareha sa pagdarasal na nakikibahagi at punong puno ng sigla. Ako ay napahanga sa mga unang pahina ng aklat. Hindi lang pala kailangang idalangin ang ibang tao, sa halip ay mahalin at alagaan ang tao. At ito ang bumubuhay sa pananalangin para sa ibang tao. Nalulungkot ako at hindi ko naranasan nang una ang ganito sa pananalangin para sa ibang tao. Buhay at masiglang pananampalataya! Kumbinsido ako na ang pananalangin para sa iba ay mahalaga rin para sa nananalangin kagaya kung gaano ito kahalaga sa taong ipinagdadasal.” Web T6

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Kung may magtatanong sa akin, ano ang aking magiging katugunan sa unang katanungan?*

2. *Bakit Mabuti na iyong isipin ang iyong sarili sa mga sumusunod na hakbang sa ebanghelyo? (1. Mahal ako ng Dios! 2. Inilayo natin ang ating sarili sa Dios! 3. Si Jesu-Cristo ay namatay dahil sa aking mga kasalanan!)*

3. *Bakit nakakatulong ang mga katanungan (sa punto 4 – Aking tinatanggap si Jesu-Cristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas) upang aking malaman ang aking personal na posisyon sa ispiritwal? Ano ang naidudulot nito?*

4. *Paano matatanggap ng isang tao si Jesu-Cristo sa kanilang buhay?*

5. *Kapag ikaw ay nagpasakop kay Jesus, ano ang nababago sa iyong pag-iisip, pakiramdam, pananalita at pagpapasya?*

---

6. *Ang pagtanggap kay Jesus sa pamamagitan ng panalangin ng pagpapasakop ang unang hakbang sa tamang direksyon. (Ihambing sa pakikipag-tipan). Paano makikilala ng taong ginigiliw si Jesus ng mas mabuti? Paano natin sila dito matutulungan?*

Ang Oras ng Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kasama sa panalangin at talakayin ang paksa na kasama sila.
- Magdasal kasama ng iyong kapareha sa panalangin …

1. …para sa katiyakan na ikaw ay anak ng Dios kung kaya't ikaw ay ligtas na.
2. …para maintindihan at makita kung mayroong mga balakid sa aking buhay, na pumipigil na aking ipasakop ng buo ang aking buhay kay Jesus.
3. …para sa kaligayahan na mamuhay kasama si Cristo.
4. …na masamahan mo ng ibang tao sa kanilang daan papalapit kay Jesus.

Ika-29 Araw

KABANATA 8

PAANO NATIN MAAAKAY ANG MGA TAO NA MAMUHAY SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG DIOS?

Sa pamamagitan ng pagbabasa kasama ang isang liksiyon sa Biblia gamit ang Liham kay Andres bilang 14 – Buhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Dios – Paano?

Dito ay aking inirerekomenda na kayo ay bumalik sa Pangunang-Pangkat at basahin ang orihinal na liham bilang 14: "Buhay na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Dios – paano?" – Pakiusap na inyong balikan ang mahahalagang idinidiin na punto at matapos ay muli kayong magpatuloy dito. Magiging mahalaga ito para sa inyong personal na ugnayan sa Banal na Espiritu at masasanay kayo na gamitin ang mahalagang kasangkapang ito. Maraming salamat sa inyong pang-unawa.

Hindi na ito nangangailangan ng karagdagang pagpapaliwanag, maliban lamang kung ang ating kasama ay mayroong katanungan. Samantala, maaari tayong magbigay ng katanungan, kung sa ating palagay na ito ay mahalaga, At kung mayroong nagnanais ng mas malalim na pag-aaral, kung gayon ay atin silang ipakikilala sa Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay (p.216) at maaari din na gawin ang pag-aaral na kasama sila.

Mahal kong Andres![9]
Nagkaroon ako ng pagtitipon para sa libing ng isang batang doctor. At aking hiniling ang kaniyang Biblia upang mayroon akong makitang mahahalagang detalye at upang ang mensahe ay mas higit na magiging personal. May nasumpungan akong isang bahagi na kung saan kaniyang isinulat: "Nais ko ng saganang buhay!" Ang kaniya mismong nais ay ang bagay na si Jesus lamang ang makakapag-bigay:

"… Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito ng ***may kasaganaan."*** (Juan 10:10)

Nais ni Jesus na maranasan natin ang bagong buhay na ito ngayon at ipagpatuloy ang bagong buhay hanggang sa Siya'y muling bumalik bilang buhay na walang hanggan sa Kaniyang kaharian.

Ang hamon ngayon ay kung papaano tayo magkakaroon ng pagkaganyak at kalakasan para sa masaya at pangmatagalang ugnayan sa buhay na kasama si Jesus.

Isang naaangkop na paghahambing: Isang sasakyan na walang gasolina. May dalawa lamang natatanging posibildad: itulak ang sasakyan o kumuha ng gasolina. Magagawa ng sasakyan ang pangunahing layunin nito kung ito ay mayroong gasolina.

Ang buhay ng Kristyano ay maaaring ihambing sa isang sasakyan na walang gasolina kung wala ang kapangyarihan ng Dios.

Kaya: Paano ako makakapamuhay sa ilaim ng kapangyarihan ng Dios? Ganito ang sabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad:

"Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu …" (Gawa 1:8)

Paano ito magaganap? Saan natin masusumpungan ang mas detalyadong impormasyon? Mayroong talata sa Biblia na kakaiba, na kung saan tayo ay may pag-ibig at malakasang hinihimok ng ating maibiging Jesus na hingiin ang Banal na Espiritu. Narito ang talata – Lucas 11:9-13:

"At sinasabi ko sa inyo, ***humingi*** *kayo at kayo'y bibigyan;* ***humanap*** *kayo, at kayo'y makakasumpong; tumuktok kayo at kayo'y pagbubuksan. Sapagka't ang bawa't* ***humihingi*** *ay tumatanggap at ang* ***humahanap*** *ay nakakatagpo, at ang tumutuktok ay pinagbubuksan. Mayroon ba sa inyong isang ama na kung* ***humingi*** *ang kaniyang anak ng tinapay ay bibigyan ng bato? O kung siya ay* ***hihingi*** *ng isda ay ahas ang ibibigay sa halip na isda? O kung siya'y* ***humingi*** *ng itlog, bibigyan kaya niya ng alakdan? Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga*

---

9 Ang pangalan ay napili upang ipaalala sa atin ang Andres ng Banal na Kasulatan, na kung saan ay nag-akay sa kaniyang kapatid na si Pedro tungo kay Jesus (Juan 1:40-42).

anak, paano pa kaya ang inyong ama sa langit na magbibigay ng Espiritu Santo sa mga ***humihingi*** *sa kaniya?"*

Mayroon ba kayong napansin? Ginamit ni Jesus ang pandiwa na "hingi" ng anim na ulit sa talaang ito; at matapos ay Kaniyang pinalitan ang salitang "hingi" at ginamit nang may diin ang salitang "humanap" ng dalawang ulit – isang pandiwang aktibo – at dalawang ulit pa na ginamit ang pandiwang "tumuktok" – isang pandiwang aktibo din. Hindi ba't malinaw na ipinakikita nito na kinakailangan nating kumilos? Ang huling "humingi" na salita kung titignan sa salitang griyego, ito ay nagpapatuloy. Nangangahulugan ito na hindi tayo humihingi ng isang panahon lamang, kundi patuloy na hihingi. Hindi lamang binigyan ng diin ni Jesus ang patuloy na paghingi, subali't kaniya din hinahangad na atin itong makakasanayan. Pinapatunayan at pinapakita sa atin ni Jesus na ating nakaligtaan ang isang bagay na mahalaga. Malinaw na tinatawag ang ating pansin sa katotohanan na kailangan natin ang Banal na Espiritu at tayo ay nakasalalay sa Kaniya.

Ipinakita ni Jesus sa pamamaraan na may kasanayan – na sa malimit napag-uulit at sa paghahambing – ang ating malaking pangangailangan: ay ang patuloy na paghingi ng Banal na Espiritu. Namumukod-tangi ito. Mayroon itong kinalaman sa pinakamataas na kaloob ng Dios – ang kaloob na nagdadala ng kasunod pang mga kaloob. Ito ang kaloob na pinakamarangal na ibinigay ni Jesus sa Kaniyang mga alagad at ang patunay sa simpleng pag-ibig ng Dios.

Ang bawa't araw ay magiging pambihirang karanasan para sa atin, kung ating nakikilala ang katotohanan ng buhay na puspos ng Banal na Espiritu at kung patuloy nating ipinapasakop ang ating sarili sa Kaniyang pangunguna.

Ang Biblia ay may binabanggit tungkol sa tatlong magkakaibang pulutong ng mga tao at ang kanilang ugnayan sa ating Dios:

Tanungin ang iyong sarili: Sa aling grupo ako kabilang? – At anong grupo ang nais kong mapabilang?

A. Ang natural na mga tao

Ito ang tao na hindi pa tumatangap kay Kristo.

"Nguni't ang taong hindi ayon sa Espiritu ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios, sapagka't ang mga iyon ay kahangalan sa kanya at

hindi niya iyon nauunawaan, sapagka't ang mga iyon ay nauunawaan sa pamamagitan ng espiritu." (1 Corinto 2:14)



Isang buhay na pinamumunuan ng sarili

E = Ego, pagka-makasarili, nag-iisa ang kaniyang sarili sa trono

† = Si Kristo ay nasa labas ng kanilang buhay

• = Bahagi ng buhay , na pinamumunuan ng kaniyang sarili at malimit nag-aakay sa di pagkakasundo at pagkabigo

B. Ang Ispiritwal na tao

Ito ang mga tao, na tumanggap kay Cristo at pinangungunahan at pinalalakas ng Banal na Espiritu.

"Nguni't nauunawaan ng taong ispiritwal ang lahat ng mga bagay…" (1 Corinto 2:15)



Ang buhay na pinamumunuan ni Cristo

† = Si Cristo ang nasa trono ng buhay

E = Ang pagkamakasarili ay nawala sa trono ng puso

• = Bahagi ng buhay, na nasa ilalim ng pangunguna ng Dios na walang hanggan at lumalago na kasang-ayon sa plano ng Dios.

C. Ang mahalay na tao

Ito ang mga tao na tumanggap kay Kristo, subali't malimit na nakakaranas ng pagkatalo, sapagka't sinusubukan niyang mamuhay ng pagiging Kristyano sa pamamagitan ng Kaniyang lakas sa halip na sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

"Subali't ako, mga kapatid, ay hindi makapagsalita sa inyo na tulad sa mga taong espirituwal, kundi tulad sa mga makalaman, tulad sa mga sanggol kay Cristo. Pinainom ko kayo ng gatas at hindi ng matigas na pagkain, sapagka't hindi ninyo pa kaya ito. Hanggang ngayon ay hindi pa ninyo kaya, sapagka't kayo'y makalaman pa. Sapagka't habang sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi ba kayo'y makalaman, at kayo'y lumakad ayon sa pamantayan ng mga tao? (1 Corinto 3:1-3)



Ang buhay na kontrolado ng sarili
E = limitado ang sarili sa trono
† = nasa buhay nila si Kristo, nguni't wala sa trono
● = Bahagi ng buhay mo na kinokontrol ng pagiging makasarili at malimit ay nagdudulot ng alitan at pagkabigo.

Nais nating tignan ang mahalagang bagay na ito sa apat na mga hakbang. Titignan natin ng malapitan ang kalagayan ng mga tao sa kanilang ispiritwal at mahalay na katayuan.

1. Nais ng Dios na magkaroon tayo ng buhay na may katuparan at masagana.

Sinabi ni Jesus: *Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay at, magkaroon nito nang may kasaganaan."* (Juan 10:10)

"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin at Ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagka't kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa." (Juan 15:5)

"Subali't ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili." (Galacia 5:22,23)

"Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." (Mga Gawa 1:8)

Ang Spiritwal na Tao
Ilang katangian ng buhay na kasama ang Dios:



- Si Jesus ang pokus na binibigyan ng punto
- Ang kapangyarihan ay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu
- Mabisa ang pamumuhay na may panalangin
- Nauunawaan ang salita ng Dios
- Nagtitiwala sa Dios
- Sumusunod sa Dios
- Naghahatid ng ibang tao papalapit kay Kristo

Pag-ibig | Kagalakan | Kapayapaan | Pagtitiyaga | Kagandahang-loob | Kabutihan | Katapatan | Kaamuan | Pagpipigil sa sarili

Ang epekto ng mga katangian na ito sa buhay ay nakabatay sa ganap na paglago ng tao kay Cristo, sa antas ng ugnayan sa Kaniya, gayundin sa lubusang pagtitiwala natin sa Kaniya sa buong bahagi ng ating buhay.

Ang isang tao na nag-uumpisa pa lang na maunawaan ang tungkulin ng Banal na Espiritu, ay hindi kinakailangan na manghina ang loob kung hindi sila namumunga ng higit sa kagaya ng isang ganap na Kristyano, na matagal nang nakakakilala sa katotohanan.

Bakit ang buhay na may katuparan ay hindi nararanasan ng ilang mga Kristyano?

2. Sino ang hindi nakakaranas ng ganap at mabungang buhay Kristyano?

Ang taong mahalay

Ang iba o marahil ang lahat ng mga katangian ay nagpapakilala ng mga Kristyanong mahalay, sila na hindi nagtitiwala ng lubos sa Dios.



- Kamangmangan sa Kaniya ang ispiritwal na pag-aari
- Kawalan ng pananampalataya
- Pagsuway
- Hindi sapat na pagmamahal sa Dios at para sa iba
- Hindi sapat na buhay pananalangin
- Hindi sapat na interes sa Biblia

Maruming pag-iisip | Pagkainggit | Pagkakasala | Di kinakailangang pag-aalala | Kawalang pag-asa | mapamintas na ugali | desperasyon | kawalang pakay | Lagalidad (ang isipan na kailangan nilang kumita mula sa Dios)

(Sinomang nag-iisip na sila ay mga Kristyano, subali't patuloy na nagkakasala ay nangangailangan na suriin ang mga sarili sang-ayon sa 1 Juan 2:3, 3:6 at Efeso 5:5 upang masumpungan kung sila ba talaga ay tunay na mga Kristyano.)

Ipapakita sa atin ng ikatlong punto ang natatanging kalutasan sa problemang ito …

Ika-30 Araw

3. Ipinangako sa atin ni Jesus ang pamumuhay na mabunga at may katuparan. Ito ay resulta ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu, gayundin ang pangunguna at kapangyarihan na ibinibigay sa atin ng Banal na Espiritu.

Ang buhay na puspos ng Banal na Espiritu ay ang buhay na may pangunguna ni Cristo. Ipinamumuhay ni Jesus ang Kaniyang buhay sa atin na gumagawa sa atin at sa pamamagitan natin, dahil sa kapangyarihan na nagmumula sa Banal na Espiritu. (Juan 15)

A. Sang-ayon sa Juan 3:1-8, ang isang tao ay nagiging Kristyano sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng Banal na Espiritu. Sa panahon na tayo ay ipinanganak muli sa ating ispiritwalidad, ating tinatanggap ang bagong buhay sa pamamagitan ni Cristo.
Binabanggit sa atin ng Juan 14:17 na ang Banal na Espiritu ay nananatili na kasama at sumasa-atin.

Ating ipasok sa ating mga isip:
Ating tinanggap ang ating buhay ng tayo ay ipinanganak. Naibigay ito sa atin sa layunin na ito ay mapapanatili ng habang buhay. Sa pang-labas, ito ay napapanatili sa pamamagitan ng hangin, tubig, pagkain, at iba pa. Ito ay ganap na kagaya ng ispiritwal na mundo at sa natural na mundo. Nang tinanggap natin ang buhay ispiritwal – tinatawag ito ng Biblia na "ipinanganak muli" (Juan 3:3), kapag tayo ay nagpasakop ng buo kay Cristo at pinatunayan sa pamamagitan ng pagbautismo sang-ayon sa Biblia sa takdang panahon (Mga Gawa 2:38; Juan 1:12; Juan 14: 16,17). At upang mapanatili ang buhay ispiritwal, ito ay nangangailangan ng buhay na kasama ang Banal na Espiritu, may pananalangin, at sa Salita ng Dios, at iba pa.

B. Ang Banal na Espiritu ang pinagmumulan ng buhay na may katuparan. (Juan 7:37-39)
C. Ang Banal na Espiritu ay naparito upang itaas si Cristo. (Juan 16:1-15) Kapag ang isang tao ay napuspos ng Banal na Espiritu, sa gayon sila ay tapat na tagasunod ni Jesu-Cristo.
D. Ipinangako sa atin ni Cristo ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Kaniyang huling mga salita bago Siya umakyat sa langit, upang tayo ay mabigyan ng kapangyarihan bilang Kaniyang mga alagad at mga saksi. (Mga Gawa 1:1-9)

Paano mapupuspos ng Banal na Espiritu ang isang tao?

4. Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay puspos ng Banal na Espiritu.

Sa gayon ay maaari nating maranasan ang buhay na mabunga at umaapaw, na siyang ipinangako ni Cristo sa atin.

Hindi natin maaaring kitain ang kasaganaan ng Dios – ito ay isang kaloob. Natanggap natin ito sa pamamagitan ng pananampalataya – sa pagtitiwala sa Dios.

Ngayon ay maaari mo nang maranasan ang pagpuspos ng Banal na Espiritu kung ikaw ay:

A. Mayroong tunay na hangarin na mapuspos at pangunahan ng Banal na Espiritu. (Mateo 5:6; Juan 7:37-39)

B. Manalangin ng may pananampalataya upang mapuspos ng Banal na Espiritu, at sa ibang salita, ikaw ay nagtitiwala na ang iyong panalangin ay tutugunin ni Jesu-Cristo.

Sinabi ni Jesus:
"Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, Mula sa kaniyang puso ay dadaloy ang mga ilog ng tubig ng buhay. Nguni't ito'y sinabi Niya tungkol sa Espiritu …" (Juan 7:38,39)
"…upang ating tanggapin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya." (Galacia 3:14)

Pinadali ng Dios para sa atin na magtiwala tayo sa Kaniya sa pamamagitan ng pagbibigay Niya sa atin ng mga tiyak na mga pangako. Sinabi Niya sa 1 Juan 5:14: *"Ito ang ating kapanatagan sa Kaniya,* ***na kung tayo'y humingi ng anumang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban, tayo'y pinakikinggan Niya."***

Silang mga nananalangin sang-ayon sa kalooban ng Dios – sinabi ng sumunod na talata:
"At kung ating nalalaman (sa sandaling iyan) na tayo'y pinapakinggan Niya sa anumang ating hingin, nalalaman natin na natatanggap natin ang mga kahilingang hinihingi natin sa Kaniya." (1 Juan 5:15)

Sa ibang salin ay nagsasabing: *"At kung ating nalalaman na pinakikinggan Niya tayo - anomang hingin natin - alam nating tinanggap natin ang anomang hiningi natin sa Kaniya."* Nangangahulugan ito na ang panalangin na sang-ayon sa kalooban ng Dios ay kaagad na masasagot, kapag atin itong inilapit sa harap ng Dios, kahit na madalas ay wala tayong nararamdaman. Ang pakiramdam ay maaaring lumabas sa susunod.

Halimbawa:
Isang tao ang nananalangin na makalaya mula sa paggamit ng sigarilyo. Ang kaniyang panalangin ay sinagot sa pananampalataya sa panahon na kaniyang nabigkas ang kaniyang kahilingan. Sa mga sumusunod na oras, kaniyang napansin na hindi na siya nasasabik sa sigarilyo. (May mga karagdagang detalye na matatagpuan sa Liham kay Andres bilang 5 para sa *"Pananagumpay sa Sigarilyo at Alak"*. Tignan ang www.steps-to-personal-revival.info-*Letters to Andrew*) Ang pananalangin ng may kasamang mga pangako ay ipinaliwanag ng detalyado sa *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay,* Kabanata 5 – inyong tignan sa website).

Sinabi ni Jesus sa Marcos 11:24: *"Kaya nga sinasabi ko sa inyo, ang lahat ng bagay na iyong idalangin at hingin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at iyon ay mapapasainyo."*

C. Nagbigay ang Panginoon ng Kaniyang pangako mula sa Lucas 11:9-13 upang matanggap ang Banal na Espiritu. Ito ay ating binigyan ng pansin sa unang bahagi ng sulat na ito, kaya't ang talata sa 13: *"Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa langit na magbibigay ng Espiritu Santo sa mga humihingi sa Kaniya?"*

Paano mananalangin ng may pananampalataya upang mapuspos ng Banal na Espiritu?

Ang panalangin na ginagamitan ng mga pangako ay nagpapalakas ng ating pagtitiwala na ito ay ating matatanggap, at ito rin ay pagkakataon upang ating maipahayag ang ating pananampalataya. Ang mga sumusunod ay mga iminumungkahi na panalangin:

“Ama naming sa langit, lumalapit kami sa Iyo sa pangalan ni Jesus. Hindi ko kayang sundan ka sa aking sariling lakas. Nalalaman mo ang mga nabigo kong pagtatangka. Tapat ako na humihingi sa Iyo ng kalakasan upang ako ay makapamuhay sang-ayon sa Iyong kalooban. “Iyong iniatas sa akin na: “Mapuno kayo ng Espiritu” (Efeso 5:18) Ako ay pumapayag na mapuspos. Aking hinihiling na gawin Mo itong katotohanan ngayon, sapagka’t Ikaw ay nangako na Iyong gusting ipagkaloob sa amin ang Banal na Espiritu higit pa sa ama dito sa lupa na nais ibigay sa kanilang mga anak ang mga mabubuting bagay (Lukas 11:13). Nais kong magpasalamat na ako ay iyong pinuspos, sapagka’t Ikaw ay nangako na kung ako ay mananalangin sang-ayon sa Iyong kalooban, sa gayon ay aking malalaman na akin nang tinanggap ang aking hiniling (1 Juan 5:14,15). Nakikiusap ako na Iyo akong pangunahan at gamitin mo ako ngayon sang-ayon sa Iyong kalooban. AMEN.”

Ang panalangin bang ito ay sumasang-ayon sa iyong mga hinahangad? Kung Oo, ito ay gawin mong iyong panalangin ngayon. Aking minumungkahi na ang panalangin na ito ay bigkasin mo ng malakas at magtiwala ka na ikaw ay pinuspos ngayon ng Banal na Espiritu.

Katiyakan na ikaw ay napuspos ng Banal na Espiritu

Sinubukan mo na bang hilingin sa Panginoon na puspusin ka ng Banal na Espiritu? Kaninong kapangyarihan ang iyong batayan upang iyong malaman na ikaw ay napuspos ng Banal na Espiritu? (Sapagka’t ang Dios at ang Kaniyang salita ay mapagkakatiwalaan: Hebreo 11:6; Roma 14:22,23).

Ang damdamin ay hindi mahalaga. Ang napakahalaga ay ang mga pangako ng Dios sa Kaniyang salita – hindi ang ating damdamin. Ang Kristyano ay nabubuhay sa pamamagitan ng pananananampalataya, ibig sabihin ay nagtitiwala sa kahusayan ng Dios at ng Kaniyang salita.

Ang mga sumusunod na larawan ay magpapakita ng ugnayan sa pagitan ng katotohanan (Ang Dios at Kaniyang salita), pananampalataya (ang ating pagtitiwala sa Dios at Kaniyang salita) at damdamin (bunga ng pananampalataya at pagsunod) (Juan 14:21)

Ang tren ay maaaring makapaglakbay na kasama o hindi kasama ang mga bagon. Subali't magiging walang saysay sa bagon na hilahin ang makina ng tren. Gayundin, ang mga Kristyano ay hindi nakadepende sa kanilang lagay ng loob at damdamin, sa halip ay kanilang inilalagay ang kanilang tiwala (ating pananampalataya) sa kakayanan ng Dios at ng Kaniyang mga pangako sa Kaniyang salita.

Paano mamuhay ng nasa Banal na Espiritu?

Ika-31 Araw

Ang isang Kristyano ay maaari lamang magkaroon ng buhay na puspos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya (tiwala sa Dios at sa Kaniyang mga pangako). At dahil dito, maaari nating bigyan ng pansin ang sinasabi ng 2 Corinto 4:16:

". . . ang aming panloob na pagkatao ay binabago sa araw-araw."

Kung kaya't minamarapat na ating ilaan ang ating mga buhay sa Dios tuwing umaga at sa pamamagitan ng pananampalataya ating hilingin sa Kaniya – nakakabuti kung may pangako – na tayo ay mabago ng Banal na Espiritu. Kapag araw-araw tayong nabubuhay ng may tiwala kay Cristo, kung gayon, magaganap ang mga sumusunod:

A. Ang iyong buhay ay patuloy na mag-aani ng maraming bunga ng Espiritu. (Galacia 5:22); ang iyong ugali ay mas magiging kagaya ng kay Cristo (Roma 12:2; 2 Corinto 3:18).

B. Ang iyong pamumuhay sa panalangin at sa pag-aaral ng salita ng Dios ay magiging mas makabuluhan.

C. Mararanasan mo ang kaniyang kalakasan upang iyong malabanan ang mga tukso at kasalanan.

Sinabi ng salita ng Dios:

"Walang tuksong dumating sa inyo na hindi karaniwan sa tao, subali't tapat ang Dios, na hindi Niya ipapahintulot na kayo'y tuksuhin nang higit sa inyong makakaya …" (1 Corinto 10:31)

"Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin." (Filipos 4:13)

"Sa kahuli-hulihan, patuloy kayong magpakalakas sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng Kaniyang lakas." (Efeso 6:10)

"Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng Espiritu ng kaduwagan, kundi ng Espiritu ng kapangyarihan, ng pag-ibig at ng pagpipigil sa sarili." (2 Timoteo 1:7)

"Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga na kay Cristo Jesus. Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na nakay Cristo Jesus ay nagpapalaya sa atin mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan". (Roma 8:1,2)

"Alam natin na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi patuloy na nagkakasala; subali't ang ipinanganak ng Dios ay nag-iingat sa Kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama." (1 Juan 5:18)

D. Iyong mararanasan ang sustento ng Dios kapag ikaw ay sumaksi. (Gawa 1:8)

Ispiritwal na Paghinga

Sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaari mong patuloy na maranasan ang pag-ibig ng Dios at ang Kaniyang kapatawaran. Kapag naging malinaw sa iyo na hindi sumasang-ayon ang Dios sa mga bagay sa iyong buhay (ugali o pananalig), kahit ikaw ay namumuhay na kasama Siya, at seryoso na nagnanasa na sumunod sa Kaniya, kung gayon ay ihingi mo ng tawad ang iyong kasalanan, halimbawa, isang kamalian, at ang hindi pagkakasundo, atbp. Matapos ay magpasalamat ka sa Kaniya na ang iyong mga kasalanan ay napatawad na, sapagka't si Cristo ay namatay sa krus. Iyong tanggapin ang Kaniyang pag-ibig at kapatawaran sa pamamagitan ng pananampalataya at patuloy na mamuhay na kasama Siya.

Kapag ikaw ay nagkasala – isang kilos ng pagsuway – sa gayon ay iyong sanayin ang ispiritwal na paghinga.

Ispiritwal na paghinga (inihihinga papalabas ang mga karumihan at inihihinga papaloob ang mga dalisay) ay pag-eehersisyo ng pananampalataya, at sa pamamagitan nito ay patuloy mong mararanasan ang pagibig at kapatawaran ng Dios.

1. PAGHINGA NG PAPALABAS

Ihingi ng tawad at bigkasin ang pangalan ng iyong kasalanan, makisang-ayon sa Dios tungkol sa paghatol sa iyong kasalanan at pasalamatan Siya sa Kaniyang kapatawaran (1 Juan 1:9 at Hebreo 10:1-25) Ang pagkumpisal ay may kasamang pagsisisi – pagbabago ng ugali at mga gawa.

2. PAGHINGA NG PAPALOOB

Muling isuko ang at paghariin si Cristo sa iyong buhay at muling hingiin ng may pananampalataya ang Banal na Espiritu. Sampalatayanan na patuloy ka Niyang gagabayan kagaya ng kaniyang ipinangako sa Lucas 11;13 at juan 5:14,15.

Kapag nakatulong ang mga paliwanag na ito, sa gayon ay maaaring ipasa ang kopya o basahin ito sa iba. Magkaroon ka nawa ng lubusang kaligayahan sa iyong buhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Dios.

Pinakamahusay na pagnanais at pagpapala,

Helmut at ang aking kaibigan na si Kurt
(Helmut Haubeil at Kurt Hasel)

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Bakit ikinumpara ang sasakyan na walang gasolina sa buhay ng isang Kristyano na walang kapangyarihan mula sa Dios?*

2. *Anong imbitasyon na may pagmamahal ang ibinigay ni Jesus sa atin upang tayo ay mapuspos ng Banal na Espiritu? Ano ang dapat nating gawin? (Ang huling "paghingi" sa Lucas 11:13 ay nasa patuloy na pananalita sa wikang Griyego: kaya't ito'y nangangahulugan ng araw-araw na paghingi)*

3. *Anu-ano ang tatlong uri ng grupo ng mga tao sang-ayon sa kanilang relasyon sa Dios? At anong grupo ang iyong kinabibilangan?*

4. *Paano mapupuspos ang isang tao ng Banal na Espiritu?*

5. *Sabi ng Biblia: "…ang aming panloob na pagkatao ay binabago araw-araw." (2 Corinto 4:16) Ano ang nangyayari kapag ating araw-araw na hinihingi ang Banal na Espiritu?*

_____

_____

6. *Paano ka makakapag-akay ng mga tao tungo sa buhay na puspos ng kalakasan mula sa Dios?*

_____

_____

Ang Oras ng Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kasama sa panalangin at inyong pag-usapan ang pag-aaral na kasama sila.
- Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin …
  1. ...na kayo ay mamumuhay sa kalakasan ng Panginoon at sa kaalaman upang himukin ang iba pa na gawin din ang ganitong paraan.
  2. …na ang ugali ng taong ispiritwal ay lalago sa iyo.
  3. …na iyong mauunawaan kung ano ang kahulugan ng mamuhay sa Banal na Espiritu at iyong maihahatid ito sa ibang tao sa tamang paraan.

KABANATA 9

Ika-32 Araw

PRAKTIKAL NA TULONG UPANG MAIHATID ANG MGA TAO PAPALAPIT KAY JESUS

Ang mga Liham kay Andres upang maakay ang mga tao papalapit kay Jesus
Serye ng mga video upang magturo ng pananampalataya
Paano ko masusumpungan ang tunay na iglesya?

"Ang bawa't kaluluwa na iniligtas ni Jesus ay tinatawagan upang gumawa sa kaniyang pangalan para sa pagliligtas ng mga taong nawaglit. …Ang bawa't isa ay may gampanin na dapat gawin … Matagal na nag-antay ang Panginoon na taglayin ng iglesya ang espiritu ng paglilingkod, upang ang bawa't isa ay gagawa sang-ayon sa kaniyang abilidad." (Christian Service, p. 10.6, 11.6, 11.7) Sa Kaniyang kaalaman, ang Dios ng pag-ibig ay nagpanukala na ang mga nawaglit ay magiging kandidato para sa langit at sa gayon ay mapapaunlad ang paglago at katuwaan ng Kaniyang mga manggagawa na puspos ng Espiritu. Hindi ba natin gugustuhin na ipakita ang daan na ito patungong langit sa minamahal nating mga tao?

MGA LIHAM KAY ANDRES (LA) UPANG AKAYIN ANG MGA TAO KAY JESUS

Ang mga ito ay lumitaw sa humigit kumulang na 30 taon ng aking paglilingkod upang harapin ang kasalukuyang pangangailangan – kinuha mula sa pagsasanay upang gamitin sa pagsasanay. Dahil dito, taos puso ko na iminumungkahi ang mga ito para sa ating mga misyon. LA 13 "Sakupin ang Buhay" at LA 14 "Buhay sa Ilalim ng Kapangyarihan ng Dios – Paano?" ang mga ito ay nagagamit na sa iba't ibang bahagi ng mundo gamit ang ibang

pamagat. Nagtamo ako ng maraming karanasan dito, at hindi ko nais bitawan ang mga pamamaraan na ito.

Isang sulat mula sa mambabasa:

"Sa ngayon, ay akin na ring ibinabahagi ang *Mga Liham kay Andres* sa audio na aklat. At sila ay tanggap ng karamihan. Dahil dito ako ay muling humiling ng karagdagang 30 kopya. Malaki ang naitulong ng mga Liham kay Andres upang aking lubos na maunawaan ang Biblia. Aking napag-aaralan pa lamang ang Biblia sa loob ng isang taon, at ako ay lalong nagpapasalamat sa bawa't kaalaman mula sa salita ng Dios.

Kamakailan lamang, mayroon akong natanggap na tawag mula sa isang kaibigan na tumanggap ng mga Liham kay Andres sa audio na aklat. Kaniyang nasabi na siya ay masyadong pinagpala sa salita ng Dios at sa pagkakataon na ito ay nais niyang baguhin ang kaniyang pamumuhay. Nagnanasa din siyang dumalaw sa simbahan sa araw ng Sabbath. Maging ang aking asawa ay nakapakinig sa audio na ito at nagsabi: Kinikilig ako sa mga sulat na ito – mula sa umpisa hanggang sa kaduluhan." (R.A. #159)

Ang mga paksang ito ay naaangkop upang mapatatag ang uganayan, halimbawa, nais nating bumuo ng relasyon sa limang tao upang sila ay ating matulungan sa kanilang paglalakbay patungo sa kaharian ng Dios. Ang *Mga Liham kay Andres* ay maaaring magamit sa maraming paraan. Maaari itong basahin bilang pag-aaral ng Biblia, ito din ay maaaring ipamigay bilang regalo para kanilang mabasa. Sa Germany ito ay aming ibinabahagi sa MP3 at CD upang kanilang sama-samang mapakinggan, at maaari ring gamitin samantalang nagmamaneho o nasa trabaho.

Bakit tinawag ko itong *Mga Liham kay Andres*? Bakit ang mga liham na ito ay nasa pagbati na "Minamahal na Andres*"? *Ang bituin na ito ay ipinapaliwanag sa ibaba ng pahina sa bawa't sulat: "Si Andres ay hango mula sa Biblia sa Juan 1:40-42." At ang dahilan – hinikayat ni Andres ang kaniyang kapatid na si Pedro papalapit kay Jesus.

Ang mga maiikling sulat na ito ay makakatulong na mailapit ang mga tao kay Jesus. Binigyang diin ng mga dalubhasa sa pag-aanunsiyo na ang mga liham ay malugod na tinatanggap. Nararamdaman ng mga nakatanggap na sila ay personal na kinakausap ng mga liham.

German: 17 mga paksa ay magagamit sa tatlong iba't ibang uri: bilang indibidwal na mga liham, bilang aklat na Maranasan ang Dios sa Pamamagitan ng mga Liham kay Andres, gayundin sa MP3 at CD audiobooks. Ito ay maaari ding magamit ng libre sa mga computer, tablets at mga smartphones sa **www.schritte-zur-personlichen-erweckung.info** – Andreasbriefe. Nais ko rin na ang kagayang pagkukusa ay mauumpisahan sa ibang wika.

Ingles: Ano ang mga pwedeng magamit? Ang mga liham na nabanggit sa aklat na ito ay naisalin na sa Ingles. Silipin ito sa **www.steps-to-personal-revival.info** – *Mga Liham kay Andres*.

Ang mga indibidwal na mga liham o ang buong Set na Umpisa ay maaaring i-download ng libre o maipadala sa iba.

Apendise D ay naglalaman ng maikling paglalarawan sa kung ano ang nakapaloob sa 17 mga liham. Ito ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya.

Paano natin uumpisahan sa ating mga personal na koneksyon?

LA 4 – Ang taya ni Pascal: Mayroon bang Dios o wala? Ano ang mga posibilidad?

Makakabuti na gamitin ang liham na ito sa unang pagkakataon. Sa hindi karaniwang angulo na ang pananampalatayang Kristyano ay kanais-nais para sa lahat. Sa lahat ng mga liham, itong liham kay Andres ang mas malimit na tinitignan sa internet. Para sa inyong kaalaman, kami ay magbibigay ng maikling paglalarawan kung ano ang nilalaman nito: Karaniwan, ang taya na ito ay tinatawag na "Ang taya ni Pascal". Ipinagpalagay ni Blaise Pascal na ang bawa't matinong tao ay kinakailangan na magpasya para kay Jesu-Cristo kahit na ang katumpakan ng turo ng mga Kristyano ay nasa 50:50. Si Dr. Viggo Olson, isang kilalang siruhano at isang determinadong kalaban ng pananampalataya, ay nakasagupa ang pahayag ni Blaise Pascal. Siya at ang kaniyang asawa ay nakipagbaka ng lubusan sa mga pananampalatayang kristyano. Subali't matapos ang masinsinang pag-aaral, siya ay naging matibay na Kristyano. Ang bawa't tao ay kinakailangang gumawa ng pagpapasya. Kinakailangang itaguyod ng bawa't tao ang kanilang buhay sa kahit aling palagay na ang turo ng mga Kristyano ay tama o sa palagay na ang kanilang turo ay mali. Ang sinoman na hindi papasok sa tayaan na ito ay awtomatikong tumataya sa posibilidad na ang turo ng Kristyano ay mali.

Aking irerekomenda na isunod ang LA 1.

LA 1 – Nalagay sa pagsusulit ang Kristyanong Pananampalataya

Ang lahat ay nakasalalay sa pagsagot sa tatlong mga katanungan. Ilang daang beses ko nang naranasan ito at parating positibo ang reaksyon at nakakahanga.

1. Ang isang buhay, nakakaalam ng lahat, at makapangyarihan sa lahat na Dios na nagmamahal sa sangkatauhan ay tunay bang imiiral?
2. Si Jesus ba na taga Nazaret ang tagapagligtas na ipinadala ng Dios?
3. Ang Biblia ba o ang Banal na Kasulatan ay isinulat ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Dios o ito ba ay produkto lamang ng mga tao?

Mayroong kasiya-siyang mga kasagutan sa mga mahahalagang katanungan na ito. Tignan para sa inyong sarili. Marahil ay hindi nyo pa nalalaman ng husto ang panimula na ito hanggang ngayon.

At sapagka't ang bilang 1 ay nagtatalakay lamang ng isang propesiya, palagi kong idinadagdag ang LA 8 at ito ang aking isinusunod. Tatlo pang karagdagang propesiya ang tinatalakay sa LA 8. Sa ganitong paraan, ay ating dinadala ang mga tao sa mas malalim na pagtitiwala kay Jesus at sa Biblia habang sila ay nag-uumpisa pa lamang.

LA 8 – Propesiya tungkol kay Jesu-Cristo
Probabilidad na ito ay Matupad 1:10
Ang *Mga Liham kay Andres* na ito ay lalong nagpapatibay ng pagtitiwala kay Jesus na taga Nazaret bilang banal na Tagapagligtas at ang Dios ang nagbigay ng inspirasyon sa Biblia. Iba't-ibang mga propesiya at ang mga kaganapan tungkol sa buhay ni Jesus ay ipinaghahambing. Ipinapakita ng walong detalye kung bakit ang katuparan ng mga propesiyang ito ay imposible mula sa paniniwala ng mga tao.

Ngayon ang isang magandang pagkakataon na ipakilala si Jesus.

LA 2 – Kakaiba at hindi kayang ihambing: Jesus na taga Nazaret
Ang pinakadakilang tao sa kasaysayan ng mundo – kakaiba at hindi kayang ihambing. Anong impluwensya mayroon ang buhay ni Jesus? Bakit kakaiba si Jesus? Bakit ang kaniyang buhay ay nag-iiwan ng tumatagal na impresyon, na hindi kayang pantayan ng ibang talambuhay? Ano ang sabi ni Jesus tungkol sa Kaniya? Ano ang sinasabi ng mga nakasaksi, at ano ang sinasabi ng kasaysayan? Ano ang mga nasumpungan ng mga nagdududa, matapos na mapagmasdan ang mga katunayan?

At ngayon, ating natitiyak na ang ating kaibigan ay bukas na upang pag-aralan ang Biblia at ang plano ng kaligtasan.

LA 3 – Ano ang pangunahin na layunin ng Biblia?
Ang plano ng kaligtasan ay inilalarawan sa Liham kay Andres na ito sa maikli at masiglang pamamaraan. Ano ang kinakailangang gawin upang tanggapin ang buhay na may kapunuan at walang hanggan? Ipinapakita ng malaking pagsusuri na 98% na mga taong tinanong, ang mayroong maling pang-unawa kung ano ang pangunahing pokus ng Biblia. Ang sulat na ito ay malinaw na nagpapakita na ang kaligtasan ay isang regalo mula sa Dios at hindi ito kinakailangang bilihin. Nakakamangha kapag ang katotohanan na ito ay naging malinaw sa isang tao!

Ang pinakamahalagang paksa sa serye na ito sa unang bahagi ay:

LA 13 – Sakupin ang Buhay sa Pamamagitan ng isang Personal na Relasyon sa Dios
Ating ipagpalagay – na ikaw ay mamamatay ngayon (sa isang aksidente o di kaya ay sa sakit sa puso). Mayroon ka bang katiyakan ngayon ng buhay na walang hanggan kay Jesu-Cristo? Huwag manatili sa kadiliman! Ang limang katotohanan na ito ay tutulong sa iyo upang mahanap ang mga kasagutan. Kung sinoman ang naghahanap ng relasyon sa Dios, ay makakatuklas ng bagay na panghabangbuhay!

Maaari ninyong alalahanin na ang Kabanata 7 ay isang praktikal na gabay sa paggamit ng LA 13 **"Sakupin ang Buhay"**.

Yamang marami ang nakadepende dito, napakahalaga na bigyan ito ng sapat na panahon. Dalawang bagay ang napakahalaga: Na ating basahin ang liham na ito ng ilang ulit at manalangin ng masinsinan at patuloy na ipanalangin ang mga taong nakakasalamuha na maipakita sa kaniya ang daan papalapit kay Jesus.

Maaaring ibigay ang liham sa isang tao upang kaniyang mabasa, nguni't **tunay** na malalim at makakatulong kung babasahin na magkasama, upang atin silang makasama sa kanilang paglalakbay papalapit kay Kristo. Aking iminumungkahi na gamitin ang liham na ito sa paunang bahagi ng ugnayan at idalangin kung kailan iaabot ang librito at kung kailan magkasamang pag-aaralan ang Biblia, sapagka't napakalaking tulong na masumpungan ng isang tao si Jesus. Hindi natin gampanin na sila ay gipitin upang magpasakop, sa halip ay tulungan sila sa proseso.

Kung sa unang pagtangka na ang ating kaibigan ay hindi pa handa sa panalangin ng pagpapasakop, kung gayon matapos ang ilang maikling panahon at personal na panalangin, muli nating alokin kasama ng Z1 Ang Daan sa Buhay na Walang Hanggan, na naghahatid sa katulad na layunin na may kaunting kaibahan sa salita at saloobin.

Manahan kay Jesus, Kabanata 2: Pagpapasakop kay Jesus, ay iminumungkahi para sa katulong at posible din para sa kaibigan para sa mas malalim na impormasyon tungkol sa paksa..

Walang hanggan ang kahalagahan na matutunan na kung paano mamuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kung kaya't:

LA 14 – Buhay sa Ilalim ng Kalakasan ng Dios – Paano?
"… Ako'y pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." (Juan 10:10) Nais ni Jesus na ating maranasan ang bagong buhay na ito ngayon at ipagpatuloy ito matapos ang Kaniyang ikalawang pagbabalik bilang buhay na walang hanggan sa kaharian ng Dios. Ang *Mga Liham kay Andres* na ito ay tungkol sa kung paano tayo

magkakaroon ng pagganyak at lakas para sa masaya at hindi nagbabagong ugnayan tungo sa buhay na kasama si Jesus.

LA 5 – Pananagumpay Laban sa Alak at Sigarilyo
Atin lamang ginagamit ang dakilang karanasan na ito kapag mayroong pagkaalipin sa pagkagumon at kapag ating nais na ituro ang pananalangin na may kasamang mga pangako.
Isang 39 taong gulang na tsuper na nagnanais na ihinto ang kaniyang ugali na paninigarilyo. Sa loob ng isang araw siya ay naninigarilyo ng 60-70 piraso, at sa lahat ng kaniyang sinubukan ay walang gumana. Kaya't akin siyang tinanong: "Nais mo bang malaman ang paraan, sa tulong ng Dios, maaari kang mabilis na makalaya sa paninigarilyo na walang simtomas ng pag-urong?" Talaga. At nais niyang malaman. Ipinaliwanag ko sa kanya na hindi ko siya matutulungan, at maituturo ko lamang sa kaniya ang daan patungo sa Dios; at Siya lamang ang tunay na may kakayanan at may kagustuhan na tumulong. 14 na araw ang nakalipas, siya din ay nanalangin na tulungan siya ng Dios na makalaya sa pag-inom ng alak – 10 hanggang 14 bote sa isang araw. Siya ay pinalaya din ng Dios mula sa pagkagumon na iyon, at ang doctor ni Adolf ay nagulat sa biglaang pagbuti ng kaniyang kalusugan. Isang taon ang nakalipas, ang kaniyang naipon na pera ay nagamit ni Adolf sa kaniyang pagbakasyon sa Amerika kasama ang kaniyang asawa at mga anak.

PANIMULANG-PANGKAT – MGA LIHAM KAY ANDRES UPANG AKAYIN ANG MGA TAO KAY JESUS

Aming idinagdag ang isang Panimulang-Pangkat Mga Liham kay Andres sa aklat na ito. Bakit ginamit ang salitang Panimulang-Pangkat? Mula sa 17 Mga Liham kay Andres ay napili ang maaaring magamit upang simulan ang isang ugnayan. Ang mga liham na ito ay magsisilbing tulay mula sa teorya tungo sa pagsasanay. Pakiusap na inyong alalahanin ang 12 kalamangan ng librito, na nabanggit sa umpisa ng Kabanata 7. Ang sobre ay naglalaman ng isang kopya ng lahat ng kinakailangang liham. Mayroong 8 mga liham bilang 1, 2, 3, 4, 5, 8, 13, 14 at Z1. Ang disenyo ng mga larawan at ang mga kaakit-akit na nilalaman nito ay makakapagpasaya sa iyo. Ikakatuwa mo na ipasa ito sa iba. Kinakailangan mo ng isang pangkat sa bawa't tao na nais mong ilapit kay Jesus. Ang sobre ay nakalaan para pagsulatan: kung kailan ito naibigay, anong bilang, at karagdagan pang mga pangungusap. Ang direksyon upang humiling ng karagdagang kopya ng mga Panimulang-Pangkat ay binabanggit sa pahina 217. – Ang mga liham ay maaaring ma-download ng walang bayad sa www.steps-to-personal-revival.info: *Mga Liham kay Andres*, at maaaring ipadala sa iba. Ang 17 na *Mga Liham kay Andres* ay nasa wikang Ingles at maaaring makuha sa katapusan ng 2020. *"Subali't salamat sa Dios na*

nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo." (1 Corinto 15:57)

Pag-aaral sa Pagiging-Disipulo

Kung si Jesus ay tinanggap na sa buhay (LA 13) makabubuti na lalong mapalalim ang ugnayang ito. At para sa layuning ito, maaaring gamitin ang namumukod tanging aklat na Paglapit kay Kristo (Maaari itong makuha sapagka't ito ay nasulat sa iba't ibang mga wika) na isinulat ni E.G.White. Mayroon itong dalawang bahagi: Paano ako makalalapit kay Kristo? Paano ako mananahan kay Kristo? (Ito ay naisalin sa 150 na mga wika)
Kapag nag-umpisa na ang buhay na kasama ang Banal na Espiritu, sa gayon ay lalong mapalalim ang ugnayan na ito. Ito ay mahusay na magagawa kung pag-aaralan ang aklat ng Mga Hakbang Tungo Sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. (Tignan ang mga inaalok na mga libro sa pahina 293)

Kapag natapos ang pag-aaral upang maging disipulo, maaari ka nang pumili ng naaangkop na mga bagay mula sa mga sumusunod na Mga Liham kay Andres. Makabubuti din na isunod ang nakasanayan na paraan sa pag-aaral ng Biblia, o di kaya ay manood ng serye ng pangangaral sa video na kung saan ang mga mahahalagang katotohanan ay tinatalakay. (Marami pa sa Apendise F)

Ano ang nilalaman ng nalalabing siyam na Mga Liham kay Andres?
Ang nalalabing *Mga Liham kay Andres* ay maaari nang magamit ng sang-ayon sa iyong mabuting pagpapasya. Maaari lamang po na tignan ninyo ang Apendise D sa p. 295 sa bandang hulihan ng aklat. Ito ay naglalaman ng maikling paglalarawan tungkol sa nilalaman ng bawa't liham, upang ito ay iyong madaling malaman.

LA 6 – Paano mo malalaman kung ano ang mangyayari sa hinaharap? (Daniel 2)

LA 7 – Pagpigil o Paglunas? (Pagpapakilala sa mensahe ng kalusugan)

LA 9– Propesiya ng apat na siyudad (Upang palakasin ang pananampalataya sa Biblia)

LA 10 – Si Jesus at ang Sabbath (Ito ang una kong pag-aaral ng Biblia tungkol sa Sabbath. Hindi ito sumasalungat, binabawasan ang masamang palagay at pinatitibay nito ang panimulang tiwala sa Sabbath).

LA 11 – Ano ang binabanggit ni Jesus tungkol sa Jerusalem, Sa Kaniyang muling pagbabalik at ang katapusan ng mundo? (Mayroon ba tayong matututunan sa "munting paghuhukom" na naganap noong 70 A.D.?)

LA 12 – Mga palatandaan ng pagbabalik ni Jesus (Kinakaharap ba natin ang malaking pagpihit o -…ang katapusan?)

LA 15 – Makinabang sa pag-aaral ng Biblia – Papaano? (Ating pagmamasdan ang landas ng mga nasiyahan samantalang kanilang pinag-aralan ang Biblia.)

LA 16 – Papaano ko mararanasan ang pag-ibig at kapatawaran ng Dios? (Hindi nais ng Dios na aking dalahin ang anumang pasan ng nakalipas, ayaw Niya na aking alalahanin ang hinaharap, ngayon ay nais Niya na mamuhay ako ng may pakikipagkaibigan sa Kaniya at maging kasangkapan ng Kaniyang kapangyarihan.)

LA 17 – Mayroon ba sa kalooban mo na isang bagay na laban sa kaninoman? (Papaano ko patatawarin at lilimutin ang kasalanan? Ang pagpapatawad ay nagpapalaya sa dalawang tao)

Aking minumungkahi na tayo ay maging pamilyar sa mga katanungan ng Mga Liham kay Andres upang ating mapasa ito ng may kagalakan at pananalig.

Klase sa Biblia

Kung ang inyong simbahan ay mayroong Bible Class **para sa mga taong interisado na mag-aral o di kaya ay para sa mga bagong binyag**, kung gayon ang pag-aaral ng Biblia ay maaaring ganapin sa simbahan at maaari din itong maging karagdagan sa lingguhang pag-aaral ng Biblia. Ang mga pag-aaral na ito ay nakapokus sa mga katanungan tungkol sa personal na ugnayan sa ating Dios at ang pagiging alagad, at isinama na din ang mga pangunahing katotohanan. Ang klase na ito, na sa ibang panig ng mundo ay tinatawag na klase ni pastor sa Biblia ay isang malaking tulong. Nakapagdaos ako ng ganitong klase sa lahat ng aking mga naging simbahan. At sa katapusan ay maaari nating pag-usapan ang tungkol sa bautismo at ating tulungan ang isang kaibigan na ipasakop ang kaniyang sarili sa isang bautismo at maging isang buhay na kaanib ng Kaniyang iglesya. (May karagdagan pa sa kabanata 10)

MGA VIDEO PARA MAITURO ANG PANANAMPALATAYA

Ngayon ay mayroon na tayong mahuhusay na mga kasangkapan upang turuan at mapalago ang pananampalataya sa Dios at sa Kaniyang Salita kung wala tayong makukuhang tagapagturo. Upang maituro ang ebanghelyo, maaaring tignan lamang ang mga serye ng pangangaral na naglalaman ng mahahalagang katotohanan mula sa Biblia. Ang mahusay na mga serye ay ang mga naglalaman ng 20-30 na mga pagtatanghal. Inyong masusumpungan sa Apendise F ang mga maiikling paglalarawan sa 15 websites at kung ano ang maaari pa ninyong masumpungan. Ang mga website na ito ay mahahalaga para sa mga kabataan, nagsasaliksik ng katotohanan, matagal ng kaanib ng iglesya. Nabanggit din dito ang website ng GC tungkol sa Total

Member Involvement. Naglalaman ito ng mga mungkahi tungkol sa Pangangaral, Pamamahagi ng mga Babasahin, at sari-saring serye sa Kalusugan at Kagalingan, Diabetes, Papaano Makababawi mula sa Depression, at Paaralan sa Pagluluto. Sa Apendise F ay makakasumpong kayo ng baol ng kayamanan ng mga mahahalagang website.

Sa www.steps-to-personal-revival.info ay inyong masusumpungan:

-7 video sermon ni Helmut Haubeil tungkol sa Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay
- Audio na aklat Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay, Tagapagsalita: Mike Fenton
- 3 video sermon ni Dwight Nelson Papaano mababautismuhan ng Banal na Espiritu

Makipag-kaibigan para sa Dios: Ang Kaligayahan na Makibahagi sa Kaniyang Misyon.

(Leksiyon sa Paaralang pang-Sabado – Ikatlong tremestre 2020 Standard Edisyon)

Ang pangunahing may akda na si Mark Finley ay nagsabi sa pagpapakilala:

"Isa sa aking mga kaibigan ang nagpahayag ng ganitong kaisipan, 'Ang misyon ay pangunahing gawain ng Dios. Kaniyang ginagamit ang lahat ng kayamanan ng langit upang iligtas ang ating planeta. Ang ating tungkulin ay makibahagi ng may kasiyahan sa Kaniyang trabaho ng pagliliigtas sa mga taong nawawala.' At tila bang ang isang mabigat na pasan ay naalis sa aking mga balikat." At ito ang nilalaman ng aklat na ito. Aking iminumungkahi na inyong itago ang Liksiyon sa Paaralang Sabado na ito para sa ikatlong tremestre upang inyong makikita ang mga detalye na inyong kakailanganin. Itago ito kasama ng aklat na ito.

PAPAANO KO PERSONAL NA MASUSUMPUNGAN ANG TUNAY NA IGLESYA?

Ika-33 Araw

Ang paghahanap sa tunay na iglesya ay isang kaakit-akit na pag-aaral ng Biblia para sa mga kandidato sa kaniyang kaharian at gayundin para sa mga miyembro ng simbahan.

Sa ngayon ba ay mayroon pang tunay na iglesya? Yamang sinabi ni Jesus na ito'y Kaniyang iglesya, kaya't aking nanaising tawagin itong iglesya ni Jesu-Cristo. *"At ang mga pintuan ng Hades ay hindi magwawagi laban sa kanya. [aking iglesya]."* (Mateo 16:18)

Ipinapakita ng salita ng Dios na ang Kaniyang iglesya ay patuloy pa ring nananatili. Kung gayon, maaari nating hanapin ito at ating masusumpungan.

Isang paglalarawan mula sa isang karanasan: May tatlong magkakapatid na mga babae, na kabilang sa iba't ibang simbahan ang nagtanong sa pastor: "Alin ang tunay na iglesya?" Tinanong sila ng pastor ng tatlong katanungan at lahat sila ay sumagot ng may pagsang-ayon. At matapos ay kaniyang ipinaliwanag kung paano malulutas ang suliranin sa pamamagitan ng maikling pag-aaral ng Biblia. Kanilang natapos ang pag-aaral ng Biblia na ito, at lahat sila ay naging kabilang ng simbahang ito.

Bakit kinakailangan na masumpungan ito ng tao para sa kanilang mga sarili? Hindi ba maaaring tanungin na lamang ang isang dalubhasa? O tanungin ang mga simbahan at ang sari-saring grupo? At ito ang malimit na nangyayari. Subali't halos lahat sila ay nag-aangkin na sila ang tunay na iglesya, kahit na sila ay may mga sari-saring mga itinuturo. Kaya sa ganitong paraan, wala tayong magagawa. Kaya't mas makabubuti na sundin ang halimbawa ng mga taga Berea (Gresya). Sinasabi ng Biblia na ang kanilang mga ugali ay marangal:

"Ngayon ang mga ito ay higit na mararangal kaysa mga taga Tesalonica, sapagka't tinanggap nila ang salita ng buong pananabik na sinisiyasat araw-araw ang mga kasulatan kung tunay nga ang mga bagay na ito." (Mga Gawa 17:11)

Ito ay napakabuting payo! Sa mga panahong yaon, ang mga tao sa Berea ay sabik na nakikinig sa pangangaral ni Pablo. Subali't kanilang sinasaliksik araw-araw ang kanilang mga Biblia para sa kanilang mga sarili, upang alamin kung ito nga ang totoo. Kaya't aking iminumungkahi na ito din ang gawin kapag nahaharap sa katanungan tungkol sa tunay na simbahan ni Jesus. Ang maikling pag-aaral ng Biblia ay isang mahusay na paraan.

Subali't, atin munang tignan ang tatlong katanungan na itinanong ng pastor. Ang mga katanungang ito ay mahahalaga upang maging matagumpay ang pag-aaral tungkol sa katanungan.

1. Ikaw ba ay naniniwala na itinuro ni Jesus ang katotohanan at Kaniya itong ipinamumuhay?

Sinabi ni Jesus:

"Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko." (Juan 14:6) *"At turuan silang sundin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo."* Mateo 28:20

Sinabi ni Pedro:

"Siya'y hindi nagkasala; Namatay Siya para sa ating mga kasalanan." (1 Pedro 2:22-24)

"… sapagka't si Cristo man ay nagdusa alang alang sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang sumunod kayo sa Kaniyang mga yapak." (1 Pedro 2:21)

"Ang nagsasabing siya'y nananatili sa Kaniya ay nararapat ding lumakad gaya ng Kaniyang paglakad." (1 Juan 2:6)

Pinaniniwalaan ko na si Jesus ay nagturo at nagpahayag ng banal na katotohanan at ang Kaniyang buong buhay ay halimbawa para sa atin. Pinaniniwalaan ito ng lahat ng Kristyano. Ito ang unang hinihiling para sa ating pakay. Naniniwala ka din ba dito?

2. Naniniwala kaba na ang tunay na iglesya ni Jesus ay kinakailangan na sumasang-ayon sa mga aral at halimbawa ni Jesus?

Kinakailangan ba na ang simbahan ni Jesus ngayon – matapos ang halos 2,000 taon – ay patuloy pa din na sumasang-ayon kay Jesus? Mayroon bang patuloy na pag-unlad? Ano ang mismong sinabi ni Jesus?

Wika ni Jesus:

"…at hindi maaaring masira ang kasulatan." (Juan 10:35)

Ang tinutukoy ni Jesus dito ay ang lumang tipan. Sa katunayan, ito ay lumalapat sa buong Biblia kasama na ang Bagong Tipan. Sang-ayon kay Jesus, ang kasulatan ay hindi "masisira". Kapag ang isang bagay ay iyong nasira, kung gayon ay nagkaroon ka ng maraming piraso. Dinadala ni Jesus dito na hindi natin kaya na tanggapin ang isang bahagi at tanggihan ang isang bahagi. Binanggit ni Juan at ito ay tunay na sumasang-ayon kay Jesus: *"Ang sinumang lumalampas at hindi nananatili sa aral ni Kristo, ay hindi kinaroroonan ng Dios; ang nananatili sa aral ay kinaroroonan ng Ama at gayundin ng Anak."* (2 Juan 9) Ito ay maliwanag na pagtanggi sa anumang kasalukuyang pag-unlad ng mga aral ng Biblia. Anomang ipinahayag ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang Anak (Hebreo 1:1) ay hindi maaari, maaaring hindi at hindi kinakailangang pang baguhin ng mga tao.

Sinabi ni Apostol Pablo: *"Subali't kahit kami, o isang anghel mula sa langit ang mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay hayaan siyang sumpain! Gaya ng aming sinabi noong una, at muli kong sinasabi ngayon, kung ang sinuman ay mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba kaysa inyong tinangaap na ay hayaan siyang sumpain!"* (Galacia 1:8,9)

Maging ang mga apostol at maging ang mga anghel ay walang karapatan na baguhin ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Kung gayon ay walang sinuman ang maaari. Kaya't ito ay matatag: Ang iglesya ni Jesus ngayon ay kinakailangang sumasang-ayon kay Jesus at sa Kaniyang mga salita.

Pinaniniwalaan mo rin ba ito?

3. Handa kana bang umanib sa iglesya ni Jesus ngayon kung ito ay iyong masusumpungan?

Bakit mahalaga ngayon ang pagpayag na ito bago simulan ang pag-aaral? Sinabi ni Jesus:

"Kung sinuman ay nagnanais gumawa ng kalooban ng Dios ay makikilala niya kung ang turo ay mula sa Dios…" (Juan 7:17)

Binabanggit ni Jesus: Na kung sinuman ang nagnanais na gawin ang kalooban ng Dios ay kanya din itong mababatid. Tutulungan ng Dios, ang

sinuman na may taos-pusong pagnanasa na malaman at gawin ang kalooban ng Dios, na malaman ang katotohanan at gayundin malaman ang iglesya ni Jesus. Sinasabi ng isang banal na pangako: *"Siya'y kalasag sa mga lumalakad na may katapatan…"* (Mga Kawikaan 2:7). Ipinangako ng Dios ang tulong ng Banal na Espiritu para sa mga sumusunod sa Kaniya. (Mga Gawa 5:32) Ipinangako Niya na tayo ay Kaniyang gagabayan sa lahat ng katotohanan (Juan 14:26 at Juan 16:13). At lalong lalo, na ito ay naglalaman ng katotohanan tungkol sa Kaniyang iglesya. Sinabi sa isang kahanga-hangang aklat na naisulat tungkol sa buhay ni Jesus: "Sa mga nagpapasakop ng kanilang sarili sa Dios, na mayroong tapat na pagnanasa na malaman at gawin ang kaniyang kalooban, sa kaniya ang katotohanan ay inihayag bilang kapangyarihan ng Dios para sa kaligtasan." (E.G.White, *Bukal ng Buhay,* p.455.3) Handa ka na bang umanib sa iglesya ni Jesus kapag ito ay iyong nasumpungan?

Ngayon, paano ko matatagpuan para sa aking sarili, kung ano ang tunay na iglesya ni Jesus?

Mayroong simpleng paraan. Pag-aralan ang aklat ng Mateo. Mayroon itong humigit kumulang na 40 pahina. Hindi ito naglalaman ng lahat ng katotohanan sa mga aral ni Jesus, subali't naririto ang halos lahat sa mga aral ni Jesus. Maaaring magustuhan mo na guhitan, kulayan ang mga talata tungkol sa Kaniyang mga aral, ang Kaniyang mga halimbawa at kung ano ang nababanggit tungkol sa Kaniya. Ganito ang aking ginawang pag-aaral:

Gumagamit ako ng kuwaderno na may puwang sa magkabilang gilid ng pahina at hinahati ko ng mga sumusunod:

Isinusulat ko ang kapitulo at bersikulo sa kaliwang puwang.

Isinusulat ko sa kalahating bahagi ng pangunahing pitak ang pangungusap o bahagi ng pangungusap na mula sa Biblia, na naglalaman ng mga aral o di kaya ang kapuri-puring ugali ni Jesus.

Isinusulat ko sa kanang bahagi ng pangunahing pitak kung anong aral ang nilalaman ng pangungusap na ito.

Sa kanang puwang, ay gumagawa ako ng mga pitak para sa iba't ibang iglesya, na aking nais na suriin (halimbawa ay ang mga pitak para sa simbahan ng Katoliko, simbahan ng Evangelical, simbahan ng Adventista at simbahan ng Baptist).

Gumawa ako ng marka ng pangdaragdag (+) sa bawa't pitak na sumusuporta sa natatanging aral.

Sa kahulihan, ang iglesya na may marka ng pangdaragdag sa bawa't mga aral ang siyang sumasang-ayon sa mga aral ni Jesus. At ito ang iglesya na gusto kong aniban.

Sipi mula Biblia	Talata mula sa Biblia	Turo	Mga Iglesya			
			Cath.	Evan.	Adv.	Bapt.
Mateo 1:1	Ang aklat ng talaangkanan ni Jesu-Kristo	Ito ay kasaysayan at hindi isang katha o alamat.	+	+	+	+
Mateo 1:18	Si Maria ay natagpuang kasama ang sanggol ng Banal na Espiritu	Himala ng isang kapanganakan mula sa isang birhen	+		+	+

Malimit akong gumagamit ng isang kapitulo o bahagi ng isang kapitulo sa aklat ng Mateo bilang bahagi ng pag-aaral ng Biblia. Ito ay ginagawa ko kalahating oras bago ang aming pag-aaral ng Biblia. Aking napansin na palaging mataas ang interes sa tuwing kami ay nag-aaral. May isang tao ang minsan na nagsabi sa akin: “Sa panahon na ako ay nasa Kapitulo apat, ay aking napagtanto na ako ay hindi kabilang sa tamang iglesya.” Inyong masusumpungan na mayroon kayong madidiskubre sa unang pagkakataon kapag inyong ginawa ang ganitong pag-aaral – gayundin naman sa inyong mga kaibigan. Subali’t hindi ito ang mahalaga. Marami akong nadidiskubre na mga katotohanan sa tuwing ginagawa ko ang ganitong pag-aaral. Ito ay malaking tulong sa mga nagsasaliksik ng katotohanan para sa kanilang pagpasya para sa iglesya ni Jesus.

Pagpalain nawa kayo ng ating kahanga-hangang Dios sa inyong mga ministeryo.

Kaisipang Personal at Gabay sa Pagtalakay

1. *Anu-ano ang mga praktikal na kasangkapan na maaaring magamit upang makapaglapit ng mga tao kay Jesus?*

---

2. *Paano nyo maipagpapatuloy na gisingin ang interes ng inyong kaibigan na lumapit kay Jesus?*

---

3. *Anong mga katanungan ang maaari mong magamit upang ang mga tao ay makapagisip kung sila ng aba ay mayroong ugnayan kay Kristo o di kaya ay nais na mapalalim ang kanilang ugnayan sa Kaniya?*

---

4. *Anong mga katanungan ang maaaring mong itanong sa mga tao na naghahanap ng tunay na iglesya?*

Ang Oras ng Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kasama sa panalangin at talakayin ang paksa sa kanila.
- Manalangin kasama ang iyong kapareha sa pagdarasal…
  1. …para sa kaalaman na malaman ang mga dapat sabihin o ibigay sa ibang tao upang ang kanilang mga puso ay magiging bukas para sa mensahe ng Dios.
  2. …para sa tamang paghahanda sa gawaing misyonero.
  3. …para mahalin ang ibang mga tao, na kinakailangan upang maabot ang kanilang mga puso.
  4. …para sa mga karanasan na kasama ang Dios samantalang gumagawa para sa iba.

Ika-34 Araw

KABANATA 10

BAGONG ESPIRITWAL-
ANG MISYONERO AY NAGSIMULA
SA TATLONG MGA HAKBANG

Paano ito mararanasan ng mga tao, grupo,
Iglesya at mga konperensya?

Tatapusin ito ng Aking Espiritu!

"Ano man ang iyong pinaplano ay hindi magtatagumpay sa pamamagitan ng lakas ng sandatahan, ni ng kalakasan ng tao; sa halip ang aking Espiritu ang tatapos nito! Ako ang Panginoong Dios na Makapangyarihan , ang nangako nito. ." (Zacarias 4:6 isinalin mula sa German "Huffnung fuer Alle" na salin)

Lubos akong nagpapasalamat sapagka't ipinahayag ng Dios ang pagkaunawang ito sa atin sa pamamagitan ng mga maliliit at praktikal na karanasan. Walang sinuman ang nagplano ng bagay na ito sa ganitong direksiyon.

Sisimulan natin sa isang kapuri-puring karanasan.

Karanasan ng isang simbahan sa Decatur, Alabama, USA:

"Noong Abril 2019, ginabayan ng Dios ang iglesyang ito na magtipon-tipon sa panalangin at pagpapasakop kay Jesus bago simulan ang serye ng ebanghelyo. Ito ay ginawa sa panukala na kanilang matatamo ang dakilang tagumpay sa kanilang pagsisikap sa gawaing misyonero.

…Ang pag-aangkop ng aming iglesya ay hango matapos bisitahin ni Pastor Robert Meneses ang kaniyang pamilya sa Portugal sa panimula ng taon. Samantalang siya ay naroon, binigyan siya ng kaniyang tiyahin ng maliit na libro sa Ingles at Portuges na may pamagat na *"Steps to Personal Revival"* ni Helmut Haubeil. Kasabay nito, ang kaniyang asawa na si Elida, na siya ring tagapagtugma ng panalangin sa kanilang iglesya, ay nakabasa sa Ministry (na pangsanlibutang magazine ng mga pastor) tungkol sa patotoo ng isang pastor sa aklat na ito. Matapos niyang basahin ang aklat sa kaniyang sarili, nagkaroon siya ng pakiramdam na kinakailangan basahin ito ng buong iglesya. Kaya't kaniyang dinala ang aklat nang umaga ng araw ng Sabbath para sa grupo, subali't kagulat-gulat na ang isa pang miyembro ang nagbahagi na ang kaniyang kaibigan ay mayroong positibong masasabi sa aklat na iyon.

Sa kanilang paghahanda para sa serye ng pangangaral, sila ay naglagay ng ilang karagdagang bagong gawain. Nag-umpisa silang manalangin tuwing umaga sa araw ng Sabbath sa loob ng 30 minuto. Sila din ay nagbahagi ng ilang paalala sa pahayagan ng simbahan upang itatag ang panalangin, pagpapanibagong buhay at ang gawain ng Banal na Espiritu. Nagkaroon din sila ng video-seminar sa kanilang iglesya ng tungkol sa Banal na Espiritu sa dalawang magkasunod na gabi ng Sabbath. Matapos ang seminar, sila ay namigay ng aklat ng Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay at ang mga kaanib ay hinilingan na basahin ito sa mga sumunod na anim na linggo.

Matapos yan, sila ay nakilahok sa *'Sampung Araw ng Panalangin'* na programa ng General Conference. Ang mga oras na ito ay ginamit ng mga kapatiran upang magtipon sa simbahan at manalangin para sa pagpapanibagong buhay at sa Banal na Espiritu, nang sumunod na Sabbath sila ay nagkaroon ng natatanging programa sa simbahan ukol sa 'papuri at pasasalamat'.

Dumating si Brian Danese, pinuno ng church planting sa Gulf Estates Conference upang magsagawa ng seminar sa katapusan ng linggo (weekend). Sumunod ay sinimulan ng iglesya na magkaroon ng dalawang grupo at pag-aralan ang *40 Days book: Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming.* Nang umaga ng araw ng Sabbath, nanood sila ng video ni Dennis Smith, ang sumulat ng 40-Days na mga aklat, at ito ay ipinakita sa panahon ng pag-anunsyo.

Kanilang sinundan ang mungkahi sa aklat na ang bawa't kaanib ay kinakailangang manalangin sa limang hindi pa naaabot na mga tao. Kasunod ay sila ay makikipag-usap sa mga taong ito at maaari din ang mga kaanib na hindi na nakakadalo. Matapos ito, sila ay nagkaroon ng magandang bilang ng mga nabinyagan mula sa grupong ito, na pinili ng simbahan na ipanalangin ng personal at alagaan.

Karagdagang material: ‘Hindi namin tunay na nalalaman kung ilan sa miyembro ng iglesya ang nakisangkot. Subali’t inyong isipin – kapag ang sampung miyembro ay mananalangin at makikipag-ugnayan sa taglilima na mga tao, ito ay nangangahulugan ng 50 katao; at ang simbahan na mayroong 50 na miyembro ay magkakaroon ng 250 na mga tao. Ito ay lumilikha ng mahahalagang grupo ng mga interisadong tao para sa serye ng pangangaral o grupo ng pangangalaga.’

Nang nag-umpisa ang pangangaral ng Abril, ang iglesya ay nakaranas ng pagpapanibagong buhay at mas malalim na ugnayan kay Jesus. Sa panahon na naglelektura si Robert Meneses, napalalim ng mga miyembro ng iglesya ang kanilang ugnayan sa mga bisita at gumawa ang Banal na Espiritu sa kanilang mga puso. Matapos ang serye ng lektura, mayroong sampung minamahal na mga tao ang nagkaloob ng kanilang buhay kay Jesus sa pamamagitan ng bautismo at di nagtagal ay mayroon pang nadagdag na lima pang mga tao. Itinuturing ito ng iglesya na resulta bilang patotoo sa kapangyarihan ng panalangin.”

(Ito ay hango mula sa ulat ni Elida Meneses, *Southern Tidings*, Setyembre 2019, p 20 – Southern Union Conference, USA EE EPM 171119 #146)

Ang ispiritwal-na-misyonerong pamamaraan ay gumagawa sa biyaya ng Dios upang makapag-akay ng mga kaluluwa sa buong mundo, gayundin sa mga bansa na walang kaugnayan sa relihiyon, sapagka’t hindi limitado ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Doon sa mga bansa na mas bukas, ito ay isang malaking tulong upang mapalakas ang isang bagong buhay at gayundin para sa mas masayang panibagong umpisa sa mga hindi aktibong miyembro ng iglesya. Sa Burundi mayroong kabuuan na 320 na dating miyembro ang nakabalik sa iglesya dahil sa impluwensya ng aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay. Sila ay muling nabautismuhan noong Marso 2017.

TATLONG HAKBANG TUNGO SA BAGONG SIMULA

Ang iglesyang ito ay isinagawa ang sumusunod na tatlong mga hakbang:

Unang Hakbang: Bagong simula – Paunlarin ang ispiritwal na pamumuhay

Bagong simula sa ispiritwal na buhay sa pamamagitan ng pagbabasa ng Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay.

Ikalawang Hakbang: Paunlarin ang mga ugnayan – Sa Loob at sa Labas

Kanilang pinag-aralan ang 40-Days Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming na sulat ni Dennis Smith upang pagtibayin ang kanilang

ispiritwal na buhay. Inumpisahan ang pananalangin para sa iba at pakikisalamuha sa limang hindi pa naabot na mga tao.

Ikatlong Hakbang: Pagbabahagi ng Ebanghelyo
Sa pagkakataong ito, sila ay nagkaroon na ng pampublikong pagtitipon. Subali't ito rin ay maaaring mangyari sa personal na pag-aaral ng Biblia at maaari rin sa munting pulutong sa mga tahanan sa pamamagitan ng panonood ng video.

Ating tignan ng malapitan ang tatlong mga hakbang
Ngayon ay nais nating tignan ng malapitan ang tatlong mga pangunahing mga hakbang upang atin itong praktikal na magamit.

#1 HAKBANG: BAGONG SIMULA – PAUNLARIN ANG ISPIRITWAL NA PAMUMUHAY

Paunlarin ang inyong ispiritwal na pamumuhay – bumalik sa iyong unang pag-ibig – sa tulong ng aklat na *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*. (Ang aklat na ito ay maaaring makuha sa mahigit na 40 mga wika.)

- Ipinapakita ng mahigit 500 na mga patotoo na:
- Na ang Banal na Espiritu ang pinakadakilang handog na inaalok sa atin ni Jesus.
- Na ang aklat na ito ay nagbubukas ng ating mga mata at tinutulungan tayong magkaroon ng tamang pagsusuri ng ating ispiritwal na kondisyon.
- Na tinutulungan tayong lubos na maunawaan ang dalawang panimulang hakbang, upang ang ating ispiritwal na buhay ay maging kaakit-akit at nagbibigay ng katiyakan ng ating kaligtasan.
- Na ating mararanasan na ang panalangin ng may mga pangako ang nagbibigay ng buong kalidad sa ating mga panalangin. Nananalangin tayo ng may lubos na kaligayahan, pagtitiwala at taos-puso. Sa pamamagitan ng pananalangin nang may mga pangako, marami ang nakatanggap ng katiyakan ng Banal na Espiritu.
- At sa kanilang dakilang kaligayahan, sila ay naging mga saksi at nakapagbahagi ng mga aklat at bilang resulta ang kanilang kaligayahan ay lalo pang nadagdagan.

Mayroong higit sa 160 na mga karanasan sa Ingles at German sa www.step-to-personal-revival.info

Ang pinakabagong edisyon ng akat na ito ay nahahati sa 14 na bahagi. At maaari ninyong basahin ang aklat sa loob ng 6 na linggo at maaari din ninyong basahin ito ng tatlong ulit sa panahon ding ito at inyong mararanasan ang mas

mahusay na pakinabang. Kalimitan, ang mga dakilang karanasan ay natatamo sa paulit-ulit na pag-babasa at sa pagsasanay sa kung ano ang nabasa. Ipinapakita sa maraming pagsasaliksik na kinakailangang basahin at mapakinggan ang mga mahahalagang paksa ng anim hanggang sampung ulit bago lubusan itong maunawaan ng isang tao. Subukan ninyo ito kahit isang ulit lang. Halos lahat ng mga mabubuting karanasan ay nagmula sa mga taong taos-pusong nakipagbuno sa mga paksa ng ilang ulit. Ang mga taong nagmamadali ay hindi nakikinabang.

Isang magandang pagkakataon na pag-aralan ang mga babasahin sa 10 Araw ng Pananalangin 2021 bago o matapos basahin ang Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay.

Sa anunsyo ng 10 Araw ng Panalangin (Oct. 24, 2020) isinulat ng General Conference (GC) "Sa susunod na taon ang programa ng 10 Araw ng panalangin ay hango sa tema ng 'NAGHAHANAP NG PAGPAPANIBAGONG BUHAY' at ito ay nakatuon sa kahalagahan na maranasan ang personal na pagpapanibagong buhay at ang kaligayahan ng lubusang pagpapasakop ng lahat ng aspeto ng buhay sa Dios … - Ang araw-araw na babasahin ay isinulat ni Pastor Helmut Haubeil …"

Ang mga babasahing ito, ay maliit na bersyon ng serye ng *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay.*

Aking tinangka na tanungin ang GC sa kanilang pahintulot na idagdag ang 10 araw ng panalangin 2021 sa aming website: www.steps-to-personal-revival.info 10 Araw ng Panalangin. Doon ay maaaring i-download at ibahagi sa iba anomang oras. Kapag may gustong ito ay gamitin. Amin ding babanggitin ang kaukulang aklat at kabanata sa bawa't araw, upang ang mga tao ay makinabang sa mga karagdagang babasahin. (Ang aklat ay maaaring makuha sa maraming mga wika sa aming website). Ang ispiritwal na pagpapalalim ay nagdudulot ng lakas at katuwaan.

#2 HAKBANG: PAUNLARIN ANG MGA UGNAYAN SA LOOB AT SA LABAS

Pangloob

Isang mahusay at mapagkakatiwalaang gabay para sa 40-Araw ng panalangin ay ang aklat na *40-Days book 1: Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming,* na isinulat ni Dennis Smith (R&H). Ang aklat na ito ay nahahati sa limang bahagi na may tag-wawalong mga aralin:

- Ang bautismo ng Banal Espiritu;
- Bautismo ng Banal na Espiritu at panalangin;
- Bautismo ng Banal na Espiritu at pangangaral;

- Bautismo ng Banal na Espiritu at pananahan kay Cristo;
- Bautismo ng Banal na Espiritu at pakikipag-ugnayan.

Ang mga sumusunod na mungkahi ay nanggaling sa 40-Days book No.1, p.5,6, pagpapakilala – hinango ng bahagya:

Ang 40-araw ng pag-aaral at panalangin ay nakadisenyo para ihanda ang iglesya ng Dios sa muling pagbabalik ni Cristo, gayundin ay upang abutin ang iba upang sila rin ay makapaghanda para sa maluwalhating kaganapan.

Ang paghahanda na ito ay nag-uumpisa sa mga kapatiran na pumapayag na ilagak para sa 40-Araw ng panalangin at pag-aaral upang umunlad ang malapitang ugnayan kay Jesu-Cristo, at upang abutin ang limang mga tao na inilalagay ng Dios sa iyong puso upang ipanalangin araw-araw.

Sinabi ni Jesus, *"na kapag nagkasundo ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang bagay na kanilang hinihiling ay gagawin para sa kanila ng aking Ama na nasa langit"* (Mateo 18:19). Mayroong dakilang kapangyarihan sa panalangin na nagkakaisa, at nagbibigay ng lakas at pag-asa at kalakasang ispiritwal sa ugnayang kristyano. Iminumungkahi na kayo ay humanap ng kasama sa pananalangin at ugnayan. Ibahagi sa iyong kasama ang tungkol sa iyong nabasa sa araw na iyon at magkasama kayong manalangin, ito ay maaaring gawin sa telepono o maaaring magkita ng harapan, ito ay ginagawa ng araw-araw sa loob ng 40-Araw ng panalangin at pag-aaral.

At upang tamuhin ang pinakamahusay na pakinabang, aking minumungkahi na kayo ay humanap ng ilang taong inyong makakasama sa paggamit ng aklat. Makabubuti kung kayo ay magtatagpo isang beses sa loob ng isang linggo upang kayo ay makapagbahagi at sama-samang manalangin. Maaari kayong pumili ng isa mula sa grupo na inyong magiging kasama sa pananalangin. Ang mga mag-asawa ay nag-ulat ng mga pagpapala, nang sila ay magkasamang nag-aral. Isang mag-asawa ang sumulat: "Ang pagbabasa at ang magkasamang pananalangin ay naghatid sa amin sa pambihirang pagkakalapit, pagkakaisa, na hindi pa namin naranasan dati." Ang bawa't kasali sa grupo ay gayundin ang gagawin upang sila ay magtamasa ng mga pambihirang pagpapala sa loob ng 40-araw…Ang mga kasali sa inyong listahan ay maaaring mga kasama sa pamilya, kaibigan o kasama sa trabaho. **Para sa hangarin na ito, kami ay naghanda ng listahan ng araw-araw na panalangin sa Apendise E.**

Panglabas

Espesyal na Pananalangin Para sa Limang Tao

Sa loob ng 40 araw ay inyong ipapanalangin ang limang tao araw-araw at sila ay inyo din abutin. Mayroong mga mungkahi kung paano nyo sila maabot at kung paano nyo maipapaalam sa kanila na sila ay inyong ipinapanalangin sa loob ng 40 araw at kasabay din dito ay inyo silang tanungin kung ano ang kanilang nais ipasama sa panalangin. Maaari ninyo itong masumpungan sa Apendise A at B sa hulihan ng aklat.

Bakit ang panalangin?

Ang panalangin ang pinakamalakas na puwersa sa lupa. Ito ay mahalaga para sa paglagong ispiritwal ng isang tao at ito din ang pinakamahusay na paraan upang abutin ang iba para kay Cristo. Tungkol sa panalangin at paglagong ispiritwal ng Kristyano, isinulat ni Ellen White:

"Ang panalangin ang hininga ng kaluluwa. Ito ang sikreto ng ispiritwal na kapangyarihan. Wala ng ibang paraan na maaaring palitan ang biyaya, at mapanatiling malusog ang kalusugan ng kaluluwa. Dinadala ng panalangin ang puso sa madaliang ugnayan sa Bukal ng buhay at pinalalakas ang litid at kalamnan ng karanasang pangrelihiyon. Kapag pinabayaan ang pagsasanay ng panalangin, at kung makikilahok sa pasumpong-sumpong na panalangin, sa ngayon at sa mga sumusunod, sa tilang maginhawang panahon, at maaaring mabitawan mo ang paghawak sa Dios. At maaaring mawala ang kakayahan ng sigla sa ispiritwal na buhay, kukulangin ng kalusugan at kalakasan ang karanasang pangrelihiyon." (Gospel Workers, p. 254)

Kinikilala din ni Mrs. White ang kahalagahan ng panalangin sa paghatid ng ibang tao kay Cristo: "Sa pamamagitan ng maraming panalangin, kinakailangan mong gumawa para sa mga kaluluwa, sapagka't ito lamang ang tanging paraan na maabot ang mga puso. Hindi mo ito tungkulin, ito ay gawain ni Cristo na nasa iyong tabi, na Siyang nagtatatak sa mga puso." (Evangelism, p.341) "Pakikinggan ng Dios ang iyong mga panalangin para sa pagbabagong-loob ng mga kaluluwa." (Messages to Young People, p.315)

Samantalang inyong pinagdarasal na isaalang-alang ang mga paraan na iminungkahi (tignan ang Apendise B) upang maabot ang inyong mga ipinapanalangin, sila ay hindi ninyo lamang ipagdarasal, kayo ay gagawa din upang mapalapit sila kay Cristo at sa Kaniyang iglesya. Pagpapalain ng Dios ang inyong pagsisikap kapag inyong ipinagdasal, tinarabaho, ang nasa listahan ng panalangin. Hindi ka lamang Niya gagamitin na mag-akay ng iba para kay Cristo; gayundin, ikaw ay aakitin papalapit sa Kaniyang sarili. Nauunawaan ni Ellen White ang dobleng pagpapala nang kaniyang isinulat:

"Samantalang ikaw ay nagtatrabaho para masagot ang iyong mga panalangin, iyong masusumpungan na ipapahayag ng Dios ang Kaniyang sarili sa iyo. …Umpisahan ngayon na abutin ang mataas at mas mataas pa. Pahalagahan ang mga bagay sa langit higit sa inaalok at panghihikayat ng sanlibutan. …Pag-aralan kung paano manalangin; pag-aralan kung paano magkakaroon ng malinaw at matalinong patotoo, at ang Panginoon ay maluluwalhati sa iyo." "The Upward Look, p.256)

"Ang kanilang matitiyagang mga panalangin ay makapagdadala ng mga kaluluwa sa krus. Sa pagtutulungan ng kanilang mga pagsisikap na may pagsasakripisyo ay kikilos si Jesus sa mga puso, at gagawa ng mga himala upang maakay ang mga kaluluwa." (Testimonies for the Church, vol. 7, p. 27)

Bakit 40 araw?

- Si Moses ay gumugol ng 40 araw kasama ang Dios sa Bundok ng Sinai.

- Tumanggap ang Nineveh ng 40 araw ng “biyaya” ng nanawagan si Jonas sa siyudad na magbalik loob sa Dios.
- Inihanda ni Jesus ang Kaniyang sarili ng 40 araw para sa Kaniyang ministeryo.
- Gumugol si Jesus ng 40 araw na kasama ang Kaniyang mga alagad bago umakyat sa langit.

Ano ang kinakailangan na abangan ng mga alagad?
Matapos ang pagkabuhay na muli ni Jesus, Kaniyang binanggit sa Kaniyang mga alagad na kinakailngan nilang abangan ang bautismo ng Banal na Espiritu bago sila sumulong sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa buong mundo: *“Habang kasalo nila, ipinagbilin Niya sa kanila na huwag umalis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama. Sinabi Niya, ‘Ito ang nariniig ninyo sa Akin; sapagka’t si Juan ay nagbautismo sa tubig; subali’t hindi na aabutin ng maraming araw mula ngayon, na kayao’y babautismuhan sa Espiritu Santo.’ Nang sila’y nagkakatipon, Siya’y kanilang tinanong, ‘Panginoon, ito ba ang panahon na panunumbalikin mo ang kaharian sa Israel?’ At sinabi Niya sa kanila, ‘Hindi ukol sa inyo na malaman ang mga oras o ang mga panahon na itinakda ng Ama sa pamamagitan ng kaniyang sariling awtoridad. Nguni’t tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa.”* (Mga Gawa 1:4-8)

Kahit na kanilang ginugol ang nakalipas na tatlo at kalahating taon araw-araw na kasama si Cristo at kanilang nakita at nakibahagi sa ministeryo ng mga himala, gayunman ay hindi sila handa upang maging saksi para sa Kaniya. Kinakailangan nilang antayin ang kapangyarihan. Matapos nilang tanggapin ang bautismo (pagpuspos) ng Banal na Espiritu, na naganap sa araw ng Pentekostes, sila ay bibigyan ng kapangyarihan na hindi tulad ng dati upang maging saksi para kay Cristo: *“Nang dumating ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nagkakatipon sai sang lugar. Biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno nito ang buong bahay kung saan sila’y nakaupo. Sa kanila’y may nagpakitang parang mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawa’t isa sa kanila. Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita ng iba’t ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.”* (Mga Gawa 2:1-4) Ano ang nakita ninyong pagkasunod-sunod: panalangin, pagtanggap ng Banal na Espiritu, masayang pangangaral ng ebanghelyo. (Tignan din ang Mga Gawa 4:31).

Dobleng Pagpapala
Kapag pinili na makilahok sa 40 Araw ng pag-aaral at pananalangin, sa gayon, ikaw ay pumapasok sa kataka-taka at pambihirang karanasan na pinagpala kasama ang Panginoon. Mararanasan mo ang malalim na ugnayan kay Cristo,

at iyong makikita na ginamit ka ng Panginoon upang maglapit ng ibang tao kay Cristo bilang paghahanda sa Kaniyang nalalapit na pagbabalik. Samantalang ikaw ay nakikipag-uganayan sa iyong kasama sa pananalangin at sa iba na nakisangkot sa 40-Araw ng pag-aaral at panalangin, ay mararanasan mo ang mas malalim na Kristyanong pag-ibig at pagkakaisa sa iyong mga kasamahan sa pananampalataya. Ito ay magiging mahalagang bahagi sa iyong personal na paglagong ispiritwal.

At upang matamo ang higit na karanasan, hinihiling na ito ang kauna-unahang gawin tuwing umaga. Maaring hinihiling na kayo ay gumising ng mas maaga, gayunpaman, ang inyong pagsisikap ay mabibigyan ng gantimpala! Kung iyong hihilingin sa Panginoon na gisingin ka upang ikaw ay magkaroon ng kalidad na panahon sa Kaniya, ay Kaniyang pakikinggan at tutugunin ang iyong dasal. Mayroong isinulat si Ellen White patungkol sa buhay ni Cristo na mapanalanginin:

"Araw-araw ay Kaniyang tinanggap ang sariwang bautismo ng Banal na Espiritu. Sa maagang bahagi ng bagong araw, Siya ay ginigising ng Panginoon sa Kaniyang pagkakatulog, at ang Kaniyang mga labi at Kaniyang kaluluwa ay pinapahiran ng biyaya, upang mayroon Siyang maibigay sa iba. Ang Kaniyang mga salita ay ibinibigay sa Kaniya upang mayroon Siyang masabi sa tamang panahon sa mga napapagod at naaapi." (*Christ's Object Lessons,* p. 139)

Kung iyong hihilingin ay gagawin din ni Jesus ang ganitong bagay sa iyong buhay. Lubos na Kaniyang hinahangad na kayo ay mapahiran ng Banal na Espiritu para mahanda sa bawa't panibagong araw.

SUSING DAHILAN: ANG MGA MIYEMBRO AY NAKIKIBAHAGI SA GAWAING MISYONERO

Ang ministeryong ito para sa ating kapwa tao ay isang daan tungo sa dakilang kaligayahan at personal na paglago sa pananampalataya at ito ay naghahatid ng mga tao tungo sa kaligtasan na nagmula kay Cristo. At ito ang mga karagdagan pang mungkahi:

Alamin mula sa Panginoon kung sino ang kinakailangan ipagdasal.
Ikaw ay tinatawagan na manalangin araw-araw para sa limang tao sa loob ng 40 araw. Hilingin sa Panginoon na gabayan ka sa pagpili ng mga taong ito.

Pumili ng limang tao na iyong nais na ipagdasal.
Marahil ay mayroon kang mga kamag-anak, mga kaibigan, mga kasamahan, mga kapitbahay, mga kakilala, datihan o hindi mga aktibong miyembro ng iglesya na nasa iyong listahan, na nais mong pagministeryuhan sa loob ng 40

araw sa pamamagitan ng pag-abot sa kanila o maaaring imbitahan sila sa espesyal na programa ng simbahan – mga taong nasa paligid lamang.

Abutin ang mga limang tao na iyong napili.
Kung iyong nais, maaari mo silang abutin kaagad – ilang panahon bago simulan ang 40 araw. Ang iba ay nananalangin sa loob ng 20 o 30 mga araw para sa mga taong ito at matapos sila ay kanilang inaabot at binabanggit kung bakit at kung ano ang ipinagdadasal para sa kanila, at kanilang inaanyayahan sa simbahan sa araw ng Sabbath na may pagpupulong na kasama ang mga bisita, na kung saan ay ginaganap sa katapusan ng 40 araw na may espesyal na programa, Ating inihahanda ang sarili sa pamamagitan ng panalangin bago pa umpisahan na abutin ang mga tao.

Papaano natin malalaman ang mga inaalala ng ating mga kakilala?
Maaaring ganito ang ating sabihin sa ating mga kakilala: Ang aming iglesya ay nagplano ng espesyal na oras ng pananalangin sa loob ng anim na linggo. At kami ay nahilingan na manalangin sa mga tao sa mga panahong ito. Nais kong isama ka sa panalangin. Maaari ko bang malaman kung ano ang iyong mga kahilingan ukol sa iyong kalusugan? Pamilya o trabaho?

Pasalamatan sila sa pagkakataon at maaaring abutan sila ng mga Liham kay Andres bilang 4 Ang Taya ni Pascal – Mayroon bang Dios o wala? O kung ang Sabbath para sa mga bisita ay malapit ng maganap, kung gayon ay inyong silang imbitahan at alukin na inyo silang susunduin at maaari din na inyo silang sasalubungin sa harap ng simbahan.

Gumawa ng talaan: pangalan, numero ng telepono, e-mail, tirahan, kahilingan sa panalangin, obserbasyon, ano ang kwento sa inyong naging kakilala.

Ipanalangin ang mga taong ito.
Ito ay magandang pagkakataon upang kamtin ang mga pangako. Maaari ninyong masumpungan ang “Mga Pangako Para sa Pananalangin Para sa Iba” sa Apendise A.

Paano natin maipapakita ang ating interes?
Nais nating ipakita ang ating interes sa limang mga tao. At maaari kayong makasumpong ng mga ideya para dito sa apendise B: Mga mungkahi kung papaano maaabot ang ibang mga tao. Ang isang mahalagang mungkahi ay ang mamigay ng mga babasahing nakakapagpahikayat, lalong lalo na ang nakakasabik na pulyeto na mula sa Biblia. At ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong mga Liham kay Andres. Sa kapitulo 9 pahina 165, ay ating makikita kung ano ang pinakamahusay na pagkasunod-sunod na maaari nilang gamitin. Kapag inyong naihanda ang inyong kontak sa pamamagitan ng

masinsinan na panalangin, kalimitan ang mga babasain na ito ay mapupunta sa matabang lupa ng puso.

Binanggit sa atin: “Ipinakita sa akin na hindi natin ginagawa ang ating tungkulin sa pagpapalaganap ng maliliit na babasahin. Maaaring mayroong mga tapat na kaluluwa na madadala at yakapin ang katotohanan sa pamamagitan lamang nito. …Ang mga maliliit na babasahin na ito na apat, walo, o labing anim na mga pahina, ay maaaring ayusin sa maliliit na halaga, na mula sa pondong nalikom mula sa donasyon na mga taong may puso sa ganitong proyekto..” (*1T* 551,552 at ChS 151.2 egwwritings.org)

40-Araw na Manwal ng Pagtuturo Para sa mga Pinuno
Isang 40-Araw ng manwal para sa pagtuturo, kabilang na ang serye ng pag-ebanghelyo sa hulihang bahagi, ay maaaring makuha mula kay Dennis Smith. Ang manwal ay makukuha ng libre sa: www.40daysdevotional.com

Ang Sabbath para sa mga Bisita
Sa pagtatapos ng 40 araw ay maaaring planuhin sa inyong simbahan o sa care group ang espesyal na araw para sa mga bisita. Kinakailangan na ito ay maayos na inihanda sa ilalim ng pananalangin. Sa Sabbath para sa mga bisita, ang mga kontak ay inaanyayahan para sa serye ng pangangaral, na mag-uumpisa sa susunod na mga araw o maaari din sa susunod na linggo at maaring ganapin sa kapulungan ng simbahan o kaya ay sa care group.

Ika-36 Araw

#3 HAKBANG: PAGBABAHAGI NG MABUTING BALITA

Ito ay maaaring gawin kasama ng pag-aaral ng Biblia o serye ng pangangaral sa mga maliliit na pulutong o simbahan o depende sa plano ng komperensya, at ito ay maaaring ganapin sa mga simbahan sa komperensya sa magkakasabay na panahon. Maraming mga komperensya at maging mga union o buong bansa ay nakapagdaos ng daan-daan at maging libo-libong serye ng pangangaral sa magkakasabay na panahon kasama ang mga mangangaral pang rehiyon at kasama din ang mga mangangaral mula sa ibang bansa. (Ang pangangaral na ito ay tinatawag na “Total Member Involvement”. https://tmi.adventist.org)

Serye ng mga video upang ituro ang pananampalataya
Aking inuulit: Sa ngayon ay mayroon na tayong mabubuting kasangkapan upang ituro at palaguin ang pananampalataya sa Dios at sa Kaniyang mga salita, kung sakaling walang mga tagapagturo na makukuha. At upang ipangaral ang ebanghelyo, maaaring tignan ang serye ng pangangaral na

naglalaman ng mahahalagang katotohanan mula sa Biblia. Ang pinakamahusay ay ang mga serye na may 20-30 na pagtatanghal. Sa apendise F ay inyong makikita ang mga website at ang kanilang mga maikling paglalarawan at kung anong inyong makikita doon. Ang mga pahina na ito ay mahalaga para sa mga kabataan, nagsasaliksik ng katotohanan at ang mga matagal nang mananampalataya. Kasama ng mga nabanggit sa website mula sa GC Total member Involvement: Mga material-tips. Ito ay naglalaman ng mga tips para sa Ebanghelyo, Pamimigay ng Babasahin, sari-saring serye sa Kalusugan at Kagalingan, Diabetes, Paggaling mula sa Depression at Paaralan sa Pagluluto. Sa apendise F ay inyong makikita ang baul ng kayamanan ng mahahalagang mga websites.

Karagdagang gawain bago at matapos ang serye ng pangangaral: Kurso ng Pag-aalagad

Napakahalaga na ang mga bagong nabinyagan na mga kaanib ay isasali sa Kurso ng pag-aalagad. Ang ating kahanga-hangang aklat na, Ang Paglapit kay Kristo na isinulat ni Ellen White, ay maaaring imungkahi sa buong mundo. (Ito ay maaaring makuha sa ating mga limbagan sa iba't ibang mga wika). Ito ang ating aklat na naisalin sa 150 na mga wika. Ang aklat ay nahahati sa dalawang bahagi at mayroong 13 na kabanata. Ang dalawang pangunahing bahagi ay "Paano ako lalapit kay Kristo?" at "Papaano ako Mananahan kay Kristo?" Sa katunayan, ang aklat ay maaaring basahin sa isahang tao lang, subali't ito din ay maaaring mabasa ng maliliit na grupo at para din sa mga interisadong mga tao o sa mga kabataan at gayundin sa Pag-aaral sa Biblia sa Pangunguna ng mga Pastor.

Pag-aaral Sa Biblia sa Pangunguna ng mga Pastor

Ang espesyal na pag-aaral ng grupo na ito ay napakahalagang tulong sapagka't ito ay nagiging pag-aaral para sa mga malapit na mabinyagan. Subali't ang salitang ito ay hindi natin ginagamit. Ang grupo ay nag-aaral gamit ang mga espesyal na tagubilin at katanungan tungkol sa personal na Kristyanismo (halimbawa ay ang paglapit kay Kristo) at ang mga pangunahing katotohanan sa Biblia. Mas mabuti kung ang klase ay maibubukod ng kuwarto. At ang tanging mga miyembro ng iglesya na dadalo sa klase na ito ay ang tanging may mga inanyayahan na bisita. Sapagka't ang mga nag-anyaya ng kanilang mga bisita ay mas maingat sa mga sensitibong katanungan at komentaryo. Ang grupo na ito ay pinangungunahan ng isang pastor at maaari din ng isang tao na may katangian na magturo. At sa maraming mga bansa, kanilang tinatawag ang klase na ito "Pag-aaral sa Biblia sa Pangunguna ng Pastor", sapagka't kung posible ito ay pinangungunahan ng isang pastor. Sa ganitong programa ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga kandidato sa binyagan (mga kabataan at mga kaibigan ng mga miyembro ng simbahan) na matuto mula sa salita ng Dios isang beses isang linggo bilang karagdagan sa kanilang karaniwan na pag-aaral ng Biblia. Sa maraming mga bansa, ang

ganitong klase sa Biblia ay ang pinakamahusay na paraan sa pag-aakay ng mga tao sa papalapit kay Jesus. Ang grupo na ito ay paraan ng pag-ebanghelyo samantalang ang iglesya ay nagpapatuloy sa serbisyo sa araw ng Sabbath.

Misyon sa araw ng Sabbath

Ang ating mga ama sa pananampalataya ay napakaraming praktikal na solusyon sa iba't ibang mga dako. At ang isa sa mga ito ay ang tinatawag na Misyon sa araw ng Sabbath – kalimitan ito ay ginaganap tuwing unang Sabbath ng buwan – ang Misyon sa araw ng Sabbath ay ginaganap sa bawa't iglesya. At ang pangunahing ideya ay sapagka't ang pag-udyok sa gawaing pagmimisyon ay palaging nangangailangan ng "langis". At ang kahalagahan ng buwanang Misyon sa Araw ng Sabbath ay para buhayin ang espiritu sa pagmimisyon. Dito ay kinakailangan ang maingat na pagsasalita at mga gawa. Maaaring ang isang dedikadong tao o ang maliit na pulutong (care group)ang gaganap ng responsibilidad sa paghahanda ng Sabbath na ito. Ang ganitong uri ng Sabbath ay unti-unting magiging malaking katuwaan at pangangailangan. Susing mga salita: maikling video tungkol sa misyon, sariwang awit patungkol sa misyon, karanasan sa misyon, mabuting balita, kwento sa mga bata tungkol sa misyon, sermon tungkol sa misyon, paglilingkod o pagdadalaw na may misyon.

Ano ang mga susunod na mga hakbang?

Iminumungkahi na malimit na ulitin ang mga tatlong-hakbang na programang ito. Sa unang pagkakataon, may ilang miyembro ng iglesya ang makakaranas ng pagpapalakas mula sa mga mensahe at sa ikalawang pagkakataon ay may panibagong grupo ang makikilahok sa masaya at mabungang pamumuhay. Sa bawat panahon ay may mga bagong dumarating na naghahanap ng katotohanan. At ito ay mahalaga rin sa mga bagong binyag na mga kaanib. Kailangan din nila na ito ay ulitin. At ang ating tungkulin na mag-akay ng mga tao kay Kristo ay kinakailangan na nagpapatuloy. Ang pag-uulit ay kinakailangan, sapagka't tayo ay nabubuhay sa nakakapagod at pambihirang mga panahon. Ako ay nagulat ng aking nabasa ang dalawang bagay mula sa mga sumusunod:

"Sa bawa't iglesya ang mga miyembro ay kinakailangang lubos na masanay na sila ay maglalaan ng mga panahon sa pag-aakay ng mga kaluluwa kay Kristo. …Natatangi at mabilisang pagbabago ang malapit ng maganap, at ang bayan ng Dios ay mapagkakalooban ng Banal na Espiritu, upang sa kaalaman na magmumula sa langit ay maaari nilang harapin ang mga kagipitan sa panahong ito." (3TT 69)

Ang mga aklat sa unang bahagi ay maaaring muling gamitin. Subali't ang aklat na "Manahan kay Jesus" ni Helmut Haubeil ay kinakailangan din na isaalang-alang sapagka't nakakatulong ito na magkaroon ng malapit na ugnayan kay Cristo. Ito ay nahahati sa mga sumusunod na kabanata:

- Pinakamahalagang Kaloob ni Jesus
- Pagpapasakop kay Jesus
- Si Jesus na nananahan sa iyo
- Pagsunod sa pamamagitan ni Jesus
- Kaakit-akit na pananampalataya sa pamamagitan ni Jesus.

Ang isa pa na maaaring gamitin ay ang 40-days book 2: Prayers and Devotions to Revive Your Experience with God na isinulat ni Dennis Smith. Mayroong walong mga babasahin sa bawa't paksa: Ang mga taong may kakaibang karanasan, Ang mga taong nag-aantay sa Dios, Ang ating Pinakamataas na Dios, Mahirap subali't kinakailangan na karanasan , Ang mga taong handang salubungin si Jesus.

Ang dalawang aklat na ito ay nakatugma sa unang aklat ng 40-days book at Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay at ito ay nakabatay sa mga ito.

Ano ang mga naging karanasan ng mga tao?

Ang kakaibang karanasan mula sa iglesya ng Cologne-Kalk/Germany at kung paano lumago ang bilang ng miyembro mula sa 17 tungo sa 65 sa loob lamang ng 4 na taon sapagka't kanilang ginamit ang paraan na ito sa bawa't taon. Ito ay nakasaad ng detalyado sa www.steps-to-personal-revival.info. Testimonies 2/19

Ang mga resulta ay nakabatay sa kung papaano makagagawa ang Banal na Espiritu sa pamamagitan natin. Aming isinasama sa ulat na ito ang mga karanasan na mula sa bansang (secular) walang kaugnayan sa relihiyon:

- USA – Decatur, Alabama: Ito ay nabanggit sa simula ng kabanata na ito: 15 bautismo
- Switzerland – Tessin: 15 binyagan sa pamamagitan ng 40-araw na pagsisikap.
- Tajikistan - Dushanbe; 46 binyagan sa isang taon sa paggawa ng 40-Araw.
- England: 22 binyagan sa pamamagitan ng ukol sa ispiritwal na gawain.

Huling Karanasan

Isang pastor ang nagpatotoo na kaniyang ginawang desisyon na pag-aralan ang Banal na Espiritu mula sa Biblia matapos na kaniyang napagtanto na siya ay walang kapangyarihan: "At sa kahulihan ay aking napag-aralan ang 273 na mga talata sa orihinal na wika na tuwirang nagsasabi ng tungkulin ng Banal na

Espiritu, at akin ding nakita ang mahigit na 2,000 sipi ni Ellen White tungkol sa paksa na yan."[10]

Maaari ko bang tanungin: Hindi ba't ang nagtulak para isulat ni Ellen White ang paksa ng Banal na Espiritu sa mahigit 2,000 beses ay upang hindi natin pagdudahan ang layunin ng Dios sa huling panahon? Nais ba ng Dios ibigay sa Kaniyang iglesya ang kapangyarihan, autoridad, at tagumpay? Nais ba ng Dios na dalhin tayo sa kaduluhan ng daan?

Patuloy na ibinahagi ng pastor ang tatlong mga katanungan:

"Mahal mo ba ang aking bayan?"

"Iyo bang ipinapangaral ang ebanghelyo sa loob ng isang linggo ng may pagsinta para sa mga kaluluwang nawaglit?"

"Naghahanap ka ba ng papuri mula sa mga tao?"

Nagsimulang tumulo ang aking luha matapos na aking ipahayag ang aking mga kasalanan.

Nang taong yaon, 37 mga kaluluwa ang nagkaloob ng kanilang mga buhay kay Jesus. Sa mga nakalipas na taon, simula ng gabing yaon, daan-daan na mga tao ang gumawa ng pagpasiya para kay Cristo. Dalangin ko na mapapurihan ang Panginoong Jesus mula ngayon at magpakailanman!"[11]

Ano ang unang hakbang sa pagpapanibagong buhay?

Sinagot ng ating kahanga-hangang Dios ang katanungang ito sa 2 Cronica 7:12-14:

"Pagkatapos ang Panginoon ay nagpakita kay Solomon sa gabi, at sinabi sa kaniya, 'Narinig ko ang iyong mga dalangin. …At kung ang aking bayan … ay [1] magpakumbaba, at [2]manalangin, at [3] hanapin ako, at [4] tumalikod sa kanilang masasamang lakad; akin silang papakinggan mula sa langit, at patatawarin ko ang kanilang kasalanan at pagagalingin ko ang kanilang lupain."

"Magpakumbaba ng mga sarili"

…ito ang pangunahing direktiba sa serye ng apat na kondisyon sa mensahe na ito ng Panginoon. Bago tayo sinabihan na manalangin, magsaliksik, at tumalikod, tayo muna ay sinabihang magpakumbaba ng ating mga sarili. …Malimit ay ating inihaharap ang walang pandinig na mga tenga sa isang problema, hanggang magkaroon ng pagkatunaw, at tayo ay napipilitan na makinig. …Sa pelikula na 'Titanic' ay malinaw na ang kanilang kinakaharap.

Malimit na tayong mga tao ay hindi nakikinig maliban na huli na ang lahat. Bakit? Sapagka't bihira lang natin magustuhan ang ating mapapakinggan –

---

10 Seeking God's Spirit, January 8 - 18, 2020, Day 4, p.36 - www.tendaysofprayer.org)

11 Ditto, p. 37, Amin lamang binanggit ang pangunahing mga kaisipan.

lalo na kung ang ating mapapakinggan ay makapagbabago ng ating opinion, pamamaraan ng pamumuhay, mga ugali, o pag-uugali."[12]

Hindi ba't kinakailangan nating hingiin kay Jesus ang mapagpakumbabang puso upang Siya ay "makagagawa ng dakila at kahanga-hangang mga bagay" sa pamamagitan natin?

Mga Payo at Panalangin: Ano ang kinakailangan nating gawin sa tatlong mga hakbang?

Maaari tayong kumuha ng panahon upang manalangin at pagbulay-bulayin ang mga pangunahing kaisipan kung papaano isasagawa ang mga mungkahi sa kabanata 10 Bagong Ispiritwal na Misyonero ay Nagsisimula sa Tatlong Mga Hakbang (Tignan ang mga katanungan sa susunod na pahina).

Ang krisis sa Corona virus ay nagkaroon ng epekto sa ating mga buhay, na hindi natin akalain na magiging posible. Kapag ating inanyayahan ang ating mga kapitbahay para sa isang pag-aaral sa care group ay maaari nating talakayin ang "Mga Pamamaraan Kung Paano Mapapabuti ang Ating Sistema na Panangga (Immune System)", sa gayon ay maaari nating ibahagi ang kahulugan ng personal na relasyon sa ating Dios (Mga Awit 91) at ang tungkol sa walong daan tungo sa kalusugan (NEWSTART) o NEWSTART-Plus. Ang ating hangad ay upang ipakita sa iba ang mga kalamangan, na wala pa sila. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon sa inyong pananalangin at pagbubulay-bulay.

12 Randy Maxwell, If my people Pray (Pacific Press 1995), p.72

Kaisipang Personal at Mga Gabay sa Talakayan

1. *Anu-ano ang mga tatlong mahahalagang hakbang tungo sa ispiritwal na pagpapanibago?*

---

2. *Pakisulat ang pangalan ng limang mga tao, na nais mo na maisama sa dasal.*

---

3. *Isaalang-alang sa panalangin kung ano ang mga posibilidad na mayroon ka upang magamit sa pag-aaral ng Biblia / maliit na grupo / o sa serye ng pangangaral.*

---

4. *Anu-ano ang mga naging karanasan ng ibang tao / ng mga grupo? Siliping mabuti ang mga karanasang ito.*

Ang Oras ng Panalangin

- Makipag-ugnayan sa iyong kasama sa panalangin at talakayin ang paksa sa kanila.
- Manalangin kasama ang iyong kapareha sa pagdarasal…
    1. …para sa simula ng panibagong ispiritwal – para sa iyong sarili at sa iyong simbahan.
    2. …para sa limang tao na nasa iyong talaan.
    3. …upang mabatid kung ano ang mga posibilidad na mayroon ka/ ang iyong grupo/ang iyong simbahan upang gumawa para sa Dios.
    4. …para sa mga karanasan, sa gawain kung saan ka ginabayan ng Dios.

Ika-37 Araw

PAGIGING PUSPOS ARAW-ARAW NG BANAL NA ESPIRITU!

Ano ang masasabi ng ilan tungkol sa ating pangangailangan na patuloy na hingiin ang bautismo ng Banal na Espiritu?

General Conference ng Seventh-day Adventists: "Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay hindi isang pangyayari lamang; ito ay maaari nating maranasan araw-araw. Ating ipakiusap sa Panginoon ang bautismo ng Banal na Espiritu sapagka't ito ang nagbibigay ng kapangyarihan sa iglesya upang sumaksi at magpahayag ng ebanghelyo. At upang maganap ito ay kinakailangan nating isuko ang ating mga sarili sa Dios, manahan kay Cristo ng lubusan, at humiling sa Kaniya ng karunungan upang ating masumpungan ang Kaniyang mga kaloob sa atin. (Santiago1:5)."[13]

Carlos Steger: "Ang kahulugan ng bautismo ng Banal na Espiritu ay ang lubusang pagpapasailalim sa impluwensya ng Espiritu, ganap na 'puspos ng Espiritu' (Efeso 5:18) Ito ay hindi 'minsanan at panghabang buhay' na karanasan, ngunit ito ay kinakailangang patuloy na nababago."[14]

Frank Hasel: "Samantalang ang Espiritu ay ibinibigay sa pakikinig ng pananampalataya (Galacia 3:2) at natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya (Galacia 3:14) sa ating bautismo (Tito 3:5,6), ay kinakailangan nating saliksikin na tayo ay mapuno ng Banal na Espiritu araw-araw. Hindi natin kailangang mabuhay sa ating makapangyarihan na karanasan na naganap noong isang taon, o noong isang buwan, o kahit ng kahapon. Kinakailangan natin ang pagpuspos ng Banal na Espiritu araw-araw, sapagka't may mga hamon na dinadala ang bagong araw."[15]

Johannes Mager: "Sang-ayon dito, ang pagpuspos ng Banal na Espiritu ay hindi pang isahang karanasan, sa halip, ito ay pangkasalukuyan at progresibong proseso. Ang Kristyano ay hindi kagaya ng isang sisidlan na mapupuno ng minsan at pangmatagalan, sa halip ay kinakailangan niyang pahintulutan ang kaniyang sarili na muling 'mapuspos'. …Ang pagpuspos ng Banal na Espiritu, na ating tinanggap sa panahon ng ating bautismo, ay maaaring mawala kapag ang kapuspusan na ating tinanggap ay hindi

---

13 Seventh-day Adventists Believe - A Biblical Exposition of 28 fundamental doctrines, Copyright by the Ministerial Association General Conferance of Seventh-day Adventists, Chapter 17, Spiritual Gifts and Ministries, p. 213.2 - www.Carenage Seventh-day Adventist-Church Trinidad and Tobago, 16.8.2020

14 Adult Bible Study Guide - Standard Edition - July 17,2014, Principle Contributor: Carlos Steger

15 Adult Bible Study Guide - Standard Edition - January 30, 2017, Principle Contributor: Frank Hasel

mapapanatili. Subali't, kung ito ay nawala, ito din naman ay maaaring matanggap muli."[16]

David Wolkwitz: "Una sa lahat, ating ipapakita kung gaano kahalaga na mapuspos ng Banal na Espiritu. …At sa kahulihan ay ating matutuklasan na ang pagpupuspos ay ang pangunahing punto ng bagong kasunduan. At nais nating malaman ang panghihikayat ng Dios, na nagnanasa na ating tanggapin ang pagpapala na ito sa araw-araw,"[17]

Ekkehardt Müller: "Bilang karagdagan, ating nais alalahanin na ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu ay sumusunod sa muling pagsilang, subali't hindi ito proseso na nagaganap ng kusa. Ang relasyon ay kinakailangan mabago araw-araw."[18]

Dennis Smith: "Isa pang mahalagang punto ay ang pagpuspos ng Banal na Espiritu ay kinakailangang mabago araw-araw. Sinabi ni Pablo sa 1 Corinto 15:31 'Ako'y namamatay araw-araw'. Ang pagkamatay sa sarili at ang pagpupuspos ng Banal na Espiritu ay araw-araw na karanasan. Hindi ito 'isahan at panglahatan' na karanasan. Sinabi ni Pablo na ang 'ang aming panloob na pagkatao ay binabago sa araw-araw' (2 Corinto 4:16). Kailangan natin ang araw-araw ang pagbabago ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Tayo ay hinahamon ng mga salita ni Pablo 'mapuno kayo ng Espiritu' (Efeso 5:18). Ang pandiwang ito ay nasa patuloy na panahon, at sa Griyego ay kailangan nating gawin ito araw-araw. Ang mananampalataya ay pinangungunahan Niya sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu."[19]

Ellen G.White:

"Para sa araw araw na bautismo ng Banal na Espiritu, kailangan na ang bawa't manggagawa ay itaas ang kanilang kahilingan sa Dios."[20]

Na kahit si Cristo sa panahon ng Kaniyang buhay dito sa lupa ay hinahangad sa Kaniyang Ama ang araw-araw na sariwang panustos ng kinakailangang biyaya."[21]

"Sa pamamagitan ng tusong kagamitan ng kaaway, ang kaisipan ng bayan ng Dios ay para bagang hindi kayang maunawaan at iangkop ang mga

---

16 Auf den Spuren des Heiligen Geistes, Advent-Verlag (Lüneburg 1999), S,101

17 Der Weg zu einer kraftvollen Erweckung (Hrsg. Abteilung Heimatmission, Germeinschaft der Siebenten- Tags-Adventisten in Nordrhein-Westfalen), S.102,103, ohne Datum Abschnitt "Lasst euch erfüllen" (Ephesians 5:18)

18 Dei Lehre von Gott (Seminar Schloss Bogenhofen 2019), S. 224

19 10 Days - Prayers and Devotions to Experience the Baptism of the Holy Spirit, Dennis Smith 10 Tage - Translated from the German Version: Andachten und Gebete zur Erfahrung der Taufe mit dem Heiligen Geist. (Konrad Print & Medien, Rudersburg/Württemberg) S.48

20 Acts of the Apostles, p. 50.2, Das Wirken der Apostel (Saatkorn, Hamburg 1976) S. 52, [50,51]

21 Acts of the Apostles, p. 56.1, Das Wirken der Apostel (Saatkorn, Hamburg 1976) S. 57, [55,56]

pangako ng Dios. …Nag-aantay ang kapangyarihan ng Dios para sa kanilang pangangailangan at pagtanggap."[22]

PAGPAPANIBAGONG BUHAY!

Ano ang masasabi ng iba tungkol sa pagpapanibagong buhay? Ano ang kahulugan ng pagpapanibagong buhay? Mayroon ba tayong magagawa dito?

Ellen G. White: Ano ang kahulugan ng pagpapanibagong buhay? "Ang pagpapanibagong buhay ay sumisimbolo sa pagbabago ng ispiritwal na pamumuhay, ang nagpapasigla sa kapangyarihan ng isip at puso, ang pagkabuhay mula sa ispiritwal na kamatayan."[23]

Mark Finley: Mayroon ba tayong magagawa dito? "Ang pagpapanibagong buhay ay hindi kaagad nangyayari kung ito ay ating babasahin lamang, sa halip, ito ay nagaganap kapag ating ipinamuhay ang elemento ng pagpapanibagong buhay mula sa Biblia." [24]

D. Martin Lloyd-Jones: "Kapag nagpadala ang Panginoon ng pagpapanibagong buhay, sa gayon, ay marami siyang matatapos sa loob lamang ng isang araw kumpara sa 50 taon na organisadong pagtatangka."[25]

Charles G. Finney: "Ang pagpapanibagong buhay ay wala ng iba kundi ang bagong panimula ng pagsunod sa Dios (Apocalipsis 2:5) [Panunumbalik sa iyong unang pag-ibig]."[26]

Dennis Smith: "Ang pagpuspos ng Banal na Espiritu ang nagbibigay sa mga Kristyanong Laodicea ng kinakailangang lakas para sa ispiritwal na pagpapanibagong buhay, gayundin ng lakas upang sumaksi. Nalalaman ni Jesus kung gaano kahalaga ang pagbubuhos ng Banal na Espiritu katulad ng sa unang ulan sa Pentekostes. Sinabi NIya: 'Ako'y naparito upang maghagis ng apoy sa lupa at nais ko sana na ito ay nagniningas na!' (Lucas 12:49) Subali't papaano mararanasan ng Kristyanong Laodicea ang pagpuspos ng Banal na Espiritu gayundin ang pagpapanibagong buhay? Sa kagaya din na paraan – sa panalangin at pag-angkin sa mga pangako ng Dios?"[27]

---

22 Testimonies to Ministers and Gospel Workers, p. 174.2
23 Selected Messages Book 1, 1SM, 128.1
24 Belebe uns neu Advent-Verlag Lüneburg, 2011), S.25 (Revive us again, PPPA 2010)
25 Vollmacht (Franke, Marburg 1984) S. 105
26 Ch. G. Finney, Über Geistliche Erweckung (Harfe-Verlag, Aarburg1976), S.5
27 40-Days of Prayer and Devotions to prepare for the second coming, 40 Tage-Andachten und Gebete zur Vorbereitung auf die Wiederkunft Jesu (Wein 2012), S.103

LeRoy E. Froom: “Ang Dios ay walang anumang magagawang makapagpapabago sa mga tao, bago Niya magawa ang isang bagay na ganap na magpapabago sa kanila, sa pamamagitan ng pagpasok ng Banal na Espiritu sa kanilang mga buhay.”[28]

28 Das Kommen des Heiligen Geist (Edelstein 1995) S.100

PAGPAPALA

"Ang pananahan kay Cristo ay nangangahulugan ng:

- **Isang patuloy na pagtanggap ng Kaniyang Espiritu,**
- **Isang buhay na ganap na pagpapasakop**
- **Sa paglilingkod sa Kaniya."** (E.G.White, *Ang Bukal ng Buhay*, p.676.2)

Makatulong nawa sa atin ang mensahe upang araw-araw nating hingiin at tanggapin ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pag-angkin ng mga pangako sa panalangin at matulungan tayo na araw-araw magpasakop kay Jesus at sa Kaniyang paglilingkod, upang manguna tayo sa buhay na mabunga para sa Kaniyang karangalan at ating kaligayahan.

Aking iminumungkahi na iyong maingat na pag-aralan ang Juan 15:1-17. Ipinapakita sa atin ni Jesus ang talinghaga ng puno at mga sanga:

V. 2 Ang mga sanga na walang bunga ay puputulin at susunugin
Ang mga sanga na namumunga ay puputulan upang lalo pang mamunga!
V.4 Tayo ay mamumunga lamang kung tayo ay nananahan kay Jesus!
V.5 Ang sinoman na nananahan kay Jesus, ay mamumunga ng marami!
V.8 Naluluwalhati ang Dios kapag maraming bunga!
V.16 Ang tungkulin natin ay mamunga!

Panalangin: "Ama namin sa langit, hinihiling namin na araw-araw kaming mamunga para sa iyong karangalan sa pamamagitan ng pakiki-ugnay kay Jesus at ng Banal na Espiritu. Tulungan mo kami na mapuspos ng Iyong pag-ibig upang amin Kang mapaglingkuran samantalang aming pinaglilingkuran ang aming kapwa. Pangunahan kami sa pananalangin para sa ibang tao at personal na ugnayan. Bigyan mo kami ng masigasig at matagumpay na buhay para sa iyong karangalan at kaluwalhatian, para sa ikaliligtas at pagpapala ng aming kapwa tao, gayundin ay para sa aming sariling kaligtasan. AMEN."

REKOMENDASYON

Mahalagang payo: Basahin ang aklat na ito maging ang mga pahayag at kabanata na naging mahalaga para sa iyo – kung maaari – anim na sunod sunod. Ipinapakita ng mga nagsisiyasat na kinakailangan nating mapakinggan o mabasa ang mga mahahalagang paksa para sa ating buhay mula anim hanggang sampung ulit bago natin tunay na maunawaan ito.

Walang masama kung inyong susubukan. Makukumbinse kayo sa resulta. Marami akong natanggap na mga pasasalamat at masigasig na patotoo tungkol sa buhay ng mga tao na nasa Banal na Espiritu. Halos ang karamihan ay mula sa mga bumabasa na mayroong marubdob na pagtatalaga sa pagbabasa ng aklat.

Paki-usap ko na inyong ibahagi ang inyong mga bagong karanasan
Isang kahilingan mula sa isang kaibigan: Kung mayroon kayong karanasan sa inyong mga buhay na kasama ang Banal na Espiritu – sa inyong personal na pananampalataya o maging sa pagsaksi sa iba – kung gayon, kami ay lalong magpapasalamat kung kayo ay makakapagdala ng maikling mensahe kay Helmut Haubeil upang aming maipahayag. Kalimitan ay amin lamang inilalagay ang unang letra ng pangalan ng tao.

Inyong isaisip na ang inyong karanasan ay maaaring humimok sa iba na umpisahan ang buhay na kasama ang Banal na Espiritu, upang lumago at maglingkod kay Jesus sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.

Makipag-ugnayan kay:
Helmut Haubeil
Rosenheimerstr, 49 D-83043 Bad Aibling /Oberbayern, Germany
Email:helmut@haubeil.net

TALAMBUHAY

Si **Helmut Haubeil** ay isang negosyante at pastor. Matapos na maging matagumpay sa pagtatrabaho bilang General manager ng isang shipping company, kaniyang tinugon ang panawagan ng Dios sa edad na 37 at naging pastor sa loob ng 16 na mga taon. Pagkatapos ay pinangasiwaan niya ang Adventist Retirement Community sa Bad Aibling, malapit sa Munich Germany.

Magmula ng siya ay nagretiro, kaniyang pinamunuan ang grupo na sumusuporta sa Pagpapanibagong Buhay at Misyon na Pandaigdig ng kanilang simbahan.

Hindi niya nakikita ang kaniyang sarili bilang may akda ng aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay, na siyang batayan ng serye ng pag-aaral na ito. Wala siyang layunin na sumulat ng aklat, subali't ang Dios ang nagdala sa kaniya sa ganitong pamamaraan. Ang kapangyarihan na ating matatamo para sa ating buhay na may pananampalataya at sa ating paglilingkod, ay hindi nakasalalay sa mga aklat na ito, kundi ito ay nagmumula sa Tagapagbigay ng kaloob – ang ating kahanga-hangang Panginoon.

Malimit akong namimigay ng mga pulyeto at kopya ng aking mga sermon. Ipinakita sa akin ng ating kahanga-hangang Dios na ang mga ganitong kasulatan, ay may kakayanan na wasakin ang pader ng masamang palagay at mga pamahiin. At – bumangon ang panibagong interes. Ako ay nagpapasalamat na malimit ko itong nararanasan at patuloy pa din na nararanasan. Aking nasumpungan na ang sipi na ito ay napakahalaga:

"Ipinakita sa akin na ang mga pahayagan ay gumagawa sa maraming kaisipan mula sa iba't ibang mga bansa upang wasakin ang pader ng masamang palagay at mga pamahiin. Ipinakita sa akin na ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagsisipag-aral ng matindi sa mga ilang pahina ng mga pulyeto na naglalaman ng pangkasalukuyang katotohanan. Kanilang binabasa ang mga ebidensyang kahanga-hanga at bago para sa kanila, at binubuksan ang kanilang mga Biblia na may malalim at bagong interes, sapagka't ang mga paksa ng katotohanan na naging madilim sa kanila ay nagiging payak, lalo na ang liwanag tungkol sa Sabbath ng ika-apat na utos. Samantalang kanilang sinasaliksik ang Kasulatan kung ang mga bagay na ito ay tumutugma, may bagong liwanag na sumisikat sa kanilang pang-unawa, sapagka't may mga anghel na uma-aligid sa kanila, at itinatatak sa kanilang mga isipan ang mga katotohanan na nilalaman ng mga pulyeto na kanilang binabasa." (Christian Service, p.149.7)

Ika-38 Araw

APENDISE

Apendise A: Mga Pangako Para sa Pananalangin Para sa Ibang Tao

Ating mababasa sa pambungad ng mga 40-Days Books vol. 1,2 at 3 na isinulat ni Dennis Smith ang mga karagdagang mga pangako para sa pananalangin para sa ibang tao.

1. Pakiusap Ama, ilapit mo siya sa Iyo (Juan 6:44).
2. Pakiusap Ama, ilagay mo sa kaniyang puso na sasaliksikin Ka niya (Mga Gawa 17:27).
3. Pakiusap Ama, na tulungan mo silang paniwalaan ang Iyong mga salita (1 Tesalonica 2:13).
4. Pakiusap Ama, wasakin mo ang impluwensya ni Satanas sa kanila (2 Corinto 4:4; 10:4,5).
5. Pakiusap Ama, na sila ay maimpluwensyahan ng Banal na Espiritu (Juan 16:8-13).
6. Pakiusap Ama, tulungan Mo sila na lumayo sa kasalanan (Mga Gawa 3;19).
7. Pakiusap Ama, tulungan Mo silang tanggapin si Cristo bilang kanilang Tagapagligtas (Juan 1:12).
8. Pakiusap Ama, tulungan Mo silang sumunod kay Cristo bilang kanilang Panginoon (Mateo 7:21).
9. Pakiusap Ama, tulungan Mo silang lumago kay Cristo at nakaugat sa Kaniya (Colosas 2:6,7).

Apendise B: Mga Mungkahi Kung Paano Aabutin ang mga Tao

1. Ipakita sa kanila kung ano ang iyong hinahangaan sa kanila.
2. Bigyan ng mga babasahin na magpapasigla sa kanila (Liham kay Andres).
3. Tawagan at manalangin na kasama sila (Kung sila ay pumapayag).
4. Imbitahan sila para sa isang salu-salo sa inyong tahanan.
5. Imbitahan sila na kumain sa isang restawran.
6. Padalahan sila ng mga pagbati sa kanilang kaarawan.
7. Padalahan sila ng mga kard na magpapalakas sa kanila o kahit anong bagay na inilagay ng Dios sa iyong puso.
8. Bigyan sila ng anumang pagkain na iyong iniluto.
9. Imbitahan sila na samahan ka na mamili, o bumisita sa mga museo, atbp.
10. Kung kinakailangan, padalahan sila ng kard na “Sila ay gagaling sa sakit” at ipakita ang iyong simpatya.
11. Bigyan ang kanilang mga anak ng regalo sa panahon ng kaarawan.

12. Bigyan sila ng mga kawili-wiling pulyeto mula sa Biblia (halimbawa ay Mga Liham kay Andres)
13. Imbitahan sila na sumama sa iyo sa simbahan.
14. Sa takdang panahon, alamin kung sila ay interisadong mag-aral ng Biblia.
15. Mahalagang mungkahi: irekomenda ang kurso ng New Start sa isa sa mga centro ng kalusugan sa Germany, Austria, Switzerland, Romania, Ukraine, Bulgaria, Estonia, Portugal, USA, Israel, etc. Ang mga programang ito ay mahalaga para sa katawan at kaluluwa sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Dios at lunas gamit ang natural na pamamaraan. Sang-ayon sa mga pag-aaral, ang positibong relasyon sa ating Dios ang pinakahigit na dahilan para sa mabuting kalusugan. At bilang karagdagan, pinalalakas ang iba pang mga sangkap sa kalusugan (pagkain, ehersisyo, wastong oras ng pahinga, atbp.) ng higit sa tatlong beses. Ang pag-aaral na ito ay pinangunahan ni Prof. Grossarth-Maticek sa 35,000 na mga tao sa loob ng 30 taon. (Doctors Manfred Heide, Marvin H. Heide & Michaela Heide-Fassbender, Medical Wellness with Newstart-Plus, Engelsdorfer 2014, p.334)
16. Maaari din nating ibigay sa mga taong naniniwala sa Dios ang aklat na Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay; ito ay tungkol sa buhay na kasama ang Banal na Espiritu. Ang libro ay makukuha ng walang bayad sa mga mahihirap na bansa; at sa ibang mga bansa, ito naman ay makukuha sa maliit na halaga, at ito din ay nakatulong na maraming tao upang magkaroon ng buhay na pananampalataya.

(Ang pamamaraan sa pag-order ay makikita sa pahina 2 ng mga aklat at gayundin sa mga Apendise.) At maaari pa na pumasok sa ating isipan ang mga mahuhusay na ideya habang atin pang lubos na nakikilala ang ating mga kapwa tao.

Apendise C: Ang Daan Tungo sa Buhay na Walang Hanggan

Ang pulyeto na Ang Daan Tungo sa Buhay na Walang Hanggan ay maaaring mai-download at maipamigay ng walang bayad mula sa www.steps-to-personal-revival.info. Ito ay masusumpungan sa: Experience God-Letters to Andrew. Ito din ay nasa Panimulang-Pangkat.

Apendise D: Mga Buod ng Liham kay Andres

LA # 1 – Inilagay sa Subukan ang Pananampalatayang Kristyano
Ang lahat ay nakabatay sa pagsagot sa tatlong pangunahing mga katanungan. Humigit sa isangdaang mga pagkakataon ko na itong naranasan, at aking paulit-ulit na naranasan ang mga positibong reaksyon at paghanga.

1. Mayroon bang Dios na buhay, na nakaka-alam ng lahat, at makapangyarihan sa lahat, na umiibig sa mga tao?
2. Si Jesus na taga Nazareth ang tunay na manunubos na pinadala ng Dios?
3. Tunay ba na ang Biblia o ang Banal na Kasulatan ay isinulat ng mga taong nasa ilalim ng pangunguna ng Dios, o ito ay produkto lamang ng mga tao?

Napakaraming mga nakakasiyang kasagutan mula sa mga pangunahing katanungan na ito. Tignan para sa inyong mga sarili. Maaaring hindi pa kayo pamilyar hanggang sa ngayon sa mga panimulang ito.

LA # 2 – Kakaiba at Walang Katulad: Si Jesus ng Nazareth
Ang pinakadakilang nilalang sa kasaysayan ng mundo – kakaiba at walang katulad. Anong pwersa mayroon ang buhay ni Jesus? Bakit naiiba si Jesus? Bakit ang Kaniyang buhay ay nag-iiwan ng pangmatagalan na impresyon? Ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa Kaniya? Ano ang mga sinasabi ng mga nakasaksi, at ano ang sinasabi ng kasaysayan? Ano ang mga nasumpungan ng mga nagdududa samantalang kanilang sinusuri ang mga katunayan?

LA # 3 – Ano ang Pangunahing Pokus ng Biblia?
Inilalarawan sa maikli at masiglang pamamaraan ng Liham kay Andres na ito ang plano ng pagliligtas ng Dios. Ano ang kinakailangang gawin upang tanggapin ang kabuuan ng buhay at buhay na walang hanggan? Ipinapakita ng mga malalaking mga pagsusuri na 98% ng mga taong tinanong, ay mayroong maling pang-unawa sa kung ano ang pinaka-pokus ng Biblia. Malinaw na ipinapakita ng liham na ito na ang kaligtasan ay regalo ng Dios at hindi kaya at kinakailangang kitain. Kamangha-mangha kapag ang katotohanang ito ay naging malinaw sa isang tao!

LA # 4 – Ang Taya ni Pascal: Mayroon Bang Dios o Wala? Ano ang mga Kapalaran?
Sa pangkalahatan, ang taya na ito ay tinatawag na "Ang Taya ni Pascal". Sumapit si Blaise Pascal sa konklusyon na ang bawa't matinong mga tao ay kinakailangan na magpasya para kay Jesu Kristo kahit na ang kapalaran ng katiyakan ng mga turo ng Kristiyanismo ay 50:50 lamang. Si Dr. Viggo Olson, isang kilalang siruhano at determinadong kalaban ng pananampalataya, ay napaharap sa mga salaysay ni Blaise Pascal. Siya at ang kaniyang asawa ay nakipaglaban ng malapitan sa pananampalatayang Kristiyano. Subali't

matapos ang masinsinang pag-aaral, siya ay naging isang matatag na Kristiyano. Ang bawa't tao ay kinakailangang magpasya. Ang bawa't tao ay kinakailangan itatag ang kanilang buhay sa paniniwala na ang turo ng mga Kristiyano ay tunay o sa paniniwala na ito ay hindi totoo. Ang sinumang hindi sumali sa tayang ito ay awtomatikong inilalagay ang kanilang taya sa paniniwalang ang turo ng mga Kristiyano ay mali.

LA # 5 – Tagumpay Laban sa Sigarilyo at Alak
Ang pambihirang karanasan ni Adolf ay nakasaad sa liham na ito. Siya ay isang 39 taong gulang na nagmamaneho ng truck, at naninigarilyo ng 60-70 (stick) sa loob ng isang araw. Gayundin, ito ay mahalagang panimula sa pananalangin ng may pangako. Sapagka't mayroong 3,000 higit na mga panalangin, kaya't maaari tayong magdasal ng may katiyakan na tutugunin ang ating mga dasal. Ito ay parang humihingi tayo ng pahintulot mula sa hindi nauubos na "panustos ng Dios". Ang kahanga-hangang kaloob na ito ng Dios ay mahalaga para sa mga Kristiyanong mamumuhay ng may pagtatagumpay. Papaano kaya na ang isang tao ay maaaring tuluyan na makalaya kaagad sa pagkagumon sa tulong ng Panginoon? Kung sinuman ang may nais na malaman ito ay kinakailangang basahin ang liham na ito.

LA # 6 – Paano Mo Malalaman Kung Ano ang Hinaharap?
Ito ay pag-aaral sa propesiya ng aklat ni Daniel, kabanata 2. Ito ang batayan upang maunawaan ang mga aklat ng "Daniel" at "Apocalipsis", ito ay parehong naisulat para sa ating panahon. Ang mga propesiyang ito ay nagpapahayag ng pag-angat ng mga kaharian sa sanlibutan at ang pagtatatag ng kaharian ng Dios. Sa anim na naihula, lima na ang tumpak na natupad. Kaya't maaari din nating asahan na ang pang-anim ay maaari ding matupad. Ano pa ba ang mga magaganap? Matutuwa kayo na malaman ang mga propesiyang ito.

LA # 7 – Pag-iwas o Kagalingan?
Ang *Mga Liham kay Andres* na ito ay napakahalaga upang hindi tuwirang mabanggit ang mga hindi matuwid na palagay sa bahagi ng paniniwala at kalusugan. Ito ay nailarawan sa karanasan ni Dr. Semmelweis. Saan nagmula ang siyensa ng medisina sa pangkontra? Sino ang tumulong na mailigtas ang buhay ng milyon na mga tao noong 14 na siglo mula sa salot, at noong 18 siglo mula sa dysenteria, cholera at typhoid? Paano? Isang malawakang pagsusuri sa pamumuhay ng mga Seventh-day Adventists ang nagpapakita ng kalamangan ng malusog na pamumuhay. (na dobleng mahalaga sa panahon ng epidemya sapagka't ang ating immune system ay naka-depende rito).

LA # 8 – Mga Propesiya Tungkol kay Jesu-Cristo
Pagkakataon upang ito ay matupad 1:10 17
Ang *Mga Liham kay Andres* na ito ay nagpapalakas ng ating tiwala kay Jesus ng Nazareth, na Siya lamang ang Banal na Tagapagligtas at ang Biblia bilang inspirasyon ng Dios. Ipinaghahambing ang mga sari-saring mga propesiya at katuparan sa buhay ni Jesus. Mayroong walong detalye ang nagpapakita kung bakit ang mga katuparan na ito ay imposible mula sa pananaw ng isang tao.

LA #9 – Propesiya Tungkol sa Apat na Siyudad
Ang mga ito ay natupad kahit na ang posibilidad upang ito ay mangyari ay nasa 1:200 trilyon.
- Ang Gintong Tarangkahan ng Jerusalem
- Ang Kakaibang Siyudad na Bato ng Petra
- Ang Maalamat na Babylon
- Ang Pag-angat at Pagbagsak ng Tiro

LA # 10 – Si Jesus at ang Sabbath
Ano ang relasyon sa pagitan ng Sabbath sa Biblia at ni Jesus? Ipinapakita ng *Mga Liham kay Andres* kung paanong ang Sabbath ay konektado kay Jesus bilang Tagapaglikha, bilang pinuno ng bayan ng Dios, bilang Tagapagbigay ng kautusan, bilang Tagapagligtas, Tagapagbigay ng komisyon sa mga propeta, bilang isang tao, ang isang napako at nabuhay na muli, bilang Tagapayo ng mga alagad, bilang Kordero ng Dios, ang babalik na Dios, bilang Hukom ng sanlibutan, at bilang Hari ng bagong lupa. Dito ay inyong makikita kung ano ang kahulugan ng Sabbath para kay Jesu-Cristo at para sa kaniyang mga tao.

LA # 11 – Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa Jerusalem, sa Kaniyang ikalawang pagbabalik, at ng katapusan ng mundo?
Ano ang maaari nating matutunan sa "munting-paghuhukom" na naganap noong 70 A.D.? Ang Liham kay Andres ay nagpapakita kung gaano kahalaga at nakakatulong ang buong pagtitiwala sa salita ni Jesus. Sa panahon na iyon, ang lahat ng mga Kristiyano ay naligtas, sapagka't buo silang nakabatay sa mga salita ni Jesus. Kasabay nito, mayroong 1 milyon na tunay na mga relihiyosong mga tao, na naglakbay sa Jerusalem para sa pista ng Paskua ang nagdusa ng kakila-kilabot na kapalaran. Ano ang maari nating matutunan sa istorya ng Jerusalem tungkol sa kawakasan ng mundo at sa muling pagbabalik ni Jesus? Anong pagpapasya ang ating gagawin?

LA # 12 – Mga Palatandaan sa Pagbabalik ni Jesus
Padating na ba ang malaking pagtalikod – o …ang katapusan? Nagtanong ang mga alagad: Paano namin malalaman na Ikaw ay paparating at kung narito na ang katapusan ng mundo? Ang detalyadong impormasyon ay nabigay sa walong palatandaan na nabanggit. Ano ang katulad nito bago bumagsak ang Jerusalem at ano ang sitwasyon sa panahon ngayon? Huling

katanungan: Nahaharap ba tayo sa malaking pagtalikod o ito ba ay malapit nang kawakasan?

LA # 13 – Sakupin ang Buhay sa Pamamagitan ng Personal na Ugnayan sa Dios

Ipagpalagay – na mamamatay ka ngayon (sakit sa puso o aksidente). Mayroon ka bang katiyakan ngayon ng buhay na walang hanggan kay Jesu Kristo? Huwag manatili sa kadiliman! Limang katotohanan ang tutulong upang iyong masumpungan ang kasagutan. Kung sinoman ang nagsasaliksik ng ugnayan sa Dios, ay masusumpungan ang pagkatuklas ng isang habang buhay!

LA # 14 – Buhay sa Kapangyarihan ng Dios – Paano?

". . . Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." (Juan 10:10). Nais ni Jesus na ating maranasan ngayon ang bagong buhay na ito at magpatuloy sa Kaniyang ikalawang pagbabalik bilang buhay na walang hanggan sa Kaniyang kaharian. Ang Liham kay Andres na ito ay tungkol sa kung paano tayo magkakaroon ng pag-uudyok at kalakasan para sa masaya at tuloy-tuloy na ugnayan kasama si Jesus.

LA # 15 – Benepisyo Mula sa Pagbabasa ng Biblia – Paano?

Marahil ay minsan ninyong naplano na pag-aralan sa inyong sarili ang aklat na malawakang binabasa sa buong sanlibutan, ang Biblia. Ang iba ay nag-umpisa nang basahin, subali't mabilis din na iniwanan ang kanilang plano. Marahil, ay hindi nila nasumpungan ang tamang daan kung paano ito sisimulan. Sa Liham kay Andres na ito ay inyong masusumpungan dito ang 14-araw na pagsubok.

LA # 16 – Papaano ko Mararanasan ang Pag-ibig ng Dios at kapatawaran?

Papaano ko matatamo ang kapatawaran? Paano malulutas ang problema ko sa kasalanan? Paano nagsimula ang kasalanan? Bakit mayroong pakiramdam na may kasalanan kahit na wala namang kasalanan? Bakit mahalaga para sa ating kasiyahan ang kalayaan mula sa kasalanan? Ano ang pinakamahusay na paraan para tratuhin ang kasalanan?

LA # 17 – Mayroon Ka bang Anoman Laban sa Iyong Kapwa?

Papaano ako magpapatawad at paano ko lilimutin? Ang pagpapatawad ay nagpapalaya para sa dalawang Partido! Bakit kinakailangan nating patawarin ang iba? Papaano ako magkakaroon ng makalangit na kalakasan upang magpatawad? Papaano ko malalaman kung tunay ko bang napatawad ang isang kapwa? Anong epekto mayroon sa iba at sa akin kapag ako ay nagpatawad?

Panimulang-Pangkat Mga Liham kay Andres

Ang Panimulang-Pangkat ay naglalaman ng mga numero na kinakailangan sa pag-uumpisa. Ito ang mga kasama # 1, 2, 3, 4, 5, 8, 13, 14, at Z1. Ang mga numero na ito ay masusumpungan na din sa website.

Ang lahat ng 17 Mga Liham kay Andres ay maaaring makuha sa katapusan ng 2020. Ang mga inaalok, ang direksyon sa pag-order at ang mga misyonerong presyo ay nasa ilalim ng “Book Offers” sa pahina 202. Maaari nyo din i-download at ipadala ng walang bayad mula sa www.steps-to-personal-revival.info – *Letters to Andrew*

Apendise E: Listahan ng Araw araw na mga Panalangin

Rekomendasyon:
Kung maaari, ay itala ang bawa't tao:

Pangalan: _____

Numero ng Telepono: _____

E-Mail: _____

Lugar ng Tirahan:_____

_____

_____

Kahilingan sa Panalangin:

_____

_____

_____

Unang Tala:

_____

_____

_____

_____

Paraan ng Pakikitungo:

_____

_____

_____

Apendise F: Serye ng mga Video para Ituro ang Pananampalataya

Website para sa mga kabataan at mga Taong naghahanap sa Dios
Sa ngayon ay tunay na mayroon tayong mahuhusay na kagamitan upang magturo at mapalago ang pananampalataya sa Dios at sa Kaniyang Salita kung walang mga guro na handang magturo. Upang magturo ng ebanghelio, maaaring tignan ang mga serye ng ebanghelio na naglalaman ng mahahalagang katotohanan mula sa Biblia. Ang kalimitan na naaangkop na mga serye ay ang may 20 o mas higit pa na pagtatanghal. Aking iminumungkahi sa pinuno na pakinggan muna ang mga paksa para sa kaniyang sarili, upang maipakilala niya ang serye at kaniyang matantya kung ang mga gaganap ay handa upang pakinggan ang mga mensahe.

Mga Mensahe mula kay Jesus sa Huling Panahon
Binuo ng Ministerial Association ng SDA-church; 6 na kabuoan, 86 na mga sermon: Propesiya, Tungkol sa mga Doktrina, Sermon sa Kalusugan, Sermon Para sa Pamilya, In This, We Believe.https://www.gcevangelism.net/sermons/

Total Member Involvement
Ang website mula sa General Conference ay mayroong makakatulong na mga payo at direksyon sa web: Total Member Involvement https://tmi.adventist.org/ - Materials TMI-tips: Mayroong mga tips para sa pag-ebanghelio, Pamimigay ng Babasahin, Health and Wellness, Diabetes, Depression Recovery, Cooking School.

27 Bible Study Guides
Ang Amazing Facts Bible Study Guides ay maaaring mabasa ng online ng walang bayad at maaari din i-print para sa pamamahagi at pag-aaral. Maaari itong makuha sa iba't ibang mga wika! www.amazingfacts/bible/studyguides

New Beginnings – Youth Edition
Maaari mong ituro ang 26 na naglalarawan ng mahahalagang Pag-aaral sa Biblia na may kumpletong high-resolution graphics na may kasamang mga tala para sa maghahandog ng mensahe. (English, Spanish, Portuguese, French) https://asiministries.org/newbeginnings/

Lifting Up Jesus
Libreng pag-download ng 30 na mga liksyon sa 10 mga wika, at 16 na liksiyon para sa mga bata http://www.liftingupjesus.net

Unsealing Daniel's Mysteries
Maaaring i-download ang 12 paksa ng walang bayad ni Mark Finley https://www.itiswritten.com/bible-studies-unsealing-daniels-mysteries

Hope Awakens – Evangelistic Series
20 na pagpapahayag ni John Bradshaw: Nagkakaroon ka ba ng kahulugan sa panahon na walang uliran? Naghahanda ka ba para sa hinaharap? Tayo ba talaga ay nabubuhay sa katapusan ng mundo? Ang Hope Awakens ay nag-aalok ng kaalaman sa mga mahahalagang paksa ngayon. CDs $ 59.99 https://itiswritten.tv/programs/hope-awakens

Time is Ticking Away -20 Presentations
Mayroong binabanggit si Pastor Doug tungkol sa serye ng pag-aaral ng Biblia na ito na kakaiba at puno ng kapangyarihan: "Marami akong nakilala na mga taong interisado na malaman ang mga kaganapan sa hinaharap subali't ayaw nilang mababad sa relihiyon. Sa serye ng pag-aaral na ito, ay ating susuriin ang kasulatan na bukod sa tradisyonal na pang-unawa ng relihiyon, upang ating matukoy ang tunay na kasaysayan at hinaharap ng ating planeta. … Aking hinahangad na aking maibahagi sa inyo ang aking pananaliksik https://www.amazingfacts.org/media-library/watch/archives/o/144/t/time-is-ticking-away

Revelation's Ancient Discoveries
26 na Pagpapahayag (3ABN); sinisiyasat ni Mark Finley ang mga dakilang propesiya ng Biblia na nagbubunyag ng plano ng Diyos sa hinaharap.
https://www.youtube/revelation's ancient discoveries

Videos on Holy Spirit and Prayer
27 na Pagpapahayag ni Dennis Smith, 3 ni Roy Rugless, 5 ni Colin Hone – masusumpungan nyo ito sa panig ng "video" at "media". Maaari kayong mag-order ng 40-Days-Books at marami pang iba sa: https://www.spiritbaptism.org/

How to be baptized with the Holy Spirit?
Dwight Nelson – 3 sermon
https://steps-to-personal-revival.info/

Steps to Personal Revival
Audiobook, 7 parts, Speaker: Mike Fenton
Videosermons, 7 parts by Helmut Haubeil
http://steps-to-personal-revival.info

Occult, Witchcraft and Satanism Epidemic
Sermon Bil. 11
https://www.gcevangelism.net/sermons/

Truth 4 Youth Evangelistic Series
Para sa mga bata na may edad na 5-13
Young Disciple's *Truth 4 Youth* DVD series ay nagbibigay sa atin ng mga kasangkapan at mapagkukunan ng mga kinakailangan ninyo upang magpahayag ng buong programa ng pangangaral para sa mga mahahalagang grupo ng populasyon na maaari nating maabot sa pamamagitan ng mensahe.

Isang kumpletong serye ng pangangaral para sa mga bata! Sa ngayon, ito ang pinaka-epektibong bukas na bintana para sa panahon na maabot ang mga bata ng pabalita sa kanilang edad na 5 hanggang 13. At sa katotohanan, ang pagsasaliksik ng Barna Institute ay nagpapakita na ang mga bata na nasa edad na pagitan ng 5 hanggang 13 ay makakagawa ng kanilang pangako kay Kristo, higit sa limang beses kaysa sa mga matatanda.
$ 129.99
www.itiswritten.shop/product/truth4youth

Youth Program "Most Important Questions" – 10 Presentations
https://www.amazingfacts.org/media-library/watch/archives/o/116/t/most-important-questions--miq-

Ultimate Purpose – 4 Presentations – Ang maikling Ultimate Purpose series ay mabuti para sa mga pangunahing katanungan:
https://www.amazingfacts.org/medialib-ray/watch/archives/o/125/t/ultimate-purpose

Formula 4 Faith – 6 Presentations
Tinatalakay ang pangunahing kaalaman tungkol sa kaligtasan – Dinadala ni Pastor Doug sa paglalakbay sa Biblia upang ating makita ang mga mahahalagang hakbang tungo sa kaligtasan, ito ay nakakapagbago ng buhay at naghahatid sa atin sa kakaibang karanasan sa ispiritwal…
https://www.amazingfacts.org/medialibrary/watch/archives/o/156/t/formula-4-faith

Highlight

Isang karanasang nakapag-papataba ng puso sa huli

Louisa M. R. Stead ay ipinanganak sa Dover/England at lumipat sa United States noong 1880 kasama ang kaniyang asawa. Ang mga unang buwan ay mahirap hanggang ang kaniyang asawa ay nakasumpong ng trabaho. Ang kanilang unang bakasyon ay tatlong araw sa karagatan. Sinikap ng kaniyang asawa na sagipin ang isang batang lalaki na nalulunod sa gitna ng bagyo sa karagatan. Sa kahulihan ang dalawa ay parehas na nahagip ng isang malakas na alon at parehas na nalunod.

Naiwan kay Luisa ng kaniyang asawa ang kanilang tatlong taong gulang na anak na babae. Ilang linggo ang nakalipas, kinakailangan nilang lisanin ang paupahan sapagka't hindi niya kayang magbigay ng pangbayad sa upa. Ganito ang kanyang isinulat sa kaniyang talaarawan (diary):

"Hindi ko kakayanin na tignan ang aking mga problema samantalang mayroon akong Kahanga-hangang Dios na namatay para sa akin. Ayaw kong itutok ang aking paningin sa mga problema at sa halip, ay tumingin na lamang kay Jesus sapagka't Siya ay handa at may kakayanan na tumulong sa akin. Kung Siya ay nasa akin, hindi ako matatakot."

Natutulog si Luisa sa mga upuan ng parke, samantalang niyayakap ng braso ang kaniyang anak upang mapanatili ang init. Sa buong pagkakataon, hindi siya humingi ng tulong, subali't patuloy na nagpuri sa Panginoon. Kaniyang sinabi:

"Panginoon, ako ay walang-wala sa pagkakataong ito, nguni't mayroong mga tao sa Biblia na nawala ang lahat sa kanila subali't patuloy sila na nagpuri sa Iyo. Hindi kinakailangan na pagpalain Mo ako upang ikaw ay aking purihin. Nagtitiwala ako sa Iyo at pupurihin Kita ano man ang aking nararanasan."

Sa kalagitnaan ng parke – sa taong 1882 – si Luisa ay nag-umpisang sumulat ng isang kanta: **"Anong Tamis ng Magtapat"**

Isang lalaki ang tumigil sa harap niya, habang inaawit niya ang kanta: "Sa palagay ko ay mabuti ang iyong kalagayan, sapagka't napakaganda ng iyong kanta." Sumagot siya: **"Hindi ako umaawit sapagka't maayos ang aking kalagayan. Umaawit ako sapagka't ako ay nagtitiwala kay Jesus."**

Sa kanilang pag-uusap, ay napag-alaman ng lalaki na wala siyang hanap-buhay, at ang kaniyang asawa ay namatay, ang kanilang pagkain ay paubos na, at kinakailangan niyang matulog sa upuan sa parke sa gabi kasama ang kaniyang anak na babae. Napailing ang lakaki at hindi

makapaniwala. “At kahit sa ganitong sitwasyon, ay nakukuha mong umawit …?”

Sumagot si Luisa: **“Ilang panahon na lamang at si Jesus ay mamamagitan. At masaya ako samantalang aking iniisip ito.”**

Hindi niya nalalaman na ang lalaking ito ay ang pinakamayaman sa panahon na iyon. Siya ang nagmamay-ari ng linya ng mga riles sa buong United States. Inalok niya si Luisa na magtrabaho sa kaniyang opisina, at masaya siya na tanggapin ang alok na trabaho. Ginampanan niya ng maayos ang trabaho at sa maikling panahon nasabi ng may-ari ng kumpanya sa kaniya: “Nagtatrabaho ka na parang mayroon kang pagrespeto sa Dios, maayos ang iyong pagtatrabaho, at hindi mo alintana kung may nakatingin sa iyo o wala.” At sumagot si Luisa: **“Hindi mo lubos na nauunawaan, hindi ako nagtatrabaho para sa iyo, ako’y nagtatrabaho para kay Jesus.”**

Sa matapat na kaniyang pagtatrabaho at sa maliwanag na talento upang maisaayos ang maraming bagay ang siyang naghatid upang mapataas ang kaniyang posisyon hanggang siya na ang naging responsable para sa buong kaayusan ng riles. Ganito ang salaysay ng may-ari: “Mas pinagkakatiwalaan ko siya higit pa sa aking sarili.” Nabago nang husto ang kaniyang pamumuhay. Nagkaroon siya ng mataas na sweldo, at nakabili ng malaking bahay, at kaniyang naalagaan ang kaniyang anak na babae.

Matapos ang dalawang taon, siya ay nakipagbaka sa katanungan, na kung si Jesus ang nasa kaniyang kalagayan, ano ang kaniyang gagawin?

Binitawan niya ang kaniyang pinapakinabangang trabaho, at ipinagbili ang kaniyang bahay, at pumunta siya sa Timog Africa kasama ang kaniyang anak upang gumawa ng mga misyon para sa mga maiitim lalo na para sa mga bata. Naubos na ang kaniyang ipon na salapi, matapos ang anim na buwan. Kaya’t siya ay muling bumalik sa America, upang magtrabaho at magkaroon muli ng salapi. At bumalik muli siya sa Zimbabwe kasama ang kaniyang anak na babae. Ipinagpatuloy niya ang ganitong buhay sa loob ng 32 na taon, hanggang sumapit ang kaniyang kamatayan sa Zimbabwe noong 1917. Ipinagpatuloy ng kaniyang anak na babae ang kaniyang trabaho. Si Louisa ay namuhay ng isang buhay na may pagtatapat at pangako para sa kaniyang Panginoon, na kaniyang lubos na iniibig. (Sinabi sa sermon sa Austria ni P.G. Muling isinalin mula sa German ng Google na salin.)

I

Anong tamis ng magtapat
Kay Jesus hanggang wakas
Salita Niya ay sapat
Sa iyo na magligtas!

Koro:

Jesus! Jesus! Oh, kay sarap
Ang sa Iyo'y magtapat!
Di magsasawang maglagak Ng lihim ko ma't hayag!

II

Oh! Kay tamis ng magtapat
Kay Jesus na nagligtas,
Sa Kaniyang dugong dumanak
Sala ko ay nahugas.

(Koro)

III

Kung magtapat ako't iwan
Ang mga kasalanan
Kay Cristo'y tatanggap naman
Ng t'wa't kapayapaan!

(Koro)

IV

Jesus, ako'y nagagalak
Na sa Iyo'y magtapat
Sa lahat nawa ng oras
Ikaw'y laging kaharap

(Koro)

(Melody: www.Louisa M.R.Stead)

Tandaan: Ito ay pinagpasyahan nang magkaiba sa magkaibang dako: Maging itong aklat ay V1 o V2 ay nakalagay sa unang pahina sa itaas sa kanan.

Version 1 (V1)
Sa edisyong ito, ang Panimulang-Pangkat (ang Mga Liham Kay Andres) ay inalok sa isang sobre kasama ang aklat. Maaari kang mag-order ng karagdagang kopya sa tagapaglathala at posibleng I-download ito sa kanilang website **www.steps-to-personal-revival.info:** Letters to Andrew – Starter-Set.

Version 2 (V2)
Sa edisyong ito, ang Panimulang-Pangkat (ang Mga Liham Kay Andres) ay kasama sa aklat mula sa pahina ----. Maaari mong I-download ang mga kopya mula sa website ng tagapaglathala o **www.steps-to-personal revival.info:** Letters to Andrew – Starter-Set.

MARANASAN ANG DIYOS
Mga Liham Kay Andres

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

PANIMULANG PANGKAT – MGA LIHAM KAY ANDRES UPANG MAAKAY ANG TAO KAY JESUS

Ang mga liham kay Andres ay tulay tungo sa praktikal na karanasan. Ito ay mga kasangkapan na nasubukan at napatunayan at maaaring magamit upang maakay ang tao kay Jesus. Binabanggit sa kabanata 7 ang 12 kalamangan kung bakit kinakailangang gamitin ang kasangkapang ito. Ang mga ito ay mayroong kabuluhan upang mapadali ang pag-uusap ng dalawang tao tungkol sa pananampalataya.

Ang sobre ay naglalaman ng 1 kopya ng bawat liham. Kayo ay magagalak sa disenyo na naglalarawan at gayundin sa nilalaman ng liham. Ikagagalak ninyo na ito ay maibigay sa ibang mga tao. Mangangailangan kayo ng isang set sa bawa't tao na inyong ilalapit sa Panginoon. May dakilang kagalakan kayong mararanasan kung kayo ay makapag-akay ng mga tao kay Jesus.

Ang sobre ay maaaring ilaan para maging talaan: kailan ibinigay ang numero ng liham? Narito ang kalimitang pagkasunod-sunod sa pagbibigay ng liham:

4 Ang Taya ng Ating Buhay: Mayroon Bang Diyos o Wala?.....219
1 Inilagay Sa Subukan ang Pananampalatayang Kristiyano 226
8 Mga Propesiya Tungkol kay Jesu Kristo 233
2 Kakaiba at Walang Katulad: Si Jesus ng Nazareth 239
3 Ano ang Pangunahing Pokus ng Biblia 247
13 Sakupin ang Buhay sa Pamamagitan ng Personal na Ugnayan sa Diyos 259
Z1 Isang Karagdagan: Ang Daan Tungo sa Buhay na Walang Hanggan 268
14 Buhay sa Kapangyarihan ng Diyos – Paano? 273
5 Tagumpay Laban sa Alak at Sigarilyo 284

www.steps-to-personal-revival.info: Mga Liham kay Andres
Ang Mga Liham kay Andres ay maaari din ma-download ng walang bayad at maaari din maipadala sa mga kakilala mula sa website na ito.

Ang Taya ni Pascal: Mayroon bang Diyos o Wala?

Ano ang mga kapalaran? Nag-aalok si Blaise Pascal ng tulong

Minamahal na Andres,[*]

Mayroong taya na nakahihigit sa iba: **Ang taya ni Pascal.**

Sino si Blaise Pascal?

Si Blaise Pascal ay natatanging matematisyan, pisisista at imbentor; may isang dakilang pag-iisip sa kasaysayan ng mga tao. Isang kamangha-manghang bata. Sa edad na 11, ay kaniyang naisip ang mahalagang teorama sa heometrya, na may kabuluhan hanggang sa ngayon.

Hindi nagtagal, tinulungan siya ng kaniyang napakatalinong kaalaman upang masumpungan at mapaunlad ang teorya ng pagkakataon. Naisip niya ang mga prinsipyo ng lohikong pag-iisip na hanggang sa ngayon ay patuloy na napapakinabangan.

Nang minsan, ang kaniyang ama na maniningil ng buwis ay naantala at naubos ang panahon sa pagkalkula. Si Pascal ay nakabuo ng kauna-unahang makina sa pagkalkula. Ito ay napakahalagang saligan ng mga modernong makina ng pagkalkula.

Maraming naimbento si Pascal at nakabuo ng mahahalagang teorama. Sa edad na 31 ay nabuo ang kaniyang personal na pananampalataya kay Jesu- Kristo.

Hindi nagtagal, sumulat si Pascal ng isang pahayag na pangdepensa sa pananampalatayang Kristiyano, subali't hindi niya ito nakumpleto sapagka't siya ay namatay sa edad na 39.

Ang popular at modernong wika sa kompyuter ay ipinangalan kay Pascal.

Ang kaisipan niya ay nagtantya ng posibilidad na mayroong Diyos sa pantay na 50:50. Ang kaniyang naisip na tinawag na "Ang taya ni Pascal" ay nananatili sa

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

kasaysayan.

Mayroon bang Diyos? O Wala?

Minsan ay kaniyang natanong ang mga kaibigan: Sabi ninyo: Na walang Diyos. Para sa akin: Ay mayroong Diyos. Kung kayo ay tama sa inyong pahayag na walang Diyos, ano naman ang mangyayari sa akin? Sa katotohanan ay wala naman. Mamatay ako at iyon na ang katapusan. At maaaring hindi ko natamasa ang lahat ng mga bagay na kinakailangan. Subali't ang mga ito ba ay malaking kawalan?

Subali't kapag mayroong Diyos, kung sa gayon ang lahat ng mga bagay ay mawawala sa iyo. Maaari kang mamatay at mananagot ko sa Diyos. At sa tingin mo ba ay magkakaloob ang Diyos sa mga hindi pumapansin sa Kaniya? Ang katotohanan ay, maaari mong tanggapin dito ang lahat, subali't mawawala din sa iyo ang lahat.

Ang nakapuntiryang kaisipan ni Pascal ay nagpapalinaw sa kung anong sinabi ni Jesu-Kristo nang una:

Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao, kung makamtan niya ang buong sanlibutan ngunit mawawala naman ang kaniyang buhay?

Sinabi ng Biblia: *"Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay."* (Mateo 16:26; 1 Juan 5:12)

Isang Siruhano ay laban sa Pananampalataya

Si Dr. Viggo Olsen, na isang kilala na siruhano ang nakasumpong ng pahayag ni Blaise Pascal. Siya at ang kaniyang asawa ay nakipagbaka laban sa pananampalatayang Kristiyano. Magkasama nilang sinaliksik ang mga argumento na kanilang maaaring masumpungan, subali't unti unti sila ay umurong sa hindi mapantayan na argumento. Isinalaysay ni Dr. Olsen ang kasaysayan sa kaniyang aklat na: "The Agnostic Who Dared to Search.

Ano ang nagdala ng pagbabago?

Natagpuan nila ang buhay na pananampalataya kay Jesu-Kristo sa pamamagitan ng pagbabasa ng Biblia. **Ang teorya ng pagkakataon ni Blaise Pascal at paggamit sa panig ng katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano ay naging malaking tulong. Ito ay kilala sa tawag na "Ang Taya ni Pascal".**

(Pansinin: Ito ay may kinalaman sa pundasyon ng pananampalatayang Kristiyano na nakabatay sa Biblia at hindi sa tradisyon ng mga simbahan.)

Pascal: Ang mas mahusay na pagpili

Ang pahayag ng siruhano: "Malalim na pinakitunguhan ni Blaise Pascal

ang pagpili na mayroon tayo ngayon.”

Narating niya ang konklusyon na ang bawa’t nag-iisip na mga tao ay kinakailangan magkaroon ng pagpasiya kay Jesu-Kristo, kahit na ang pagkakataon na maging tumpak ang mga turo ng Kristiyanismo ay 50:50 lamang. Narito ang kaniyang paliwanag:

Ang lahat ay kinakailangang tumaya

Ang lahat ay kinakailangang tumaya sa laro ng buhay. At sa bawa’t taya ay mayroong nakasalalay. Ang bawa’t tao ay kinakailangan tumaya sa panig ng paniniwala na ang turo ng mga Kristiyano ay tama o mali. Kapag hindi siya tumaya, ito ay awtomatikong inilalagay niya ang kaniyang taya sa posibilidad na ang aral ng Kristiyano ay hindi tama.

Unang Posibilidad

Ating ipagpalagay na pinili ng isang tao ang pananampalatayang Kristiyano ayon sa Biblia. Kung tama ang kaniyang palagay, sa gayon ay nakamit niya ang lahat. Nguni’t kung nagkamali ang kaniyang palagay, sa gayon ay wala ding nawala sa kaniya.

Ikalawang Posibilidad

Ating ipagpalagay na ang isang tao ay nagpasya LABAN sa pananampalatayang Kristiyano: Kung ang kaniyang palagay ay tama, sa gayon ay wala siyang matatamo. At kung mali ang kaniyang palagay, sa gayon ay nawala sa kaniya ang lahat.

Karagdagang Konsiderasyon

Ganito ang sabi ni Dr.Olsen tungkol sa kaniyang sarili: “Aking nasundan ang argumento ni Pascal sapagka’t ako ay dating sugarol. Sinabi ko sa aking asawa na ang kaniyang argumento ay nakabatay sa simpleng 50:50 na pagkakataon na ang pananampalatayang Kristiyano ay tama. Subali’t hindi man lamang ipinagpalagay ni Pascal ang hindi mabilang na ebidensya para sa itinuturong katotohanan ng mga Kristiyano. Hindi nagtagal, aming napag-alaman na nabanggit din ni Pascal ang mga patunay sa kaniyang pagsasaliksik.”

Magsasalaysay ako ng maikling kaugnayan sa ebidensya. Patunay sa isang panig upang matulungan tayo na magkaroon ng tamang pagpapasya.

Ang prinsipyo ng pagkakataon ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagsisikap upang masumpungan ang katotohanan. Sapagka’t ang pagsisikap ay mabibigyan ng gantimpala.

Sa pagpapatuloy ni Dr. Olsen: “Nagkaroon ako ng malinaw na pananaw tungkol sa pananampalataya sa panahon natin ngayon. Nakita ko na may milyong mga tao ang nagsasabi na sila ay mga Kristiyano. Subali’t ang katotohanan ay hindi naman sila mga tunay na Kristiyano, sapagka’t ang kanilang mga pananampalataya ay naging mapurol at may

diperensya.” ‘Ating ipagpalagay’, na aking sinabi sa aking asawa, ‘na mayroong dalawang pasyente ang nagdudusa sa magkatulad na nakamamatay na sakit. At sila ay parehas na nag-iisip na ako ay mahusay na doctor. Parehas silang naniniwala na ang aking pagsusuri ay tama. Sila din ay naniniwala na ang gamot na aking binibigay ay makakatulong upang hindi sila mamatay. Ang isa sa kanila ay tumanggap ng turok at nabuhay. At ang isa, bagama’t siya’y nagtitiwala sa akin gayundin sa aking panggagamot, subali’t tinanggihan ang turok sapagka’t siya’y natatakot, at ito’y naging dahilan kaya siya ay namatay.”

Ano ang pinagkaiba?

Ang dalawang pasyente ay parehas na nagtitiwala sa kakayanan ng medisina na magpagaling.

Subali’t ang paniniwala na hindi nagtataglay ng pagkilala sa pagkilos ay hindi sapat.

Isaalang-alang natin kung ano ang pwedeng matamo:

- Kapatawaran ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng biyaya at hindi kailangan ng kabutihan.
- Isang maibiging ugnayan sa ating Diyos.
- Buhay na nabago na may sari-saring nais at layunin
- Bagong lakas ng loob
- Masayang buhay na walang hanggan sa kakaibang sukat
- Hindi tayo mapupuksa magpa-walang hanggan.

Mayroon bang mga tulong para sa ating pagpapasya?

Ating kilalanin ang mga ebidensya:

Mga Propesiya: Ang Biblia ang tanging aklat na naglalaman ng hustong mga hula sa mahabang panahon. Mayroong daan-daang mga propesiya ang natupad at ito ay maaari nating mapatunayan. Malinaw na ipinapakita na ang Biblia ay may banal na pinagmulan, sapagka’t ang mga tao ay walang kaalaman sa hinaharap.

Ang Biblia mismo ay isang himala: Nilalaman ng aklat na ito ang daan ng Diyos tungo sa kaligtasan na naisulat sa higit na 1,600 na mga taon ng 40 na kalalakihan at naglalaman ng 66 na mga aklat. Ang nilalaman ay sumasang-ayon sa isa’t isa kaya’t ito ay isang himala.

Mga nasumpungan ng arkeolohiko: Ang mga nasumpungan ng arkeolohiko ay nagbubunyag ng masaganang katotohanan. Kinukumpirma ng arkeolohiko ang Biblia.

Mga Buhay na nabago: Maaaring maranasan ng bawa’t nilalang ang kapangyarihan ng Diyos sa

kaniyang buhay. Maaari siyang magkaroon ng katiyakan na ang kasalanan ay napatawad. Maaari niyang masigurado ang muling pagkabuhay at buhay na walang hanggan. Maaaring pangunahan ng bawa't tao ang kaniyang buhay na may kabuluhan at kahulugan kay Kristo.

Sa tingin ko ay makabubuti, kung hindi tayo magpapasya sang-ayon sa ating damdamin, at sa halip ay timbangin ang mga ebidensya.

Kilalanin ang Biblia:

Pagbabasa ng Biblia: Mahalaga na kilalanin natin sa ating sarili ang Biblia. Aking minumungkahi na unang basahin muna ang Bagong Tipan, sapagka't ang kaganapan ay malapit sa ating panahon at nagbibigay ng kaalaman sa buhay ni Jesus ng Siya ay naririto sa lupa. Pagkatapos, ay makabubuting isunod ang Lumang Tipan. Palagi tayong manalangin bago basahin ang Biblia at hilingin sa Diyos na tulungan tayong maunawaan ang ating binabasa.

Kurso sa Bible Correspondence: Mayroong mga libre at mabubuting kurso sa pag-aaral ng Biblia para sa mga nagsisimula gayundin sa mga taong nakasulong na upang matulungan tayo na malaman ang ating Biblia. Ang mga kurso na ito ay maaaring gawin ng mag-isa at maaari din kung may kasama.

Grupo ng talakayan sa Biblia: Ito ay napakagandang pagkakataon upang talakayin ang Biblia sa maliitan na grupo. Sa panahon ngayon, posible na din na makilahok sa talakayan sa internet.

Lektura sa Biblia: Ito ay mabuti din na paraan upang magkamit ng pangunahing kaalaman sa salita ng Diyos.

Mga Nag-aalinlangan: Ang mga tao na may tapat na mga katanungan, ay maaaring makakuha ng tulong upang sila ay magkaroon ng mabuting pagpasya. Ang isang posibilidad ay manalangin sa ganitong paraan:

> "Dakilang Diyos, kung ikaw ay buhay, kung sa gayon ay tulungan Mo ako na maunawaan ka."
>
> DALANGIN

Hindi binibigyan ng pansin kung hindi tama ang ating mga salita, ang mahalaga ay tayo ay taos-puso. Sinabi ni Jesus na ang sinuman na handang sumunod sa kalooban ng Diyos, ay mabibigyan ng pang-unawa. (Juan 7:17) Subali't kapag sinasadya ng isang tao na magduda, siya ay hindi matutulungan ng Diyos maging ng tao.

Ang mga tao ay patuloy na naggugol ng panahon sa Biblia. Subali't mayroon lamang nakikitang maliit na pagbabago. May isang tagapamagitan na minsan ay nagsabi: "Hindi naman ako laban sa Diyos, subali't marami akong kontra

sa ‘Kaniyang mga pangkat’.”

Marami ang nagpapalagay na tunay na mayroong isang bagay tungkol sa Diyos. At sila ay nagtatanong; Tunay ba na aking masusumpungan ang kahulugan ng buhay?

Nasa saiyo ang lahat ng mga bagay na maaari mong matamo, at nasa iyo din ang lahat ng mga bagay na maaari mong mawala. Nasa iyong pagpasiya. Mahalaga ang pagtaya…

May mainit na pagbati,

Helmut

Mga Mungkahi

Mga karagdagang Mga Liham kay Andres na nagtatampok ng matibay na ebidensya na pumapanig na mayroong Diyos at Biblia:

Liham kay Andres 6: Ano ang Mayroon sa Hinaharap?

- Ang pinakamaikling kasaysayan ng sanlibutan ay naisulat 2,600 taon na ang nakalipas.
- Nagpakita ito kung "ano ang magaganap sa huling panahon".
- Lima na ang naganap sa anim na hinulaan.
- Makakamit ba ng Europa ang pagkakaisa sa political? Ano pa ang magaganap?

Liham kay Andres 7: Pag-iwas o Kagalingan?

- Kanino nagsanga ang siyensya ng medisina sa pag-iwas?
- Sino ang tumulong upang iligtas ang milyong buhay ng mga tao?

Liham kay Andres 8: Mga Propesiya Tungkol kay Jesu-Kristo

- Ang pagkakataon upang ito ay mangyari ay $1:10^{17}$ sang-ayon sa tularan ng mga tao.
- Subali't ang mga propesiya ay tiyak na natupad at nagpatatag ng ating tiwala.

Liham kay Andres 9: Propesiya Tungkol sa Apat na Siyudad

- Na literal na naganap bagaman mayroon lamang 1:200 trilyon na posibilidad na matupad.

--Ang Gintong Tarangkahan ng Jerusalem
--Ang Kakaibang Siyudad na Bato ng Petra
--Ang Maalamat na Babylon
--Ang Pag-angat at Pagbagsak ng Tiro

Inilagay sa Subukan Ang Pananampalatayang

Lahat ay nakabatay sa pagsagot sa tatlong pangunahing mga katanungan.

Minamahal na Andres,★

Nagagalak ako na mayroon kang pagnanasa na maitatag ng malinaw ang tungkol sa Diyos, kay Jesu-Kristo at sa Biblia. Susubukan ko ng may kaligayahan na tulungan ka sa pamamagitan ng pag-akay ng iyong pansin sa ilang mga pangunahing katotohanan.

Sa ngayon, maraming mga kabataan at mga taong nag-iisip ang gumugugol ng kanilang mga panahon para sa Biblia. Subali't mayroon silang natatanging kaibahan. May isang tagapamagitan na minsan ay nagsabi: "Hindi naman ako laban sa Diyos, subali't marami akong kontra sa 'Kaniyang mga pangkat' – ang simbahan".

Sa ngayon, sa katapus-tapusan, marami na ang nakakabatid na maaaring mayroong mahalagang bagay tungkol sa Diyos. Tinatanong nila: Maaari ba silang makasumpong ng mas malalim na kahulugan at layunin sa buhay kung kasama nila ang Diyos? Ang mga tao sa panahon ngayon ay nagnanais na malaman ang katotohanan. Nais nilang malaman kung ano ang magiging pakinabangan. At aking masasabi: Na sila ay tama.

Ang pananampalatayang Kristiyano ay nakabatay sa tapat na pagsagot sa tatlong katanungan: Diyos, Jesus, Biblia!

1. Mayroon bang Diyos na buhay, na nakakaalam ng lahat, at makapangyarihan sa lahat, na umiibig sa mga tao?
2. Si Jesus ba na taga Nazareth ang tunay na manunubos na pinadala ng Diyos?
3. Tunay ba na ang Biblia o ang Banal na Kasulatan ay isinulat ng mga taong nasa ilalim ng pangunguna ng Diyos, o ito ay produkto lamang ng mga tao?

Napakaraming mga nakakasiyang kasagutan mula sa mga pangunahing katanungan na ito.

Nais kong ipakita sa inyo ang isang pamamaraan upang ito ay masagot para sa inyong mga sarili. Mas makabubuti kung kayo ang magkumbinse sa inyong sarili, sa halip na ako. Maaaring hindi pa kayo pamilyar hanggang sa ngayon sa pamamaraan na aking tinutukoy.

Ang Biblia ay naglalaman ng maraming mga hula at ito ay tinatawag na mga propesiya. Ilang daan sa kanila ay nangyari na. Maaari natin itong mabatid at mapatunayan para sa ating mga sarili. Naniniwala ako na alam na ninyo ang iba dito. Subali't maaari siguro akong magpakita sa inyo ng panibagong aspeto.

Isang grupo ng mga hula ay tinatawag na 'propesiya ng mesyanik', na tumutukoy sa unang pagdating ni Jesus halos 2,000 taon na ang nakalipas. Ang "Mesyas" ay salitang Hebreo. At mas sanay tayo sa salitang Griyego na "Christus". Na kung ating isasalin ng wika, ay may kahulugan na: tagapagligtas, manunubos, taga-sagip. Ang grupo ng propesiya na ito ay naglalaman ng 333 na mga detalye. At madali natin silang masusumpungan.

Subali't ano ang kinalaman nito sa ating tatlong mga katanungan? Sa mga susunod na sandali ay inyo itong masusumpungan.

Sinabi ni Apostol Pedro sa kaniyang mga sulat sa 2 Pedro 1:21:

"…mga taong inudyukan ng Espiritu Santo…ay nagsalita mula sa Diyos."

Upang isalin ang sinabi ni Pedro: Ang Biblia ay mula sa banal na pagpapahayag. Kung gayon ang pananampalatayang Kristiyano ay mula sa Diyos, maliban na ito ay sumasang-ayon sa Biblia.

Subali't paano natin matitiyak sa ating sarili na ang Kristiyanong pananampalataya ay nagmula sa Diyos?

Patunayan ang sinabi ni Apostol Pedro. Nguni't papaano mo gagawin?

Ikumpara ang mga hula ng mga propeta sa mga kaganapan na nagaganap sa ngayon. Ipinapakita ng mga ugnayan na ang mga hula ay totoo. Gayundin, nangangahulugan

ba na ang mga impormasyon ng mga propeta ay nagmula sa Diyos?

At yun talaga ang punto.

Walang tao ang nakakaalam ng mga bagay sa hinaharap. Hindi natin nalalaman kung ano ang magaganap sa kinabukasan. Subali't, maaari nating hulaan kung ano ang maaaring mangyari sa kinabukasan. At malalaman din natin kung ano ang nais nating gawin. Ating gamitin ang ulat panahon bilang halimbawa. Nalalaman ba nito ang kaganapan bago ito mangyari? Ang sagot ay hindi, subali't maaari nilang tantyahin kung ano ang magiging panahon base sa kasalukuyang kadahilanan. At sapagka't ang mga kadahilanan na ito ay nagbabago, kung kaya't ang ulat hindi palaging tama.

Ang mga hinula ng mga propeta tungkol kay Jesus ay tinatantiyang nasa 400 - 1,500 mga taon bago siya dumating. At naglalaman ito ng wastong detalye, na tumpak na naganap. At iyan ay wala sa kakayanan ng mga tao – maging noon at sa ngayon. Subali't **MAYROONG ISA**, ang nakakaalam ng bagay na eksakto bago ito maganap. At Siya ay tinatawag ng Biblia na **DIYOS.**

Gamitin nating halimbawa ang eleksyon! Kahit sa mismong umaga ng eleksyon, walamg sinuman ang nakakaalam kung sino ang mananalo. Ang mga palagay ay konklusyon lamang mula sa pagtatala ng ilang mga tao. Ang mga tao ay tinatanong kung sino ang kanilang iboboto, at sa gayon ay nakukuha nila ang konklusyon. Ito ay tinatawag na pagkalkula at hindi hula.

Sinabi ng Diyos sa Biblia sa Isaias 46: 9,10:

"*Inyong alalahanin ang mga dating bagay nang una, sapagka't Ako'y Diyos, at walang iba; Ako'y Diyos, at walang gaya ko, na nagpapahayag ng wakas mula sa pasimula, at mula nang mga unang panahon, ng mga bagay na hindi pa nangyayari; na nagsasabi, ang layunin ko ay maitatatag, at gagawin Ko ang lahat ng aking kaligayahan."*

Ang mga propesiya ay banal na pagpapatunay ng Biblia. AT WALANG MAKAKAGAYA DITO.

At kung mayroon kang aklat na masusumpungan na may katulad na propesiya tungkol kay Jesu-Kristo, na naglalaman ng mga detalye, ilang daan taon bago ito

maganap, kung sa gayon ay makakatanggap ka ng 5,000 dolyar mula sa isang amerikano. Subali't hanggang sa ngayon ay wala pang nakakasumpong ng ganoong aklat.

Hindi maaaring palsipikahin ng sinoman ang katotohanan na ito sapagka't ang siyensa ay nagpalabas ng saganang ebidensya para dito.

Habang nagpapatuloy ang siyensa sa pagtuklas, ay mas lalong umuusbong ang kapangyarihan ng kabanalan ng Biblia at mga propesiya nito. ANO ANG IPINAPAKITA NITO SA ATIN?

1. Mayroong Isa na nakakaalam ng detalye sa hinaharap bago pa ito maganap. Nalalaman Niya ang lahat. Kung ano ang Kaniyang ipinahayag, ay nagaganap. At walang sinuman ang makapagbabago niyo. SIYA ay makapangyarihan sa lahat. Ipinakilala Niya ang kaniyang sarili sa atin, sapagka't minamahal Niya tayo. At maaari mo din ito maranasan.
2. Ang mga sumulat ng Biblia, ay wala ding kakayanan para hulaan sa pamamagitan ng pagmumuni-muni o pagkakataon. Kung kaya't ang Biblia ay maaari lamang na nagmula sa Diyos at wala ng iba pang mga posibilidad.
3. Ang bawa't tao ay maaaring makilala mula sa iba sa pamamagitan ng tiyak na larawan. Halimbawa, ang isang sulat na mula sa Japan ay maaaring makarating sa iyo kapag ang bansa, bayan, kalye, bilang ng bahay, at ang iyong pangalan ay nakatala. Ang 333 mga detalye sa propesiya na nagpapatungkol kay Jesu-Kristo ay nagpapahiwatig na pinagkalooban ng Diyos si Jesus ng maraming paglalarawan. At sa lahat ng mga ito ay nagpapatunay sa nag-iisa lamang – kay Jesus ng Nazareth. Kung gayon, ay ating malalaman na Siya lamang ang tanging Tagapagligtas na ipinadala ng Diyos.

Unang Halimbawa:

Sa Lumang Tipan sa Biblia ay may nakatala sa Micas 5:2:

"Nguni't ikaw Bethlehem sa Efrata, na maliit upang mapabilang sa mga angkan ng Juda, mula sa iyo ay lalabas para sa akin ang isa na magiging pinuno sa Israel; na ang pinagmulan ay mula nang una, mula nang walang hanggan."

Si propeta Micas ay nabuhay halos 700 taon bago kay Kristo. Kaniyang ipinahiwatig na sa isang maliit na nayon Siya ipapanganak. At malinaw na naunawaan ang propesiya na ito. Sapagka't ating mababasa ang katuparan sa bagong tipan sa sulat ni Mateo 2:3-6:

"…Haring Herodes…nagtanong siya sa mga ito kung saan isisilang ang Cristo. Sinabi nila sa kanya, "Sa Bethlehem ng Judea, sapagka't ganito ang isinulat ng propeta: 'At ikaw, Bethlehem, sa lupain ng Juda, sa anumang paraan ay hindi ka pinakamaliit sa mga pangunahing bayan ng Juda; sapagka't saiyo manggagaling ang

isang pinuno, na magiging pastol ng aking bayang Israel.'"

Hindi maaaring matutulan ang lugar ng kapanganakan. Mga ilang katanungan para sa propesiya na ito: Ito ba ay isang mabuting hula lamang ni Micas? Maaari ba na ang tumpak na katuparan ng hula ay nagkataon lamang? Si Maria at Jose ay naninirahan sa Nazareth. At kinakailangan nilang bumalik sa Bethlehem. Noong unang panahon, ang paglalakbay ay aabutin ng 4 na araw sa paglakad o sa pagsakay ng asno. Bakit kinakailangan ng malaking pagsisikap upang magsilang laman ng isang sanggol? At nag-utos si Caesar Augustus na magkaroon ng pagtala ng senso.

Ang lahat ay kinakailangan bumalik sa lugar kung saan nagmula ang kanilang angkan. Maaari sana ito ay naganap ng mas maaga. Subali't ayaw ng mga Hudyo ang talaan ng senso. Kaya sila ay nagpadala ng delegasyon sa Roma. Subali't pinawalang saysay ng emperador ang kanilang pagtutol. At ito ang dahilan kung bakit natagalan ang talaan ng senso. Nadiskubre ni William Ramsay na isang kilalang arkeologo at kimiko ang Romanong inskripsyon noong 1923 na nagbabanggit ng sukat ng kanilang paglalakbay. Si Maria at Jose ay kinakailangan pumunta sa Bethlehem sa itinakdang panahon ng panganganak ni Jesus. Isang eksaktong katuparan.

Ito ay isang bagay na hindi kayang hulaan ng isang tao. Gayundin, ang bagay na ito ay hindi kayang malaman ng sinuman na 700 taon bago pa ito maganap. Paano ito nalaman ni Micas? Mayroon lamang isang posibilidad na kasagutan:

"…propeta…ay nagsasalita ng mula sa Diyos."

Nalaman ito ni Micas mula sa Diyos na nakakaalam ng lahat? Mayroon pa ba kayong naiisip na iba pang posibilidad? May kakayanan ba kayong hulaan kung saan at kailan ipapanganak ang isang tao?, kung sino ang manunungkulan sa Germany sa susunod na 700 na taon? (…kung naandito pa ang sanlibutan) Mayroon pa ba kayong nakikilala na makapagbibigay ng ganitong impormasyon, na tunay na magaganap? Ito ay isa lamang na halimbawa. At kayo ay makakasumpong pa ng marami sa inyong sarili. Kapag inyong babasahin ang sulat ni Mateo, Marcos, Lucas at Juan sa bagong tipan, kung gayon ay malimit kayong makakakita ng katulad na pahayag sa Mateo 2:5:

"… sapagka't ganito ang isinulat ng propeta."

Mayroon ding mga Biblia na isinasama ang talata upang matukoy kung saan makikita sa Lumang Tipan ang mga hula. Ito ay idinagdag ng mga tagapagsalin upang mapadali ang ating paghahanap sa mga ugnayan. Ating tandaan:

Ang propesiya ng tungkol sa Mesiyas ay palaging nasa lumang tipan at ito ay kumpleto na, 400 taon bago pa dumating si Kristo. Nangangahulugan na ang mga propesiya ay nasabi 400 na taon bago pa ito naganap. Sa

pagkakataong ito ay hindi na magiging mahalaga na malaman na si Micas ay nabuhay sa tinatayang 700 taon bago si Kristo, at si David sa humigit kumulang na 1000 taon bago kay Kristo.

Sapagka't ang bagong tipan ay naisulat matapos na si Jesus ay makapamuhay dito sa lupa, may dahilan na ating masusumpungan ang katuparan ng propesiya sa bagong tipan. Kung hindi sapat ang inyong oras, sa gayon ay inyo na lamang basahin ang sulat ni Mateo, na naglalaman ng maraming mga halimbawa.

Narito ang ilan sa mga listahan ng propesiya tungkol kay Jesus:

- Siya ay magmumula sa tribo ni Juda.
- Siya ay magiging supling ni David.
- Isang tagapagbalita ang maghahayag ng kaniyang pagbalik.
- Sa pamamagitan ng pagpako, Siya ay mamamatay.
- Ang Kaniyang mga damit ay hahatiin at pagpupustahan.
- Ang Kaniyang mga buto ay hindi mababali.
- Tutusukin ang Kaniyang tagiliran.
- Ang Kaniyang kamatayan na pamalit sa nararapat na mamatay.

Ang bawa't detalye ay natupad sa kaniyang buhay, kamatayan, at pagkabuhay na muli.

Ang mga ito ay ilan lamang sa 333 na detalyadong propesiya.

Ang nag-iisang tao na naisulat ang kasaysayan bago pa naganap ay walang iba kung hindi si Jesu-Kristo.

Siya ang pinakadakilang nilalang na nakapaglakad sa sanlibutan na ito.

Sinabi ni Dr. Olinthus Gregory na kung mayroon lamang 50 propesiya ang hindi sinasadyang natupad, kung gayon ang pagkakataon na ito ay 1:1 trilyon 125 bilyon. Kung isusulat natin ang numero 1:1,125,000,000,000,000

Sinoman ang makakaalam ng mga ito ay kailanman hindi na magsasabi na ang kaganapan sa propesiya sa Biblia ay pagkakataon lamang. Ang wika ni Pedro:

"Kaya't mayroon kaming salita ng propesiya na lalong tiyak. Mabuti ang inyong ginagawa kung ito'y pagtutuunan ng pansin…" 2 Pedro 1:19

Si F.J. Meldau, na nag-aral ng mga propesiya tungkol sa mesiyas ay nagsabi:

"Tunay nga na ang isang tao ay bulag kung hindi o ayaw nilang tignan na ang walang hanggan na Espiritu ang Siyang nagplano ng lahat ng mga detalye at ang kamay ng Makapangyarihan sa lahat ang tumutupad ng Kaniyang ganap na plano."

Hindi umaasa ang Diyos na nakakaalam ng lahat sa bulag nating pagtitiwala. Nagbigay Siya ng mabuting kadahilanan upang atin Siyang pagtiwalaan. **Ang pagkakataon upang ating malaman ang mga propesiya, ang nagbibigay sa ating pananampalataya ng matibay na pundasyon na magtiwala sa**

Diyos, kay Jesu-Kristo at sa Biblia.

Ang Buod ngayon:

1. Mayroong Diyos na buhay, nakaka-alam sa lahat, makapangyarihan sa lahat, na nagpahayag ng Kaniyang sarili sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng propesiya.
2. Ang Biblia ay maaari lamang magmula sa Diyos, sapagka't ang mga tao ay walang kakayanan na gumawa ng mga hula na may eksaktong detalye ilang taon bago pa ito maganap.
3. Si Jesus na taga Nazareth ang natatangi at napatunayan, sa pamamagitan ng mga hindi mapantayan na mga propesiya ng mesiyas bilang ating Tagapagligtas. Magagawa natin na magtiwala sa Kaniya ng lubusan.

May sinabi si Jesus tungkol sa layunin ng mga propesiya:

"At ngayon ay sinabi Ko sa inyo bago pa mangyari, upang kung ito'y mangyari, kayo ay maniwala." Juan 14:29

Nagagalak ako na inyong iisipin ang mga pangunahing katanungan ng pananampalatayang Kristiyano.

Mainit na pagbati,

Helmut

Propesiya Tungkol kay Jesu-Kristo

Posibilidad na Maganap 1:10[17]

Minamahal na Andres,★

Sumusulat ako sa iyo ngayon tungkol sa **tatlong** pambihirang mga propesiya. Sa bandang huli, ako ay sasapit sa mas higit na mga detalye tungkol sa posibilidad ng **walong** propesiya ng mesiyas, sang-ayon sa kaalaman ng tao, na may 1:10[17]

1. Tungkol sa damit ng Isang napako: na bahagyang hinati, at bahagyang nagpalabunot para dito.
2. Walang buto ang masisira. Hindi pinansin ng mga sundalo ng Roma ang iniutos at ginawa kung ano ang nasabi ng propesiya, kahit hindi nila ito nalalaman.
3. Ipinagkanulo sa 30 piraso ng pilak – may 8 detalye.

Ang propesiya tungkol sa pananamit ng Isang Napako

Ang hari ng Isarel na si David, na kabilang sa propeta ay nagsabi sa pangalan ng Diyos sa humigit kumulang 1000 taon bago dumating si Kristo, ang tungkol sa kung ano ang gagawin sa damit ng napako:

Propesiya

"Kanilang pinaghatian ang aking mga kasuotan, at para sa aking damit sila ay nagsapalaran." Mga Awit 22:18

Papaano naganap ang propesiya na ito makalipas ang 1000 mga taon? Isinalaysay ni apostol Juan ang mga ito sa Juan 19:23,24:

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

Katuparan:

"Nang maipako ng mga kawal si Jesus, kanilang kinuha ang kaniyang mga kasuotan at hinati sa apat sa apat na bahagi, sa bawa't kawal ay isang bahagi. Gayundin ang tunika, at ang tunika ay walang tahi, na hinabing mula sa itaas. Kaya't sinabi nila sa isa't-isa, 'Huwag natin itong punitin, kundi tayo'y magpalabunutan kung kanino mapupunta.' Ito ay upang matupad ang kasulatan, na nagsasabi, 'Pinaghatian nila ang aking mga kasuotan, at ang aking balabal ay kanilang pinagpalabunutan."

Kapansin-pansin ang kaugnayan ng mga detalye na naririto. Ang damit ni Jesus ay dapat na pakitunghuhan sa ganitong mga paraan:

1. Pinaghatian nila ang aking mga kasuotan
2. Ang aking balabal ay kanilang pinagpalabunutan

Mayroong apat na bantay sa ilalim ng krus. Kanilang pinaghatian ang kasuotan ni Jesus sa kanilang mga sarili. Ang bawa't isa sa kanila ay nakakuha ng tag-isang piraso. Subali't may isang piraso na natira: ang panlabas na kasuotan. At ito ay nais nilang hatiin sa apat na bahagi, upang ang bawa't isa sa kanila ay makakuha ng bahagi. Subali't kanilang napansin na ito ay hinabi mula sa isang piraso ng tela. At ito ay natatangi. Napag-isipan ng mga sundalo na kung kanila itong puputulin, ang bawa't lalaki ay makakakuha ng isang bahagi ng tela at masisira ang kahalagahan ng tela. Kaya't kanilang sinabi na mas makabubuti na isang tao lamang ang makatanggap ng kasuotan kaysa isang bahagi ng tela. Paano nila nabigyan ng solusyon ang problema? Sila ay nagpalabunutan. Kaya't ganito ang naganap sang-ayon sa naihula 1000 taon bago pa ito naganap.

Pansinin ang eksaktong katuparan ng inihula ng Biblia.

Ang bilang ng sundalo sa ilalim ng krus ay kasing dami ng piraso ng damit na suot ni Jesus. At isa lamang ang natira.

At pinaghati-hatian ng mga sundalo ang mga damit sang-ayon kung paano ito nahulaan.

Maaari ba nating hulaan ang isang pangyayari ng 1000 taon bago ito mangyari sa isang tao? Malalaman ba natin kung ilang pirasong damit ang kaniyang susuotin? At malalaman ba natin kung ilang sundalo mayroon? Hindi maaaring magkaroon si David ng ganitong kaalaman sa kaniyang sarili. At mayroon lamang isang posibilidad: Ipinakita ito ng Diyos sa kaniya.

Ang propesiya na walang buto na mababali para sa Isa na mapapako

Ang unang pagtukoy ay ibinigay ni Moises humigit kumulang 1,300 taon bago ito nangyari.

Unang Propesiya:

"Sa loob ng isang bahay kakainin iyon; huwag kang magdadala ng laman sa labas ng bahay, ***ni huwag ninyong babaliin kahit isang buto niyon."*** Exodo 12:46

Ang talatang ito ay tumutukoy sa pagkatatag ng piyesta ng Paskuwa bago lumisan ang mga Israelita mula sa Ehipto. Ito ay tumutukoy sa Paskuwa ng kordero. Ang kordero ay simbolo ng parating na Tagapagligtas. Natandaan niyo ba ng lumapit si Jesus kay Juan upang siya ay mabinyagan ng palubog sa ilog ng Jordan, at sinabi ni Juan:

"Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" Juan 1:29

Ikalawang Propesiya:

Ang susunod na pagtukoy sa kontekstong ito ay ibinigay ni Haring David humigit kumulang 300 daan taon mula sa unang pahayag. Ito ay 1000 taon bago ito maganap.

Nalalaman ni David ang mga sulat ni Moses. Subali't sinabi niya na ang tinutukoy Moises ay tungkol sai sang tao, isang matuwid na tao:

"Lahat nitong mga buto ay iniingatan niya, sa mga iyon ay hindi nababali ni isa." Awit 34:20

Katuparan:

"Sapagka't noo'y araw ng Paghahanda, *upang maiwasan na ang mga katawan ay manatili sa krus sa araw ng Sabbath (sapagka't dakila ang araw ng Sabbath na iyon), hiniling ng mga Judio kay Pilato na baliin ang kanilang mga binti at alisin doon. Kaya't dumating ang mga kawal at binali ang binti ng una at ng isa pa na ipinako sa krus na kasama niya. Nguni't nang dumating sila kay Jesus at makitang patay na, ay hindi nila binali ang kaniyang mga binti."* Juan 19:31-33

Ang araw ng paghahanda na tinutukoy dito ay ang araw bago ang Sabbath (Saturday) – kaya ito ay araw ng Biyernes. Ito ay tinatawag na araw ng paghahanda sa Biblia, sapagka't ang paghahanda para sa Sabbath ay ginagawa sa araw na ito. Sa ngayon ay tinatawag natin itong Biyernes Santo. Ito ang araw na napako si Jesus.

Humiling ang mga Judio kay Pilato. Na ang mga taong napako ay hindi kailangan manatili sa krus sa araw ng Sabbath. Kaya't hiniling nil ana baliin ang kanilang mga binti upang sila mabilis na mamatay.

Ipagpalagay natin na kayo ay nasa Jerusalem sa okasyon na iyon, at nalalaman ninyo ang propesiya, aalintanahin mo ba ng kaunti kung ang hula ay matutupad? Ang sundalo ng Romano ay inutusan na baliin ang binti. Inumpisahan nila ang kanilang tungkulin. Una, binali nila ang binti ng isang napako, at sumunod ay ang binti ng nasa kabilang gilid ni Jesus. Isang bagay

na kakaiba, sapagka't umiwas sila kay Jesus. Sila ba ay nag-alinlangan? Mayroon ba silang kutob kung sino si Jesus?

Nang sila ay humarap kay Jesus, kanilang nasumpungan na Siya ay patay na. Kaya't magiging kalabisan ang utos kung kanila pang babaliin ang binti. Kaya't taliwas s autos, ang buto ni Jesus sa binti ay hindi nabali. Bakit? Ano ba ang nasabi ng Diyos kay David 1000 taon bago ito maganap at kay Moises 1300 taon bago ito maganap?

"Lahat nitong mga buto ay iniingatan niya, sa mga iyon ay hindi nababali ni isa." Awit 34:20

Ang propesiya na ito ay natupad ng tumpak. Nguni't ito pa ang mas nakakabigla. Ginawa ng mga sundalo ang bagay na hindi iniutos sa kanila. At ang mga bagay na ito ay naihula bago ito naganap humigit kumulang 500 taon propeta Zacarias. Ating basahin ang Juan 19:34-37:

Ikatlong propesiya:

"Subali't tinusok ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kaniyang tagiliran at biglang lumabas ang dugo at tubig. Siya na nakakita nito ay nagpatotoo, at ang kaniyang patotoo ay tunay, at nalalaman niya na siya'y nagsasabi ng totoo upang kayo rin ay maniwala. Sapagka't ang mga bagay na ito ay nangyari upang matupad ang kasulatan, 'Kahit isa sa mga buto Niya'y hindi mababali.' (Exodo 12:46) At sinabi rin sa isa pang kasulatan, 'Titingin sila sa Kaniya na kanilang tinusok ng sibat.' (Zacarias 12:10)."

Tinusok ng isang kawal ang tagiliran ni Jesus kahit na walang nag-utos sa kaniya, upang tiyakin na Siyan ga ay patay na. Nalaman ng kawal na Siya ay patay na sapagka't ang dugo ay nabulok na.

Ating tandaan kung ano ang mga naganap dito:

Mayroonng tatlong propeta ang humula, at ang mga ito ay matutupad sa hinaharap sang-ayon sa pagkakatala. Ang kay Moises ay naitala 1,300 mga taon bago ito mangyari, ang kay David naman ay 1,000 mga taon bago maganap at ang kay Zacarias naman ay 500 mga taon bago maganap. Ang tatlong taong ito na sila ay ipinagbukod ng daan daan taon at hindi nakikilala ang isa't isa, subali't nakahula ng magkakapareho.

Paano nila ito nalaman? Ito ba ay mga bagay na maaaring mangyari lamang? Ito ba ay pagkakataon lamang? Issa lamang ang makatwiran na konklusyon: Ang mga pahayag na kanilang tinanggap ay lisa lamang ang pinagmulan. At ang Isa na ito palaging naroroon sa buong panahon. Ang Diyos ay magpasawalang hanggan. Ipinakita ito ng Diyos sa kanila. At wala ng iba pang konklusyon.

Propesiya: Si Kristo ay ipagkakanulo sa 30 piraso ng

pilak.

Unang Propesiya:

"Maging ang matalik kong kaibigan na aking pinagkatiwalaan, na kumain ng aking tinapay, ay nagtaas ng kaniyang sakong sapagka't sa akin ay laban." (Ito ay inihula ni David humigit kumulang 1,000 taon bago ito naganap sa Mga Awit 41:9)

Ang mga sumusunod na propesiya ay hinula ni propeta Zacarias humgit kumulang 500 daan taon bago ito naganap. Ito ay masusumpungan sa Zacarias 11:12,13

Ikalawang Propesiya:

"At sinabi ko sa kanila, 'Kung inaakala ninyong mabuti, ibigay ninyo sa akin ang aking sahod. Nguni't kung hindi, inyo na iyon.' Sa gayo'y kanilang tinimbang bilang aking sahod ang tatlampung pirasong pilak. Pagkatapos, sinabi ng PANGINOON sa akin, 'Ihagis mo sa magpapalayok' – ang mainam na halaga na inihalaga ko sa kanila. Kaya't aking kinuha ang tatlampung pirasong pilak at inihagis ito sa magpapalayok sa bahay ng PANGINOON."

Naitala sa Mateo 10:4 at Mateo 27: 1-10 kung ano ang naihula noong 1,000 o 500 mga taon ang nakalipas.

Katuparan:

"…si Judas, na nagkanulo kay Jesus."

"Kinaumagahan, ang lahat ng mga punong pari at ang matatanda sa bayan ay sama-samang nag-usap laban kay Jesus upang siya'y ipapatay. Siya'y ginapos nila, dinala sa labas, at ibinigay nila kay Pilato na gobernador. At si Judas na nagkanulo kay Jesus, nang nakitang hinatulan na ito, ay nagsisi at isinauli ang tatlampung pirasong pilak sa mga punong pari at sa matatanda, na sinasabi, 'Ako'y nagkasala sa pagkakanulo ko sa dugong walang sala.' Nguni't sinabi nila, 'Ano iyon sa amin? Ikaw ang bahala diyan.'At inihagis niya sa templo ang mga piraso ng pilak at siya'y umalis. Humayo siya at nagbigti. Subali't habang pinupulot ng mga punong pari ang mga piraso ng pilak, nagsabi sila, 'Hindi matuwid na ilagay ang mga ito sa kabangyaman, sapagka't dugo ang kapalit nghalagang ito.' Pagkatapos mag-usap, ibinili nila ang mga iyon ng bukid ng magpapalayok upang paglibingan ng mga dayuhan. Kaya't ang bukid na iyon ay tinatawag na Bukid ng Dugo hanggang sa araw na ito. Kaya't natupad ang sinabi sa pamamagitan ng propeta Jeremias, na sinasabi, 'At kinuha nila ang tatlampung pirasong pilak, ang halaga niya na itinuring na halaga ng ilan sa mga anak ng Israel, at ibinigay nila ang mga iyon para sa bukid ng magpapalayok, gaya ng iniutos sa akin ng panginoon.'"

Ang lahat ng mga walong detalye na ito ay natupad, kahit na ito ay napaka-imposible kung sa pananaw lamang ng tao:

1. **Si Kristo ay ipagkakanulo.**
2. **Siya ay ipagkakanulo ng isang kaibigan.**
3. **Ang sahod ng magkakanulo ay 30 pirasong pilak.**
4. **Ang "malaking halaga" ay ang halaga para sa dayuhan na alipin.**
5. **Ang piraso ng salapi ay mga pilak.**
6. **Ang mga ito ay itatapon, at hindi ilalagay sa baba o ibibigay sa iba.**
7. **Ang lugar na pagtatapunan ay sa templo**
8. **Ang mga salapi ay hindi maiiwan doon, subali't ito ay maibibigay sa magpapalayok.**

Sa bawa't punto ay maraming mga posibilidad na maganap. Dahil alam ng Diyos ang lahat mangyayari kahit libong taon ito maganap. Ibinanggit Niya ng una ang mga bagay na ito, upang ating makita ang Kaniyang mga kamay sa mga katuparan at mapapalakas ang ating pagtitiwala sa Kaniya.

Resulta kay Propesor Stoner

Si Peter Stoner na isang siyentipiko, ay sumubok na tignan ang walong propesiya ng mesiya sa kaniyang aklat na Science Speaks at kaniyang ipinakita na "sang-ayon sa pagkakataon na mangyayari sa matematikong pagkukuwenta, na imposible na ito ay magkataon." Kaniyang sinabi: "…ating makikita na ang pagkakataon upang ito ay maganap sa isang tao ay (mula noon hanggang ngayon) ay $1:10^{17}$". At iyan ay 1 na may 17 na zero = 1:100,000,000,000,000,000.

Ipinagpqtuloy pa ni stoner: "Ang mga propesiya na ito ay ibinigay sa pamamagitan ng pangunguna ng Diyos o di kaya ay isinulat ng mga propeta sa kanilang sariling paghuhusga.

Sa ganoong pagkakataon, ang mga propeta ay mayroon lamang na isang pagkakataon sa $1:10^{17,}$ na ang lahat na ito ay magaganap sa iisang tao lamang, subali't ang mga ito ay natupad kay Jesu Kristo.

Nangangahulugan lamang na ang katuparan ng walong mga propesiya ay nagpapatunay na ang Diyos ay may katiyakan na Kaniyang binigyan ng inspirasyon ang mga propeta kahit na mayroon lamang isang pagkakatao sa $1:10^{17}$.

Sinubukan din ni Stones na tignan ang 48 pang mga propesiya at kaniyang nasabi: "…ating nakita na ang pagkakataon na ito ay maganap sai sang tao ay $1:10^{157}$

Ako ay nagagalak na ikaw ay interisado na pag-aralan ang mga patunay ng banal na inspirasyon ng Biblia.

May mainit na pagbati,

Helmut

Ang pinakadakilang nilalang sa kasaysayan ng mundo – kakaiba at walang katulad

Minamahal na Andres,[*]

Ngayon, ang aking liham ay patungkol kay Jesus. Natural, narinig mo na ang Kaniyang pangalan. Nalalaman ito ng lahat. Subali't ako ay nakakatiyak na ikaw ay interisado na malaman pa ng higit ang tungkol sa Kaniya. Ang bawa't isa na nakakakilala ng Kaniyang buhay, ay nagpapatunay na Siya ang pinakadakilang nilalang sa kasaysayan ng mundo. Bakit?

Si Jesus ay ipinanganak sa hindi kilalang nayon, at ipinanganak ng isang hindi kilalang babae. At Siya ay lumaki sa ibang nayon. At sa Kaniyang panahon, siya ay nakisalamuha sa mga dakilang guro, samantalang Siya ay 12 taon lamang.

Gayunpaman, Siya ay nagtrabaho hanggang sa edad na 30 bilang karpintero. At matapos Siya ay naglakbay sa buong Israel bilang isang mangangaral sa loob ng 3 ½ mga taon.

Anong impak mayroon sa buhay ni Jesus?

Phillips Brooks: *"Hindi ako nagkamali ng aking sinabi, na kung pagsasamahin ang lahat ng mga hukbo na nagmartsa, ang lahat ng hukbong karagatan na naglayag, ang lahat ng parliyamento na naupo sa pwesto, ang lahat ng hari na namahala, ay hindi sasapat upang maapektuhan ang buhay ng isang tao dito sa lupa at hindi makakatapat – sa buhay ni Jesus."*

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

William Edward Hartpole Lecky, isang hindi naniniwala at kilalang mananalaysay ng kasaysayan: "*Ang ugali ni Jesus ay hindi lamang ang pinakamataas na huwaran ng kabutihan, ito din ang pinakamahabang dahilan upang sanayin, ito din ay nagsikap ng malalim na impluwensya, upang ito ay makapagpatunay na ang tatlo at kalahating taon na aktibong pamumuhay ay higit pa ang nagawa upang magbigay ng bagong buhay upang palamlamin ang sang-katauhan na higit pa sa pinagsama-samang pagsasaliksik ng mga pilosopo at sa lahat ng mga pangagaral ng mga moralista."*

- Si Jesus ay hindi manunulat, subali't maraming aklat ang naisulat na tungkol sa Kaniya ng higit pa sa ibang mga tao.
- Hindi Siya mananalaysay, subali't Siya ang nilalang na naging sentro ng kasaysayan. Ang bawat petsa sa dyaryo at mga liham ay nagpapatunay dito.
- Si Jesus ay hindi pintor subali't Siya ang dakilang obra maestra ng mga pintor, iskultor, at ang mga musikero ay tapat sa Kaniya.
- Si Jesus ay hindi abogado subali't ang Kaniyang utos ng pag-ibig ang pinakamahusay sa buong mundo.
- Si Jesus ay hindi doctor, subali't Siya ang pinakamahusay na doctor na may kakayanan na magpagaling ng anumang mga karamdaman.
- Si Jesus ay hindi sikologo, subali't ang lahat ay lumalapit sa Kaniya upang humingi ng payo. Isang bantog na sikologo ang nagsabi: *"kung ating susunugin ang lahat ng dayami sa lahat ng ginawa ng sikologo, kung gayon ang mga matitira ay hindi makakapantay sa Sermon sa Bundok."*
- Si Jesus ay hindi nakapag-asawa, subali't walang ibang makapagbibigay ng mabuting payo kung paano magkakaroon ng masayang pagsasama ang mag-asawa maliban sa Kaniya.

Bakit kaya kakaiba si Jesus pati ang Kaniyang buhay na matagumpay? Bakit hindi siya mapantayan ng sinoman?

Ang isang Kristiyano ay mabilis na tutugon ng walang pag-aalinlangan: sapagka't siya ay Diyos, ang Anak ng Diyos, na naging tao. Isang nakakagulat na katotohanan para sa mga disipulo na ang Diyos ay naging tao sa katauhan ni Jesu-Kristo upang iligtas tayo kagaya ng mga naitala ng mga naunang propesiya, daang taon ang nakalipas. Iyo sigurong matatandaan ang walang kapantay na himala sa propesiya ng mesiyas. Pinaniwalaan ng Diyos si Jesus ng may 333 na tagapagkilala. At ang nakakawili dito, na walang sinuman na bulaang mesiyas ang nagtangka na angkinin ang mga propesiya na ito.

Naisulat sa propesiya na si Kristo ay *'ang Diyos ay kasama natin '* (Isaias 7:14, Mateo 1:23) na Siya, na ipinanganak sa Bethlehem, ay *'mula ng walang hanggan'* (Micas 5:2), at Siya ay tatawagin na: *Kamangha-manghang*

Tagapagpayo, Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan. (Isaias 9:6)

Ano ang sinasabi Niya sa iba, kung sino Siya?

Kinumpirma Niya na Siya si Kristo, na ipinapahayag ng propesiya. (Mateo 11:1-6; Mateo 16:16,17; Lucas 4:17-21; Juan 4:25,26)

Sa harapan ng Sanhedrin, tinatanong si Jesus samantalang nasa ilalim ng panunumpa:

"Sabihin Mo sa amin kung ikaw nga ang Kristo ang Anak ng Diyos!" (Mateo 26:63,64) Sumagot si Jesus: *"Ikaw ang nagsabi."*

Malinaw na naunawaan ng mga Judio ang pahayag ni Jesus na Siya ang walang katulad na Anak ng Diyos, sapagka't ang kanilang akusa sa Kaniya ay bilang tao, ay ginagawa Niya sa Kaniyang sarili na Siya ay Diyos. (Juan 10:33)

Kaniyang sinabi: *"Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa ay ibinigay na sa Akin."* (Mateo 28:18) at *"Ako ang Alpha at ang Omega, sabi ng Panginoong Diyos, na Siyang ngayon at ang nakaraan at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat."* (Apocalipsis 1:8)

Ano ang sinasabi ng nakasaksi tungkol kay Jesus?

John Montgomery, isang mananalaysay, ay nagsabi: "Ano, ang nalalaman ng isang mananalaysay tungkol kay Jesu-Kristo? Una sa lahat, nalalaman niya na ang dokumento sa bagong tipan ay mapagkakatiwalaan upang magbigay ng tumpak na larawan ni Jesus." – Ano ang isinalaysay ng mga saksi ?

Johannes der Taufer ay nagpapatotoo na si Jesus ng Nazareth ay ang Anak ng Diyos. (Juan 1:34) Sang-ayon kay Juan, na si Jesus ay ang mag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan, at Diyos lamang ang may kakayanan na gawin ito. (Juan 1:29)

Pedro ay nagdeklara na si Jesus na Kristo ay ang Anak ng buhay na Diyos. (Juan 6:68)

Martha, kapatid ni Lazaro, ay nagpatotoo ng katulad na mga bagay. (Juan 11:27)

Tomas, nang una ay nag-aatubili na kilalanin ang katotohanan ng pagkabuhay na muli ni Jesus, subali't sa kawakasan, nang Siya ay napatindig sa harapan ng buhay na Kristo: "…sinabi sa Kaniya, 'Panginoon ko at Diyos ko!'" (Juan 20:28)

Apostol Juan ay nagpatotoo sa ka-Diyosan ni Jesus ng sumusunod na mga salita: *"Ito ang tunay na*

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

Diyos, at buhay na walang hanggan." (1 Juan 5:20) At tinatawag niya ang ating pansin sa katotohanan na ang mga ulat mula sa Biblia ay may mga sumusunod na layunin: *"…nguni't ang mga ito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos; at sa pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa Kaniyang pangalan."* (Juan 20:31)

Ang senturion na Romano, na siyang namumuno sa mga kawal sa panahon na ipinapako si Jesus, ay nagpatotoo din ng ka-Diyosan ni Jesus. Kaniyang sinabi: *"tunay na ito ang Anak ng Diyos!"* (Mateo 27:54)

Pablo nang una ay nagrebelde sa lahat ng kaniyang makakaya laban kay Kristo. Ginawa niya ang lahat na kaniyang magagawa upang patayin ang mga tagasunod ni Jesus. Subali't matapos ang kaniyang personal na pakikipagtagpo kay Jesus sa daan papuntang Damasco, siya ay naging masigasig na alagad ni Jesus at nagpahayag ng tungkol kay Kristo: *"…na Siyang nangingibabaw sa lahat, Diyos na maluwalhati magpakailanman."* (Roma 9:5) Pinatotohanan niya si Jesus: *"Sapagkat sa Kaniya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman." (Colosas 2:9)* Sa gayon ay binibigyan niya ng kahulugan na tinataglay ni Jesus ang kabuuan ng kabanalan.

Ano ang sinasabi ng kasaysayan tungkol kay Jesus?

Flavius Josephus, isang mananalaysay na Judi ang nakapansin: "Sa panahong ito ay namuhay si Jesus, isang pantas na tao, kung mayroon talagang tatawag sa Kaniya na tao. Sapagka't minsan ay kaniyang ginanap ang mga nakakagulat na mga gawa at naging guro sa mga tao samantalang tinatanggap nila ng may kagalakan ang katotohanan. …siya ang Kristo.

At sa mga akusasyon ng mga pangunahing mga tao na kabilang sa atin, siya ay kinondena ni Pilato na mapako sa krus, at ang mga naunang lumapit sa kaniya ay hindi na tumigil na mahalin Siya. Siya ay nagpakita sa kanila matapos ang tatlong araw na maibalik Siya sa buhay, sapagka't ipinahayag ng mga propeta ang mga bagay na ito samantalang libu-libo ang nagtataka ng tungkol sa Kaniya."

Cornelius Tacitus ay bumanggit: "Christus ang nakatuklas ng pangalan, ay kinakailangan sumailalim sa kamatayan sa pangunguna ni Tiberius, sa pamamagitan ng pahayag ng tagataguyod na si Pontiyo Pilato…"

Johann Wolfgang von Goethe ay kumikilala na: "Kung sakali ang ka-Diyosan ay lumitaw dito sa lupa, kung gayon ito ay sa katauhan ni Jesus."

J.J. Rousseau ay sumulat: "Kung si Socrattes ay nabuhay at namatay na kagaya ng isang pilosopo, si Jesus naman ay

nabuhay at namatay na kagaya ng isang diyos."

Ernest Renan, ang kilalang dalubhasa sa Silangan at isang kritiko, ay nagkaroon ng kapansin-pansin na pagtatapat:

"Anuman ang dalahin ng hinaharap, walang makahihigit kay Jesus."

Anong konklusyon ang lumabas matapos suriin ng mga taong nagdududa ang mga katunayan?

General L. Wallace ay nagkaroon ng masiglang talakayan sa isang kilalang ateista tungkol sa kahangalan ng mga Kristiyano. Nagpasiya si Wallace na sumulat ng isang aklat upang patunayan na ang Kristiyanismo ay walang katuturan at si Jesu-Kristo ay hindi nabuhay dito sa lupa. At sa maraming taon siya ay nag-ipon ng mga materyal para sa kaniyang aklat. At hindi nagtagal, kaniyang napagtanto na tunay si Jesu-Kristo ay nabuhay dito sa lupa.

At sa gayon siya ay nauwi sa konklusyon na si Kristo ay higit pa sa isang nilalang ng kasaysayan. At nang siya ay 50 taon gulang, lumuhod siya at nanalangin sa unang pagkakataon sa kaniyang buhay. Kaniyang hiniling na si Jesus ay maging kaniyang Panginoon at Tagapagligtas. – At sa mga materyal na kaniyang naipon, ay kaniyang naisulat ang kilalang kuwento ana Ben Hur.

Sir William Ramsay ay naging sikat dahil sa kilalang pagsaliksik tungkol sa kaganapan nang unang panahon. Kumbinsido siya na ang Biblia ay hindi mapagkakatiwalaan. Siya ay isang Kimiko at arkeologo at pumunta sa Silangan upang itatag ang katotohanan. Siya ay nanatili doon ng 15 mga taon. Siya ay bumalik na isang debotong Kristiyano at sumulat ng maraming mga aklat, na nakatulong upang mapaunlad ang pananampalatayang Kristiyano at tiwala sa Biblia.

Frank Morison, isang mamamahayag na nagnais patunayan na ang pagkabuhay na muli ni Jesus ay isang katha lamang. Ang kaniyang pagsasaliksik ay naghatid sa kaniya sa konklusyon na siya ay nakikitungo sa pawang mga katotohanan. At ito ay nagresulta upang siya ay maging isang debotong Kristiyano.

Prof. Dr. Cyril M. Joad ay isang dean ng pilosopo sa mga guro sa Unibersidad ng London at siya ay isa din na nagdududa, at siya ay nasa panig ng opinyon na si Jesus ay isang tao lamang. Hindi niya pinaniniwalaan ang bagay na kasalanan. Subali't isang madula na bagay ang naganap sa kaniyang buhay. Ngayon siya ay naniniwala na totoong may kasalanan. Ang dalawang nakalipas na giyera na pangsanlibutan ay nagpapakita na ang mga tao ay makasalanan. Kaniyang napagtanto na ang tanging paliwanag sa kasalanan ay

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

matatagpuan sa salita ng Diyos at ang tanging solusyon para sa kasalanan ay walang iba kundi ang krus ni Kristo. Siya ay naging masigasig na tagasunod ni Kristo.

Giovanni Papini, isang kilalang ateista mula sa Italy, ay naging debotong Kristiyano matapos niyang pag-aralan ang Bagong Tipan. Siya mismo ay nagpatuloy na sumulat ng aklat tungkol kay Jesus.

Adolf Deibmann, isang dakilang mananaliksik na nagmula sa Germany, at tumungo sa Silangan upang ipakita na ang Biblia ay hindi karapatdapat. At dahil sa mga katotohanan na kaniyang nakita, siya din ay naging debotong Kristiyano at teologo. Ang kaniyang aklat na 'Light from the Ancient East', ay patunay sa katapatan ng Biblia.

Ang listahan na ito ay maaari pang magpatuloy ng mga kagayang tao na hindi kayang salungatin ang katotohanan.

Prof. Josh McDowell – ay ipinangaral si Kristo ng 27 mga taon sa mahigit 500 na mga unibersidad sa 52 mga bansa, at sa mahigit na 3.5 milyon na mga akademya at mga mag-aaral matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Kaniyang isinulat:

"Wala pa akong nakitang isang tao na kung kanilang taos-pusong pag-aaralan ang mga ebidensya ay sasalungat na si Jesu-Kristo ay ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo. Ang mga ebidensya ng ka-diyosan ni Jesus ay napakalaki para sa bawa't tapat at walang pinapanigang mananaliksik ng katotohanan."

Ano ang inyong maiisip sa mga sumusunod na kaisipan? Ipagpalagay natin na mayroon tayong matatagpuan na isang taong walang nalalaman tungkol sa pananampalatayang Kristiyano at tatanungin siya:

Kung ang Diyos ay darating dito sa lupa bilang isang tao, ano ang iyong inaasahan sa Kaniya?

Maaaring ang kaniyang mga kasagutan ay kagaya ng mga sumusunod:

- Aking inaasahan na ang Diyos ay isang pambihirang klase ng tao.
- Aking inaasahan na bilang isang tao ay hindi Siya gagawa maging ng isang maliit na pagkakamali.
- Aking inaasahan na Siya ay mas magiging mataas sa batas ng kalikasan at gagawa ng mga himala.
- Aking inaasahan na mayroon Siyang mas higit na ugali kumpara sa iba.

- Aking inaasahan na Kaniyang ibibigay ang mga dakilang aral na mayroon siya.
- Aking inaasahan na magkakaroon Siya ng pansanlibutang impluwensya.
- Aking inaasahan na kaniyang ikalulugod na ipagkaloob ang malalim na paghahangad sa Diyos.
- Aking inaasahan na mayroon Siyang kapangyarihan laban sa kamatayan.
- Aking inaasahan na kaya Niya akong tulungan kapag ako ay humiling sa Kaniya.

Hinarap ni Jesus ang lahat ng mga inaasahang ito sa bawat detalye.

Anong pakinabang ang lahat ng mga ito sa akin?

Sapagka't si Jesus ay nabubuhay, mayroon Siyang kakayanan na magkaroon ng impluwensya sa ating mga buhay kung ating nanaisin ito. Si Saulo, ay isang mabangis na kaaway, subali't siya ay naging dakilang Kristiyanong misyonero. Ang matatakutin na si Simon ay naging matapang na Pedro, ang mainitin na ulo na si Juan ay naging minamahal na apostol.

Tunay na binigyan ni Kristo ng buhay na sagana, may katuparan, kapatawaran at kapayapaan. Ang makilala si Jesus ng personal ay ang dakilang kayamanan ng ating buhay. Sapagka't iyan ang puso ng ebanghelyo. Ang ibig sabihin ng ebanghelyo ay 'mabuting balita', 'masayang balita'. Tunay nga na ito ang pinakamabuting balita para sa iyo at para sa akin, sapagka't pareho nating kailangan si Kristo.

Marahil ay maaari mong basahin ang liham na ito sa isang kaibigan at talakayin na kasama siya, o di kaya ay ipasa ang liham na ito sa ibang tao.

Siegfried Buchholz, isang director sa pagbebenta ang nagtapat na:

"Si Jesus ang pinakabukod-tangi at kabigha-bighani na nilalang na aking nakilala." (Horzu)

Aking ninanais na iyo ring maranasan ang personal na kaligayahan na makilala si Jesus, ang Anak ng Diyos.

May mainit na pagbati,

Helmut

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

Karagdagang Mga Liham kay Andres tungkol kay Jesu-Kristo

Liham kay Andres 1 – Inilagay sa Subukan ang Pananampalatayang Kristiyano.

- Ang lahat ay nakabatay sa pagsagot sa tatlong pangunahing mga katanungan.

Liham kay Andres 3: Ano ang Pangunahing Pokus ng Biblia?

- 98% ng mga tao ay may maling pang-unawa kung ano ang nais ng Biblia at kung ano ang pangunahing mensahe nito.

Liham kay Andres 8: Propesiya tungkol kay Jesu-Kristo

- Posibilidad ng kaganapan 1:10[17]
- Tungkol sa damit ng Isang napako: Bahagyang pinaghatian at bahagyang nagpalabunutan para dito.
- Walang buto na nabasag. Ang Romanong mga sundalo ay binaliwala ang utos at ginawa kung ano ang naihayag na hindi nila nalalaman.
- Pagkakanulo sa 30 piraso ng pilak kasama ang 8 iba pang detalye.

Ang Biblia ang pinakamakabuluhan at pinakamalawak na nababasa sa mundo ng literatura.

98% ng mga tao ay may maling pang-unawa kung ano ang nais ng Biblia at kung ano ang pangunahing mensahe nito.

Minamahal na Andres,

Lumalago ang nagkakainteres sa Biblia. Sa mga nakalipas na taon, tinatantiya na 561 milyon na kopya ang naipamahagi sa buong mundo. Sa mga bansa na ang ginagamit na pagsalita ay Aleman, mayroong humigit kumulang na 8 milyon na mga tao ang malimit o palagiang bumabasa ng Biblia.

Ngayon ay aking isinusulat ang tungkol sa pangunahing pokus ng Biblia. Tinatantiya ni Dr. James Kennedy na 98% ng mga tao ay mayroong maling pananaw sa pangunahing pokus ng Biblia. Kung kaya't isinusulat ko ang detalye para sa iyo. Sa gayon, ay maaari mong ipaliwanag ito ng madali sa ibang tao.

Ang pangunahing layunin ng Biblia ay upang mabigyan tayo ng mga kasagutan sa mga sumusunod na katanungan:

Paano makakatanggap ang isang tao ng bagong buhay na walang hanggan?

Sinabi ni Jesu-Kristo: *"Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan."* (Juan 10:10)

Marami ang nagnanasa na makuha nila ang mga bagay mula sa buhay. Subali't ang nais na ibigay ni Jesus ay hindi lamang kung ano ang makukuha natin sa buhay, kundi kasama na ang mayaman at buhay na may katuparan. Ang buhay na ito ay may kinalaman sa pag-ibig, kaligayahan, kalayaan, katiwasayan at pag-asa na may katiyakan.

Ang bagong buhay na ito ay mayroong positibong resulta sa eskolastiko, tungkulin, pakikipagkaibigan, pag-aasawa, kalusugan, at ang ating kinabukasan. At ang bagong buhay na ito na sang-ayon sa kalooban ng Diyos ay madadala sa panibagong sukat hanggang sa walang hanggan.

Maaari kayong bumili ng isang aklat sa mga Kristiyanong tindahan ng mga aklat na may mga patotoo ng mga tao na nakasumpong ng bagong buhay kay Kristo. Para sa aking sarili, ako ay tunay na nagagalak sapagka't mayroon akong tinatamasang bagong buhay.

Ano ang batayan ng Diyos upang bigyan tayo ng bagong buhay?

Maaari natin masumpungan ang kasagutan sa 'ebanghelyo', na may kahulugan na 'mabuting balita' o 'masayang balita'. Mabilis mo na mapagtatanto kung bakit ang mensaheng ito ay makapagbibigay sa iyo ng kagalakan. Ito ang pinakamabuting balita na maririnig ng sinumang tao.

Halibawa na ikaw ay mamamatay ngayon at ikaw ay magbibigay ng kasagutan sa Panginoon sa mga sumusunod na katanungan: "Bakit ka umaasa ng buhay na walang hanggan mula sa Akin?" Ano ang iyong isasagot? Ito ang mga malimit na kasagutan:

- Sapagka't sumunod ako sa kautusan…
- Sapagka't ginawa ko ang mga mabuti…
- Sapagka't pinangunahan ko ang buhay na kagalang-galang…

Iniisip ng marami na kapag ginagawa nila ito o ang ganoon, ay makakamit nila ang buhay na walang hanggan. Iminumungkahi ko sa bawa't tao na kanilang sundin ang mga kautusan, gumawa ng mabuti, at manguna sa buhay na kagalang-galang. Subali't, mali ang kaisipan na tayo ay makakatanggap ng bagong buhay kapalit ng mga ito. Kabaligtaran ang itinuturo ng Biblia: Ang bagong buhay ay handog na mula sa Diyos. Wala ng ibang paraan pa upang tayo ay magtamo ng bagong buhay. Kahit pagdurusa man. Nang akin itong napagtanto, ako ay nasiyahan. At aking sasabihin sa iyo mamaya kung ano ang dahilan – gayundin ang tungkol sa kahalagahan mayroon ang mabuting gawa.

Maaaring itanong ng iba: Wala bang kabuluhan ang paggawa ng

mabuti? Binibigyan ng Diyos ng kahalagahan ang lahat ng mabubuting gawa. Subali't hindi ito ang magiging dahilan upang magtamo tayo ng buhay na walang hanggan. Nagbibigay ang Diyos ng bagong buhay para sa mga nagtitiwala sa Kaniya sa batayan ng sakripisyo ni Jesus.

Ang isang kamatayan bilang sakripisyo para sa iba ay maaari lamang maganap sa pamamagitan ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay maaaring gantihan subali't ito ay hindi maaaring kitain.

Salamat ng marami, sapagka't ang bagong buhay ay hindi natin kinikita.

Kung hindi, ang mga mayayaman, makapangyarihan, matatalino at ang mga malulusog ay bibigyan ng pabor. At para sa iba ay magiging kawalan ito sa kanila. Bukod pa diyan, tayo ay mamumuhay ng may palagiang takot kung atin ba ang nagawa ng sapat o ang atin bang mga gawa ay sa kadahilanan ng dalisay at mabuting gawa. Kahit na sa ngayon ay ating magagawa na balansehen ang timbangan, gayundin ang katanungan ay magiging tungkol sa ating nakalipas.

Kung kinakailangan nating kitain ang buhay na walang hanggan, at seryosohin natin ito, kung gayon ay maaari tayong masiraan ng bait, at mawawalan tayo ng pag-asa. Mayroong isang tao na kanila itong sineryoso. At sa proseso siya ay bumigay. Nakikilala nyo siya.

Siya ay ang dating monghe ng Augustinian na si Martin Luther. Sinasabi ng Biblia sa Efeso 2:8,9:

"Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki."

Magkakano ang iyong dapat bayaran upang tumanggap ng regalo? Hindi ba't isang insulto kung iyong babayaran ang isang regalo? Minsan ay aking tinanong ang mga bata sa aking klase, kung magkano ang kanilang binabayaran para makatanggap ng isang regalo sa tuwing sasapit ang Pasko? Sumagot ang isang bata: "Hindi namin kinakailangang magbayad, subali't aming pinapasalamatan ang aming magulang sa mga kaloob."

Ganon din ang ating gagawin para sa kaloob na mula sa ating Diyos: Tanggapin ito at ipahayag ang ating pasasalamat sa pamamagitan ng ating pamumuhay. Pumasok na ba ng mabuti sa iyong isipan ang tungkol sa napakainam na kaloob ng pag-ibig at kabutihan ng Diyos?

Bakit natin kinakailangan ang bagong buhay?

Sapagka't nawala sa atin ang orihinal na buhay ng dahil sa kasalanan. Ano ba ang kasalanan? Sa malalim na pakahulugan, ito ay ang paghihimagsik laban sa Diyos.

Sino ang mga nagkasala sang-ayon sa pagsusuri ng Diyos? Ang lahat – kabilang ka at ako:

"Walang matuwid, wala, wala kahit isa. Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos." **Roma 3:10,23**

Subali't sa ngayon, marami ang hindi itinuturing ang kanilang sarili na makasalanan.

Natandaan ko ang isang usapan ng nakalipas sa isang batang negosyante. Pinahintulutan nya ako na tanungin siya ng ilang katanungan. Ang ilan sa mga katanungan na aking itinanong sa kaniya. Kung siya ba ay isang makasalanan. Tumawa siya ng malakas: "Hindi, aking inaalagaan ang aking pamilya. Ginagampanan ko ang aking trabaho sa kumpanya. Hindi ako naninigarilyo o umiinom ng alak."

Pinahintulutan niya pa ulit akong tanungin siya ng isa pang katanungan: "Ikaw ba ay nakapangalunya?" "Oo, nagawa ko na." Hindi niya itinuturing na makasalanan ang kaniyang sarili. Kaniyang nililinlang ang kaniyang sarili.

Ang sekretarya ng isang Kristiyanong director ay kumbinsido na hindi siya makasalanan.

Tinanong siya minsan: "May pagkakataon ba na ikaw ay nag-isip, nagsalita at may ginawang masama minsan sa loob ng isang araw?" Ang kabataang babae ay sumagot ng may katiyakan matapos niyang mag-isip ng ilang sandali. Nagpatuloy ang director: "May pagkakataon ba na ikaw ay nag-iisip, may sinasabi o may ginagawang masama ng dalawa o tatlong beses sa loob ng isang araw?"

Ang kaniyang kasagutan: "Tunay na ito nga ang nangyayari ng tatlong beses sa loob ng isang araw." Kinalkula ng kaniyang amo: "Tatlong beses sa loob ng isang araw ay katumbas ng 1000 kasalanan sa loob ng isang taon. Kung hindi natin isasama ang unang 10 taon ng iyong buhay, sa makatuwid ikaw ay mayroon ng 15,000 mga kasalanan." Hindi pangkaraniwan na pagkalkula.

Ano ang kahihinatnan ng kasalanan?

Sinasabi ng Biblia: "Nguni't pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos." (Isaias 59:2) At "…kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." (Roma 6:23)

Ang hatol para sa kasalanan ay kamatayan. At atin itong mauunawaan. Kung hindi kamatayan ang kahihinatnan ng kasalanan, kung gayon patuloy na mamamalagi ang kasalanan. Kung ang sanlibutan na walang makasarili, pagkapoot, giyera at paghihirap ay muling mananatili, kung gayon kinakailangan na ang kasalanan ay tuluyan na malipol. Ang tanging daan lamang ay kamatayan.

Lahat tayo ay nagkasala kung kaya't tayo ay mga nahatulan na mga tao. Hindi natin maililigtas ang ating mga sarili. Subali't, kung tayo ay titingin sa Diyos, sa gayon tayo ay may matuwid na pag-asa.

Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa ugali ng Diyos?

"Ang Diyos ay pag-ibig" at *"Ang Panginoon ay matuwid".* (1 Juan 4:8; Daniel 9:14) Ang pag-ibig ay magdudulot ng katuwiran. Kung hihimukin ng Diyos ang kamalian, kung gayon hindi Siya magiging maibigin at matuwid. Sa pananaw ng mga tao sa mga bagay, ito ay magdudulot ng problema. Malimit ay mahirap sa atin na ipagkasundo ang pag-ibig at katuwiran. Ito ba ay posibleng suliranin din ng Diyos?

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)

Sa Kaniyang dakilang pag-ibig, ay nilutas ng Diyos ang problema sa pamamagitan ng pagsasakripisyong kamatayan ng Kaniyang Anak para sa iyo at para sa akin. At dahil sa Kaniyang katuwiran, kinakailangan tayong maparusahan, subali't dahil sa Kaniyang pag-ibig ay Kaniyang personal na ginampanan ang parusa para sa lahat ng tao, na nagtitiwala sa Kaniya.

Sino si Jesu-Kristo, na nagbigay ng Kaniyang sarili para sa atin?

Ipinapakita sa atin ng Biblia na si Jesu-Kristo ay Diyos. Ang Anak ng Diyos ay naging tao ng tayo ay Kaniyang mailigtas.

Kung si Jesus ay naging tao lamang o di kaya'y anghel, kung sa gayon ay hindi Niya tayo maaaring iligtas. Tanging ang Diyos lamang ang may kakayanan na pasanin ang pinagsama-sama nating kasalanan.

Ating ipalagay nang lumikha ang Diyos ng isang anghel upang mamatay para sa atin – ipagkaloob na ang suliranin ay mabibigyan ng kalutasan sa ganitong paraan – hindi ba't magiging napakamura ng kapalit ng ating kasalanan? Wala nang mas hihigit pa sa sakripisyo ng Anak ng Diyos na makakapagpahayag ng pag-ibig ng Diyos para sa mga tao.

Si Jesu-Kristo ay tagapaglalang ng sanlibutan Juan 1:1-3,14; Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Tanging ang gayon ay walang muling pagkabuhay sa buhay na walang hanggan.

Si Jesu-Kristo din ang banal na tagapagbigay ng kautusan. (1 Corinto 10:4; Santiago 4:12 + Juan 5:22). Tanging ang tagapagbigay ng kautusan ang may kakayanan na baguhin sa pamamagitan ng pag-alis ng parusa na dapat ay sa atin, na naipataw sa Kaniya.

Kapag ating napagtanto na ang Diyos ay handa upang isakripisyo ang Kaniyang sarili para sa mga tao, sa gayon ay mauumpisahan natin na maunawaan ang Kaniyang dakilang pag-ibig. Si Cristo ay naging tagapamagitan upang patunayan ng Diyos ang Kaniyang walang hanggang pag-ibig sa makasalanang sanlibutan.

Mayroon lamang nag-iisang posibilidad: Alin sa dalawa, isasakripisyo ni Cristo ang Kaniyang sarili para sa atin o tayo ay mawawaglit magpasawalang hanggan. Maliwanag na ipinahayag ng Biblia: Dinala ni Jesus ang ating mga kasalanan. (1 Pedro 2:22,24; Isaias 53:46)

Bakit si Jesu-Kristo lamang ang maaaring kong maging kahalili?

Napakahirap din para sa akin na maunawaan kung paanong ang isa ay papasanin ang aking mga utang. Subali't, may ilang mga kaganapan sa kasaysayan, na ang isang kahalili ay namatay para sa iba o kinuha nila sa kanilang sarili ang parusa.

Natuklasan ng mga mamamahayag na bago naganap ang paglilitis, na ang hukom at ang akusado ay magkaibigan sa panahon ng sila ay nasa kolehiyo. At dahil dito ang korte ay puno ng mga taong usisero. Ano ang gagawin ng hukom? Ang paglilitis ay nagpatuloy ng may kaayusan. Ang pasya ng hurado ay pagmumultahin ng malaking halaga ng pera. At sapagka't nalalaman nila na ang nasasakdal ay hindi makakapagbayad – may kinalaman ito sa paglulustay – ang opisyales ng hukuman ay nag-aantay na paalisin siya.

Matapos na ilagay sa isang tabi ng hukom ang kaniyang balabal, siya ay tumayo sa harapan ng kaniyang kaibigan at nagsabi: "Naniniwala ka pa din ba na ako ay iyong kaibigan?" Isang panlilisik ng mata ang kaniyang sagot. Nagpatuloy ang hukom: "Ako ang iyong hukom. At bilang hukom wala akong ibang magagawa. Bilang hukom kinakailangan kong magbigay ng makatarungang paghatol. Subali't ngayon, ay nais kong ipakita sa iyo na ako ay iyong kaibigan."

Sa harapan ng mata ng kaniyang kaibigan, ay sinulatan niya ang tseke ng kabuuang halaga na kaniyang inihatol sa kaibigan. Iniabot niya ang tseke sa taong nahatulan. At may kahihiyan, na parang ayaw niyang tanggapin. Subali't sa katapusan, ay kaniyang pinasalamatan at kaniyang tinanggap ang tseke mula sa kaniyang kaibigan na siya ding hukom. Kaya't siya ay nakalisan mula sa korte bilang using malayang tao kasama ng kaniyang kaibigan. Ang parusa ay hindi naipataw sa kaniya. Ang parusa ay binayaran ng ibang tao. Kapag ang utang ay nabayaran na, sa makatuwid ay wala ng kinakailangan na bayaran pa.

Sang-ayon sa Juan 5:22, si Jesu-Cristo ay ating hukom. Ang

hukom ng sanlibutan ay maghuhusga nang walang kinikilingan. Mahal ka Niya at nais ka Niyang maging kaibigan. (Roma 5:10; Juan 15:14) At dahil sa Kaniyang pag-ibig, Siya ay handang magbayad para sa iyo. Kaniyang magagawa ito ng dahilan sa Kaniyang sakripisyo. Kapag iyong sasaliksikin ang kaniyang pakikipag-kaibigan at pasasalamatan at may pagtitiwalang tatanggapin ang Kaniyang alok, sa gayon ay Kaniya ring babayaran ang iyong utang at ang parusa ay hindi na maipapatupad. (Juan 5:24)

At sa gayon ay maaari ka nang *"makauwi"* kasama ng iyong kaibigan bilang isang malayang tao. (Juan 14:13)

Papaano ko magiging kaibigan si Jesus?

Sa pagtitiwala sa Kaniya, sa **paniniwala sa Kaniya**.

Ano ang aking kailangan gawin upang magtamo ng bagong buhay?
Nais malaman ng isang bantay sa bilangguan:
"Ano ang kailangan kong gawin upang maligtas"?
At ang tugon ay:
"Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka…" (Mga Gawa 16:30,31)
Ang mahalagang bagay ay manampalataya kay Jesu Kristo.

Ano ang tunay na kahulugan ng 'paniniwala'?

Sa kasawiang-palad, ang kahulugan ng 'paniniwala' ay napapababaw na lang sa panahon ngayon. Ang salitang Ingles na 'paniniwala' ay nagmula sa kanlurang bahagi ng Germany 'ga-labon', na ang ibig sabihin ay: 'panghawakan ng sinisinta, pagpapahalaga, magtiwala'. Nais kong ipaliwanag ito ng husto, sapagka't ito ay napakahalaga.

"Sumasampalataya ka na ang Diyos ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa. Ang mga demonyo man ay sumasampalataya at nanginginig pa." (Santiago 2:19) Tawagin na lamang natin ito na '**paniniwalang pangkaisipan'.**

Ang ilang tao ay nananalangin bago sila operahan, o sa panahon ng kagipitan. Tawagin natin ito na **'paniniwalang pangkagipitan'.** Ang paniniwalang pangkaisipan ay mabuti naman. Ang paniniwalang pangkagipitan na tumutulong upang maranasan natin ang pag-ibig ng Diyos ay mabuti din naman. Ang dalawang iyan ay bahagi ng paniniwalang nagliligtas. Subali't ang paniniwalang pangkaisipan at paniniwalang pangkagipitan ay hindi kagaya ng paniniwalang nagliligtas.

Kumpleto o ang paniniwalang nagliligtas, sang-ayon sa pang-unawang mula sa Biblia ay may kinalaman sa **aking sarili na kumpletong ipinagkatiwala** kay Jesu-Kristo.

Narito ang isang paglalarawan ng totoong pagtitiwala:

Ang isang doctor ay umiibig sa isang kabataang babae. Nais niyang siya ay kaniyang pakasalan. At ang kabataang babae ay kumbinsido na ang lalaking ito ay isang mabuting tao at isang kilalang doctor. (Ito ay paniniwalang pangkatalinuhan.) Ang babae ay nangangailangan ng operasyon sa kaniyang apendiks. Sa panahon ng kaniyang pangangailangan, humiling siya ng tulong sa doctor. (Ito ay tinatawag na paniniwala dahil sa pangangailangan.)

Nasiyahan ng husto ang doctor tungkol sa kaniyang pagkakakilala sa kaniya. Sa gayon ay masisiyahan din siya na gampanan ang operasyon. Ang kabataang babae sa ngayon, ay kaniyang magiging pasyente. Subali't kung iyon na ang lahat, sa gayon ay hindi ito sapat para sa kaniya. Sapagka't kaniyang minamahal ang babae at nais niya itong pakasalan. At kapag siya ay tumugon sa kaniyang pagsusuyo, sa gayon ay mayroon ng panimulang 'oo' sa kanilang mga kasunduan, at ito naman ay susundan sa panghuli ng 'tutuparin ko' sa araw ng kanilang kasal. Sa pagkakataon na kaniyang sinabing 'tutuparin ko' sa buhay na sila ay magsasama, sa gayong paraan ay kaniyang ipinagkatiwala ang kaniyang sarili sa kaniyang asawa. (Ito ay paniniwalang nagliligtas.)

Isang tipanan sa buhay na Diyos

Ito ay isang paglalarawan ng ating ugnayan kay Jesu-Kristo. Mayroon tayong napakinggan at nabasa tungkol sa Kaniya at sa kahulihan tayo ay humihingi ng tulong sa Kaniya. Marami ang tumitigil dito at nananatiling pasyente ni Jesus na sana ay pumapasok sa isang pinakamahusay na tipanan na maaaring masumpungan: isang personal na ugnayan na may pag-ibig. Ang Kaniyang pag-ibig, na ating masusumpungan sa pamamagitan ng Biblia at maging sa ating mga karanasan sa Kaniya, ay naghahatid sa atin upang tayo ay patuloy na magtiwala sa Kaniya. Lumalapit tayo sa Kaniya sa pamamagitan ng personal na pananalangin (at ito ang

pakikipagkasundo). Kapag atin Siyang lubos na nakilala at lubos na pagkatiwalaan, sa gayon ay ating ipinapasakop ang ating buhay sa Kaniya. Tayo ay nagsasabi ng OO sa Kaniya para sa isang kasalan (at ang kasalan ay katulad ng bautismo sa Biblia).

Ikinukumpara ng Biblia ang ating relasyon kay Kristo sa isang kasal.

Sa pagkakataong ito, dahil sa pag-ibig at tiwala ng kabataang babae ay kaniyang sinabi ang 'tutuparin ko' hangga't may buhay. Gayundin, tayo ay nagiging malapit na kaibigan ni Jesus o di kaya ay anak ng Diyos, sa panahon na ating ipinasakop ng buo at nagsabi ng 'tutuparin ko' habang may buhay.

"Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; *ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay."* (1 Juan 5:12)

"Subali't ang lahat ng tumanggap sa Kaniya na sumasampalataya sa Kaniyang pangalan ay Kaniyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos." (Juan 1:12)

Ito ang panimula na mayroon tayong bagong buhay. At kung mananatili tayo sa ugnayang ito sa ating Diyos, sa gayon tayo ay bubuhayin sa ikalawang pagbabalik ni Jesus tungo sa buhay na walang hanggan.

Ang kasalan ay isang napakabuting paghahambing ng ating ugnayan sa ating Diyos. Binanggit ng Biblia ang paghahambing na ito, at ang halimbawa ay sa Efeso 5:22,23.

Ang 'tutuparin ko' sa panahon ng kasalan ay nakakapagbago ng maraming bagay. Kalimitan, dinadala na ng babae ang apelyido ng kaniyang asawa. Parehas nilang iniiwan ang tahanan ng kanilang magulang, at lumilipat sa kanilang sariling tahanan at sila ay namumuhay na magkasama. Gayundin kay Jesu-Kristo. Kapag sinabi natin sa Kaniya na 'tutuparin ko', sa gayon ay nais nating mabuhay na kasama Siya. Ating gugustuhin na basahin ang Kaniyang mga sulat ng pag-ibig – ang Biblia -, gusto nating nakikipag-usap sa Kaniya - panalangin -, nagagalak tayo na mayroon Siyang panahon sa atin sa lahat ng araw – pagsamba o tahimik na oras -, at nais Niya na ilaan ang isang buong araw sa loob ng isang linggo – Ang Sabbath sa loob ng simbahan. Nagagalak tayo na nahuhubog ang ating buhay na kasama Siya – gawaing misyonero o gawaing pangsimbahan. At darating ang isang araw, na ating tatanggapin ang ating pinakadakilang pamana: ang buhay na walang hanggan sa kaharian ng Diyos.

Ano ang kasama ng mabubuting gawa?

Mayroong ilang salita tungkol sa mabuting gawa. Mayroong 98% na pangunahing pagkakamali ng mga

tao, at iyon ay ang kanilang kaisipan na ang Biblia ay nagtuturo na kailangan nating pagsikapan na kitain ang buhay na walang hanggan.

Ano ang kahalagahan ng mayroon tayong mabuting gawa?

Muli nating basahin ang Efeso 2:8,9 gayundin ang 10: *"Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki. Sapagka't tayo'y Kaniyang pinakamahusay na gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos nang una pa upang siya nating lakaran."*

Hindi tayo naligtas dahil sa mabubuting gawa, kundi dahil sa biyaya ng Diyos – at walang anumang kahusayan na mula sa atin. Simula ng tayo ay naligtas sa pamamagitan ng ating tiwala kay Jesu-Kristo, mayroon tayong bagong ugnayan sa Kaniya. Pinagkalooban Niya tayo ng bago at nabagong buhay. Naghanda Siya ng mabubuting gawa para sa ating bagong buhay, upang atin itong magampanan.

Ngayon, nais nating mapasaya si Jesus sa pamamagitan ng pagpapatunay ng ating pag-ibig at pasasalamat. At pinagkalooban Niya tayo ng lakas para sa ating bagong buhay. Nais ko itong sabihin sa ganitong pamamaraan: **Ang mabubuting gawa na ito ay hindi batayan ng ating kaligtasan, at sa halip ito ay bunga ng ating kaligtasan.**

Muli tayong bumalik sa halimbawa ng pag-aasawa.

Ang isang kabataang babae ay hindi makikipag-asawa sa kabataang lalaki sa dahilan na siya ay pinadadalhan ng bulaklak. Subali't kung minamahal nila ang isa't isa, ang bulaklak ay maaaring maging simbolo ng kanilang pag-ibig.

Kapag ang dalawang tao ay mag-asawa na, gayundin naman ang asawang lalaki ay magbibigay ng salapi sa kaniyang asawang babae para sa pagpapanatili ng kanilang tahanan. Ito ba ay isang mabuting gawa? Ang asawang babae ay nagluluto para sa kaniyang asawang lalaki at inaayos ang kaniyang isusuot. Ang mga ito ba ay mabubuting gawa?

Walang sinuman ang magtuturing ng mga ito bilang mabubuting gawa, upang kanilang mapanatili ang kanilang pag-aasawa. Sapagka't sila ay kasal na. Ito lamang ay resulta ng kanilang ugnayan na bunga ng pag-ibig.

Ito ang aking pagbubuod: **Tumatanggap tayo ng bagong buhay kapag tayo ay pumapasok sa malapitan na ugnayan na may pagtitiwala kay Jesu-Kristo.**

Ang aking sariling karanasan

May ilang taon na ako ay naniniwala sa Diyos at kay Jesu-Kristo. Naniniwala ako sa lahat ng itinuturo ng Biblia. Kinikilala ko ito ng buo kong pag-iisip. Nananalangin ako at malimit ay nakakatanggap ako ng kasagutan sa aking mga panalangin. Hanggang dumating ang araw na aking nalaman, na hindi ko pa naipapasakop ang aking buhay kay Jesu-Kristo.

Ang kaisipang ito ay nagdulot ng pakikipagbaka sa aking kalooban sa buong isang linggo. Nagkaroon ako ng takot na maaaring may mawawala sa akin kung aking ipasasakop ang aking buhay kay Jesus. Hanggang sa aking napagtanto na ako ay minahal ni Jesu-Kristo ng banal na pag-ibig at Kaniya itong pinatunayan sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan para sa akin. At doon ko nalaman na ang tuluyang pagpapasakop ay hindi ikababahala, sa halip ito ay may malaking benepisyo.

At nang araw ding yaon ay aking sinabi sa Kaniya ang 'tutuparin ko' at aking itinalaga ang aking buhay sa Kaniya sa pamamagitan ng simpleng panalangin. At ito ang nagbago ng aking buhay sa positibong pamamaraan. Naging masigasig ako para sa aking Diyos. At kapag aking binabalik tanawan, mayroon lamang akong isang panghihinayang: Bakit hindi ko kaagad ito nalaman ng una at ginawa ito ng mas maaga.

Ngayon ako ay masaya kapag mayroon akong natutulungan na masumpungan ang buhay na ito sa pamamagitan ni Jesu-Kristo.

Isang Mahalagang Hakbang sa Personal na Ugnayan kasama si Jesu-Kristo

Ang sumusunod na panalangin ay isang pagkakataon upang iyong maipahayag ang iyong tiwala sa Diyos. Hindi kinakailangan na gayahin ang bawa't salita, sa halip ay tapat ang ating kalooban at kung ano ang nais nating sabihin sa ating Diyos.

Panalangin

"Ama naming nasa langit, aking napagtanto na aking sinusubukan na kontrolin ang aking buhay at aking inilayo ang aking sarili sa Iyo. Patawarin Mo ako sa aking kasalanan. Salamat at pinatawad Mo ako sa aking kasalanan sapagka't si Jesus ay namatay para sa akin at Siya ay aking naging Tagatubos. Panginoong Jesus, aking ipinapakiusap na Ikaw ang manguna sa aking buhay at baguhin Mo ako, sa Iyong nais na pagbabago sa akin."

Ang ganitong halimbawa ng panalangin ng pagpapasakop kay Jesu-Kristo ay maaaring maihambing sa pakikipagtipan. Na

matapos ang tipan, ang dalawang tao ay mas higit na nakikilala ng mahusay ang isa't isa at napapahalagahan ng lalo ang isa't isa.

At masusundan ito ng pagpapakasal. Sa paghahambing, ito ay kumakatawan sa bautismo sang-ayon sa Biblia.

May mainit na pagbati,

Helmut



Sa Pamamagitan ng Personal na Ugnayan sa Diyos

Minamahal na Andres,

Maaari ba akong magtanong sa iyo ng tunay na mahalagang katanungan?

> Ipagpalagay natin na ikaw ay mamamatay ngayon (atake sa puso' Aksidente?) Mayroon ka bang katiyakan ng buhay na walang hanggan kay Jesu-Kristo? Huwag manatili sa kadiliman! Ang mga katunayan ay makatutulong na iyong masumpungan ang kasagutan.

Kung sinuman ang nagsasaliksik ng isang ugnayan sa Diyos, ay magtatamo ng panghabang buhay na pagtuklas:

1. Mahal ako ng Diyos

"Dito nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin, sapagka't sinugo ng Diyos ang Kaniyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan Niya. Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umibig sa Diyos, kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kaniyang Anak, na pantubos sa ating mga kasalanan." 1 John 4:9-10

Kung kaya't ang Diyos ay may plano para sa akin. "Sapagka't gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kaniyang tanging Anak, upang ang sinuman ang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagka't hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya." (Juan 3:16,17)

Nangako si Jesus: "…Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." Juan 10:10

Nagaalok sa akin ang Diyos ng mga dakilang bagay:

- Isang buhay na makahulugan at puno – ngayon
- Buhay na walang hanggan – sa hinaharap

Baki't kaya hindi nabibigyan ng katotohanan ang iniaalok ng Diyos?

Ano ang dahilan sa likod ng masaklap na katotohanan?

2. Inilayo natin ang ating mga sarili sa Diyos!

Simula ng una, ang mga tao ay tinawagan para sa pakikisama sa ating Diyos. Mayroon silang personal na ugnayan sa Diyos. Sa pamamagitan ng kanilang pagpili, kanilang ibinukod ang kanilang mga sarili sa Diyos. Kanilang inakala na sila ay magiging malaya sa ganitong paraan. Kung kaya't ang malapitang ugnayan sa Diyos ay nawala.

Tinatawag ng Biblia ang ganitong pagpapasya ng mga tao na "kasalanan". Hindi mahalaga kung ito ba ay nagpapahayag sa kanilang sarili ng aktibong rebelyon o kaya ay walang pakialam para sa Diyos.

Inihihiwalay tayo ng kasalanan sa Diyos.

Ipinapaliwanag ng Biblia kung ano ang kasalanan:

"Nguni't pinaghihiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng kaniyang mukha sa inyo, anupa't Siya'y hindi nakikinig." Isaias 59:2

"Ang sinumang may ganitong pag-asa sa Kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman Niyang malinis. 1 juan 3:4

"Lahat ng kalikuan ay kasalanan…" 1 Juan 5:17

Napagtanto ng marami na ang kanilang buhay ay walang kahulugan. Kung kaya't sila ay nagsisikap ng buhay na makahulugan. Nguni't papaano? Kung wala ang Diyos? Subali't, ang isang tapat at buhay na respetado, mga ideya para sa ikabubuti ng mundo o kaya ay mga bagay na relihiyosong nagawa, ay hindi nagkakapagbalangkas ng kailaliman sa pagitan natin at ng Diyos. Ang kasalanan, at ang lahat ng kaniyang kinahinatnan, ay hindi natatanggal sa lahat ng mga pagsisikap na ito. Sa lahat ng mga pagsisikap ng mga tao sa lahat ng ito, ano ang katugunan ng ating Diyos?

3. Sa lahat ng mga pagsisikap ng mga tao sa lahat ng ito, ano ang katugunan ng ating Diyos?

"Nguni't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, Siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; ipinataw sa Kaniya ang parusa para sa ating kapayapaan, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay gumaling tayo." Isaias 53:5

"Si Cristo Jesus na namatay, oo, Siyang muling binuhay mula sa mga patay, na Siya ring nasa kanan ng Diyos, na Siya ring namamagitan para sa atin." Roma 8:34

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, 'Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makararating sa Ama kundi sa pamamagitan ko." Juan 14:6

Ginawa ng Diyos ang hindi ko kayang gawin para sa aking sarili: Dinangkal Niya ang naghihiwalay na kailaliman sa pagitan Niya at pagitan ko. At ito ay nangyari sa panahon na ang Anak ng Diyos ay namatay bilang kapalit ng aking mga kasalanan.

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." Gawa 4:12

Masusumpungan natin ang personal na ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus. At hindi sapat na atin lamang malaman ang katotohanang ito. Nagaantay ang Diyos ng ating sagot. At maaaring ganito ang maging katugunan natin:

4. Inilayo natin ang ating mga sarili sa Diyos!

Simula ng una, ang mga tao ay tinawagan para sa pakikisama sa ating Diyos. Mayroon silang personal na ugnayan sa Diyos. Sa pamamagitan ng kanilang pagpili, kanilang ibinukod ang kanilang mga sarili sa Diyos. Kanilang inakala na sila ay magiging malaya sa ganitong paraan. Kung kaya't ang malapitang ugnayan sa Diyos ay nawala.

Tinatawag ng Biblia ang ganitong pagpapasya ng mga tao na "kasalanan". Hindi mahalaga kung ito ba ay nagpapahayag sa kanilang sarili ng aktibong rebelyon o kaya ay walang pakialam para sa Diyos.

Inihihiwalay tayo ng kasalanan sa Diyos.

Ipinapaliwanag ng Biblia kung ano ang kasalanan:

"Nguni't pinaghihiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng kaniyang mukha sa inyo, anupa't Siya'y hindi nakikinig." Isaias 59:2

"Ang sinumang may ganitong pag-asa sa Kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman Niyang malinis. 1 juan 3:4

"Lahat ng kalikuan ay kasalanan…" 1 Juan 5:17

Napagtanto ng marami na ang kanilang buhay ay walang kahulugan. Kung kaya't sila ay nagsisikap ng buhay na makahulugan. Nguni't papaano? Kung wala ang Diyos? Subali't, ang isang tapat at buhay na respetado, mga ideya para sa ikabubuti ng mundo o kaya ay mga bagay na relihiyosong nagawa, ay hindi nagkakapagbalangkas ng kailaliman sa pagitan natin at ng Diyos. Ang kasalanan, at ang lahat ng kaniyang

kinahinatnan, ay hindi natatanggal sa lahat ng mga pagsisikap na ito. Sa lahat ng mga pagsisikap ng mga tao sa lahat ng ito, ano ang katugunan ng ating Diyos?

5. Sa lahat ng mga pagsisikap ng mga tao sa lahat ng ito, ano ang katugunan ng ating Diyos?

"Nguni't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway, Siya'y binugbog dahil sa ating mga kasamaan; ipinataw sa Kaniya ang parusa para sa ating kapayapaan, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay gumaling tayo." Isaias 53:5

"Si Cristo Jesus na namatay, oo, Siyang muling binuhay mula sa mga patay, na Siya ring nasa kanan ng Diyos, na Siya ring namamagitan para sa atin." Roma 8:34

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, 'Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makararating sa Ama kundi sa pamamagitan ko." Juan 14:6

Ginawa ng Diyos ang hindi ko kayang gawin para sa aking sarili: Dinangkal Niya ang naghihiwalay na kailaliman sa pagitan Niya at pagitan ko. At ito ay nangyari sa panahon na ang Anak ng Diyos ay namatay bilang kapalit ng aking mga kasalanan.

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." Gawa 4:12

Masusumpungan natin ang personal na ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus. At hindi sapat na atin lamang malaman ang katotohanang ito. Nagaantay ang Diyos ng ating sagot. At maaaring ganito ang maging katugunan natin:

6. Tinatanggap ko si Jesu-Kristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas

"Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki." Efeso 2:8,9

Ang pagtanggap natin sa Kaniya ay nangangahulugan na:

- Namumuhay tayo na kasama Niya sa isang personal na ugnayan.
- Pananampalataya at pagtitiwala sa Kaniya.

"Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo Ko." (Apocalipsis 3:20).

Dalawang posibilidad:

Ang pagiging makaako ang sentro ng aking buhay

Ang pagiging makaako ang nangunguna. At ang resulta ay ang ilang mga halimbawa, pagnanasa na tayo ay hangaan, pag-aalinlangan, kawalan ng kapanatagan, pagkakasala, walang kapahingahan ang kalooban, at iba pa.

Si Jesu-Kristo ang sentro ng aking buhay

Si Jesu-Kristo ang nangunguna sa akin. At naririto ang ilan sa mga kalamangan: kapayapaan, katiyakan, kapatawaran, pag-ibig, bago at buhay na walang hanggan.

Napakahalaga ang aking mga kasagutan sa mga sumusunod na katanungan:

- Anong paglalarawan ang nagsasadiwa ng aking buhay?
- Mas nakakalamang ba ang paglalarawan sa itaas o ang sa ibaba na larawan?
- Alin sa dalawa ang nais kong gayahin?
- Anong paglalarawan ang iyong ninanais sa hinaharap?
- Ano ang mga humahadlang sa akin upang aking tanggapin si Kristo sa aking buhay ngayon?

Paano ko tatanggapin si Kristo sa aking buhay?

Maaari akong magpasya ngayon para kay Jesu-Kristo. Simple lamang ang makipag-usap kay Jesus. Tinatawag ito sa Biblia na **"panalangin"**. At maaaring ganito ang iyong panalangin:

Mungkahing Panalangin

"Panginoong Jesus, nais kong pasalamatan ka sapagka't Ikaw ay namatay at nabuhay para sa akin. Ako ay makasalanan, pakiusap ako ay patawarin Mo. Pakiusap na Ikaw ay pumasok sa akin. Hindi ko kayang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Kaya ako ay nagtitiwala sa Iyo. Palayain Mo ako sa kapangyarihan ng kasamaan. Bigyan Mo ako ng lakas upang ako ay makasunod sa Iyo. Ipinapasakop ko sa Iyo ang aking sarili, at gayundin kung ano ang meron ako. Tatanggapin ko ang buhay na walang hanggan. Hindi ko pa ito natatanggap; subali't ako ay nagpapasalamat sa Iyo sa kaloob na ito. Amen."

Makakapagsabi kaba ng 'Oo' sa panalanging ito?
Aking iminumungkahi na iyong maingat na basahin ang panalangin na ito sa ikalawang pagkakataon. Ito ba ay kasang-ayon sa iyong kalooban? Iyong tandaan: Ang iyong kalooban ang lugar na puwedeng lumapag ang Diyos sa iyong buhay.

Aking minumungkahi na manalangin ka ng malakas.

Ngayon, ay aking inaanyayahan si Jesu-Kristo sa aking buhay sa panalangin na ito. Ako'y nagtitiwala na Kaniyang tutuparin ang Kaniyang mga pangako sa aking buhay:

"At ang lumalapit sa Akin kailanman ay hindi ko itataboy." Juan 6:37

"Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." 1 Juan 1:9

Ang salita ng Diyos ay nagbibigay sa akin ng katiyakan:

"Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay." 1 Juan 5:12

5. Ang aking bagong buhay kay Jesu-Kristo
Akin nang natanggap si Jesu-Kristo sa aking buhay. At nais kong ipagpatuloy sa landas na ito na kasama Siya. At seryoso akong tinatanggap ang Kaniyang mga salita.

Ang aking buhay ay hindi nakabatay sa pakiramdam, sa halip ay sa katotohanan mula sa salita ng Diyos:

"Kaya't kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago." 2 Corinto 5:17

Ang iba ay aasa ng masayang pakiramdam matapos ang panalangin na ito. Isang kabiguan na salita ang nasabi ng isang inhenyero: "Binanggit ko na kay Jesu-Kristo sa pamamagitan ng pananalangin ng pagsuko, subali't hindi ko makita ang aking inaasahang pakiramdam."

Naisuko mo na ang iyong buhay kay Jesu-Kristo. Ang iyong panalangin ng pagsuko ay nakagawa ng **panibagong katotohanan,** sapagka't ang Diyos at ang Kaniyang salita ay maaasahan. Ang mga sumusunod na katuparan ay mahalaga sa ganitong konteksto: **Ang mga katunayan ay hindi nakabase sa ating mga pakiramdam.** Ang mga katunayan ay lubos na mabisa kahit walang anuman na pakiramdam. Ang mga ito ay malaya mula sa aking anumang pakiramdam.
Halimbawa: Ang iyong kaarawan ay nakataon sa isang araw. Subali't wala ka namang nararamdaman para sa darating mo na kaarawan! **Ang katotohanan ay:** ang iyong kaarawan ay nasa araw na ito - kahit na wala kang nararamdaman sa iyong araw ng kapanganakan.

Nalalaman mo ang talaan ng multiplikasyon. Halimbawa: 2x2=4; o di kaya ay 4x4=16. **Ang talaan ng multiplikasyon ay isang katunayan -** hindi mo kinakailangan na maramdaman yan. Ang pakiramdam ay hindi naaangkop dito. Ang pakiramdam ay hindi sukatan ng katunayan!

Nakahinga ng maluwag ang inhinyero, matapos niyang mapagtanto na: "Nakapagsabi na ako ng Oo kay Jesu-Kristo. Ako ngayon ay isang nang Kristiyano-kahit na wala ang mga sumusunod na pakiramdam. Nakakalungkot sapagka't hindi naipaliwanag ng aking ina ang mga simpleng prinsipyo na ito.

Ano ang mga bago o kung ano ang mga nabago sa aking buhay?

1. Si Kristo ay pumasok sa aking buhay. (Apocalipsis 3:20; Colosas 1:27)
2. Pinatawad ni Kristo ang aking mga kasalanan. (Colosas 1:14; 1 Juan 1:9)
3. Ako ay pag-aari ng Diyos - ako ay Kaniyang anak. (1 Juan 3:1)
4. Ang aking buhay ngayon ay may mas malalim ng kahulugan. (Juan 10:10; 2 Corinto 5:14-15,17)
5. Tinutulungan ako ni Kristo na sundin ang kaniyang mga tagubilin. (Juan 14:15; 15:10,11)
6. Ako ay naghahanda na gumawa ng tipan kay Kristo sa pamamagitan ng bautismo. (Marcos 16:16)
7. Binigyan ako ni Kristo ng buhay na walang hanggan. (1 Juan 5:12)

Nangako si Jesus: "Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." Juan 10:10

Ang buhay ay paglago, at ang pagwalang kilos ay pag-urong.

Kung kaya't:

- Hindi ako titingin sa aking sarili, sa halip ay kay Jesu-Kristo.
- Ako ay aasa sa kaligtasan ni Jesus, at hindi sa aking pabagobagong pakiramdam.
- Pananatilihin ko ang malapit na ugnayan ko sa aking Panginoon.
- Pananatilihin ko ang buhay na mapanalanginin.
- Aking babasahin araw-araw ang Biblia - ang salita ng Diyos.
- Magkakaroon ng malimit na pagsasama-sama sa mga Kristiyanong nagkakatulad ang kaisipan.
- Aking ipinapakilala si Jesus sa aking kapaligiran.
- Naghahanda ako para sa bautismo.
- Aking tinitignan ang muling pagbabalik ni Jesus na aking Panginoon.

Nakapag-umpisa kana ng bagong buhay na kasama si Jesu-Kristo. Masaya ako para sa iyo. Nais kong ihambing ang iyong pagpapasya sa isang kasunduan. Ang isang kasunduan ay nagaganap ng pribado. Isang magandang panahon ang kasunod ng kasunduan. Mas nakikilala ninyo ang isa't isa ng mahusay, natututunan ninyo na mahalin at pagkatiwalaan ang isa't isa ng mabuti at ang inyong bagong relasyon ay mas naging malalim. At kung darating na sa panahon na nais ninyong makapiling ang isa't isa ng habang buhay, ito ay masusundan ng pagpapakasal. Ang pagpapakasal kay Kristo ay katumbas ng pagpapabinyag.

"Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; nguni't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." Marcos 16:16

Marahil ay iyong ulit-uliting basahin ang aking mga liham, sapagka't aking tinangka na bigyan ng buod ang ating ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Kristo.

Papaano ko higit na makikilala si Jesu-Kristo?

Kagaya din kung paano natin kinikilala ang sinomang tao na hindi natin nakikita. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap (sa pakikipag-usap sa telepono). Sa pagkakataong ito, ito ay tinatawag natin na "pananalangin". Kung tayo naman ay babasa, ay mataas na iminumungkahi na basahin ang mga naunang aklat sa Bagong Tipan (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan) ng Biblia. Ang mga ito ay nagsasalaysay sa buhay ni Jesus. Nagbibigay ito ng mahusay na pangkalahatang ideya. Nakakapagpasigla din na gumawa ng 14-araw ng pagsusulit para sa Biblia (tignan ang Liham kay Andres bilang 15). At bilang karagdagan, iminumungkahi din ang pag-aaral sa Biblia na nakabase sa mga paksa - para magkaroon ng mas malalim na panahon. Kahit saan mang bansa ay mayroong inaalok na libreng pag-aaral ng Biblia.
Sa natural, ito ngayon ay mga bagay na maaari nating ikasaya at

mapanatili ang ating tiwala kay Jesu-Kristo. Binigyan tayo ni Jesus ng mahalagang tulong para sa layunin na ito: buhay sa kalakasan ng Diyos. Ako ay tumitingin sa hinaharap na aking maibabahagi ang mga ito sa mga susunod na mga liham (Papaano magaganap ang Buhay na nasa kalakasan ng Diyos?) Si Jesus ay naghahangad para sa isang pamalagian at taos-pusong ugnayan na kasama ka. Kaniyang sinabi: *"Kayo'y manatili sa Akin, at Ako'y sa inyo." Juan 15:4*

Helmut kasama ng aking kaibigan na si Kurt
(Helmut Haubeil at Kurt Hasel)

Dumating na ba kayo sa bahagi ng inyong buhay espiritwal na kung kayo ay mamamatay ngayon ay inyong malalaman kung ikaw ay mayroong buhay na walang hanggan?

Nais ng Diyos na ipaalam sa iyo na mayroon kang Buhay na Walang Hanggan.

*"Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo upang inyong malaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos." (*1 Juan 5:13)

Ating ipagpalagay na kayo ay mamamatay, at kung inyong kakaharapin ang Diyos, kayo ay kaniyang tatanongin, "Bakit kita bibigyan ng buhay na walang hanggan sa langit," Ano ang iyong isasagot?

BIYAYA

Ang tunay na katanungan ay, "Maaari ba natin tamuhin ang buhay na walang hanggan at ang langit sa pamamagitan ng ating pagsunod at mabuting buhay?

Hindi! Sapagka't ang buhay na walang hanggan ay isang kaloob, walang sinuman ang nagbabayad para sa isang kaloob.

"Sapagka't sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya…ito'y kaloob ng Diyos." Efeso 2:8

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; nguni't ang kaloob ng Diyos na walang bayad ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin." Roma 6:23

Ang kasiguruhan ay imposible kung tayo ay nakadepende sa ating sariling paggawa.

TAO

Ating mauunawaan kung bakit ito ay totoo, kapag ating kinilala kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa tao.

*"Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos." (*Roma 3:23)

*"At ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan." (*1 Juan 3:4)

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." (Roma 6:23)

Tayo ay nagkasala at nahatulan na mamatay. Hindi natin magagawa na iligtas ang ating mga sarili.

DIYOS

Subali't ang Diyos ay mahabagin. Ayaw Niyang wasakin ang sinuman. Kung kaya't Kaniyang isinugo ang Kaniyang Anak na si Jesu-Kristo upang tayo ay iligtas.

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na Kaniyang ibinigay ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinuman na sumampalataya ay huwag mapahamak, nguni't magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)

Makatarungan ang Diyos, kung kaya't kailangan Niyang wasakin ang kasalanan at makasalanan upang maitaguyod ang pagkakatugma at kapayapaan sa sanlibutan.

KRISTO

Sa isang pagkakataon si Jesus ay parehong Diyos at Tao.

"Sa simula ay ang Salita. …at ang Salita ay Diyos …At naging tao ang Salita at tumahang kasama nila." (Juan 1:1,14)

"Siya mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kaniyang katawan sa punungkahoy." (1 Pedro 2:24)

"Para sa ating kapakanan, ginawa Niyang may kasalanan Siya na hindi nakakakilala ng kasalanan, upang sa Kaniya tayo'y maging katuwiran ng Diyos." (2 Corinto 5:21)

Ginawa ng Diyos na Siya ang may sala para sa ating mga kasalanan, kung kaya't ng Siya ay namatay, Kaniyang binayaran ng buo ang parusa para sa ating mga kasalanan at ibinigay Niya sa atin ang buhay na may ganap na pagsunod.

Tinanggap natin ng walang bayad ang kaloob ng Buhay na walang Hanggan kapag ating tinanggap si Jesus.

"Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay." (1 Juan 5:12)

Matatanggap natin Siya kapag ating hihilingin na Siya pumasok sa ating buhay.

"Ito ang ating kapanatagan sa Kaniya, na kung tayo'y humingi ng anumang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban, tayo'y pinapakinggan Niya." (talatang 14)

Ang pananampalataya ay ang paniniwala na gagawin Niya ang sinabi Niyang gagawin Niya.

Ang pananampalataya ay mas higit pa sa naniniwala kay Jesus…ito ay pangako natin sa Kaniya, kagaya ng ating pangako sa kasal na tayo ay magiging tapat sa isa't isa.

PANANAMPALATAYA

Ang bagong buhay kay Kristo

- **Napatawad:** *"Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."* (1 JUan 1:9)
- **Bagong Nilalang:** *"Siya'y bagong nilalang; ang anumang lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago."* (2 Corinto 5:17)
- **Anak na lalaki at babae ng Diyos:** *"Subali't ang lahat ng tumanggap sa Kaniya sa pananampalataya sa Kaniyang pangalan ay Kaniyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos."* (Juan 1:12)
- **Buhay na may pagwawagi:** *"Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo."* (Roma 6:14)
- **Buhay na walang hanggan:** *"At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan at ang buhay na ito ay nasa Kaniyang Anak."* (1 Juan 5:11)

Nakikita ba ninyo kung ano ang nais na gawin ni Jesus para sa inyo?
Nais mo bang tanggapin ang walang bayad na buhay na walang hanggan na iniwan ni Jesus ang langit at namatay sa krus para sa iyo?

Alalahanin:

- Ang kaligtasan ay nagmumula lamang sa pagtitiwala kay Kristo lamang.
- Tinanggap natin si Jesus bilang Panginoon at gayundin bilang ating Tagapagligtas.
- At dahil sa pasasalamat at pag-ibig, ating sinasaliksik na ating sundin ang Kaniyang kalooban.
- Kinakailangan tayong tumalikod sa ating nakalipas na buhay na makasalanan at mamuhay sang-ayon sa Kaniyang plano para sa atin.

KASUNDUAN	*"Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang aking tinig at buksan ang pinto, Ako'y papasok sa kaniya, at kakaing kasalo Niya, at siya'y kasalo Ko."* (Apocalipsis 3:20) Nais mo bang buksan ang pintuan at anyayahan si Jesus ngayon na pumasok? Ang Panalangin ng Kasunduan: Panginoong Jesus, nais kong pumasok ka sa aking buhay ngayon. Ako ay makasalanan. Hindi ko maililigtas ang aking sarili. Hindi ko kayang maging mabuti upang ako ay magtamo ng buhay na walang hanggan sa langit. Kaya't ngayon aking inilalagay ang aking tiwala sa Iyo. Aking tinatanggap ka biilang aking personal na Tagapagligtas. Naniniwala ako sa Iyong kamatayan para sa akin. Tinatanggap Kita bilang aking Panginoon sa aking buong buhay. Tulungan Mo ako samantalang tumatalikod ako sa kasalanan at susunod sa Iyo. Tinatanggap ko ang Iyong handog na buhay na walang hanggan. Hindi ako karapatdapat subali't maraming salamat sa Iyo. Amen

Para sa Iyong Katiyakan

Mayroon kang Buhay na Walang Hanggan:
"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sinumang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan." (Juan 6:47)

Tinatanggap ka sa Pamilya ng Diyos:
"Subali't ang lahat ng tumatanggap sa Kaniya na sumasampalataya sa Kaniyang pangalan ay Kaniyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging Anak ng Diyos." (Juan 1:12)

Subali't lumago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo. Sumakanya nawa ang kaluwalhatian ngayon at hanggang sa araw ng walang hanggan. Amen." (2 Pedro 3:18)

At upang alalayan kayo sa inyong bagong buhay, sumulat lamang kayo para sa libreng aralin sa Biblia:

Allan Faina

Order Information
SDA Church Fidela Herrera Subd. Bry. Santol, Tanza, Cavite 4108
Email: berevived7.14@gmail.com
Tel: (63) 997 6003397
Webaddress for orders:steps-to-personal-revival.info

Minamahal na Andres!★

Nang kinakailangan kong manguna sa isang lamay sa tahanan ng isang batang doktor. Hiniling ko ang kaniyang Biblia upang aking matignan ang ilan sa mga reperensiya, upang maging mas personal ang mensahe. At nasumpungan ko sa isang sulok ng Biblia na ang nakalagay ay: "Nais ko ang buhay na masagana!" Ang kaniyang eksaktong ninanais ay si Jesus lamang ang makapagbibigay:

"...Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay; at magkaroon nito nang may kasaganaan." Juan 10:10

Nais ni Jesus na ating maranasan ngayon ang bagong buhay na ito, at maipagpatuloy ang bagong buhay na ito hanggang sa Siya ay muling bumalik tungo sa kaharian ng Diyos.

Ang hamon ngayon ay kung papaano tayo ngayon magkakaroon ng pagganyak at lakas para sa masaya at tumatagal na ugnayan sa buhay na kasama si Jesus.

Isang natutugmang paghahambing: Ang isang kotse na walang gasolina. Mayroon lamang dalawang posibilidad: Itulak ang kotse o di kaya ay kumuha ng mailalagay na gasolina. Natatangi na kapag ang kotse ay may gasolina, saka pa lamang nito magagampanan ang kaniyang layunin.

Ang buhay Kristiyano na walang kapangyarihan ay maaaring ihambing sa isang kotse na walang gasolina.

* Andres mula sa bibliang Andres sa Juan 1:40-42. Ang dahilan - inakay ni Andres ang kapatid niyang si Pedro kay Jesus.

Kung kaya: Papaano ako makapamumuhay sa kapangyarihan ng Diyos?

Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad:
"Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." Gawa 1:8

Papaano iyon nangyayari? Saan natin makikita ang mas detalyadong mga impormasyon? Mayroong nag-iisang talata sa Biblia, na kung saan si Jesus na maibigin at mahusay na hinihimok tayo na hingiin ang Banal na Espiritu. At narito ang talata:

Lucas 11:9-13: *"At sinasabi ko sa inyo,* ***humingi*** *kayo at kayo'y bibigyan;* ***humanap*** *kayo at kayo'y makakakita;* ***tumuktok*** *kayo at kayo'y pagbubuksan. Sapagka't ang bawa't* ***humihingi*** *ay tumatanggap, at ang* ***humahanap*** *ay nakakatagpo, at ang* ***tumutuktok*** *ay pinagbubuksan. Mayroon ba sa inyong isang ama, na kung* ***humingi*** *ang kaniyang anak ng isda ay ahas ang ibibigay sa halip na isda? O kung siya'y* ***humingi*** *ng itlog, bibigyan kaya niya ng alakdan? Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa langit na magbibigay ng Espiritu Santo sa mga* ***humihingi*** *sa Kaniya?"*
Mayroon ba kayong napansin? Ginamit ni Jesus ang pandiwa na "humingi" ng anim na ulit sa mga talatang ito, at pinalitan Niya ang salitang "humingi" ng dalawang ulit at pinatibay Niya ito gamit ang salitang "humanap" - aktibong pandiwa - at ginamit din ng dalawang ulit ang "kumatok" - isa ding aktibong pandiwa. Hindi ba't tiyak na ipinapakita nito na kinakailangan nating gumawa? Ang huling salita na "humingi" sa Griyego ito ay ginamit na tuloy-tuloy. Nangangahulugan ito na hindi lamang tayo hihiling ng "isang beses", sa halip ay tuloy tuloy na humingi. Hindi lamang binibigyan diin ni Jesus ang pagpupumilit na paghiling, kundi kaniya ring inaasahan na atin itong palagiang sanayin. Ipinapakita dito ni Jesus ng malinaw sa atin na tayo ay may mahalagang pagkukulang. Maliwanag na Kaniyang tinatawag ang ating pansin sa katotohanan na kailangan natin ang Banal na Espiritu at tayo ay nakasalalay sa Kaniya.

Ipinapakita sa atin ni Jesus sa pamaraan na mahusay - sa pamamagitan ng paulit-ulit na pandiwa at paghahambing - para sa ating higit na kailangan: Kinakailangan nating palaging hingiin ang Banal na Espiritu. Ito ay namumukod tangi. Sapagka't mayroon itong kinalaman sa pinakamataas na kaloob ng ating Diyos - ang kaloob na nagdadala ng iba pang kaloob kasunod nito. Ito ang pinakamataas na kaloob ni Jesus para sa Kaniyang mga alagad at malinaw na patunay ng Kaniyang pag-ibig.

Ang bawa't araw ay magiging pambihirang karanasan para sa atin, kapag tayo ay sanay sa riyalidad sa buhay na puspos ng Banal na Espiritu at kapag ating palaging inilalagak ang ating buhay sa Kaniyang pangunguna.

Ang Biblia ay nagsasalaysay ng tatlong grupo ng mga tao na may paghahambing sa kanilang ugnayan sa Diyos:

Inyong tanungin ang inyong sarili: Kung saang grupo ako kabilang? At - kung saang grupo ko nais makabilang?

1. **Ang Natural na Tao**

Ito ang mga tao na hindi pa tinatanggap si Jesus.
"Nguni't ang taong hindi ayon sa Espiritu ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagka't ang mga iyon ay kahangalan sa kaniya at hindi niya yaon nauunawaan, sapagka't ang mga iyon ay nauunawaan sa pamamagitan ng Espiritu." 1 Corinto 2:14

Buhay na pinangungunahan ng pagka-makasarili

E - Ego, ang sarili ang nasa trono

† - Si Kristo ay nasa labas ng buhay

- - Mga lugar sa ating buhay na pinangungunahan ng ating sarili na malimit ay nauuwi sa pagtatalo-talo at kabiguan.



E

†

2. **Ang Spiritwal na Tao**

Ito ay ang tao na tumanggap kay Kristo, at pinangungunahan at pinalalakas ng Banal na Espiritu.

"Nguni't nauunawaan ng taong espiritwal ang lahat ng mga bagay, subali't hindi nauunawaan ng sinuman." 1 Corinto 2:15

Buhay na pinangungunahan ni Kristo

† - Si Kristo ang nasa trono ng buhay

E - Ang ego ay wala na sa luklukan

● - Bahagi ng buhay na nasa ilalim ng hindi masukat na pangunguna ng Diyos at lumalago na nakatugma sa kalooban ng Diyos.



3. Ang Makalaman na Tao

Ito ang tao na tumanggap kay Kristo, subali't malimit na nakakaranas ng kabiguan, sapagka't siya'y nagsusumikap na ipamuhay ang pagiging Kristiyano sa kanyang sariling kalakasan na sana ay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

"Subali't ako, mga kapatid, ay hindi makapagsalita sa inyo na tulad sa mga taong espiritwal, kundi tulad sa mga makalaman, tulad sa mga sanggol kay Kristo. Pinainom ko kayo ng gatas at hindi ng matitigas na pagkain, sapagka't hindi pa ninyo kaya ito. Hanggang ngayon ay hindi pa ninyo kaya, sapagka't kayo ay makalaman pa. Sapagka't habang sa inyo'y may mga paninibugho at mga pagtatalo, hindi ba kayo'y makalaman, at kayo'y lumalakad ayon sa pamantayan ng mga tao?" 1 Corinto 3:1-3

Ang buhay na kontrolado ng ego

E - Ego, nananatili ang sarili sa trono

+ - Si Kristo ay nasa kanilang buhay subali't wala sa luklukan

● -Bahagi ng buhay, na kinokontrol ng ego at kalimitan ay naghahatid sa pagtatalo-tao at kabiguan.



Ating nais tignan ang mahalagang bagay na ito sa apat na mga hakbang. Ating titignan ng malapitan ang sitwasyon ng espiritwal at makalaman na tao.

1. Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng matagumpay at mabungang buhay.

"Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." Juan 10:10

"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin at Ako'y sa kaniya ay siyang nagbubunga ng marami. Sapagka't kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa." Juan 15:5

"Subali't ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." Galacia 5:22, 23

"Nguni't tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." Gawa 1:8

Ang Spiritwal na Tao

Ang ilang mga katangian ng tao na may buhay na kasama ang Diyos.

- Si Kristo ang pinakapokus ng buhay
- Ang awtoridad ay mula sa Banal na Espiritu
- Ang buhay na panalangin ay epektibo
- May pang-unawa sa salita ng Diyos
- May pagtitiwala sa Diyos
- May pagsunod sa Diyos
- Nag-aakay ng mga tao papalapit kay Kristo



Pag-ibig / Kagalakan / Kapayapaan / Pagtitiyaga / Kagandahang-loob / Kabutihan / Katapatan

Ang epekto ng mga ugali na ito sa ating buhay ay nakadepende sa ating paglago kay Kristo, nakabatay sa antas ng ating ugnayan sa Kaniya at gayundin kapag ating buong ipinagkatiwala sa Kaniya ang lahat ng bahagi ng ating buhay.

Ang sinuman, na nag-uumpisa pa lamang na maunawaan ang gawain ng Banal na Espiritu, ay hindi kinakailangan na madismaya kapag hindi nila nakakamit ang ipinagdadasal na bunga kagaya ng matagal nang Kristiyano, at matagal nang nalalaman ang katotohanan.

Bakit maraming mga Kristiyano ang hindi pa nararanasan ang buhay na may katuparan?

2. Ang mga taong makalaman ay hindi makararanas ng may katuparan at mabungang Kristiyanong pamumuhay.

Narito ang ilan sa mga ugali na tinataglay ng Kristiyanong makalaman, na hindi buong nagtitiwala sa Diyos.

- Kamangmangan sa kaniyang espiritwal na pag-aari
- Kawalan ng pananampalataya
- Pagsuway
- Hindi sapat na pag-ibig sa Diyos at sa ibang tao
- Hindi sapat na oras ng pananalangin
- Hindi sapat na interes na pag-aralan ang Biblia



Mahalay na kaisipan / Paninibugho / Pagkakasala / Hindi kailangan na pag-aalala / Kawalan ng pag-asa / Mapanganib na ugali / Desperasyon / Walang layunin / Pagkaayon sa batas (ang kaisipan na kinakailangan nilang mayroong kang kamtin na para sa Diyos)

(May ilan na nag-iisip na sila ay mga tunay na Kristiyano, subali't malimit na nagkakasala, ay kinakailangan na suriin ang kanilang sarili sa 1 Juan 2:3, 3:6, 3:9 at Efeso 5:5 upang makita kung sila nga ba ay tunay na Kristiyano.)

Ang ikatlong punto ay nagpapakita sa atin kung ano ang tanging solusyon…

3. Ipinangako sa atin ni Jesus ang buhay na mabunga at may katuparan. At ito ay resulta ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu, gayundin sa gabay at pangunguna na ibinibigay ng Banal na Espiritu.

Ang buhay na napuspos ng Banal na Espiritu ay ang buhay na kung saan si Jesus ang nangunguna. Iniiwan ni Jesus ang Kaniyang buhay sa atin, at gumagawa sa atin at sa pamamagitan natin sapagka't nagtutuloy ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. (Juan 15)

A. Sang-ayon sa Juan 3:1-8, ang isang tao ay nagiging Kristiyano sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espiritu. Sa panahong tayo ay nagkaroon ng espiritwal na kapanganakan, ating tinanggap ang bagong buhay sa pamamagitan ni Kristo.
   Nakasaad sa Juan 14:17 na ang Banal na Espiritu ay nananatili sa atin.

Ating pakatandaan:
Ating tinanggap ang ating natural na buhay sa ating kapanganakan, at kinakailangan itong ingatan. Mula sa labas, ito ay naiingatan sa pamamagitan ng hangin, tubig, pagkain, at iba pa. At gayundin ang pagkakatulad ng espiritwal na mundo sa natural na mundo. Ating tinanggap ang ating espiritwal na buhay - at ito ay tinatawag ng Biblia na pagkapanganak na muli (Juan 3:3), kapag tayo ay tuluyang nagpasakop kay Kristo at pinatunayan sa pamamagitan ng

bautismo na sang-ayon sa Biblia sa takdang panahon. (Gawa 2:38; Juan 1:12; Juan 14:16,17). At upang ang espiritwal na buhay ay mamalagi, kinakailangan ito ng buhay na kasama ang Banal na Espiritu, panalangin, at Salita ng Diyos, at iba pa.

B. Ang Banal na Espiritu ang pinagmumulan ng buhay na may katuparan. (Juan 7:37-39)

C. Ang Banal na Espiritu ay naparito upang itaas si Kristo. (Juan 16:1-15) Kapag ang isang tao ay napuspos ng Banal na Espiritu, sa gayon sila ay mga tapat na tagasunod ni Jesu-Kristo.

D. Ipinangako ni Jesus ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Kaniyang huling salita bago Siya umakyat sa langit, upang tayo ay mapalakas Niya na Kaniyang mga tagasunod at mga saksi (Gawa 1:1-9)

Paano mapupuspos ang isang tao ng Banal na Espiritu?

3. Tayo ay napuspos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sa gayon ay ating mararanasan ang nag-uumapaw at mabungang buhay, na ipinangako ni Jesus sa atin.

Hindi natin makakamit ang kasaganaan ng Diyos - ito ay regalo. Ito ay tinanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya - sa paniniwala sa Diyos.

Maaari mong maranasan na ikaw ay mapuspos ng Banal na Espiritu kapag ikaw ay:

A. Mayroon tunay na paghahangad na mapuspos at pangunahan ng Banal na Espiritu (Mateo 5:6; Juan 7:37-39)

B. Manalangin ng may pananampalataya na ikaw ay mapuspos ng Banal na Espiritu, sa ibang salita, nagtitiwala kay Jesus na Kaniyang sasagutin ang iyong panalangin.

"Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, mula sa kaniyang puso ay dadaloy ang mga ilog ng tubig na buhay. Nguni't ito'y sinabi Niya tungkol sa Espiritu…" Juan 7:38,39

Ginawang madali ng Diyos para sa atin na magtiwala sa Kaniya dahil sa kaniyang pagbibigay ng matitibay na mga panagako. Kaniyang sinabi sa 1 Juan 5:14: *"Ito ang ating kapanatagan sa Kaniya, na kung tayo'y humingi ng anumang bagay,* ***na ayon sa Kaniyang kalooban, tayo'y pinakikinggan Niya."***

Ang mga nananalangin na sang-ayon sa kalooban ng Diyos - ang sabi ng sumunod na talata ay: *"At kung ating nalalaman na tayo'y pinakikinggan Niya sa anumang ating hingin, nalalaman natin na natanggap natin ang mga kahilingang hinihingi natin sa Kaniya." 1 Juan 5:15*

Ang ibig sabihin, ang mga panalangin na naaayon sa kalooban ng Diyos ay nasasagot ng mabilisan, kapag atin itong dinadala sa harapan ng Diyos, kahit na malimit ay hindi natin nararamdaman. Maaaring ang pakiramdam ay

sumunod na lamang.

Halimbawa: Mayroong nananalangin na siya ay makalaya sa paggamit ng sigarilyo. Ang kaniyang panalangin ay nasagot sa pamamagitan ng pananampalataya sa panahon na kaniyang binanggit ang kanyang kahilingan. Ilang oras ang nakalipas at napansin niya na hindi na siya naghahanap ng sigarilyo. (karagdagang detalye sa Liham kay Andres na may pamagat na "Tagumpay sa Sigarilyo at Alak." Ang pananalangin na may kasamang mga pangako ay ipinaliwanag din ng detalye.)

Sinabi ni Jesus sa Marcos 11:24: *"Kaya nga sinasabi Ko sa inyo, ang lahat ng bagay na iyong idalangin at hingin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at iyon ay mapapasainyo."*

C. Binigyan tayo ng Diyos ng pangako sa Lucas 11:9-13 upang ating matanggap ang Banal na Espiritu. Atin na itong natunghayan sa umpisa ng kabanata, kaya't ating pansinin ang talatang 13: *"Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa langit na magbibigay ng Espiritu Santo sa mga humihingi sa Kaniya?*

Papaano manalangin ng may pananampalataya upang mapuspos ng Banal na Espiritu.

Ang isang panalangin na gumagamit ng mga pangako ay nagpapalakas ng ating tiwala sapagka't ito ay natutugunan at sa kabilang banda, ito ay pagkakataon na maipahayag ang ating pananampalataya. Ang mga kasunod ay ang iminumungkahi na panalangin:

Mungkahing Panalangin

"Ama namin sa langit, lumalapit ako sa Iyo sa pangalan ni Jesus. Hindi kita kayang sundin sa sarili kong kalakasan. Nalalaman mo ang ilan kong pagtatangka na hindi nagtagumpay. Tunay akong lumalapit sa iyo ako'y bigyan ng lakas sang-ayon sa iyong kalakasan at batay sa Iyong kalooban. Iyong iniutos sa akin na: "Mapuno ng Banal na Espiritu!" (Efeso 5:18) Ako ay pumapayag na mapuspos. Aking hinihiling na gawin Mo itong posible sa akin ngayon, sapagka't Iyong ipinangako na nais Mong ipagkaloob sa amin ang Banal na Espiritu mas higit pa sa ama dito sa lupa na nais magkaloob sa kanilang mga anak ng mabubuting bagay (Lucas 11:13). Nais kong pasalamatan na ako ay Iyo ng pinuspos, sapagka't Iyong pinangako na kapag ako ay nanalangin sang-ayon sa Iyong kalooban, sa gayon ay aking malalaman na akin nang tinanggap kung ano ang aking hiniling. (1 Juan 5:14,15). Pakiusap ko na ako ay gamitin Mo ngayon

Ang panalangin ba na ito ay tumutugma sa iyong ninanais? Kung oo, sa gayon ay gamitin mo na ang panalangin na ito ngayon. Aking minumungkahi na iyong gamitin ang dasal na ito ng malakas at magtiwala na ang Diyos ay pupuspusin ka ngayon ng Banal na Espiritu.

Katiyakan na ikaw ay puspos ng Banal na Espiritu

Nasubukan mo na bang tanungin ang Diyos kung ikaw ay puspos ng Banal na Espiritu? Ano ang batayan at anong awtoridad upang iyong malaman kung ikaw ay puspos ng Banal na Espiritu? (Sapagka't ang Diyos at ang kaniyang salita ay mapagkakatiwalaan: Hebreo 11:6; Roma 14:22,23)

Ang damdamin ay hindi mahalaga. Subali't ang pangako ng Diyos sa Kaniyang salita ang mahalaga - hindi ang ating damdamin. Ang isang Kristiyano ay namumuhay ng may pananampalataya, ibig sabihin ay nagtitiwala sa kahusayan ng Diyos at ng Kaniyang salita.

Ang sumusunod na ilustrasyon ay kinakailangang magpakita ng ugnayan sa pagitan ng katunayan (ang Diyos at ang Kaniyang salita), pananampalataya (ang ating pagtitiwala sa Diyos at sa Kaniyang salita) at damdamin (resulta ng pananampalataya at pagsunod) (Juan 14:21).

Ang tren ay maaaring maglakbay kahit na may bagon o kahit walang bagon. Magiging walang saysay kung hihilahin ng bagon ang makina ng tren. Gayundin, ang mga Kristiyano ay hindi nakabatay sa kanilang kalooban at damdamin, sa halip ay kanilang inilalagay ang kanilang tiwala (ating pananampalataya) sa kakayanan ng Diyos at sa mga pangako sa Kaniyang salita.

Papaano makapamuhay sa Banal na Espiritu?

Ang Kristiyano ay maaari lamang magkaroon ng buhay na puspos ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya (tiwala sa Diyos at sa Kaniyang mga pangako). At dahil diyan ay nais nating pansinin kung ano ang sinasabi ng 2 Corinto 4:16:

"...ang aming panloob na pagkatao ay binabago araw-araw."

At dahil diyan, ipinapayo na ating ialay ang ating mga sarili sa Diyos tuwing umaga at sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanungin Siya - mas makabubuti kung may kasamang pangako - na mabago ng Banal na Espiritu. Kapag kayo ay namumuhay araw-araw ng may tiwala kay Kristo, sa gayon ang mga sumusunod ay maaaring mangyari:

A. Isusuko ang iyong buhay at madadagdagan ng bunga ng Espiritu (Galacia 5:22); ang iyong ugali ay tataas na lalong kagaya ni Kristo. (Roma 12:2; 2 Corinto 3:18)

B. Ang iyong buhay na

mapanalanginin at pagbabasa ng Biblia ay mas lalong magiging makabuluhan.

C. Mararanasan mo ang Kaniyang kalakasan upang labanan ang tukso at kasalanan.

"Walang tuksong dumating sa inyo na hindi karaniwan sa tao, subali't tapat ang Diyos, na hindi Niya ipahihintulot na kayo'y tuksuhin nang higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay naglalaan ng pag-iwas upang ito'y inyong makayang tiisin." 1 Corinto 10:13

"Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin." Filipos 4:13

"Sa kahuli-hulihan, patuloy kayong magpalakas sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng Kaniyang lakas." Efeso 6:10

"Sapagka't hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng kaduwagan, kundi ng espiritu ng kapangyarihan, ng pag-ibig at ng pagpipigil sa sarili." 2 Timoteo 1:7

"Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga na kay Kristo Jesus. Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Kristo Jesus ay nagpalaya sa atin mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan." Roma 8:1,2

"Alam natin na ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi patuloy na nagkakasala; subali't ang ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama." 1 Juan 5:18

D. Mararanasan mo ang suporta ng Diyos kapag ikaw ay sumaksi. (Gawa 1:8)

Espiritwal na Paghinga

Sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaari mong patuloy na maranasan ang pag-ibig ng Diyos at kapatawaran. Kapag ito ay naging malinaw sa iyo na ang Diyos ay hindi nagpapahintulot ng bagay (isang ugali) sa iyong buhay, kahit na ikaw ay nabubuhay na kasama Niya at nais na seryosong sumunod sa Kaniya, sa gayon ay iyong ipahayag ang iyong kasalanan, halimbawa, ang isang mali, hindi maipagkakasundo, atbp. Sa gayon ay pasalamatan mo Siya at pinatawad Niya ang iyong mga kasalanan sapagka't si Jesus ay namatay sa krus. Tanggapin ang Kaniyang pag-ibig kapatawaran sa pamamagitan ng pananampalataya at magpatuloy na mamuhay na kasama Siya.

Kapag muli mong ibinalik ang iyong sarili sa trono sa pamamagitan ng pagkakasala - isang gawa ng hindi pagsunod - subukan mong gawin ang espiritwal na paghinga.

Espiritwal na paghinga (inilalabas ang mga karumihan, at ipinapasok ang mga malinis) ay ehersisyo ng pananampalataya, na maaari mong patuloy na maranasan ang pag-ibig

ng Diyos at kapatawaran.

1. HUMINGA NG PALABAS
Ipahayag mo ang pangalan ng iyong mga kasalanan, sumang-ayon sa Diyos tungkol sa kahatulan ng iyong kasalanan at pasalamatan Siya sa Kaniyang kapatawaran. (1 Juan 1:9 at Hebreo 10:12). Kasama ng pagpapahayag ng ating mga kasalanan ay ang pagtalikod sa kasalanan - ang pagbabago ng ating mga ugali.

2. HUMINGA NG PAPASOK
Muling isuko ang pamamahala sa iyong buhay ni Kristo at muling hilingin ng may pananampalataya ang Banal na Espiritu. Sampalatayan na patuloy ka Niyang pangungunahan kagaya ng Kaniyang pangako sa Lucas 11:13 at 1 Juan 5:14,15.

Kapag ang mga paliwanag na ito ay naging tulong, kung maaari ay mamigay ng mga kopya at maaari din basahin sa sinuman.

Magkaroon nawa kayo ng dakilang kaligayahan sa inyong buhay sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos.

Pinakamahusay ng hiling at pagpapala sa inyo,

Helmut at ang aking kaibigan Kurt
(Helmut Haubeil at Kurt Hasel)

Tagumpay Laban sa Sigarilyo at Alak

Paano makakalaya ang isa mula sa pagkagumon sa tulong ng Diyos?

Minamahal na Andres!

Gusto kong isalaysay sa iyo ngayon ang isang 39 taong gulang na tagapagmaneho ng truck. Ang pangalan niya ay Adolf at siya ay naninirahan sa Munich-Germany. Siya ay nagnanais na alisin ang kaniyang nakasanayan na paninigarilyo. Sa loob ng isang araw, siya ay nakakaubos ng 60-70 piraso ng sigarilyo. Sa lahat ng kaniyang paraan na sinubukan ay walang naging epektibo upang matigil niya ang paninigarilyo. At ganito ang aking naging tanong sa kaniya:

> "Nais mo bang malaman kung paano makakahinto sa paninigarilyo ng mabilisan at hindi ka makararanas ng sintomas ng paghinto, sa tulong ng Diyos?"

At gayun nga, nais niyang malaman ang paraan.

Ipinaliwanag ko sa kaniya na hindi ko siya matutulungan, subali't aking maituturo sa kaniya ang daan patungo sa Diyos; ang Natatangi na handa at may kakayanan na tumulong. Tinanggap ni Adolf ang alok, at dahil dito mabilisan niyang nalagpasan ang hamon. Labing apat na araw ang nakalipas, si Adolf ay muling nanalangin na tutulungan siya ng Diyos na palayain din siya sa pag-inom ng alak.

Sa panahon na iyon siya ay nakakaubos ng 10-14 na bote ng alak sa loob ng isang araw. Subali't siya ay pinalaya din ng Diyos sa ganong masamang nakasanayan, at maliban diyan, maging ang doktor ni Adolf ay namangha sa biglaang paghusay ng kaniyang kalusugan. Isang taon ang nakalipas, sa kaniyang salapi na naipon, siya, kasama ng kaniyang asawa at ng

kaniyang mga anak ay nakapagbakasyon sa USA.

Maraming mga tao ang napalaya, matapos lamang ang simpleng panalangin, subali't nais kong bigyan si Adolf ng ilang impormasyon upang siya ay makapanalangin ng may pananalig. At sa ganitong kaisipan, nais nating bumasa ng ilang talata mula sa Biblia.

"Ito ang ating kapanatagan sa Kaniya, na kung tayo'y humingi ng anumang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban, tayo'y pinapakinggan niya." (1 Juan 5:14)

Makikita natin dito, na ang Diyos ay tumutugon sa ating mga panalangin na nakatugma sa Kaniyang kalooban. Mahalaga po na atin itong matandaan.

Magkasama na binasa namin ang 1 Corinto 3:16,17:

"Hindi ba ninyo nalalaman na kayo ay templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo? Kung ang sinuman ay magtangkang gumiba sa templo ng Diyos, ang taong ito'y gigibain ng Diyos, sapagka't ang templo ng Diyos ay banal, at ang templong ito ay kayo." - "Ano sa palagay mo?" Tinanong ko siya, "ang sigarilyo ba ay nakakasira sa iyong kalusugan?" "Siyempre!" yan ang kaniyang kasagutan, "sa tingin mo ang paninigarilyo ba ay kasalanan?" "Oo!"

[Ito ay aking natatanong sa halos 100 daan na mga gumagamit ng sigarilyo at wala naman sumagot ng negatibo. - Mahigit 4 na milyon na tao ang namamatay sa bawa't taon dahil sa mga karamdaman na dulot ng paninigarilyo.]

Nais ba ng Diyos na tayo ay magkasala? Hindi! Sa kabaligtaran: Nais ng Diyos **na hindi** tayo magkasala. Kaya ang kaniyang kalooban ay tayo ay mapalaya mula sa ating pagkagumon sa sigarilyo. **Napakahalaga ito na punto, sapagka't kapag atin itong naunawaan, nalalaman natin na sasagutin ng ating Diyos ang ating panalangin upang tayo ay managumpay.**

Sinabi ko kay Adolf: Kung ang paninigarilyo ay kasalanan, sa gayon ay mahalaga na humingi ng kapatawaran mula sa Diyos. Tunay na masaya siyang ipagkakaloob sa atin ang ating kahilingan ng walang pag-aatubili:

"Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, *Siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9) Ipinangako ng Diyos na* ***patatawarin*** *ang bawa't kasalanan na ating ipinahahayag.*

Aking ipinagpatuloy: “Maaari ba akong magtanong? Kung ating ipinalangin ang iyong paglaya, ikaw ba ay handang ipahayag ang iyong kasalanan sa paninigarilyo?” “Oo”. “Sa ganoong pagkakataon, ikaw ay patatawarin ng Diyos” at tayo ay maaaring magpasalamat dahil diyan.

At siyempre, hindi mabuting kaisipan kung ating uulitin ang katulad na pagsalansang matapos nating tumanggap ng kapatawaran. Sapagka’t hindi nais ng Diyos na tayo ay patuloy na magkasala at saktan ang ating mga sarili, matutuwa Siya na tayo ay mapalaya kung tayo ay hihingi sa ngalan ng pananampalataya. Mayroong pangako mula sa Kaniya:

“Kaya’t kung kayo’y palayain ng Anak, kayo’y magiging tunay na malaya.” *(Juan 8:36)*

Si Jesus ang nagsasalita dito at nagsasabi, kung Kaniya tayong pinalaya, sa gayon tayo ay **tunay na** malaya. Ibig sabihin ay hindi na natin nanaisin ipagpatuloy ang ating mga lumang nakasanayan, at hindi na kinakailangan na ulitin pa natin ito.

Kailan Siya tutugon?

“At kung ating nalalaman na tayo’y pinapakinggan Niya sa anumang ating hingiin, nalalaman natin ***na natanggap natin ang mga kahilingang hinihingi natin sa Kaniya.”*** *(1 Juan 5:15)*

Pinapakinggan tayo ng Diyos at sinasagot ang ating mga dasal, samantalang tayo ay nananalangin ng walang pagpapaliban. At kung iyan ay totoo, sa gayon ay atin Siyang pasasalamatan sa ganoong paraan sa ating mga panalangin.

Aking ipinaliwanag kay Adolf na sang-ayon sa Biblia, mayroong mga pagkakataon na iniuugnay Niya ang kasagutan sa Kaniyang mga pangako. At mayroong libo-libong masusumpungan sa Biblia. Ito ay ipinagkaloob ng Diyos sa atin upang ating malaman ang Kaniyang kalooban at ang Kaniyang kinakailangan. At ang resultga ng mga bagay na ito ay, mas mapapadali sa atin na magtiwala sa ating Diyos. Kapag tayo ay nangako sa ating mga anak ng isang bagay, kanilang inaasahan na kanila itong tatanggapin; kaya sa ating buhay, ganito din ang ating gagawin.

[Kahit na si Adolf ay hindi isang mananampalataya, subali’t dininig ng Diyos ang kaniyang mga panalangin. Aking ipinagpalagay, na ginawa Niya ito upang Kaniyang maipakita ang Kaniyang pag-ibig at matulungan siya na matutunan na magtiwala sa Kaniya.]

Kagustuhan o Kalooban? - Bago kami nanalangin, aking tinanong si Adolf ng isang mahalagang katanungan: **Gusto** mo bang tumigil sa paninigarilyo? (kagustuhang pag-iisip!) o **nais** mo bang tumigil sa paninigarilyo? (pagpapasya ng kalooban!) Ako ay

tiniyak ni Adolf: “Nais ko talagang tumigil sa paninigarilyo.

At ang kasunod kong katanungan sa kaniya ay: “Kailan mo nais sindihan ang iyong huling sigarilyo?” Aking pinaliwanag sa kaniya na hindi naman kanais nais na kaniyang hithitin ang kaniyang huling sigarilyo matapos ang panalangin, kung siya ay napalaya na ng Panginoon. At ang kaniyang kasagutan ay: “kung ganun ang sitwasyon, nasindihan ko na ang aking huling sigarilyo!”

Sumunod ay aming pinag-usapan ang nilalaman ng panalangin, upang siya ay makapagpasiya ng mahusay kunkaniyang gagamitin ang ganitong klaseng panalangin o hindi.

Kaniyang kinompirma ang kaniyang nais, subali’t nakiusap siya na ako ang maunang manalangin upang mayroon siyang susundan, sa bawa’t pangungusap, sapagka’t ayaw niyang mayroon siyang makaligtaan.

Kaya’t kami ay parehas na lumuhod. Matapos na aking naipanalangin ang aking ministeryo lalo na para sa presensya ng Diyos na mapasa amin, at aming idinalangin na magkasama ang mga sumusunod na panalangin:

Samantalang aking binabanggit ang bawa’t pangungusap, si Adolf naman ay sumusunod at binibigkas din ang dasal.

Niyakap ko si Adolf at binati matapos naming manalangin sa tagumpay na binigay sa kaniya ng Diyos. Simula ng panalangin na iyon, hindi na siya nagkaroon ng hangad o panglasa sa sigarilyo, at wala din siyang sintomas sa pagtigil - at hindi na siya muli pang bumalik sa paninigarilyo.

Pinayuhan ko siya kung paano lilinisin ang kaniyang katawan mula sa mga lason sa kaniyang katawan sa pamamagitan ng pag-inom ng maraming tubig, at maraming ehersisyo sa makalalanghap ng sariwang hangin, atbp. Ang iba ay naglalagay ng kastanyas o dyuniper (panglinis ng dugo) sa bahagi ng katawan na kung saan dati nakalagay ang sigarilyo, at ng kapag ang kanilang kamay ay bumabalik sa dating gawi at nakasanayan, ito ay makakasumpong ng bagay na mabuti na nandodoon. Mabuting kaisipan din na umiwas sa mga naninigarilyo, sapagkat kanilang sinusubukan na yayain muli ang mga dating naninigarilyo na bumalik sa dati nilang bisyo.

Hindi napansin ni Adolf ang agarang pagbabago matapos ang panalangin - sapagka’t kinakailangan natin na tanggapin ang kasagutan sa **pananalangin na may pananampalataya**. Subali’t nang siya ay hindi na naghangad ng paninigarilyo makalipas ang ilang oras matapos ang kaniyang panalangin, nangangahulugan na ang kaniyang dasal ay nasagot na **praktikal.**

Panalangin

"Makapangyarihan naming Diyos na nasa langit, hindi ko nalalaman na mayroon palang Diyos. Subali't kung Ikaw ay nandiyan, pakiusap ko na iyong sagutin ang aking mga panalangin at ipagkaloob mo ang aking kahilingan na makalaya sa bisyo, upang aking malaman na Ikaw ay narito at kinakalinga Mo ako."

"Ama na nasa langit, pinapasalamatan Kita, na maaari akong makalapit sa Iyo at aking bitbit ang aking mga suliranin. Aking ipinapahayag na sinira ko ang aking katawan sa pamamagitan ng paninigarilyo. Ako ay nagagalak na ako ay pintawad Mo sa kasalanang ito, sapagka't akin itong ipinapahayag sa Iyo. Ipinangako Mo sa Iyong Salita na: kung aming ipapahayag ang aming mga kasalanan, kami ay Iyong patatawarin. Salamat at pinatawad Mo na ako. Subali't Ama, mayroon pa akong isang suliranin. Ako ay sugapa sa sigarilyo at hindi ako makalaya. Ilang pagkakataon ko ng sinubukan na huminto, subali't hindi ako nagtagumpay. Ngayon, ay aking hinihiling sa Iyo na alisin ng tuluyan sa akin ang pagnanasa at lasa ng sigarilyo, sapagka't Iyong ipinangako: Kapag pinalaya ka ng Anak ng Tao, ikaw ay tunay na malaya. At gayundin ang Iyong salita ay nagsasabi din na Iyong pinagkakaloob ang bawa't kahilingan na sang-ayon sa Iyong kalooban, at nasa sa amin na ang mga bagay na aming hiniling sa Iyo, salamat sapagka't ako ay Iyo ng pinalaya. At sa Iyong tulong, ako ay hindi na muling maninigarilyo. Pinupuri at pinapasalamatan kita sa Iyong tumutulong na biyaya. Amen."

At sa sumunod na araw, mayroong ginawa si Adolf na tunay na kakaiba. Gumugol siya ng 15 minuto tuwing umaga upang basahin ang kaniyang Biblia at manalangin. Ito ay nakatulong upang mapalakas siya sa kaniyang pasya na manatiling malaya sa lahat ng pagkagumon.

Matapos ang dalawang linggo, humiling si Adolf na bisitahin ko siya muli at humingi ng tulong sa kaniyang isa pang suliranin: Sapagka't ang kaniyang nauubos na alak sa isang araw ay 10-14 na bote, at nais din niyang makalaya muli. Kaya't kami ay nanalangin na makalaya mula sa alak, kagaya ng aming panalangin sa sigarilyo. [Maaaring gamitin ang katulad na talata sa Biblia mula sa anumang bahagi ng pagkakasala,] At sa karanasang ito, nabigyan muli siya ng madaliang tagumpay, na wala nang iba pang problema.

Makalipas ang isang linggo, aking dinalaw si Adolf, sa aking layunin na tulungan siya, kung nais niyang lumago ang kaniyang personal na ugnayan sa Diyos.

Magkasama kaming nagbasa ng pulyeto na "Sakupin ang Buhay", at ito ang nagbukas ng kaniyang interes sa panimula ng kaniyang personal na ugnayan kay Jesu-Kristo, at siya ay handang magdasal ng panalangin na
kaniyang nabasa sa pulyeto.

Mungkahing Panalangin

"Panginoong Jesu-Kristo, gusto kitang pasalamatan sapagka't Ikaw ay namatay at nabuhay para sa akin. Ako ay isang makasalanan, patawarin mo ako. Pakiusap ko na ikaw ay pumasok sa aking buhay ngayon. Wala akong kakayanan na iligtas ang aking sarili. Hindi ko kayang kamtin ang buhay na walang hanggan. Kung kaya ako ay nagtitiwala sa Iyo. Palayain Mo ako mula sa kapangyarihan ng kasamaan. Bigyan Mo ako ng lakas upang masunod Ka. Aking sinusuko ang akong sarili sa Iyo at kung ano pa ang mayroon ako. Tinatanggap ko ang buhay na walang hanggan. Hindi ko man ito nakamit pa, subali't nais ko na pasalamatan kita sa handog na ito. Amen."

Maingat naming binasa ng dalawang beses ang panalangin bago kami tunay na nanalangin. Sa ganoong paraan, ay makatitiyak si Adolf na siya ay sumasang-ayon. Sumunod ay lumuhod kami na nakabukas ang maliit na pulyeto sa kaniyang kamay at magkasamang

nanalangin kami ng malakas. Ipinaliwanag ko sa kaniya na ang panalangin ng pagtatalaga kay Jesu-Kristo ay maaaring ihambing sa pakikipagtipan. Ang pakikipagtipan ay isang pribadong pangyayari, na sinusundan ng pagkilala sa isa't isa, at nauuwi sa kasalan.

Kaya pagkatapos ng panalanging ito, ay darating ang panahon na makilala si Jesus ng lubos sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng Diyos at pananalangin, at ito ay maaaring sa pamamagitan ng grupo na nag-aaral ng Biblia, pagdalo sa simbahan, atbp.

Ang kasalan na susunod sa tipanan na sang-ayon sa takdang panahon, ay maaaring ihambing sa bautismo, na naitala sa Biblia.

Sinunod ni Adolf ang paraan, at naging masaya sa kapatawaran sa kaniyang kasalanan, at pagpapalaya sa kaniyang mga pagkagumon, nagpapasalamat din sa mayamang pagpapala ng Diyos sa kaniyang buhay, para sa pakikipag-ugnayan sa magkakatulad na kaisipan ng samahang Kristiyano, para din sa katiyakan na ang pag-ibig ng Diyos ang pumapalibot sa kaniya, at gayundin sa pag-asa ng buhay na walang hanggan sa presensya ng Diyos.

Dalangin ko na kayo ay pagpapalain at mapapasigla sa karanasang ito.

Mainit na pagbati mula kay,

Helmut

Siyempre, maaaring dumaan din ang iba sa landas na ito ng nag-iisa, subali't si Adolf ay hindi niya nalalaman ang daan at siya ay naghahanap ng tulong. At kung ikaw ay nangangailangan din ng tulong, maaari kang tumawag sa:

Helmut Haubeil, Rosenheimer Str. 4,
D-83043 Bad Aibling (Germany)
Email: helmut@haubeil.net

Allan Faina

ORDER INFORMATION
SDA Church Fidela Herrera Subd., Bgy. Santol, Tanza, Cavite 4108
Tel. (63) 997 6003397
www.steps-to-personal-revival.info

WWW.STEPS-TO-PERSONAL-REVIVAL.INFO

Being filled with the Holy Spirit

This website is visited from 143 countries.



Maaari mong basahin, ilimbag, ipadala sa mga kaibigan lahat ng aklat ay maaaring isalin sa anumang wika.

Paanong ang "Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" ay binago ang buhay ko.

Patotoo ni Dwight Nelson, Nangungunang Pastor sa Iglesya ng Andrews-University

Ang Iglesya ng Seventh-day Adventists at ang Banal na Espiritu

Paano na tayo ay kulang sa Banal na Espiritu?Mga Dahilan, kahihinatnan at mga Solusyon

Audiobook "Steps to personal Revival" Speaker: Mike Fenton

Paanong Mapupuspos ng Banal na Espiritu?How – 3 bahagi

Mga Video Sermon ni Dwight Nelson

"Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay" – 7 bahagi at **"Manahan kay Jesus"** – 5 **bahagi**

Mga Video Sermon ni Helmut Haubeil

17 Mga **Liham kay Andres –** Subok at napatunayang misyonero, mga Kagamitan sa pagbubuo ng mga ugnayang **pananampalataya**

(karagdagan Mga Kamanggagawa ni Jesus na Puspos ng Espiritu, kabanata 7 at 9)



BOOK 1: www.steps-to-personal-revival.info

MGA HAKBANG TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

Pagiging puspos ng Banal na Espiritu

Ang ating Panginoon mismo ay nagbigay ng utos:[1]
Pahintulutan ang inyong sarili na maging patuloy at paulit-uit na mapuspos nang panibago ng Espiritu.[2]

1. E.G. White, Mount of Blessings MB 20.1
2. Johannes Mager, Auf den Spuren des Heiligen Geistes (Luneberg 1999), p. 101

PAUNANG SALITA SA MGA LIDER AT MGA LIDER SA HINAHARAP

PARAMIHIN ANG MGARESULTA

KABANATA 1: PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS

Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa Banal na Espiritu?
Nalalaman mo ba ang pinakamahalagang mensahe ni Jesus?

KABANATA 2: ANO ANG SENTRO NG ATING MGA SULIRANIN?

Mayroon bang espiritwal na dahilan sa ating mga problema?
Ang dahilan ba ay ang kakulangan ng Banal na Espiritu?

KABANATA 3: ANG ATING MGA PROBLEMA SILA BA'Y KAYANG LUTASIN? PAANO?

Paano tayo lalago na magiging masaya at matatag na mga Kristiyano?
Paano mapupuspos ng Banal na Espiritu ang ating mga buhay?

KABANATA 4 : ANONG MGA PAGKAKAIBA ANG MAAARI NATING ASAHAN?

Anong kalamangan mayroon tayo sa buhay na puspos ng Banal na Espiritu?
Ano ang mawawala sa atin kung tayo ay hindi nanalangin para sa Espiritu Santo?

KABANATA 5 : ANG SUSI SA PRAKTIKAL NA KARANASAN

Paano ko ipapatupad at mararanasan ang solusyon ng Diyos para sa akin?
Paano ako mananalangin upang ako ay makasiguro na ako ay puspos ng Espiritu Santo?

KABANATA 6: ANONG KARANASAN ANG NAGHIHINTAY PARA SA ATIN?

Personal na karanasan, at mga karanasan mula sa simbahan, konperensya at union

KABANATA 7 : MGA INTERES AT PAGBABAHAGI

Ang kaligayahang ipinamahagi ay babalik sa ating mga puso. (Kawikaan sa Germany)
Paano ko matutulungan ang marami na maranasan ang "Buhay na Sagana"?
Paano natin ipapasa ang mensahe?
Aling mga pamamaraan ang nariyan?

MANAHAN KAY JESUS
PAANO MO ITO GAGAWIN?

"Kayo'y manahan sa Akin, at Ako'y sa inyo." Ang pananahan kay Kristo ay nangangahulugan ng: isang patuloy na pagtanggap ng Kaniyang Espiritu, isang buhay ng ganap na pagpapasakop sa paglilingkod sa Kaniya." E.G.White (Desire of Ages, 676.2)

Impormasyon sa Pag-order pahina 2
www.steps-to-personal-revival.info

"Ang pananahan sa Kaniya ay hindi isang gawain na dapat nating gawin bilang isang kondisyon upang matamasa ang Kaniyang kaligtasan. Sa halip ito ay ating pagpayag

"Ang pananahan sa Kaniya ay hindi isang gawain na dapat nating gawin bilang isang kondisyon upang matamasa ang Kaniyang kaligtasan. Sa halip ito ay ating pagpayag na Kaniyang gawin ang lahat para sa atin, sa loob natin, at sa pamamagitan natin. Ito ang gawaing ginagawa Niya para sa atin - ang resulta at kapangyarihan ng Kaniyang tumutubos na pag-ibig. Ang bahagi natin ay simpleng magpaubaya, magtiwala, at maghintay sa Kaniya na tapusin ang Kaniyang ipinangako" (Andrew Murray)

K A B A N A T A 1 : **PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS**

Batid mo ba ang pinakamakapangyarihang mensahe ni Jesus?Anong tungkulin mayroon ang Banal na Espiritu? Paano mababago ang ating mga ugali? Banal na Espiritu sa talinghaga tungkol sa Libadura, ayon kay Jesus

K A B A N A T A 2 - **PAGPAPASAKOP KAY JESUS**

Nawalan ba ako ng sarili kong kalooban?O mas higit akong naging malakas? Ano ang maaaring humahadlang sa atin upang magpasakop?Ang pagpapasakop ba sa Dios ay nangangahulugan na dapat nating isuko ang sarili nating kalooban?

K A B A N A T A 3 - **SI JESUS NA NANANAHAN SA'YO**

Anong epekto mayroon sa aking buhay kapag si "Kristo'y nasa akin" Ang tiyak na makakamit,: ang mapuspos ng kapunuan ng Dios. Ang mga epekto ng si "Kristo'y nasa iyo". Paano natin makukuha ang paglaya sa kapangyarihan ng kasalanan? Magiging "sa laman" ba tayong muli sa pamamagitan ng pagkakasala?

K A B A N A T A 4 - **PAGSUNOD SA PAMAMAGITAN NI JESUS**

Paano ako mabubuhay na sumusunod ng may kagalakan? Ano ba ang isang kagalakan? Paano mangyayari ang pagsunod sa pamamagitan "ni Jesus na nasa akin" Ang disenyo ng Dios: Pakikipagtulungan sa pagitan ng Dios at tao.

K A B A N A T A 5 - **KAAKIT – AKIT NA PANANAMPALATAYA**

SA PAMAMAGITAN NI JESUS

Paano makakamit ang pagiging-isa sa mga mananampalataya? Paano nagiging kaakit-akit ang ating pananampalataya sa ating pamilya at sa sanlibutan?Anong mga pagbabago sa atin ang magiging dahilan upang tayo ay maging mga saksi?Papaanong ang pagpapanibagong buhay ay nakakalikha ng misyon?



40-DAYS – BOOK 1:

PRAYERS AND DEVOTIONS
to Prepare for the Second Coming

Dennis Smith

Order: www.spiritbaptism.org

Naghahangad ka ba ng isang higit na makahulugang pag-aaralat buhay panalangin? Nararamdaman mo ba ang pangangailangan upang abutin ang iba para kay Cristo?

Kung gayun, ikaw ay nasa tamang lugar. Ang aklat na ito ay naglalaman ng 40 araw ng debosyong pag-aaral na nakadesenyo upang palakasin ang iyong ugnayan kay Cristo at makakatulong sa iyo na akayin ang iba sa Kanya.

Bakit 40 araw?

AngBiblia ay nagpapahayag ng mga mahahalagang pangyayari na naganap sa tiyak na ganitong haba ng panahon:

- Ang ulan ay bumuhos ng 40 araw sa panahon ng Baha.
- Si Moses ay nasa Bundok ng Sinai kasamaang Dios sa loob ng 40 araw.
- Ang mga Israelitang ispiya ay 40 araw na ginalugad ang Lupang Pangako.
- Si Jonah ay nagbigay ng babala sa Nineveh sa loob ng 40 araw.
- Si Jesus ay ginugol ang 40 araw sa ilang pagkatapos ng Kaniyang bautismo.
- Si Jesus ay ginugol ang 40 araw kasama ang mga disipolo matapos ang Kaniyang pagkabuhay.

Nais ng Dios na gumawa ng isa ring mahalaga sa iyong buhay.Hindi lang Siya naghahangad na ikaw ay mapalapit sa Kanya - nais ri Niyang makapaglingkod sa iba sa pamamagitan mo. At habang ikaw ay naggugugol ng 40 amazingkahanga-hangang araw kasama ang Dios, Kaniyang ihahanda ka para sa huling krisis sa mundong ito at sa pinakahihintay ni Jesus na ikalawang pagdating.



PRAYERS AND DEVOTIONS
to Revive Your Experience with God

Dennis Smith

Order: www.spiritbaptism.org

Anong kaibahan ang magagawa ng 40 araw?

Napakarami, kung ikaw ay nananalangin. Samahan si Dennis Smith sa isang Ispiritwal na paglalakbay sa loob ng 40-Araw na magbabago ng iyong buhay. Habang iyong inilalaan ang40 araw ng personal na debosyonal na pag-aaral at pananalangin, ang iyong buhay pananalangin ay magiging lalong naka-alinsunod at mabisa, ang pananampalataya mo ay lalago habang iyong nasasaksihan ang mga katugunan sa mga panalangin, at ang 'yong ugnayan sa 'yong kapwa mananampalataya ay lalalim.

Ang bawat araw na nakakapagpasiglang debosyonal na pagbabasa ay sinundan ng isang naka-ugnay na gawaing panalangin at personal na kaisipan at talakayang mga katanungan. Kung ikaw ay naghahangad para sa isang ispiritwal na pagtatagumpay ngunit hindi mo alam kung saan magsisimula, umpisahan mo rito. Si Smith ay gagabayan ka sa 40 araw na praktikal na mga turo sa Biblia na mahalaga para sa bawat Kristyano na mag-aral.

Sa istilo ng kilalang 40-Araw: Prayer and Devotions to Prepare for the Second Coming, ang aklat na ito ay makatutulong na buhayin ang ispiritwal na karanasan ng bawat indibidwal, malilit na grupo, at buong iglesya. Alamin mo para sa iyong sarili kung anong nakakahangang kaibahan ang magagawa ng 40 araw.

NOTES:

MGA KAMANGGAGAWA NI JESUS NA

Puspos ng Espiritu

Paano tayo magiging ganyang mga tao?

Anong ibig sabihin ng tagumpay sa buhay? Anong mga pangako ang ibinigay ng Dios sa atin para sa isang matagumpay na buhay? Walang kalakasan ang maliit na mga plano. Ang kahanga-hanga nating Dios ay nais na tayo ay mag-isip ng malaki. Nais mo bang maging kamanggagawa Niya?

Hangad ni Jesus ang mga kamanggagawa, na puno ng Kaniyang pag-ibig. Mga kamanggagawa na sa pamamagitan nila ay maaari Niyang mahalin ang iba. Samakatuwid, ito'y napakahalaga na aking maranasan ang lubos na pag-ibig ng Dios sa akin. (Tingnan ang Efeso 3:17).

Anong mapanlikhang konsepto mayroon ang Dios para sa atin sa pag-lilingkod, pagbibigay at pagtulong!

Simpleng halos dikapani-paniwala kung anong inihanda ng Dios para sa atin. At -- paano tayo naglilingkod sa Dios? Tayo ba ay gumagawa sa ating kakayahan bilang tao para sa Dios, o maaaring gumawa ang Dios sa Kaniyang makapangyarihang kakayahan sa pamamagitan natin? Ano ang kaibahan?

Sabi ni Jesus: "Magsisunod kayo sa akin, at gagawain ko kayong mamamalakaya ng mga tao". (Mateo 4:19) sa anong nakagugulat na paraan na gagawin ni Jesus na tayo'y maging kamanggagawa?

Ibinahagi ni Helmut Haubeil kung paano niyang natutunan na akayin ang mga tao kay Cristo sa bawat hakbang. Isang personal na relasyon kay Jesus ay pinakamahalagang relasyon. Paano ko iyo ipakikita sa iba? Anong pambungad na katanungan ang maaaring gamitin upang mapakitunguhan ng mahusay at direktang makapunta sa pangunahing paksa? Anong mga kagamitan ang subok at napatunayan ang magagamit na lalong mapapadali para sa mga tumutulong at mga nakikisangkot kung pag-uusapan ang pananampalataya? Ang mga kagamitang ito ay kasama sa Panimulang-Pangkat.

Sunod ay isang misyonerong-ispiritwal na konsepto ay ipakikilala, na kung saan ay nagpapakita kung paanong tayo bilang isang indibidwal o mga grupo, bilang isang iglesya o komperensiya ay maaaring sumulong ng matagumpay sa ilalim ng pangunguna ng Dios.

Nawa ay bigyan ang bawat isa sa atin ng katuwaan bilang kamanggagawa ni Jesus na Puspos ng Espiritu!